# 3

# BASA PILIPINAS

## GABAY SA PAGTUTURO NG FILIPINO

## IKATLONG BAITANG

## YUNIT 3

**AGOSTO 2015**

Ang materyal sa pagtuturo na ito ay nabuo sa tulong ng mga mamamayang Amerikano sa pamamagitan ng United States Agency for International Development (USAID). Ang nilalaman ng materyal na ito ay nasa sariling pananagutan ng may-akda at hindi sumasalamin sa mga pananaw ng USAID o ng Pamahalaan ng Estados Unidos.

**Ikatlong Baitang - Yunit 3**

**Gabay sa Pagtuturo ng Filipino**

**Unang Edisyon, 2015**

Inilathala ng U.S. Agency for International Development (USAID)

Binuo ng USAID/Basa Pilipinas sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon

| | |
|---|---|
| **Technical Director:** | **Nancy Clark-Chiarelli, Ed.D.** |
| **Mga Manunulat:** | **Felicitas Pado, Ph.D. at Cecilia Ochoa** |
| **Mga Tagasuri:** | **Angelika Jabines, Education Program Specialist DepEd - Bureau of Elementary Education** |
| | **Paolo Ven Paculan (Nilalaman)** |
| | **Jomar Empaynado (Wika)** |
| **Mga Nag-Layout:** | **Kyleen Sayas at Harry James Creo** |

Ang karapatang-sipi ng mga akda o materyal gaya ng kuwento, awit, tula, mga larawan, tatak, trademark, at iba pa, na ginamit sa materyal na ito ay taglay ng kani-kanilang mga may-ari. Upang magamit ang mga akdang ito, pinagsikapang mahanap at humingi ng pahintulot mula sa mga may karapatang-ari. Hindi inaangkin ng tagapaglathala at may-akda ang karapatang-ari ng anuman sa mga akdang ito.

Walang bahagi ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ipadala sa anumang paraan, electronic o mekanikal, kabilang ang photocopy, o anumang sistema ng impormasyon nang walang pahintulot sa tagapaglathala.

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

**LIBRENG KOPYA. HINDI IPINAGBIBILI.**

**Inilimbag sa Pilipinas**

**Basa Pilipinas Program**

Office Address: 3/F L. Orosa Building, 1010 Meralco Avenue, Pasig City

Telephone: +63 (02) 631-1970; 631-1871

E-mail Address: basatgteam@gmail.com

# TALAAN NG NILALAMAN

**ARALIN 21** . . . . . . . . . . 1
Lingguhang Gabay . . . . . . . . . . 2
Mga Aralin . . . . . . . . . . 12
**ARALIN 22** . . . . . . . . . . 37
Lingguhang Gabay . . . . . . . . . . 38
Mga Aralin . . . . . . . . . . 48
**ARALIN 23** . . . . . . . . . . 67
Lingguhang Gabay . . . . . . . . . . 68
Mga Aralin . . . . . . . . . . 76
**ARALIN 24** . . . . . . . . . . 95
Lingguhang Gabay . . . . . . . . . . 96
Mga Aralin . . . . . . . . . . 104
**ARALIN 25** . . . . . . . . . . 123
Lingguhang Gabay . . . . . . . . . . 124
Mga Aralin . . . . . . . . . . 132
**ARALIN 26** . . . . . . . . . . 153
Lingguhang Gabay . . . . . . . . . . 154
Mga Aralin . . . . . . . . . . 162
**ARALIN 27** . . . . . . . . . . 181
Lingguhang Gabay . . . . . . . . . . 182
Mga Aralin . . . . . . . . . . 190
**ARALIN 28** . . . . . . . . . . 211
Lingguhang Gabay . . . . . . . . . . 212
Mga Aralin . . . . . . . . . . 220
**ARALIN 29** . . . . . . . . . . 237
Lingguhang Gabay . . . . . . . . . . 238
Mga Aralin . . . . . . . . . . 248

ARALIN


# 21

## GABAY SA PAGTUTURO

# IKATLONG BAITANG FILIPINO

**TEMA: MGA PANINIWALA AT TRADISYON**

**LEVELED READER: "SI MARIA MAKILING"**



**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO**
**IKATLONG BAITANG**
**YUNIT 3, ARALIN 21**

**Tema: Mga Paniniwala at Tradisyon**
***Leveled Reader:* "Si Maria Makiling"**
*(Kuwento ni Sierra Mae Paraan; Inedit ni Pia Zorayda Buiños; Guhit ni Jericho Moral)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| | | • Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na: | |
| | TA | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Paniniwala at Tradisyon |
| | PT | • Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugan gaya ng palatandaang kontekstuwal *(context clues)*, katuturan o kahulugan.* | • Paghawan ng Balakid: *diwata, mayabong, aktibong bulkan* |
| | PT<br>PS | • Nagagamit sa pangungusap ang napag-aralang salita.* | • Paggamit sa Pangungusap ng Napag-aralang Salita |
| 1 | PN | • Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan.* | • Pagganyak at Pangganyak na Tanong |
| | PN | • Nakikinig sa kuwentong binabasa ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto.* | • Pakikinggang Kuwento *(Listening Story)*: "Ang Diwata sa Bundok Makiling"<br>• Pagtalakay sa Kuwento |
| | PN | • Nakapagbibigay ng sariling reaksiyon tungkol sa isang paniniwala.* | • Pagbigay ng Reaksiyon |

**DOMAINS: *** – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| | |
| 1. Bahaginan<br>• Ipaliwanag kung ano ang paniniwala at tradisyon. Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng nalalamang paniniwala at tradisyon ng kanilang pamilya o sa kanilang lugar. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng nalalamang paniniwala at tradisyon |
| 2. Paghahanda sa Pakikinig sa Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa paghawan ng balakid. | 2. Paghahanda sa Pakikinig sa Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap |
| • Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin sa pangungusap ang napag-aralang mga salita. | • Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang mga salita |
| b. Pagganyak<br>• Magbigay ng pagganyak na gawain.<br>c. Pagganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | b. Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pagganyak na Tanong<br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |
| 3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro<br>• Basahin ang kuwento at magtanong tungkol dito.<br>4. Pagtalakay sa Kuwento<br>• Hikayatin ang mga mga mag-aaral na sagutan ang mga tanong tungkol dito. | 3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro<br>• Pakikinig sa kuwento at pagsagot ng mga tanong tungkol dito<br>4. Pagtalakay sa Kuwento<br>• Pagsagot ng mga tanong tungkol sa kuwento |
| 5. Pagsasanay: Pagbigay ng Reaksiyon<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng reaksiyon tungkol sa sariling paniniwala. | 5. Pagsasanay: Pagbigay ng Reaksiyon<br>• Pagbigay ng reaksiyon tungkol sa sariling paniniwala |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 1 | WG | • **F3WG-IIIc-d-4** Nakapaglalarawan ng mga bagay, tao, hayop, pangyayari, at lugar. | • Pang-uri |
| 2 | TA | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Pagbahagi ng Takdang-Aralin |
| | PT | • Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng aksiyon at ibang palatandaang nagbibigay ng kahulugan. | • Paghawan ng Balakid: *napangiwi, napanganga, palayan, sisidlan, bukang-liwayway* |
| | PN | • Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan. | • Pagganyak at Pangganyak na Tanong |
| | TA | • **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon. | • Leveled Reader: *Si Maria Makiling*<br>• Pagbasa ng unang bahagi ng Leveled Reader |
| | PB | • Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa nabasang bahagi ng kuwento.* | • Pagtalakay sa Kuwento at pagbasa ng bahagi ng kuwento na sumasagot sa tanong |
| | PB | • Nahihinuha ang epekto sa tauhan ng mga pangyayari sa kuwento.* | • Sanhi at Bunga |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 6. Aralin: Pang-uri<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na piliin ang salitang naglalarawan sa bawat pangungusap.<br>7. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 6. Aralin: Pang-uri<br>• Pagbigay ng salitang naglalarawan sa bawat pangungusap<br>7. Takdang-Aralin<br>• Paggawa ng mga pangungusap na may pang-uri |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang takdang-aralin. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng ginawang takdang-aralin |
| 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na unawain ang gamit ng salita sa pangungusap at ibigay ang kahulugan ng mga ito at gamitin sa pangungusap. | 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap |
| b. Pagganyak<br>• Magbigay ng pagganyak na gawain.<br>c. Pagganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | b. Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pagganyak na Tanong<br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |
| 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento<br>• Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at mga gawain. | 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento<br>• Pangkat 1 (Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagpabasa nang tahimik sa kuwento (may kahirapang teksto) at pagsagot ng pagsasanay<br>• Pangkat 2 (Mga Nahihirapang Bumasa): Pagpabasa nang malakas sa kuwento (may kadaliang teksto) at pagtanong tungkol sa binabasa |
| 4. Pagtalakay sa Kuwento: Sanhi at Bunga<br>• Talakayin ang kuwento at hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang bunga ng bawat sanhi. | 4. Pagtalakay sa Kuwento: Sanhi at Bunga<br>• Pagbigay ng bunga sa nakasaad na sanhi |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 2 | PP<br>PU<br>PT | • Nababasa, nababaybay nang wasto, at nagagamit sa pangungusap ang mga salitang nabasa sa kuwento.* | • Mga Salitang May Apat o Higit Pang Pantig |
| 3 | TA | • **F3TA-0a-J-2**<br>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Pagbahagi ng Takdang-Aralin |
| | PB | • Nasasagot ang mga tanong sa Skill Builder sa pamamagitan ng pagguhit ng nakasaad na pangungusap at pagsulat ng tungkol dito.* | • Pagsagot ng Skill Builder |
| | PB | • Nasasabi ang sanhi ng nakasaad na bunga.* | • Sanhi at Bunga |
| | PP<br>PU<br>PT | • Nababasa, nababaybay, at nagagamit sa sariling pangungusap ang mga salitang natalakay at nabasa sa kuwento.* | • Paggamit ng Napag-aralang Talasalitaan |
| | WG | • Naibibigay ang angkop na pang-uri ng bawat pangngalan.* | • Pang-uri |
| 4 | TA | • **F3TA-0a-J-2**<br>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Bahaginan |
| | PT | • **F3PT-Ic-1.4**<br>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan. | • Paghawan ng Balakid:<br>*engkanto, baboy-ramo, nipa, kumakalam ang sikmura* |

**DOMAINS: *** – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 5. Pagbaybay ng Salita at Paggamit sa Pangungusap<br>• Basahin, baybayin, at gamitin sa pangungusap ang mga salita mula sa kuwento na may apat o higit pang pantig.<br>6. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 5. Pagbaybay ng Salita at Paggamit sa Pangungusap<br>• Pagbasa, pagbaybay, at paggamit sa pangungusap ng mga salita mula sa kuwento na may apat o higit pang pantig<br>6. Takdang-Aralin<br>• Paghahanda tungkol sa bahaginan sa susunod na araw |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang takdang-aralin. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi tungkol sa isang tradisyong Pilipino na isinasagawa ng pamilya o komunidad |
| 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang pagsasanay sa Skill Builder. | 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Pagsagot ng Skill Builder |
| 3. Pagsasanay: Sanhi at Bunga<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang sanhi ng nakasaad na bunga. | 3. Pagsasanay: Sanhi at Bunga<br>• Pagbigay ng angkop na sanhi sa nakasaad na bunga |
| 4. Talasalitaan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na punan ang mga pangungusap ng napag-aralang talasalitaan. | 4. Talasalitaan<br>• Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan |
| 5. Takdang-Aralin: Pang-uri<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 5. Takdang-Aralin: Pang-uri<br>• Pagsulat ng angkop na pang-uri sa bawat pangungusap |
| 1. Panimulang Gawain<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang takdang-aralin. | 1. Panimulang Gawain<br>• Pagbahagi ng mga pangungusap mula sa takdang-aralin |
| 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Talakayin ang kahulugan ng mga salita at pagpagamit ng mga ito sa pangungusap. | 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 4 | PB | • **F3PB-Ia-1**<br>Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan. | • Pagbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento at pagsagot ng pangganyak na tanong |
| | PB | • Naiuuugnay ang sariling karanasan sa binasa.*<br>• **F3TA-0a-j-3**<br>Nababasa ang Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon. | • Leveled Reader: *Si Maria Makiling*<br>• Pagbasa ng pangalawang bahagi ng Leveled Reader |
| | PB | • Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot.* | • Pagtalakay ng Kuwento |
| | PB | • Nasasabi ang wastong pagkasunod-sunod ng mga pangyayari at naikukuwento ang mga ito sa maayos na pagkasunod-sunod.* | • Pagkuwento ng mga Pangyayari na wasto ang pagkasunod-sunod |
| | WG | • Napipili ang pang-uri sa bawat pangungusap.* | • Pagpili ng pang-uri |
| | KM | • Nakasusulat ng isang reaksiyon tungkol sa nabasang kuwentong bayan ("Naniniwala ako …" o "Hindi ako naniniwala …").* | • Pagsulat ng Reaksiyon |
| 5 | TA | • **F3TA-0a-J-2**<br>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Bahaginan |
| | WG | • Nailalarawan ang mga tauhan sa kuwento gamit ang angkop na pang-uri. | • Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder: Pang-uri |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| b. Pagganyak<br>• Magbalik-aral sa kuwento at magbigay ng pagganyak na gawain.<br>c. Pagganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | b. Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pagganyak na Tanong<br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |
| 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento<br>• Hatiin ang klase sa dalawa at gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabasa at sa mga gawain. | 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento<br>• Pangkat 1 (Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagpapabasa nang tahimik sa kuwento (may kahirapang teksto) at pagsagot ng pagsasanay<br>• Pangkat 2 (Mga Nahihirapang Bumasa): Pagpapabasa nang malakas sa kuwento (may kadaliang teksto) at pagtanong tungkol sa binabasa |
| 4. Pagsasanay: Pagsunod-sunod ng mga Pangyayari at Muling Pagkuwento<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na pagsunod-sunurin ang mga pangyayari at ikuwento ang mga ito na maayos ang pagkakasunod-sunod. | 4. Pagsasanay: Pagsunod-sunod ng mga Pangyayari at Muling Pagkuwento<br>• Pagsunod-sunod ng mga pangyayari at pagkuwento na maayos ang pagkakasunod-sunod |
| 5. Pagsasanay: Pang-uri<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na piliin ang pang-uri sa bawat pangungusap. | 5. Pagsasanay: Pang-uri<br>• Pagpili ng pang-uri sa pangungusap |
| 6. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 6. Takdang-Aralin<br>• Pagsulat ng reaksiyon tungkol sa kuwento |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang takdang-aralin. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng mga pinaniniwalaan at hindi pinaniniwalaan |
| 2. Pagsagot ng Skill Builder: Pang-uri<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin ang angkop na pang-uri sa paglarawan sa mga tauhan. | 2. Pagsagot ng Skill Builder: Pang-uri<br>• Paglarawan sa mga tauhan gamit ang angkop na pang-uri |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 5 | PT | • Napupunan ang mga pangungusap ng napag-aralang talasalitaan. | • Pagbalik-aral sa napag-aralang talasalitaan at pagsagot ng pagsasanay tungkol dito |
| | EP | • Nabibigyan ng kahulugan ang talahanayan. | • Talahanayan |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 3. Pagsasanay: Talasalitaan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na punan ang mga pangungusap ng napag-aralang talasalitaan. | 3. Pagsasanay: Talasalitaan<br>• Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan |
| 4. Pagbasa ng Talahanayan<br>• Magbalik-aral tungkol sa talahanayan at hikayatin ang mga mag-aaral na pag-aralan ito at sagutin ang mga tanong tungkol dito. | 4. Pagbasa ng Talahanayan<br>• Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa talahanayan |
| **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa<br>**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan<br>**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas | |

ARAW

# I

## LAYUNIN

- **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan o kahulugan*
- Nagagamit sa pangungusap ang napag-aralang salita*
- Naiuugnay ang napakinggang kuwento sa sariling karanasan*
- Nakikinig sa kuwentong binabasa ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto*
- Nakapagbibigay ng sariling reaksiyon tungkol sa isang paniniwala
- **F3WG-IIIc-d-4** Nakapaglalarawan ng mga bagay, tao, hayop, pangyayari, at lugar

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## I BAHAGINAN

- Ipakilala sa mga mag-aaral ang tema para sa linggo, at hikayatin ang ilang mag-aaral na magbahagi ng kanilang nalalaman tungkol sa paksang ito.

**Sabihin:** *Tungkol sa mga paniniwala at tradisyon ang tema natin ngayong linggo. May mga paniniwalang Pilipino na nakagawian natin kahit walang malinaw na batayan o katuwiran para dito. Halimbawa, narinig na ba ninyo na hindi dapat magwalis ng sahig kapag gabi? O na hindi dapat magbukas ng payong sa loob ng bahay? Ano pa ang ibang paniniwala na narinig ninyo na walang malinaw na dahilan o katuwiran?* (Kumuha ng ilang sagot mula sa mga mag-aaral.) *Karaniwan, nagmula ang mga paniniwalang ito sa mga kuwento at kasabihang naipasa-pasa sa mahabang panahon, at madalas banggitin ng mga nakatatanda sa atin. May mga narinig na ba kayong paniniwalang ganito mula sa inyong lolo o lola? Sino ang makapagsasabi ng ilang paniniwala ng mga nakatatanda? Magbahaginan tayo tungkol dito. Maaari ninyong gamitin ang sumusunod na halimbawang panimula:*

Maraming sinaunang paniniwala ang naipasa sa atin ng ating mga ninuno. Halimbawa, ayon sa mga nakatatanda, ____________________.

- Magbigay ng halimbawang pangungusap upang magsilbing gabay sa mga mag-aaral. Halimbawa: *Maraming sinaunang paniniwala ang naipasa sa atin ng ating mga ninuno. Halimbawa, ayon sa mga nakatatanda, may mga misteryosong nilalang na hindi natin nakikita pero tumutulong sa atin.*

- Hayaang magbahaginan ang mga magkakatabi. Bigyan sila ng tatlong minuto. Matapos ang tatlong minuto, tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi tungkol sa isang paniniwalang Pilipino sa buong klase. Gabayan sila sa kanilang pagpapahayag kung kinakailangan.

## 2 PAGHAHANDA SA PAKIKINIG SA KUWENTO

- Ipakita sa klase ang pabalat ng babasahin para sa linggo. Tumawag ng isang mag-aaral upang basahin ang pamagat at ang pangalan ng may-akda.

**Itanong:** *May kinalaman kaya sa tema natin ngayong linggo ang babasahin ninyong aklat? Ano ang hula ninyo?* (Tumawag ng ilang mag-aaral upang sagutin ang tanong at magbigay ng kanilang prediksiyon.)

### a. Paghawan ng Balakid

**Sabihin:** *May babasahin akong teksto na magpapakilala sa aklat na babasahin natin ngayong linggo. Pero bago iyon, pag-aralan muna natin ang ilang salita na maririnig ninyo mula sa teksto.*

- Isulat sa pisara at ipabasa sa buong klase ang sumusunod na parirala at salita:

**diwata, mayabong, aktibong bulkan**

**Sabihin:** *Maaari nating malaman ang kahulugan ng isang salita batay sa iba pang salita na kasama nito sa loob ng pangungusap. Pakinggan ang mga pangungusap na babasahin ko. Pagkatapos, pag-uusapan natin kung ano sa tingin ninyo ang kahulugan ng mga salita sa pisara batay sa narinig ninyong paggamit nito.*

(1) **diwata**

**Basahin:** *Narinig na ba ninyo ang kuwento ni Emang Engkantada? Isa siyang* ***diwata*** *na tagapagbantay sa kapaligiran. Bilang diwata, pinaparusahan niya sa mahiwagang paraan ang mga batang nag-aaksaya ng tubig, pumuputol ng mga puno, at nagkakalat sa paligid.*

**Sabihin:** *Naniniwala ang mga ninuno natin sa mga diwata, mga espiritu o engkantadang katulad ni Emma na may mahiwagang kapangyarihan. Ano ang salitang-ugat na makikita natin sa salitang diwata?* (sagot: diwa) *Ano ang kahulugan ng diwa na may kinalaman sa mga bagay na mahiwaga o hindi-pangkaraniwan?* (Posibleng sagot: espiritu; esensiya) *Bukod kay Emang Engkantada, may iba pa ba kayong alam na diwata? Ano-ano pa ang nabasa o napanood ninyo tungkol sa mga diwata?*

**PARA SA GURO**

Para sa Leveled Readers sa Yunit 3, ipinapakilala ang *editor*. Hinihikayat ang guro na ipaliwanag sa mga mag-aaral ang konsepto ng editor.

Ang editor sa aklat na kanilang babasahin ang nagwasto ng mga manuskrito para sa publikasyon.

TALAAN

**Isulat sa pisara: diwata** – mahiwagang babae na may kapangyarihang magbigay ng tulong o parusa sa karaniwang tao

(2) **mayabong**

**Basahin:** (Magpakita ng larawan ng luntiang bukirin o/at kagubatan.) *Kay gandang pagmasdan ng mayabong na bukirin at kagubatan. Kapag* ***mayabong*** *ang mga puno at halaman, matingkad ang pagkaluntian ng kapaligiran. Malusog ang pagtubo ng mga dahon at bunga.*

**Sabihin:** *Tungkol saan madalas gamitin ang deskripsiyon na mayabong? Ano-anong salita mula sa pangungusap na binasa ko ang nagbibigay ng ideya tungkol sa kahulugan ng salitang mayabong?* (Posibleng sagot: luntian, malusog ang pagtubo) *Ano pa ang ibang bagay na mayabong?*

**Isulat sa pisara: mayabong** – pagiging malusog at marami ang bilang ng mga dahon ng halaman o puno

(3) **aktibong bulkan**

**Basahin:** (Magpakita ng larawan ng Bulkang Mayon.) *Ito ang Bulkang Mayon. Pana-panahon itong nagsasabog ng lava hanggang sa ngayon. Lumalabas sa bibig o crater ng bulkang ito ang mainit na lava.* ***Aktibong bulkan*** *ang tawag sa ganitong bulkan.*

**Sabihin:** B*akit kaya aktibo ang klasipikasiyon ng mga bulkang ganito? Anong aktibidad ang nakikita rito hanggang sa kasalukuyan? Ano ang kabaligtaran ng aktibong bulkan?*

**Isulat sa pisara: aktibong bulkan** – bulkan na pana-panahong sumasabog hanggang sa kasalukuyan

- Ipasipi sa mga mag-aaral ang talasalitaan sa pisara.

**b. Pagganyak**

**Sabihin:** *Kapag hindi sumasabog ng mainit na lava ang bulkan, ang tawag dito ay di-aktibong bulkan. Ano-ano ang alam ninyong di-aktibong bulkan sa Pilipinas?*

**c. Pangganyak na Tanong**

**Sabihin:** *Sa ating teksto ngayon, may isang di-aktibong bulkan. Alamin: Ano ang pangalan ng bulkan? Saan ito matatagpuan?*

TALAAN

## 3 PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO

**Sabihin:** *Makinig sa babasahin kong teksto. Habang nakikinig kayo sa akin, bumuo ng mga katanungan gamit ang mga salitang* ***bakit*** *at* ***paano****. Isulat ito sa inyong kuwaderno. Maghandang ibahagi ang nabuo ninyong tanong kapag tinawag ko kayo. Malinaw ba ang gagawin ninyo habang nakikinig?*

Simulan ang pagbabasa. Huminto matapos ang bawat talata upang kumuha ng mga tanong mula sa mga mag-aaral na nagsisimula sa bakit at paano. Ipasulat sa pisara ang kanilang nabuong tanong, at ipagpatuloy ang pagbabasa.

**"Ang Diwata sa Bundok Makiling"**
Kuwento ni Sierra Mae Paraan

*Kilala ba ninyo si Maria Makiling? Narinig na ba ninyo ang Bundok Makiling? Saan kaya ito matatagpuan?*

*Isang natutulog na bulkan ang Bundok Makiling. Ito ay bulkang hindi aktibo. Mahigit 1,000 metro ang taas nito.*

*Makikita ang Bundok Makiling sa pagitan ng Laguna at Batangas. Tahanan ito ng mahigit 200 uri ng hayop at mahigit 2,000 uri ng halaman. Sa katunayan, idineklarang pambansang liwasan o national park ang Bundok Makiling mula pa noong Pebrero 1933.*

*Nasa proteksiyon at pangangalaga ng pambansang pamahalaan ang mga pambansang liwasan o national park, upang mapanatili ang likas na yaman dito. Kauna-unahang lugar na binigyan ng ganitong pagkilala ang Bundok Makiling. Sa ngayon, nasa pangangalaga ito ng University of the Philippines Los Banos.*

*Napalilibutan ng kakaibang kuwento at alamat ang Bundok Makiling. Sinasabing dito nakatira ang isa sa pinakasikat at makapangyarihang diwata sa bansa, si Maria Makiling.*

*Si Maria Makiling ang tagapangalaga ng kabundukan. Pinoprotektahan niya ang mga halaman, hayop, at mamamayang nakatira sa paligid nito. Siya umano ang dahilan kung bakit mayabong ang mga tanim at bunga sa mga puno. Pati ang kalusugan ng mga hayop na naglipana sa gubat ay dahil din umano kay Maria Makiling.*

*Ayon sa mga kuwento, nag-iiba-iba ang anyo ni Maria Makiling. Minsan na siyang naging ulap, dalaga, bata, at matandang babae. Walang nakakaalam ng tunay na hitsura ni Maria Makiling, pero maraming nakakarinig ng kabutihang ginagawa niya.*

TALAAN

*Sanggunian:*

Department of Environment and Natural Resources Protected Areas & Wildlife Bureau. (2004). *2004 Statistics on Philippine Protected Areas & Wildlife Resources*. Retrieved from http://bmb.gov.ph/index.php/mainmenu-publications/statistics

Lasco, Gideon. (2007). *Bundok Makiling/UPLB Trail (1,090+).* Retrieved from http://www.pinoymountaineer.com/2007/09/mt-makiling-1090.html

Rizal, J. (1918). *Rizal's Own Story of His Life.* (A. Craig, Ed.). Retrieved from http://www.gutenberg.org/files/48438/48438-h/48438-h.htm

Yap, D. (2013, October 4). *Makiling now a heritage park.* Retrieved from http://globalnation.inquirer.net/87027/makiling-now-a-heritage-park/

Yoder, Robert. (n.d.). *Maria Makiling by Jose Rizal.* Retrieved from http://joserizal.nhcp.gov.ph/kids/mariang-makiling.htm

## 4 PAGTALAKAY SA KUWENTO

- Balikan ang mga nabanggit na tanong ng ilang mag-aaral na nagsisimula sa paano at bakit, at hikayatin ang klase na sagutan ang mga ito. Bigyang-diin na nakatutulong sa pag-unawa ng teksto ang pagtatanong sa sarili upang mabantayan kung tama ang kanilang pagkakaintindi habang nakikinig o nagbabasa.
- Patuloy na talakayin ang kuwento sa pamamagitan ng pangkatang gawain. Hayaang bumuo ng tatluhan ang mga mag-aaral. Sa loob ng limang minuto, pag-uusapan nila ang mga tanong na isusulat ng guro sa pisara. Maaaring magtalaga ang guro ng dalawa o tatlong mga tanong na sasagutan ng bawat grupo. Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong:

1) Ano ang pangalan ng di-aktibong bulkan sa teksto?
2) Saan matatagpuan ang bulkang ito?
3) Gaano kataas ang bulkang ito?
4) Paano kinilala ang bulkang ito sa bansa?
5) Nasa kaninong pangangalaga ang bundok na ito?
6) Ano ang alamat tungkol sa Bundok Makiling?
7) Sino si Maria Makiling?
8) Ano-ano ang ginagawa ni Maria Makiling sa mga tanim at hayop sa kabundukan?
9) Ano kaya ang nararamdaman ng mga tao tungkol sa pagkakaroon ng diwata sa Bundok Makiling?

TALAAN

10) Ano-ano ang nagiging anyo ni Maria Makiling? Aling anyo niya ang gusto ninyong makita?

11) Ilarawan/ilahad ang kabutihang ginagawa ni Maria Makiling.

12) Sa palagay ninyo, totoo kaya ang kuwento tungkol kay Maria Makiling? Bakit mo ito nasabi?

- Matapos ang limang minuto, tumawag ng mag-aaral mula sa iba-ibang pangkat upang maglahad ng kanilang sagot sa buong klase.

## 5 PAGSASANAY: PAGBIGAY NG REAKSIYON

**Sabihin:** *Sa susunod nating gawain, magbibigay kayo ng* ***reaksiyon*** *sa ibibigay kong paksa o tanong. Kapag nagbibigay ng reaksiyon, naglalahad tayo ng ating nararamdaman tungkol sa isang bagay. Tugon na damdamin sa isang paksa o pangyayari ang reaksiyon.*

*Subukan ninyo ngayong magsulat ng reaksiyon sa paksang ibibigay ko. Ano ang magiging reaksiyon ninyo kung hindi na bibigyan ng proteksiyon ng pamahalaan ang kagubatan sa Bundok Makiling? Isulat sa inyong kuwaderno ang inyong reaksiyon. Maaaring punan ang alinman sa sumusunod na pangungusap:*

Kapag hindi na bibigyan ng proteksiyon ng pamahalaan ang kagubatan sa Bundok Makiling, ___________ ang magiging reaksiyon ko dahil ___________.

___________ ang mararamdaman ko kapag tatanggalin ng pamahalaan ang proteksiyon sa kagubatan ng Bundok Makiling dahil ________________.

Bigyan ng limang minuto ang mga mag-aaral upang isulat ang kanilang reaksiyon. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabasa ng kanilang isinulat.

## 6 ARALIN: PANG-URI

- Isulat o ipaskil sa pisara ang sumusunod na gawain.

***Panuto:*** *Basahin ang bawat pangungusap. Bilugan ang salitang naglalarawan sa may-salungguhit na salita:*

1) Sikat na diwata si Maria Makiling.

2) Mayayabong ang mga tanim.

3) Malulusog ang mga hayop.

4) Mabait si Maria.

5) Mataas ang Bulkang Makiling.

TALAAN

6) Maganda kaya si Maria?

7) Matatamis ang mga prutas.

8) Walang pumuputol sa malalaking puno.

- Ipasipi at ipasagot ang gawain sa kuwaderno. Bigyan ang klase ng limang minuto para sa gawaing ito. Matapos ng takdang panahon, tumawag ng ilang mag-aaral at ipabilog sa pisara ang mga salitang naglalarawan.

**BRIDGING**

Ang pang-uri ay natalakay na sa *Mother Tongue*. Balikan ang konsepto ng pang-uri sa MT. Ihambing ang paggamit ng pang-uri sa MT at Filipino.

**Sabihin:** *Napag-aralan na ninyo sa mga nakaraang baitang ang tawag sa mga salita o parirala na naglalarawan sa isang Pangngalan. Ano ang tawag natin sa mga binilugan ninyong salita na naglalarawan sa tao, pook, o bagay? Tama! Pang-uri ang tawag sa mga ito.*

- **Isulat sa pisara ang sumusunod:**

**Pang-uri** ang tawag sa mga salitang naglalarawan ng tao, bagay, lugar, o hayop. Maaari itong maging isang salita, o isang parirala.

## 7 TAKDANG-ARALIN

Pagmasdan ang mga kasama ninyo sa bahay: ang inyong ama, ina, mga kapatid, at iba pa. Gumawa ng pangungusap na naglalarawan sa hitsura, personalidad, o iba pang katangian nila. Salungguhitan ang ginamit ninyong pang-uri.

## LAYUNIN

- **F3TA-0a-j-2** Naipapahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng aksiyon at ibang palatandaang nagbibigay ng kahulugan*
- Naiuugnay ang napakinggang kuwento sa sariling karanasan*
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa binasang bahagi ng kuwento*
- Nahihinuha ang epekto sa tauhan ng mga pangyayari sa kuwento*
- Nababasa, nababaybay nang wasto, at nagagamit sa pangungusap ang mga salitang nabasa sa kuwento*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

**ARAW 2**

## 1 BAHAGINAN

- Ipaalala sa klase ang ipinagawang takdang-aralin. Paano nila isinalarawan ang kanilang mga kasama sa bahay? Ibabahagi nila sa kanilang katabi ang kanilang pangungusap, at tutukuyin nila ang ginamit nilang pang-uri.
- Hayaang magbahaginan ng kanilang pangungusap ang magkakatabi. Bigyan sila ng tatlong minuto. Pagkalipas ng tatlong minuto, tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng mga pang-uri na ginamit nila sa kanilang mga pangungusap sa buong klase. Ilista sa pisara ang mga babanggitin nilang pang-uri. Ipabasa sa buong klase ang mga nailistang pang-uri, at tiyakin na malinaw ang kahulugan ng bawat salita.

## 2 PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA (PAGBASA NG LEVELED READER)

### a. Paghawan ng Balakid

- Ikabit o isulat sa pisara ang dalawang hanay sa ibaba:

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. **napangiwi** | a. unang paglitaw ng liwanag ng araw sa umaga |
| 2. **napanganga** | b. taniman ng palay |
| 3. **palayan** | c. pagbuka ng bibig kapag nagulat o di makapaniwala |
| 4. **sisidlan** | d. ekspresiyon sa mukha kapag nasaktan o may hindi nagustuhan |
| 5. **bukang-liwayway** | e. lalagyan |

- Ipabasa muna sa klase ang mga salita sa unang hanay.

**TALAAN**

**Sabihin:** *Mababasa ninyo mamaya sa inyong aklat ang mga salitang ito sa unang hanay. Alin sa mga salitang ito ang nagamit o nabasa na ninyo? Nasa hanay B ang kahulugan ng mga salita sa hanay A. Basahin nga natin ang mga kahulugang pagpipilian sa hanay B.*

- Basahin nang sabay-sabay ang mga kahulugan sa hanay B. Gabayan ang klase sa pagbasa ng mga kahulugan.

**Sabihin:** *Masasabi na ba ninyo kung aling kahulugan sa hanay B ang katapat ng mga salita sa hanay A? Mas maiintindihan ninyo ang mga salita kapag marinig ninyo ito sa konteksto ng isang sitwasyon. Gagamitin ko sa pangungusap ang mga salita sa hanay A. Makinig sa bawat pangungusap at hanapin sa hanay B ang pinakamalapit na kahulugan ng salitang ginamit:*

(1) **napangiwi**

**Basahin:** *Pumunta si Karina sa bakuran para magwalis ng mga tuyong dahon.* ***Napangiwi*** *siya nang makita ang nakakalat na basura. "Ang alagang aso ni Kuya! Ikinalat na naman ng aso ang laman ng basurahan!" ang sabi niya.*

**Itanong:** *Kapag may ngumiwi, positibo ba o negatibo ang nararamdaman nila? Ipakita nga ninyo ang inyong ngiwi? Ano ang mga bagay na nakapapagpapangiwi sa inyo? Alin sa mga kahulugan sa hanay B ang kasingkahulugan ng salitang napangiwi?* **(sagot: D)**

- Tumawag ng mag-aaral at magpaguhit ng linya mula sa salita sa hanay A at ang katapat na kahulugan nito sa hanay B. Gawin ito para sa lahat ng sumusunod na salita.

(2) **napanganga**

**Basahin:** *Nagpatuloy si Karina sa kaniyang pagwawalis nang may bigla siyang narinig na umunga sa tabi niya.* ***Napanganga*** *si Karina sa gulat nang makita niya ang isang kambing sa harapan niya. Ito pala ang tumumba ng basurahan at nagkakalat sa kanilang bakuran! Saan kaya ito nanggaling?*

**Itanong:** *Ano ang nagpanganga kay Karina? Bakit siya napanganga? Inaasahan ba niyang makita ang kambing? Ipakita nga ninyo kung paano ang pagnganga? Ano ang makapagpapanganga o makagugulat sa inyo? Alin sa mga kahulugan sa hanay B ang kasingkahulugan ng salitang napanganga?* **(sagot: C)**

(3) **palayan**

**Basahin:** *Hilig ni Ruben na tumungo sa* ***palayan*** *upang panoorin ang iba-ibang gawain ng mga magsasaka. Paborito niyang panoorin ang paggapas sa palay tuwing panahon ng ani.*

**TALAAN**

**Itanong:** *Ano ang salitang-ugat ng palayan? Ano ang tinutukoy na bagay kapag naglalagay ng hulaping* ***–an*** *sa isang salitang katulad ng palay?* (sagot: lugar kung saan makikita o ginagawa ang isang bagay) *Alin sa mga kahulugan sa hanay B ang kasingkahulugan ng salitang palayan?* **(sagot: A)**

(4) **sisidlan**

**Basahin:** *Matapos gapasin ang palay, ihinihiwalay ang bungang butil mula sa damo, at ipinapatuyo ang mga ito. Ibinuhos ng mga magsasaka ang mga natuyong butil ng palay sa isang malaking* ***sisidlan*** *upang madala nila ito sa pamilihan.*

**Itanong:** *Ano ang ibinuhos ng mga magsasaka sa sisidlan? Bakit inilagay ang palay sa sisidlan? Narinig na ba ninyo dati ang salitang sisidlan? Naaalala pa ba ninyo ang awiting Leron Leron Sinta? Paano ginamit ang sisidlan sa awiting ito? Ano ang salitang-ugat ng sisidlan?* (Sagot: ang pandiwang silid. Imbes na "sisilidan" ang pormang Pangngalan ng aksiyong "silid," pinagbali-baliktad ang titik sa gitna para mas madaling bigkasin.) *Alin sa mga kahulugan sa hanay B ang kasingkahulugan ng salitang sisidlan?* **(sagot: E)**

(5) **bukang-liwayway**

**Basahin:** *Kapag panahon ng anihan, maagang nagigising ang mga magsasaka. Madilim pa ang paligid ay nasa bukid na sila. Sa bukid na sila aabutan ng* ***bukang-liwayway****. Matapos ang bukang-liwayway, unti-unti nang lumiliwanag ang paligid.*

**Itanong:** *Nakakita na ba kayo ng bukang-liwayway? Batay sa pangungusap, kailan nagaganap ang bukang-liwayway? Alin sa mga kahulugan sa hanay B ang kasingkahulugan ng salitang bukang-liwayway?* **(sagot: D)**

- Ipabasa sa buong klase ang bawat salita sa hanay A, at ang katapat nitong kahulugan mula sa hanay B. Ipasipi ang talasalitaan sa kanilang kuwaderno.

### b. Pagganyak

**Itanong:** *Nakaranas na ba kayo ng malakas na bagyo? Ano-ano ang epekto ng bagyo sa inyong lugar? Ano ang epekto nito sa inyong tahanan?*

### c. Pangganyak na Tanong

**Sabihin:** *Sa ating kuwento, alamin: ano-ano ang naging epekto ng bagyo sa mag-asawang Gardo at Leona?*

TALAAN

## 3 PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO

### PAALALA SA GURO TUNGKOL SA *LEVELED READERS*

1. Mayroong dalawang bersiyon o nibel ang bawat pamagat ng Leveled Reader. Ang isa ay mas mahaba at mas mahirap kaysa isa. Makikita sa likod ng aklat ang palantandaan kung saan nakasulat ang "Baitang 3". Ang "may kadaliang teksto" (mas maikling bersiyon o nibel) ay may isang tuldok at kulay asul. Ang "may kahirapang teksto" (mas mahabang bersiyon) ay may dalawang tuldok at kulay pula. Halimbawa:

   Para sa may kadaliang teksto (mababang nibel o bersiyon) ng Leveled Reader. Ibinibigay ito sa mga nahihirapang bumasa.

   Para sa may kahirapang teksto (mataas na nibel o bersiyon) ng Leveled Reader. Ibinibigay ito sa mga mahuhusay bumasa.

2. Ginagamit sa loob ng dalawang linggo ang isang Leveled Reader. Ang bawat Leveled Reader ay may dalawang Pakikinggang Kuwento o *Listening Stories*, isa para sa bawat linggo. Binabasa ito ng guro sa unang araw ng linggo. Sa mga araw na binabasa ng guro ang unang Pakikinggang Kuwento (*Listening Story*), titingnan ng mga mag-aaral ang guhit sa harap ng aklat. Para sa pangalawang Pakikinggang Kuwento o *Listening Story*, titingnan nila ang guhit sa pahina 25.

3. Itakda ang wastong bersiyon ng Leveled Reader sa bawat mag-aaral. Hatiin ang klase ayon sa kakayanan ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Itakda sa mga hindi pa gaanong matatas magbasa ang mas mababang bersiyon. Sa mga mag-aaral na matatas nang magbasa, itakda ang mas mataas na bersiyon.

- Ipamahagi ang mga kopya ng Leveled Reader.

**Sabihin:** *Tingnan ang pabalat ng babasahin ninyong aklat. Ano-ano ang makukuha ninyong impormasyon dito? Basahin ang pamagat. Sino ang may-akda? Sino ang tagaguhit? Ano-ano ang nasa larawan?*

- Bigyan ng panahon ang mga bata na tingnan nang masinsinan ang pabalat ng aklat at buklatin ang mga pahina nito.

**Sabihin:** *Hahatiin ko ang klase sa dalawang pangkat. Magbabasa nang tahimik ang Pangkat 1 habang magbabasa nang malakas ang Pangkat 2. Papakinggan ko ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2.*

**PAALALA SA GURO**

Pakinggang mabuti at alalayan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa.

TALAAN

**Sabihin:** *Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tahimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwento na isinulat ko sa pisara/tsart. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno. Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang talakayan tungkol sa kuwento.

| **Pangkat 1**<br>*(Magbabasa nang tahimik)* | **Pangkat 2**<br>*(Magbabasa nang malakas)* |
|---|---|
| Isulat ang sumusunod sa pisara:<br><br>**Panuto:** Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na tanong:<br><br>1) Bakit maraming nagkalat na sanga at dahon sa salas nina Gardo?<br><br>2) Ano ang nangyari sa nakatago nilang bigas?<br><br>3) Ano ang nangyari sa nakatago nilang tubig-inumin?<br><br>4) Ano kaya ang nangyari sa pananim nila sa palayan?<br><br>5) Bakit kaya nag-aaalala si Leona sa pag-akyat ni Gardo sa Bundok Makiling?<br><br>6) Ano ang napansin ni Gardo sa mga puno at tanim sa Bundok Makiling?<br><br>7) Bakit natuwa si Gardo nang makakita siya ng bukal?<br><br>8) Ano kaya ang dahilan at napanganga si Gardo nang imulat niya ang kaniyang mga mata? | **Sabihin:** *Tatawag ako ng unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya habang nagbabasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento.*<br><br>(Mga maaaring itanong ng guro):<br><br>1) *Ano ang ginagawa nina Gardo at Leona sa pagsisimula ng kuwento?*<br><br>2) *Ano ang nangyari sa nakatago nilang pagkain?*<br><br>3) *Ano ang pinagkakakitaan nina Gardo?*<br><br>4) *Bakit napabuntong-hininga si Leona nang paalis na si Gardo?*<br><br>5) *Bakit napapangiwi si Gardo tuwing lalapit sa mga puno?*<br><br>6) *Ano ang ginawa ni Gardo nang makakita siya ng bukal?*<br><br>7) *Bakit kaya napanganga si Gardo nang imulat ang kaniyang mga mata?* |

**TALAAN**

- Alamin kung may katanungan ang mga mag-aaral sa Pangkat 1 na nais nilang linawin. Maaari ring ibahagi ng guro sa buong klase ang ilang tanong o paglilinaw na nagmula sa Pangkat 2 na makatutulong sa pag-unawa ng buong klase. Magsagawa ng talakayan upang magpalitan ng sagot sa mga katanungan ang buong klase.

## 4 PAGTALAKAY SA KUWENTO: SANHI AT BUNGA

**Sabihin:** *May mga pangyayari na nagdudulot ng isang epekto o bunga at nakapagpapabago ng sitwasyon.* ***Sanhi ang tawag sa pangyayari na pinagmumulan ng isang epekto. Bunga ang tawag sa naging epekto ng isang sanhi.***

Magbigay ng halimbawa ng pangungusap na nagpapakita ng sanhi at bunga. Isulat sa pisara ang sumusunod at ipabasa sa klase:

- **Sanhi:** Naputol na ang lahat ng punong-kahoy sa gubat.
- **Bunga:** Dahil dito, wala nang puno na nakapipigil sa pagbaha sa aming komunidad.

**Sabihin:** *May babanggitin akong mga pangyayari mula sa kuwento. Sabihin ang maaaring epekto o posibleng bunga ng mga sanhing ito kina Gardo at Leona:*

– *Natumba ang mga puno sa tabi ng bahay nina Gardo. Dahil dito, ______________________.*

– *Nabasa nang malakas na ulan ang sisidlan ng bigas nina Gardo. Dahil dito, ______________________.*

– *Walang bunga ang mga puno sa Makiling. Dahil dito, ______________________.*

– *Aakyat si Gardo sa Bundok Makiling. Malayo at mataas ito; dahil dito ______________________.*

– *Marami ang nasirang pananim sa bagyo. Dahil dito ______________________.*

## 5 PAGBAYBAY NG SALITA AT PAGGAMIT SA PANGUNGUSAP

- Ipasulat o ipabaybay sa kuwaderno ang sumusunod na ididiktang mga salita: **nakausli, bukang-liwayway, napanganga, napangiwi, kagubatan, panalangin, ibinulong, pinagkakakitaan, buntong-hininga, matatagalan**

TALAAN

- Tumawag ng sampung mag-aaral at patunguhin sila sa pisara. Ipasulat sa bawat isa ang isang salita mula sa idiniktang listahan.
- Habang nagsusulat sa pisara ang sampung mag-aaral, papiliin ang mga nakaupong mag-aaral ng salita mula sa ipinabaybay na gagamitin nila sa sariling pangungusap. Ipasulat ang pangungusap sa kanilang kuwaderno. Bigyan sila ng tatlong minuto para sa gawaing ito.
- Habang nagsusulat ng pangungusap ang ibang mag-aaral, pansinin kung may kailangang iwasto sa mga salitang isinulat ng sampung mag-aaral sa pisara. Tulungan ang mag-aaral na may maling baybay upang makita kung ano ang dapat iwasto sa pamamagitan ng maingat na pagbigkas ng bawat pantig o tunog.
- Matapos ang tatlong minuto, tumawag ng mga mag-aaral at ipabasa nang malakas ang kanilang mga pangungusap.

## 6 TAKDANG-ARALIN

Maghanda ng ilang pangungusap tungkol sa isang tradisyong Pilipino na isinasagawa ng inyong pamilya o komunidad. Maghandang magbahagi tungkol dito bukas.

### LAYUNIN

ARAW 3

- **F3TA-0A-j-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Nasasagot ang mga tanong sa Skill Builder sa pamamagitan ng pagguhit ng nakasaad na pangungusap at pagsulat tungkol dito*
- Nasasabi ang sanhi ng nakasaad na bunga*
- Nababasa, nababaybay, at nagagamit sa sariling pangungusap ang mga salitang nabasa sa kuwento*
- Naibibigay ang angkop na pang-uri ng bawat Pangngalan

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

- Ipaalala ang ibinigay na takdang-aralin at iugnay sa tema.

**Sabihin:** *Takdang-aralin ninyo na magsulat ng pangungusap tungkol sa isang tradisyong Pilipino na isinasagawa ng inyong pamilya o komunidad. Ang tradisyon ay mga paniniwala o kaugalian na naisalin o naipasa ng ating mga ninuno sa susunod na angkan o henerasyon. Halimbawa, isang tradisyon ng mga pamilyang Pilipino ang paghahanda*

TALAAN

*at pagtitipon tuwing piyesta. Sino ang makapagbabahagi ng iba pang tradisyon? Sa inyong paglalahad, maaring gamitin ang sumusunod na halimbawang panimula:*

Isang tradisyon ng aming pamilya/komunidad ang ____________________.

- Tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi tungkol sa kanilang tradisyon.

## 2 PAGSAGOT NG PAGSASANAY SA SKILL BUILDER

Skill Builder

**Gawain***:* Pagsagot ng tanong *"Ano kaya ang nakita ni Gardo at bakit siya napanganga"* sa pamamagitan ng pagguhit at pagsusulat ng paliwanag tungkol sa iginuhit.

Ipamahagi ang mga Leveled Reader at ipasagot sa mga mag-aaral ang Skill Builder sa pahina 5.

## 3 PAGSASANAY: SANHI AT BUNGA

**Sabihin:** *Kahapon, tinalakay natin ang mga sanhi at bunga. Sinasaad ng sanhi kung bakit nangyari ang isang bagay. Ang bunga naman ang resulta o epekto ng isang sanhi. Pansinin ang tsart sa pisara. Basahin ang hanay na nagbibigay ng mga pangyayari na nagbunga mula sa isang sanhi. Isipin kung ano ang posibleng pinagmulan ng bunga, at isulat sa hanay ng sanhi. Bibigyan ko kayo ng limang minuto para sa gawaing ito.*

***Panuto:*** *Isulat ang sanhi na naging dahilan ng nakasaad na bunga.*

| Sanhi | Bunga |
|---|---|
| 1) | Nagkalat ang mga sanga ng puno at dahon sa salas nina Gardo. |
| 2) | Walang mailutong pagkain at mahanap na inumin sina Leona at Gardo. |
| 3) | Walang mapitas na bungang kahoy si Gardo. |
| 4) | Natuwa si Gardo nang makita ang bukal. |

TALAAN

## 4 TALASALITAAN

- Isulat sa pisara ang sumusunod na mga salita:

| | | |
|---|---|---|
| **napangiwi** | **sumalok** | **buntong-hininga** |
| **napanganga** | **tinahak** | |

- Ipabasa sa mga mag-aaral ang bawat salita, at talakayin ang kahulugan ng bawat isa. Pagkatapos, ipasipi at ipasagot ang sumusunod na pagsasanay.

  ***Panuto:*** Basahin ang pangungusap at punan ang patlang ng angkop na salita. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno.

  1) Narinig ni Gardo ang malakas na _______________ ni Leona. “May inaalala ka ba, Leona?”

  2) _______________ si Gardo sa sakit nang subukan niyang buhatin ang mabigat na sako.

  3) _______________ ni Gardo ang mataas at matarik na bundok upang makakuha ng bunga.

  4) Nakakita si Gardo ng bukal. _______________ siya ng tubig at uminom. “Hmm, ang sarap ng malamig na tubig,” sabi niya.

  5) _______________ si Gardo sa gulat nang makita ang isang puno na hitik na hitik ng bunga.

## 5 TAKDANG-ARALIN

*Punan ang bawat pangungusap ng angkop na pang-uri :*

1) _______________ ang bahay nina Gardo pagkatapos ng bagyo.

2) _______________ si Leona dahil umalis si Gardo.

3) _______________ ang bundok na aakyatin ni Gardo.

4) _______________ ang tubig sa bukal.

5) _______________ si Gardo dahil nakita niya ang bukal.

ARAW
# 4

## LAYUNIN

- **F3TA-0a-j-2** Naipapahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- **F3PT-Ic-1.4** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan
- **F3PB-Ia-1** Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot*
- Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari at naikukuwento ang mga ito sa maayos na pagkasunod-sunod*
- Napipili ang pang-uri sa bawat pangungusap*
- Nakasusulat ng isang reaksiyon tungkol sa nabasang kuwentong bayan*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## I PANIMULANG GAWAIN

- Hayaang magbahaginan ang buong klase tungkol sa ipinagawang takdang-aralin. Isulat o ipaskil sa pisara ang mga pangungusap na itinakda.

1) __________ ang bahay nina Gardo pagkatapos ng bagyo.
2) __________ si Leona dahil umalis si Gardo.
3) __________ ang bundok na aakyatin ni Gardo.
4) __________ ang tubig sa bukal.
5) __________ si Gardo dahil nakita niya ang bukal.

- Magbabahaginan ng sagot sa takdang-aralin ang apat na mag-aaral na magkakatabi. Batay sa kanilang talakayan, pipili sila ng pang-uri na akma para sa bawat pangungusp, pero dapat kakaiba o hindi madalas marinig sa karaniwang usapan. Bigyan ang mga pangkat ng limang minuto para sa gawaing ito.

- Matapos ang limang minuto, ipasulat sa isang kasapi ng bawat pangkat ang mga napili nilang pang-uri sa tapat ng bawat pangungusap sa pisara. Pansinin kung wasto o akma ang mga napiling pang-uri, at tulungan ang pangkat na iwasto ang kanilang sagot kung kinakailangan. Ipabasa sa buong klase ang mga nabuong pangungusap.

TALAAN

## 2 PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA (PAGBASA NG LEVELED READER)

**a. Paghawan ng Balakid**

- Isulat o ipaskil sa pisara ang mga pag-aaralang salita o parirala:

**engkanto, baboy-ramo,
kumakalam ang sikmura**

- Ipabasa sa klase ang mga salita/parirala sa pisara. Tanungin sila kung nabasa o narinig na nila ang mga salita o pariralang ito. Ano ang pagkakaintindi nila sa mga ito? Kumuha ng ilang sagot mula sa mag-aaral.

**Sabihin:** *May mga babasahin akong pangungusap na gagamit ng mga salita rito sa pisara. Pakinggang mabuti at subukang alamin ang kahulugan ng mga salita sa pisara batay sa binasa kong teksto.*

(1) **engkanto**

**Sabihin:** *Minsan naglalakad daw ang lolo ko sa bukid nang makakita siya ng napakagandang babae. Pero hindi raw sumasayad sa lupa ang paa nito habang naglalakad. Sabi ni Lolo,* ***engkanto*** *raw ito. Tinanong ko si Lolo kung ano ang engkanto. Sabi niya, ang engkanto raw ay isang nilalang na may angking kapangyarihan na lumikha ng himala.*

**Itanong:** *Ano ang mga salitang nagbibigay sa inyo ng ideya kung ano ang isang engkanto? Naniniwala ba kayo sa engkanto? Ano pa ang ibang salitang alam ninyo na kahawig o kapamilya ng salitang ito?* (posibleng sagot: engkantada)

**Isulat:** **engkanto** – espiritu na may kapangyarihang lumikha ng himala

(2) **baboy-ramo**

**Sabihin:** (Maaaring magpakita ng larawan.) *Ito ang larawan ng* ***baboy-ramo****. Ang baboy-ramo ay isang uri ng baboy na mailap, mahaba ang pangil, matigas ang balahibo at karaniwang makikita sa magubat na lugar. Ito ay hinuhuli ng mangangaso. Maaaring kainin ang karne nito. Kung minsan, ang tawag dito ay baboy-damo.*

**Itanong:** *Ano ang dalawang salita na bumubuo sa pariralang ito? Batay sa pangalan, saan matatagpuan ang baboy-ramo o baboy-damo? Ayon sa narining ninyong pangungusap (o nakitang larawan), ano ang kaibahan ng baboy-ramo sa karaniwang baboy?*

**Isulat:** **baboy-ramo** – uri ng baboy na nakatira sa gubat at may magaspang na balahibo

TALAAN

(3) **kumakalam ang sikmura**

**Sabihin:** *Limang oras na akong hindi kumakain nang dumating ako sa bahay.* ***Kumakalam na ang sikmura*** *ko, pero hindi pa nakahanda ang hapunan. Kumain na lang muna ako ng saging upang mawala ang aking gutom.*

**Itanong:** *Naranasan na ba ninyo ang kalam ng sikmura? Tumutunog ba ang sikmura ninyo kapag kumakalam ito? Ano ang ibig sabihin kapag kumakalam ang sikmura?*

**Isulat: kumakalam ang sikmura** – tila kumukulo ang sikmura dahil sa gutom

**Sabihin:** *Makikita ninyo ang mga salitang ito sa pagbasa ninyo ng* Leveled Reader. *Tandaan ang kahulugan at pansinin ang paggamit sa mga ito sa inyong babasahin.*

**b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak**

**Itanong:** *Ano ang natatandaan ninyo mula sa unang bahagi ng kuwento? Ano ang pakay ni Gardo sa pagpunta sa Bundok Makiling? Ano ang ginawa niya nang makakita siya ng bukal? Nang idilat ni Gardo ang mga mata niya pagkatapos maghilamos sa bukal, napanganga siya. Bakit kaya?*

**c. Pangganyak na Tanong**

**Sabihin:** *Habang binabasa ang karugtong na bahagi ng kuwento alamin: Bakit napanganga si Gardo? Ano ang nakita niya?*

## 3 PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO

**Sabihin:** *Hahatiin ko kayong muli sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ay magbabasa nang tahimik, habang ang Pangkat 2 ay papakinggan ko habang nagbabasa nang malakas.*

*Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento?*

*Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

TALAAN

| Pangkat 1: | Pangkat 2: |
|---|---|
| **Panuto:** Magbasa nang tahimik. Kapag tapos na kayong magbasa, sagutin ang sumusunod na mga tanong:<br>1) Bakit napanganga si Gardo nang imulat ang mga mata?<br>2) Ano ang naisip niyang dahilan ng malinis na gubat?<br>3) Bakit natuwa siya nang makakita ng baboy-ramo?<br>4) Nang habulin niya ang baboy-ramo, ano ang nakita niya?<br>5) Sino ang nakatira sa bahay kubo?<br>6) Ano ang ipinakain at ipinabaon sa kaniya ng magandang dalaga?<br>7) Ano ang natuklasan ni Leona sa sisidlang dala ni Gardo?<br>8) Sa palagay ninyo, sino ang babaeng nagbigay ng ginto kay Gardo? | **Sabihin:** *Tatawag ako ng unang magbabasa ng ilang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya habang nagbabasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento.*<br>(Mga maaaring itanong ng guro):<br>1) *Bakit napanganga si Gardo?*<br>2) *Ano ang nasabi ni Gardo na maaaring dahilan ng malinis na gubat?*<br>3) *Bakit gustong hulihin ni Gardo ang baboy-ramo?*<br>4) *Ano ang pagkaing ibinigay ng magandang babae kay Gardo?*<br>5) *Ano ang natuklasan ni Leona sa sisidlan na dala ni Gardo?*<br>6) *Sa palagay ninyo, may hiwaga o himala nga kayang nangyari?* |
| Habang gumagawa ng pagsasanay ang Pangkat 2, alamin ang sagot ng Pangkat 1 sa mga itinakdang tanong. Para sa bawat tanong, ipatukoy sa mag-aaral ang bahagi ng kuwento kung saan matatagpuan ang sagot at ipabasa ito nang malakas. | **Sabihin:** *Lilipat naman ako sa Pangkat 1. Habang nasa Pangkat 1 ako, gawin ang sumusunod na pagsasanay.*<br>**Panuto:** Punan ng angkop na salita ang mga patlang sa sumusunod na pangungusap:<br>1) Nang makita ni Gardo na malinis ang bundok, naisip niya na may ___________.<br>2) Gusto ni Gardong mahuli ang ___________.<br>3) Nagtaka si Gardo nang makakita ng ___________ dahil akala niya walang nakatira sa bundok. |

TALAAN

| | |
|---|---|
| | 4) Pinakain siya ng magandang babae ng ___________. <br> 5) Ang kamoteng laman ng sisidlan ay naging ___________. |

## 4 PAGSASANAY: PAGSUNOD-SUNOD NG MGA PANGYAYARI AT MULING PAGKUWENTO

**Sabihin:** *Nagkuwento si Gardo kay Leona ng naging karanasan niya. Pagsunod-sunurin ang mga pangungusap mula sa unang nangyari hanggang sa katapusan:*

_____ Nakarating ako sa bahay kubo.

_____ Binigyan ako ng magandang dalaga ng malamig na tubig at nilagang kamote.

_____ Nakita niya ang sisidlan na puno ng kamote.

_____ Nakakita si Gardo ng malaki at matabang baboy-ramo.

_____ Pinabaunan ako ng kamote. Hindi ko alam na magiging ginto ang mga kamote!

_____ Pinatuloy ako ng magandang dalaga sa bahay nito.

**Sabihin:** *Ikuwento ang mga pangyayari sa wastong pagkasunod-sunod.*

## 5 PAGSASANAY: PANG-URI

### a. Pagtukoy ng Pang-uri

***Panuto:*** *Basahin ang bawat pangungusap. Isulat sa kuwaderno ang pang-uri.*

1) Mataba ang baboy-ramo.

2) Malakas ang tibok ng dibdib ni Gardo.

3) Mabilis si Gardo, kaya naikot niya kaagad ang paligid ng bukal.

4) Nakarating si Gardo sa isang maliit na kubo.

5) Mahaba ang buhok ng nakita niyang dalaga.

6) Pinainom si Gardo ng malamig na tubig.

7) Mabigat ang dala ni Gardong sisidlan ng pagkain.

**b. Magkasalungat na Pang-uri**

***Panuto:*** *Sa tapat ng bawat pang-uri na isinulat sa kuwaderno, ibigay ang kasalungat na kahulugan. Halimbawa:* ***mataba - payat***

## 6 TAKDANG-ARALIN

Kung may pagkakataon kang ipagawa sa engkanto ang isang mahiwagang bagay, ano ito? Bakit ito ang gusto mong matupad?

TALAAN

## LAYUNIN

ARAW 5

- **F3TA-0a-j-2** Naipapahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Nailalarawan ang mga tauhan sa kuwento gamit ang angkop na pang-uri*
- Napupunan ang mga pangungusap ng napag-aralang talasalitaan*
- Nabibigyan ng kahulugan ang talahanayan*

** Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Sa kuwentong binasa natin kahapon, naniniwala si Gardo na may engkanto. Alam niyang nakalilikha ito ng mahihiwagang bagay. Anong mahihiwagang bagay ang gusto ninyong mangyari? Bakit ito ang inyong pinili? Basahin ang isinulat na takdang-aralin sa inyong katabi. Bibigyan ko kayo ng tatlong minuto para mabahaginan.*

Matapos ang tatlong minuto, tumawag ng ilang mag-aaral na maglalahad ng kanilang reaksiyon sa buong klase.

## 2 PAGSAGOT NG SKILL BUILDER

***Gawain:*** Paglalarawan ng mga tauhan sa kuwento.

Ipamahagi ang mga Leveled Reader. Pabuksan ito sa sa pahina 11, at ipasipi sa kuwaderno ang pagsasanay.

**TALAAN**

## 3 PAGSASANAY: TALASALITAAN

- Isulat o ipaskil ang sumusunod na pagsasanay at ipasagot sa mga mag-aaral.

**Panuto:** *Basahin ang napag-aralang mga salita. Punan ang bawat patlang ng angkop na salita. Pumili ng sagot mula sa kahon:*

| | | |
|---|---|---|
| **mayabong** | **palayan** | **tinahak** |
| **sumalop** | **kumakalam** | **bukang-liwayway** |

1) Maaga siyang nagising. Halos __________ pa lang nang magising si Tatay. "Aalis ka na?" tanong ni Nanay. "Ang aga pa."

2) __________ niya ang maputik na daan papunta sa kaniyang sinasakang lupa.

3) Nadaanan niya ang __________ na puno ng mangga. "Ang daming hinog na bunga ng punong ito," naisip niya.

4) Malawak ang kaniyang __________. "Sana maganda ang ani ngayong taon," naisip niya.

5) Nagtrabaho siya sa bukid hanggang sa matindi na ang sikat ng araw. "Magpapahinga muna ako," naisip niya. "__________ na rin ang sikmura ko." Kinuha niya ang baong kanin at tinapa.

## 4 PAGBASA NG TALAHANAYAN

**Sabihin:** *Makikita sa isang talahanayan ang sistematikong pagkakaayos ng impormasyon sa mga hanay at hilera. Basahin ang impormasyon mula sa talahanayan, at sagutan ang mga kasunod na tanong tungkol dito.*

- Ipaskil o isulat ang sumusunod na pagsasanay.

**Panuto:** *Namitas si Gardo ng mga prutas sa bundok. Dinala ito ni Leona sa palengke sa bayan para itinda. Inilagay niya ang halaga ng bawat kilo ng prutas. Nakaayos sa talahanayan ang listahan ng mga prutas at ang halaga ng bawat kilo ng mga ito. Pag-aralan ang talahanayan at isulat sa inyong kuwaderno ang sagot sa bawat tanong:*

| Mga Prutas | Halaga ng Isang Kilo |
|---|---|
| 1) mangga | P50.00 |
| 2) santol | P35.00 |
| 3) makopa | P20.00 |
| 4) atis | P50.00 |
| 5) papaya | P60.00 |
| 6) star apple | P25.00 |
| 7) abokado | P70.00 |
| 8) suha | P75.00 |

1) Alin ang pinakamahal na prutas?

2) Alin ang pinakamurang prutas?

3) Aling dalawang prutas ang pareho ng halaga?

4) Ano-anong prutas ang mas mahal kaysa papaya?

5) Ano-anong prutas ang mas mura kaysa santol?

- Magsagawa ng talakayan tungkol sa mga ibinigay na tanong. Tiyakin na tama ang mga sagot batay sa impormasyon sa talahanayan.

**TALAAN**

ARALIN


# 22

## GABAY SA PAGTUTURO

# IKATLONG BAITANG FILIPINO

**TEMA: MGA PANINIWALA AT TRADISYON**

**LEVELED READER: “SI MARIA MAKILING”**



**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO**
**IKATLONG BAITANG**
**YUNIT 3, ARALIN 22**

**Tema: Mga Paniniwala at Tradisyon**
***Leveled Reader:* "Si Maria Makiling"**
*(Kuwento ni Sierra Mae Paraan; Inedit ni Pia Zorayda Buiños; Guhit ni Jericho Moral)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| | | • Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na: | |
| | PS<br>TA | • Naibabahagi ang kaalaman tungkol sa paniniwala at tradisyon.* | • Paniniwala at tradisyon |
| | PT | • Naibibigay ang kahulugan ng mga bagong salita sa tulong ng dating kaalaman, paggamit sa konteksto at pagbigay ng kasingkahulugan.* | • Pakikinggang Kuwento *(Listening Story)*: "Ang Alamat ni Maria Makiling"<br>• Paghawan ng Balakid: *pinanggalingan, peligro, masagana*<br>• Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang salita |
| 1 | PN<br>PS | • Naibibigay ang angkop na impormasyon tungkol sa dating kaalaman at ang ibig malaman tungkol sa paksa sa pamamagitan ng pagsulat ng hinihinging impormasyon sa angkop na kolum ng K-W-L Tsart.* | • Pagbigay ng dating alam at ng gustong malaman gamit ang K-W-L Tsart |
| | TA | • **F3TA-0a-j-1**<br>Nakikinig sa kuwentong babasahin ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto. | • Pagbasa ng guro ng kuwento: "Ang Alamat ni Maria Makiling" |
| | PN | • Nasasabi kung ang isang pangyayari ay totoong nangyari o kathang-isip.* | • Totoo o Kathang-Isip |

**DOMAINS: *** – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| | |
| 1. Bahaginan<br>• Magbalik-aral kung ano ang paniniwala at tradisyon at hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng nalalamang paniniwala at tradisyon ng kanilang pamilya o sa kanilang lugar. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng nalalamang paniniwala at tradisyon |
| 2. Paghahanda sa Pakikinig ng Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin sa pangungusap ang napag-aralang mga salita. | 2. Paghahanda sa Pakikinig ng Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap |
| b. Pagganyak at Pangganyak na Tanong Gamit ang K-W-L Tsart<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang dating kaalaman at ang gustong malaman sa tulong ng K-W-L Tsart. | b. Pagganyak at Pangganyak na Tanong Gamit ang K-W-L Tsart<br>• Pagbigay ng impormasyon na angkop sa kolum ng K-W-L Tsart |
| 3. Pagbasa ng Kuwento<br>• Basahin ang kuwento at magtanong tungkol dito.<br>4. Pagtalakay sa Kuwento<br>• Talakayin ang kuwento. Gamitin ang K-W-L Tsart. | 3. Pagbasa ng Kuwento<br>• Pakikinig sa kuwentong babasahin ng guro<br>4. Pagtalakay sa Kuwento<br>• Pagsagot ng mga tanong tungkol sa kuwento |
| 5. Aralin: Katotohanan o Kathang-Isip?<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na piliin ang bahagi ng kuwento na maaaring totoo at ang kathang-isip. | 5. Aralin: Katotohanan o Kathang-Isip?<br>• Pagbigay ng bahagi ng kuwento na maaaring totoo o kathang-isip |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 1 | PN | • Naibibigay ang dahilan ng mga pangyayari sa kuwento.* | • Sanhi at Bunga |
| | KM | • Nakasusulat ng isang kathang-isip na ibang bersiyon ng kuwento.* | • Pagsulat ng Ibang Bersiyon ng Kuwento |
| 2 | TA | • **F3TA-0a-J-2**<br>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Bahaginan |
| | PT | • Naibibigay ang kasingkahulugan ng mga salita sa tulong ng dating kaalaman at gamit ng mga ito sa konteksto.* | • Paghawan ng Balakid:<br>*puweblo, matalas ang mata, tinutugis* |
| | PB | • **F3PB-Ia-1**<br>Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan. | • Pagbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento at pagsagot ng pangganyak na tanong |
| | TA | • **F3TA-0a-j-3**<br>Nababasa ang kuwento sa Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon. | • Leveled Reader: *Si Maria Makiling*<br>• Pagbasa ng pangatlong bahagi ng Leveled Reader at pagsagot ng mga tanong tungkol dito |
| | PB | • Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang teksto.* | • Pagtalakay ng Kuwento |
| | PB | • Napagsusunod-sunod ang mga mahahalagang pangyayari sa kuwento at naisasalaysay muli ito.* | • Pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 6. Sanhi at Bunga<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang dahilan ng mga pangyayari sa kuwento. | 6. Sanhi at Bunga<br>• Pagbigay ng dahilan ng mga pangyayari |
| 7. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. Hikayatin ang mga mag-aaral na mag-isip at isulat ang ibang bersiyon ng kuwento. | 7. Takdang-Aralin<br>• Pagsulat ng ibang bersiyon ng kuwento |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang takdang-aralin. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng mga sariling bersiyon ng pag-ibig ni Maria Makiling |
| 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang kasingkahulugan ng mga salita sa tulong ng gamit ng mga ito sa pangungusap. | 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kasingkahulugan ng mga salita |
| b. Pagganyak<br>• Magbalik-aral sa kuwento.<br>• Magbigay ng pagganyak na gawain.<br>c. Pagganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | b. Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pagganyak na Tanong<br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |
| 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento<br>• Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at mga gawain. | 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento<br>• Pangkat 1 (Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagpabasa nang tahimik sa kuwento (may kahirapang teksto) at pagsagot ng pagsasanay<br>• Pangkat 2 (Mga Nahihirapang Bumasa): Pagpabasa nang malakas sa kuwento (may kadaliang teksto) at pagtanong tungkol sa binabasa |
| 4. Pagtalakay sa Kuwento<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa kuwento at pagsalaysay nito. | 4. Pagtalakay sa Kuwento<br>• Pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento at pagsalaysay nito |
| | |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 2 | PP | • Nababasa ang mahihirap na salita na may apat na pantig sa kuwentong binasa.* | • Pagbasa ng mga salita sa kuwento na may apat o higit pang pantig |
| 3 | PP | • Nababasa ang mahihirap na salita na may apat na pantig sa kuwentong binasa.* | • Pagbasa ng mga salita sa kuwento na may apat o higit pang pantig |
| | TA<br>PB | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon.<br>• Naibibigay ang sariling opinyon tungkol sa mahahalagang pangyayari sa kuwento.* | • Pagpahayag ng Sariling Opinyon |
| | PT<br>PP | • Nasasabi ang kahulugan at nagagamit sa pangungusap ng mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas.* | • Mga Salitang Iisa ang Baybay Ngunit Magkaiba ang Kahulugan |
| | KM | • Nakasusulat ng hula tugkol sa maaaring mangyayari sa kuwento.* | • Pagsulat ng Hula |
| 4 | TA | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Bahaginan |
| | PT | • Naibibigay ang kasingkahulugan ng mga salita sa tulong ng dating kaalaman at gamit ng mga ito sa konteksto.* | • Paghawan ng Balakid: *natatakluban na ng dilim, nag-aalala, umalingawngaw, panaghoy, tumagaktak* |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 5. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag ang takdang-aralin tungkol sa pagbasa ng mga salita sa kuwento na may apat o higit pang pantig. | 5. Takdang-Aralin<br>• Pagbasa ng mga salita sa kuwento na may apat o higit pang pantig |
| 1. Panimulang Gawain: Paligsahan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa paligsahan. | 1. Panimulang Gawain: Paligsahan<br>• Pagsali sa paligsahan |
| 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutan ang Skill Builder tungkol sa pagapahayag ng sariling opinyon. | 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Pagsagot ng pagsasanay sa Skill Builder tungkol sa pagpahayag ng sariling opinyon |
| 3. Dagdag na Pagsasanay: Mga Salitang may Higit sa Isang Bigkas at Kahulugan<br>• Imodelo ang pagbasa ng mga salita na iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas at kahulugan. Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin ang mga pangungusap tungkol sa mga salitang ito at magbigay ng angkop na kahulugan. | 3. Dagdag na Pagsasanay: Mga Salitang may Higit sa Isang Bigkas at Kahulugan<br>• Pagbasa ng mga salita at pangungusap tungkol dito at pagbigay ng angkop na kahulugan |
| 4. Takdang-Aralin<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na magsulat ng hula tungkol sa maaaring mangyari sa kuwento. | 4. Takdang-Aralin<br>• Pagsulat ng sariling hula |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang takdang-aralin. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng mga hula o prediksiyon |
| 2. Paghahada sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na magbasa ng maikling talata na ginagamit ang mahihirap na salita at paghikayat sa kanila na piliin ang angkop na kahulugan ng mga ito. | 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pakikinig sa binabasang talata<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita |
| **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa<br>**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan<br>**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas | |

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 4 | PB | • Naiuugnay ang dating kaalaman sa babasahing kuwento.* | • Leveled Reader: *Si Maria Makiling*<br>• Pagbalik-aral sa pangatlong bahagi ng kuwento at pagsagot ng pangganyak na tanong |
| | TA | • **FITA-0a-j-3**<br>Nababasa nang wasto at may angkop na tatas ang kuwento sa Leveled Reader. | • Pagbasa ng ikaapat na bahagi ng Leveled Reader at pagsagot ng mga tanong tungkol dito |
| | PB | • Naibibigay ang sunod na mangyayari.* | • Pagbigay ng sunod na mangyayari |
| | KM | • Nakasusulat ng isang talaarawan tungkol sa karanasan ng mga tauhan.* | • Pagsulat ng Talaarawan |
| 5 | TA | • **F3TA-0a-J-2**<br>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Bahaginan |
| | WG | • Naisusulat ang angkop na pang-uri.* | • Pagsagot ng Skill Builder tungkol sa pagbigay ng angkop na pang-uri |
| | PT | • Naibibigay ang kasalungat ng pang-uri.* | • Mga Salitang Magkasalungat |

**DOMAINS: *** – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na talakayin ang mahahalagang pangyayari sa pangatlong bahagi ng kuwento.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak na tanong<br>• Pagtalakay ng mahahalagang pangyayari sa pangatlong bahagi ng kuwento<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |
| 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento<br>• Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at mga gawain. | 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento<br>• Pangkat 1 (Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagpabasa nang tahimik sa kuwento (may kahirapang teksto) at pagsagot ng pagsasanay<br>• Pangkat 2 (Mga Nahihirapang Bumasa): Pagpabasa nang malakas sa kuwento (may kadaliang teksto) at pagtanong tungkol sa binabasa |
| 4. Pagtalakay sa Kuwento: Sumunod na Pangyayari<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin ang bawat pangungusap at kopyahin ang sunod na mangyayari. | 4. Pagtalakay sa Kuwento: Sumunod na Pangyayari<br>• Paghinuha at pagsulat ng sunod na mangyayari |
| 5. Pagsulat ng Talaarawan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ilagay ang sarili nila sa papel nina Julio at Ragul at isulat ang kanilang karanasan sa talaarawan.<br>6. Takdang-Aralin<br>• Ipatapos ang pagsusulat ng talaarawan sa bahay. | 5. Pagsulat ng Talaarawan<br>• Pagsulat ng talaarawan tungkol sa karanasan ng mga tauhan<br>6. Takdang-Aralin<br>• Pagpatuloy sa pagsusulat ng talaarawan |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang talaarawan. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng talaarawan |
| 2. Pagsagot ng Skill Builder<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng Skill Builder. | 2. Pagsagot ng Skill Builder<br>• Pagsagot ng pagsasanay sa Skill Builder tungkol sa pagbigay ng angkop na pang-uri |
| 3. Pagsasanay: Mga Pang-uring Magkasalungat<br>• Magbalik-aral sa mga pang-uri na magkasalungat ang kahulugan. | 3. Pagsasanay: Mga Pang-uring Magkasalungat<br>• Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa mga pang-uri na magkasalungat ang kahulugan |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 5 | **PB** | • Naipaliliwanag ang dapat gawin para sundin ang sinasabi ng babala.* | • Pagpaliwanag ng Ibig Sabihin ng Babala |
| | **KM** | • Nakasusulat ng isang babala.* | • Pagsulat ng Babala |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 4. Pagbasa ng Nakasulat na Babala<br>• Pagtalakay sa ibig sabihin ng mga babala. | 4. Pagbasa ng Nakasulat na Babala<br>• Pagpaliwanag ng dapat gawin upang sundin ang sinasabi ng babala |
| • Paghikayat sa mga mag-aaral na magsulat ng mga babala para pangalagaan ang kapaligiran. | • Pagsulat ng babala para sa pangangalaga ng kapaligiran |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

ARAW

1

## LAYUNIN

- Naibabahagi ang kaalaman tungkol sa paniniwala at tradisyon*
- Naibibigay ang kahulugan ng mga bagong salita sa tulong ng dating kaalaman*
- Nakasusunod sa panuto tungkol sa pagsulat ng hinihinging impormasyon sa angkop na hanay ng K-W-L Tsart*
- **F3TA-0a-j-1** Nakikinig sa kuwentong babasahin ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto
- Nasasabi kung ang isang pangyayari ay totoong nangyari o kathang-isip*
- Naibibigay ang dahilan ng mga pangyayari sa kuwento*
- Nakasusulat ng isang kathang-isip na ibang bersiyon ng kuwento*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

- Ipakilala sa mga mag-aaral ang tema para sa linggo, at hikayatin ang ilang mag-aaral na magbahagi ng nalalaman tungkol sa paksang ito.

**Sabihin:** *Ang tema natin ngayong linggo ay tungkol pa rin sa mga paniniwala at tradisyon. Naalala pa ba ninyo kung ano ang matandang paniniwala?* (Maghintay ng sagot.) *Mag-isip nga kayo ng halimbawa ng matandang paniniwala? Maaari ninyong gamitin ang panimulang ito:*

Isang matandang paniniwala na alam ko ay ____________________.

*Ano naman ang tradisyon?* (Maghintay ng sagot.) *Mag-isip din ng halimbawa ng isang tradisyon. Maaari ninyong gamitin ang panimulang ito:*

Isang tradisyon na alam ko ay ____________________.

- Patayuin ang mga mag-aaral at ibigay ang panuto para sa bahaginan. Sa unang tatlong minuto, hahanap sila ng kaklase na may katulad na halimbawa ng matandang paniniwala. Magpapalitan sila ng kanilang nalalaman tungkol sa paniniwalang ito. Pagkatapos ng tatlong minuto, iikot muli ang mga mag-aaral at maghahanap ng kaklase na may kaibang halimbawa ng tradisyon. Magpapalitan sila ng kanilang nalalaman tungkol sa tradisyong napili nila. Paupuin muli ang klase matapos magbahaginan.

## 2 PAGHAHANDA SA PAKIKINIG NG KUWENTO

### a. Paghawan ng Balakid

- Isulat sa pisara ang sumusunod:

**pinanggalingan, peligro, masagana**

TALAAN

**Sabihin:** *Nasa pisara ang mga bagong salitang maririnig ninyo sa ating kuwento ngayon. Gagamitin ko ang mga ito sa pangungusap. Piliin ang tamang kahulugan ng mga ito, at isulat ang salita at kahulugan sa inyong kuwaderno.*

(1) **pinanggalingan**

**Basahin:** *Sabi ni Rizal, ang hindi lumingon sa* ***pinanggalingan*** *ay hindi makararating sa paroroonan. Kaya't tinanong ko ang nanay ko kung saan at ano ang pinanggalingan ng aming pamilya. Sabi niya, ang pamilya raw namin ay mula sa angkan ng mga magsasaka, at ang pinakamatandang ninuno na nalalaman niya ay ipinanganak at namuhay sa bayan ng Apalit sa Pampanga. Kung gayon, pamilya ng mga magsasaka mula sa Pampanga ang pinanggalingan ko.*

**Itanong:** *Ano ang mga salita na nagpapahiwatig ng kahulugan ng pinanggalingan?* (posibleng sagot: mula, ninuno) *Ano ang salitang-ugat ng pinanggalingan?* (sagot: galing) *Ano pa ang ibang salita para sa salitang galing?* (sagot: mula) *Kung gayon, alin sa sumusunod ang kasingkahulugan ng pinanggalingan?*
*a. pinagmulan b. pinaglimutan c. pinagkaisahan*

**Isulat: pinanggalingan** - pinagmulan

(2) **peligro**

**Basahin:** *Pinagbabawalan ng prinsipal na maglaro ang mga mag-aaral sa tabi ng ilog para makaiwas sa peligro. Ayaw niyang malagay sa panganib ang mga bata, dahil baka may mahulog sa ilog at malunod.*

**Itanong:** *Salitang hiram mula sa wikang Kastila ang* ***peligro****. Narinig na ba ninyo ito? Ano ang peligrong nabanggit tungkol sa ilog? Alin sa sumusunod ang kasingkahulugan nito?*
*a. hiwaga b. panganib c. kapangyarihan*

**Isulat: peligro** - panganib

(3) **masagana**

**Basahin:** *Binisita ng magsasakang si Mang Juan ang kaniyang bukid. Tuwang-tuwa siya kasi maraming bunga ang tanim niyang mga kalabasa, patola, sitaw, at ampalaya. "Siguradong* ***masagana*** *ang ani ngayong taon," sabi niya. "At magiging masagana rin ang buhay ng pamilya ko."*

**Itanong:** *Ano ang mga salita na inilalarawan ng pang-uri na masagana? Alin sa sumusunod ang kasingkahulugan ng masagana?*
*a. matabang –mataba b. maraming-marami c. mahabang-mahaba*

**Isulat: masagana** – maraming-marami

**PARA SA GURO**

Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang ang K-W-L Tsart ay parehas noong ginagamit sa *English*.

**b. Pagganyak at Pangganyak na Tanong Gamit ang K-**

**Sabihin:** *Noong isang linggo, binasa ko sa inyo ang kuwento ni Maria Makiling. Tingnan ko nga kung ano-ano ang naaalala ninyo tungkol sa kaniya?*

*Nakasulat sa pisara ang K-W-L Tsart. Isusulat ko sa unang hanay ang mga naaalala ninyo tungkol kay Maria (What I Know). Sa ikalawang hanay, isusulat ko ang gusto ninyong malaman tungkol sa kaniya (What I Want to Know). Mamaya, pagkatapos kong basahin ang kuwento, sasabihin ninyo kung ano ang dagdag na natutuhan ninyo (What I Learned) sa kuwento tungkol sa kaniya. Maaari ninyo akong tulungan na isulat ang mga ito sa pangatlong hanay:*

**K-W-L Tsart**

| **K**<br>**Ang alam ko tungkol kay Maria Makiling**<br>*(What I Know)* | **W**<br>**Ang gusto kong malaman tungkol sa kaniya**<br>*(What I Want to Know)* | **L**<br>**Ang natutuhan ko tungkol kay Maria sa kuwento**<br>*(What I Learned)* |
|---|---|---|
| | | |

## 3 PAGBASA NG GURO NG KUWENTO



**Sabihin:** *Pakinggan ang babasahin kong kuwento. Ang pamagat ng kuwento ay Ang Pag-ibig ni Maria Makiling. Ang kuwento ay muling sinalaysay ni Bb. Sierra Mae Paraan. Ang ibig sabihin ng muling sinalaysay ay may oribinal na pinagkuhaan o pinanggalingan ang kuwento. Pagkatapos, isinalaysay muli ang kuwento na may panibagong paglalahad. Maaaring may mga pagkakaiba sa oribinal na kuwento subalit ang tema o paksa ay ganoon pa rin. Handa ka na bang makinig sa aking kuwento?*

**"Ang Alamat ni Maria Makiling"**
(Muling sinalaysay ni Sierra Mae Paraan)



*Kilala si Maria Makiling sa buong Pilipinas, hindi lamang sa Makiling, Laguna kung saan siya matatagpuan. Maliban kay Maria Makiling, may mga kuwento rin tungkol sa mga engkanto o tagapagbantay ng kalikasan sa ibang kabundukan sa Pilipinas. Nariyan si Maria Sinukuan ng Bundok Arayat na matatagpuan sa Pampanga, at si Maria Cacao sa Bundok Lantoy ng Cebu. Mapapansing mga babae itong may kakaibang kapangyarihan sa mga kuwento, at lahat ay pawang tagapangalaga ng kalikasan at tumutulong sa nangangailangan.*

TALAAN

*Iba-iba ang kuwentong kumakalat tungkol sa tunay na pinanggalingan ni Maria Makiling. Walang nakakaalam kung mayroon nga ba siyang mga magulang o kapatid. Ayon sa isang kuwento, umibig si Maria Makiling sa isang mangangaso. Nangako silang magsasama habambuhay, ngunit nang bumalik ang mangangaso sa bayan, nagpakasal ito sa dalagang tagaroon. Nang malaman ito ni Maria Makiling, nasaktan siya nang husto. Ito raw ang dahilan kung bakit bihira na lang makita si Maria Makiling ng mga tao. Sabi pa ng iba, nagpaparamdam lang ito kapag bilog ang buwan o katatapos lang ng bagyo.*

*Sa isang bersiyong isinalaysay ni Jose Rizal, umibig si Maria Makiling sa isang magsasaka. Prinotektahan ni Maria Makiling ang magsasaka mula sa peligro at biniyayaan ng masaganang ani. Ngunit isang araw, nagkaroon ng giyera sa bayan at kinailangang magsilbi ng lahat ng hindi-pamilyadong lalaki. Upang hindi mapasama sa giyera, nagpasiyang magpakasal ang magsasaka sa isang dalaga. Ilang araw bago ang kasal, bumisita si Maria sa huling pagkakataon at tuluyang nagpaalam.*

*Ikaw, mayroon ka bang narinig na ibang bersiyon tungkol sa pinagmulan ni Maria Makiling?*

***Sanggunian:***

Eugenio, Damiana. (2011). *Philippine Folk Literature: The Legends.* QC: University of The Philippines Press.

Lasco, Gideon. (2007). *Mt. Makiling/UPLB Trail (1,090+).* Retrieved June 9, 2015 from http://www.pinoymountaineer.com/2007/09/mt-makiling-1090.html

Rizal, J. (1918). *Rizal's Own Story of His Life.* (A. Craig, Ed.). Retrieved June 9, 2015 from http://www.gutenberg.org/files/48438/48438-h/48438-h.htm

Yap, D. (2013, October 4). *Makiling Now a Heritage Park.* Retrieved May 2, 2015, from http://globalnation.inquirer.net/87027/makiling-now-a-heritage-park/

## 4 PAGTALAKAY SA KUWENTO

**Sabihin:** *Ano-ano ang natutuhan ninyo tungkol kay Maria? Pag-usapan ninyo ng inyong katabi. Pagkatapos, tatawag ako ng magsusulat ng kanilang mga sagot dito sa pangatlong hanay ng K-W-L Tsart. Sipiin din ninyo ang mabubuo nating K-W-L Tsart sa inyong kuwaderno.*

- Bigyan ng dalawang minuto ang mga magkakatabi para magpalitan ng kanilang natutuhan. Pagkatapos, tumawag ng ilang mag-aaral na magsusulat ng kanilang sagot sa K-W-L Tsart. Habang nagsusulat sa pisara ang ilang mag-aaral, tumawag din ng ibang mga mag-aaral na nais maglahad ng kanilang natutuhan. Bigyan ng panahon ang buong klase upang sipiin ang nabuong K-W-L Tsart.

**TALAAN**

- (Mga posibleng sagot: Walang nakakaalam sa pinanggalingan niya. Umibig siya sa isang mangangaso, ngunit ang mangangaso ay nag-asawa ng iba. Ayon sa bersiyon ni Jose Rizal, umibig si Maria sa isang magsasaka, ngunit nag-asawa rin ang magsasaka ng iba. Malungkot ang kuwento ng buhay ni Maria.)

## 5 ARALIN: KATOTOHANAN O KATHANG-ISIP?

**Sabihin:** *Pag-isipan natin ang kuwento ni Maria. Maaaring ang ibang bahagi ay totoo o talagang nangyari, samantalang ang iba naman ay maaaring kathang-isip lang. Ibig sabihin ng kathang-isip ay ginawa o nilikha lang ng sumulat. Mula lamang ito sa kaniyang isip o imahinasyon, at hindi ito tunay na naganap.*

*Basahin ang sumusunod na pangungusap tungkol kay Maria. Sabihin kung alin ang totoong nangyari at alin ang kathang-isip lamang:*

1) *Alam ng maraming tao sa Pilipinas ang kuwento tungkol kay Maria Makiling.*

2) *Nagalit at pinarusahan ni Maria ang mga nanligaw sa kaniya.*

3) *Nag-asawa ng iba ang manliligaw na mangangaso ni Maria.*

4) *May bersiyon ng kuwento tungkol kay Maria Makiling na isinalysay ni Jose Rizal.*

5) *Nalungkot si Maria nang hindi siya pinakasalan ng mga nanligaw sa kaniya.*

## 6 SANHI AT BUNGA

**Sabihin:** *Idugtong sa pangungusap ang sanhi o dahilan ng sumusunod na pangyayari:*

Hindi natuloy ang pag-iibigan nina Maria at ng mangangaso dahil ________________________________.
Hindi natuloy ang pag-iibigan nina Maria at ng magsasaka dahil ________________________________.

## 7 TAKDANG-ARALIN

*Kunwari kayo ang manunulat. Gusto ninyong sumulat ng ibang bersiyon ng pag-ibig ni Maria Makiling. Isulat ito at pag-uusapan natin bukas. Maaaring punan ang mga pangungusap sa ibaba:*

Niligawan si Maria ng isang ____________________________.
Masayang-masaya sila at nagplanong magpakasal ______________________. Ngunit, ______________________.
______________________________________________ si Maria.

## LAYUNIN

- **F3TA-0a-j-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Naibibigay ang kasingkahulugan ng mga bagong salita sa tulong ng dating kaalaman at gamit ng mga ito sa konteksto*
- **F3PB-Ia-1** Naiuugnay ang kasingkahulugan ng mga salita sa tulong ng dating kaalaman at gamit ng mga ito sa konteksto
- **F1TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento sa Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang teksto*
- Napagsusunod-sunod ang mga mahahalagang pangyayari sa kuwento at naisasalaysay muli ito*
- Nababasa ang mahihirap na salita na may apat na pantig sa kuwentong binasa*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

**ARAW 2**

## 1 BAHAGINAN

Pagtambalin ang mga mag-aaral at hayaan silang magbahaginan tungkol sa isinulat nilang bersiyon ng pag-ibig ni Maria.

**Itanong:** *Ano ang isinulat ninyong bersiyon ng pag-ibig ni Maria? Magbahaginan kayo ng inyong katabi. Maaaring gamitin ang sumusunod na panimula:*

Niligawan si Maria ng isang ____________________.
Masayang-masaya sila at nagplanong magpakasal ________________________________. Ngunit, ___________________________. ___________ si Maria.

## 2 PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA

### a. Paghawan ng Balakid

- Isulat sa pisara ang mga parirala at salitang pag-aaralan at ipabasa sa klase:

**puweblo, matalas ang mata, tinutugis, palaso**

**Sabihin:** *Gagamitin ko sa pangungusap ang mga salitang ito. Alamin ang kahulugan ng salita batay sa kontekstong pinaggamitan. Bibigyan ko rin kayo ng pagpipiliang sagot.*

(1) **puweblo**

**Basahin:** *Pagod na pagod ang mayor pagkabalik niya mula sa pagbisita sa mga ibayong* ***puweblo*** *na sakop ng munisipyo. Umabot daw sila sa mga pinakaliblib na puweblo — mga lugar na malayong-malayo mula sa sentro at hindi kayang pasukin ng ordinaryong sasakyan.*

**TALAAN**

**Itanong:** *Narinig na ba ninyo ang salitang puweblo? Batay sa pangungusap na binasa ko, ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng puweblo? May puweblo din ba lugar ninyo? Alin sa sumusunod ang kasingkahulugan ng puweblo?*
*a. maliit na baryo o bayan* *b. simbahan* *c. sunog*

**Isulat: puweblo** - maliit na baryo o bayan

(2) **matalas ang mata**

**Basahin:** *Ang bilis niyang makakita ng mga hayop sa gubat.* ***Matalas*** *talaga* ***ang mga mata*** *niya.*

**Itanong:** *Nasabihan na ba kayo na matalas ang inyong mata? Isa itong ekspresiyong idiyomatiko — ibig sabihin ay hindi ito maaaring maunawaan sa literal na paraan. Batay sa pangungusap, ano ang kayang gawin ng tao na sinasabing matalas ang mata? Alin sa mga ito ang kasingkahulugan ng matalas ang mata?*
*a. nakasusugat kung makatingin* *b. malinaw ang paningin*
*c. singkit ang mata*

**Isulat: matalas ang mata** - malinaw ang paningin

(3) **tinutugis**

**Basahin:** ***Tinutugis*** *ng pulis ang hinihinalaang magnanakaw. Umabot na ang mga pulis sa kabilang bayan sa paghahabol nila dito. Hindi raw sila titigil sa paghahanap sa may sala hanggang mahuli nila ito.*

**Itanong:** *Sino ang tinutugis ng pulis sa binasa kong pangungusap? Ano ang mga salitang narinig ninyo na nagpapahiwatig ng kahulugan ng tinutugis?* (posibleng sagot: paghahabol, paghahanap) *Alin sa mga ito ang kasingkahulugan ng tinutugis?*
*a. sinisigawan* *b. pinarurusahan*
*c. mabilis at walang tigil na sinusundan*

**Isulat: tinutugis** - mabilis at walang tigil na sinusundan

(4) **palaso**

**Basahin:** *Mahaba at matalas ang* ***palaso*** *ng mangangaso kaya mabilis niyang nahuli ang hayop. Pagkatapos manghuli, nililinis ng mangangaso ang kaniyang palaso upang lalo itong maging matalim.*

**Itanong:** *Narinig na ba ninyo ang salitang palaso? Batay sa pangungusap na binasa ko, ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng palaso? Nakakita na ba kayo ng palaso? Bukod sa pangangaso, saan pa kaya ito nagagamit?*
*a. pahabang laruan* *b. matulis at pahabang sandata*
*c. pantawag ng atensyon*

**Isulat: palaso** - matulis at pahabang sandata

TALAAN

- Ipabasa at ipasipi sa mga mag-aaral ang talasalitaan sa pisara.

  **Sabihin:** *Ngayong alam na ninyo ang kahulugan ng mga salitang ito, sumulat ng mga pangungusap gamit ang mga ito. Hangga't maaari, gawing magkakakugnay ang mga pangungusap, upang makabuo kayo ng isang talata. Isulat ninyo ito sa inyong kuwaderno. Iikot ako habang nagsusulat kayo. Bibigyan ko kayo ng limang minuto para sa gawaing ito.*

- Mag-ikot sa klase habang nagsusulat ang mga mag-aaral. Pagkatapos ng limang minuto, tumawag ng ilang mag-aaral at ipabasa nang malakas ang kanilang isinulat.

### b. Pagganyak

**Itanong:** *Ano ang magiging reaksiyon ninyo kapag may kaklase kayo na nagsabing may nagbigay sa kaniya ng mga luya, at ang mga ito ay naging ginto? Maniniwala ba kayo?*

### c. Pangganyak na Tanong

**Sabihin:** *Sa babasahin ninyong kuwento, alamin: ano ang reaksiyon ng mga tao nang sabihin ng bata na ang luyang natanggap niya ay naging perlas at ginto?*

## 3 PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO

- Ipamahagi ang mga kopya ng Leveled Reader. Bigyan ng panahon ang mga bata na masinsinang tingnan ang pabalat ng aklat at buklatin ang mga pahina nito.

  **Sabihin:** *Tingnan ang pabalat ng babasahin ninyong aklat. Ano-ano ang makukuha ninyong impormasyon dito? Basahin ang pamagat. Sino ang may-akda? Sino ang tagaguhit? Ano ang nasa larawan?*

  **Sabihin:** *Hahatiin ko ang klase sa dalawang pangkat. Magbabasa nang tahimik ang Pangkat 1 habang magbabasa nang malakas ang Pangkat 2. Papakinggan ko ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2.*

  **Sabihin:** *Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tahimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwento na isinulat ko sa pisara/tsart. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno.*

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 kapag kasama na nila ang guro.

**PAALALA SA GURO**

Pakinggang mabuti at alalayan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa.

TALAAN

| **Pangkat 1** (*Magbabasa nang tahimik*) | **Pangkat 2** (*Magbabasa nang malakas*) |
|---|---|
| Isulat ang sumusunod sa pisara:<br><br>***Panuto***: Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na tanong:<br><br>1) Ano ang paliwanag ng batang babae tungkol sa mga perlas at ginto? ________________.<br><br>2) Bakit kaya siya binigyan ng perlas at ginto? ________________.<br><br>3) Sino-sino ang hindi naniwala sa kuwento ng bata? ___________ at ___________.<br><br>4) Ano ang binalak gawin nina Julio at Ragul upang patunayan ang sinabi ng bata?________________.<br><br>5) Ilarawan ang galing nina Julio at Ragul. Si Julio ay ___________ habang si Ragul ay ___________.<br><br>6) Ano ang nahuli nna Ragul at Julio? ________________. | **Sabihin:** *Tatawag ako ng magbabasa ng ilang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya habang nagbabasa nang tahimik. Maaari akong magtanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento.*<br><br>(Mga maaaring itanong ng guro):<br><br>1) *Saan nanggaling ang batang babae?*<br><br>2) *Bakit pinagkakaguluhan ang batang babae?*<br><br>3) *Sino ang hindi naniniwala sa kuwento ng batang babae?*<br><br>4) *Ano ang paniniwala nila sa dala nitong ginto at perlas?*<br><br>5) *Ano ang ginawa nila upang patunayan kung totoo o hindi ang kuwento ng bata?*<br><br>6) *Ilarawan ang katangian ng magkaibigang Ragul at Julio.* |
| (Kasama ang guro)<br><br>**Pagtalakay ng sagot sa pagsasanay at pagbasa nang malakas ng bahagi ng kuwento**<br><br>Sagutin ang mga tanong sa pagsasanay. Basahin ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng tamang sagot. | **Pagsagot sa pagsasanay**<br><br>**Sabihin:** *Lilipat naman ako sa kabilang pangkat. Habang nasa Pangkat 1 ako, sagutan ninyo sa inyong kuwaderno ang pagsasanay na ito.*<br><br>***Panuto***: Punan ng tamang sagot ang bawat pangungusap<br><br>1) Galing ang batang babae sa ________________.<br><br>2) Tinulungan niya ang ibon na ________________. |

3) Binigyan siya ng magandang babae ng mga ________________.

4) Ang mga luya ay naging ________________.

5) Hindi naniwala sina __________ at __________ sa kuwento ng bata.

6) Pumunta sina Julio at Ragul sa ________________.

7) Nakahuli sila ng ________________.

**TALAAN**

## 4 PAGTALAKAY SA KUWENTO

**Sabihin:** *Sa binasa ninyong aklat, nagkuwento ang batang babae tungkol sa dala niyang mga perlas at ginto. Kunwari kayo ang batang babae sa kuwento. Nakasulat sa pisara ang mga pangyayari. Pagsunod-sunurin ang mga ito at lagyan ng bilang 1-5. Muli itong ikuwento sa klase.*

______Binigyan ako ng mga luya ng magandang babae.

______Namimitas ako ng prutas.

______Nakakita ako ng ibong sugatan.

______Naging perlas at ginto ang mga luya.

______Inalagaan ko ang sugatang ibon.

## 5 TAKDANG-ARALIN

*Kopyahin sa kuwaderno at basahin ang sumusunod na mahahabang salita sa kuwento. Magsanay sa pagbaybay ng mga ito. Magkakaroon bukas ng paligsahan sa pagbaybay nito.*

| | | |
|---|---|---|
| **magkasubukan** | **nangingisda** | **magkaibigan** |
| **tumitilaok** | **mapatunayan** | **nakapalibot** |
| **nahaharangan** | **tinulungan** | |

## ARAW 3

### LAYUNIN

- Nababasa ang mahihirap na salita na may apat na Pantig sa kuwentong binasa*
- **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Naibibigay ang sariling opinyon tungkol sa mahahalagang pangyayari sa kuwento*
- Nasasabi ang kahulugan at nagagamit sa pangungusap ng mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas*
- Nakasusulat ng hula tungkol sa maaaring mangyari sa kuwento

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 PANIMULANG GAWAIN: PALIGSAHAN

**Sabihin:** *Ang takdang-aralin ninyo kahapon ay ang pagbasa at pagbaybay ng mga mahahabang salita sa kuwento. Magkakaroon tayo ng maikling paligsahan ngayong umaga. Magtutulungan ang bawat hanay sa pagbaybay ng mga babanggitin kong salita. Isa-isang pupunta sa pisara ang isang kasapi ng bawat hanay upang isulat ang tamang baybay ng salitang babanggitin ko. Ang unang makapagsulat ng tamang baybay ang makakakuha ng puntos. May tanong ba kayo tungkol sa panuto ng paligsahan?*

- Simulan ang paligsahan. Papuntahin sa kani-kanilang bahagi ng pisara ang unang kasapi ng bawat hanay. Idikta ang unang salita mula sa listahan sa ibaba. Ibigay ang puntos sa unang makapagbaybay ng wasto. Gawin ang mga hakbang na ito para sa bawat salita.
- Mga salitang babaybayin:

| | | |
|---|---|---|
| **magkasubukan** | **nangingisda** | **magkaibigan** |
| **tumitilaok** | **mapatunayan** | **nakapalibot** |
| **nahaharangan** | **tinulungan** | |

## 2 PAGSAGOT NG PAGSASANAY SA SKILL BUILDER

Skill Builder

***Gawain:*** Pagbibigay ng Sariling Opinyon

Ipamahagi ang mga Leveled Reader at ipasagot sa mga mag-aaral ang Skill Builder sa pahina 16.

TALAAN

## 3 DAGDAG NA PAGSASANAY: MGA SALITANG MAY HIGIT SA ISANG BIGKAS AT KAHULUGAN

Kung may natitira pang panahon, maaaring ipagawa ang sumusunod na pagsasanay.

**Sabihin:** *May mga salita na iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas at kahulugan. Masdan ang mga salita sa kahon. Makinig habang binabasa ko ang dalawang posibleng bigkas ng mga ito. Habang nakikinig, isipin kung paano nagbabago ang kahulugan batay sa bigkas.*

**puno** **hamon** **baka** **tayo** **tubo**

**Sabihin:** *Ngayon naman, gagamitin ko ang mga salitang ito sa pangungusap. Sabihin kung ano ang kahulugan ng salita batay sa bigkas at pangungusap na pinaggamitan.*

**Basahin:** *Maraming **puno** sa gubat.*
*Isara na ang gripo. **Puno** na ang timba.*

**Basahin:** *Kumain kami ng **hamon** noong Pasko.*
*"Kaya mong gumising nang maaga?" **hamon** ni Ragul kay Julio.*

**Basahin:** *Nakahuli sila ng matabang **baka**.*
***Baka** naman hindi siya nagsasabi ng totoo.*

**Basahin:** *May lakad ba **tayo** bukas?*
*"**Tayo**!" utos ng kapitan sa mga sandalong nakaupo.*

**Basahin:** *May kalawang ang **tubo** ng gripo.*
*Ang asukal ay galing sa **tubo**.*
*Maraming taniman ng **tubo** sa Negros.*

**Sabihin:** *Ngayon, gamitin naman ninyo sa pangungusap ang bawat salita. Maaaring isulat sa kuwaderno ang inyong mga pangungusap.*

## 4 TAKDANG-ARALIN

*Mapatunayan kaya nina Julio at Ragul ang sinasabi ng bata? Isulat ang inyong hula o prediksiyon. Maghandang ibahagi ito sa klase bukas. Maaaring punan ang sumusunod na pangungusap*

Sa palagay ko, ______________________________
dahil ______________________________.

## ARAW 4

### LAYUNIN

- **F3TA-0a-J-2** Naipapahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Naibibigay ang kasingkahulugan ng mga salita sa tulong ng dating kaalaman at gamit ng mga ito sa konteksto*
- Naiuugnay ang dating kaalaman sa babasahing kuwento*
- **F1TA-0a-j-3** Nababasa nang wasto at may angkop na tatas ang kuwento sa Leveled Reader
- Naibibigay ang sunod na mangyayari*
- Nakasusulat ng isang talaarawan tungkol sa karanasan ng mga tauhan*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

- Ipaalala ang ibinigay na takdang-aralin. Ano ang prediksiyon nila tungkol sa itinakdang tanong na ito: *Mapatunayan kaya nina Julio at Ragul ang sinasabi ng bata?*

- Patayuin ang lahat ng mag-aaral at ibigay ang panuto para sa bahaginan. Hahanap sila ng kapares na kaiba ang prediksiyon sa isinulat nila. Magbabahaginan ang mga magkapares, at ibibigay nila ang kanilang dahilan para sa kanilang prediksiyon. Bigyan ang mga mag-aaral ng limang minuto para sa gawaing ito. Mag-ikot sa mga pares at pakinggan ang kanilang mga prediksiyon at katuwiran. Matapos ang limang minuto, paupuin muli ang klase. Tumawag ng ilang mag-aaral at ipalahad sa buong klase ang kanilang prediksiyon at ang dahilan kung bakit ito ang hula nila.

## 2 PAGHAHANDA PARA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA (PAGBASA NG LEVELED READER)

### a. Paghawan ng Balakid

- Isulat o ipaskil ang mga pag-aaralang salita o parirala sa pisara, at ipabasa nang malakas:

**natatakluban na ng dilim ang paligid**
**nag-aalala** **umalingawngaw** **panaghoy**
**kinikilabutan** **tagaktak ang pawis**

**Sabihin:** *Pakinggan ang babasahin kong maikling kuwento. Pansinin kung paano ginamit ang mga salita at parirala sa pisara. Isipin kung ano ang kahulugan ng mga ito. Pagkatapos kong basahin ang kuwento, tatalakayin natin ang kahulugan ng mga ito.*

**Basahin:**

TALAAN

*Naglalaro sa palayan ang magpinsang Ernesto at Edgar. "Uwi na tayo," sabi ni Ernesto kay Edgar.* "**Matatakluban na ng dilim ang paligid.** Mamaya, hindi na natin makikita ang dadaanan natin. At palagay ko, **nag-aalala** na ang mga magulang natin," sagot ni Edgar.

Maya-maya, **umalingawngaw** ang malakas na **panaghoy**. "Narinig mo ba 'yon?" tanong ni Edgar. "Oo, **kinikilabutan** na nga ako. Takbo na tayo." Hingal na hingal at **tumatagaktak ang pawis** ng dalawa nang makarating sa bahay nila.

(1) **natatakluban ng dilim**

**Sabihin:** *Ilarawan nga natin kung paano natatakluban ng dilim ang paligid. Kailan ito nangyayari?* ___________.
*a. kapag malapit nang mag-umaga*
*b. kapag tanghaling-tapat*
*c. kapag malapit nang gumabi*

(2) **nag-aalala**

**Sabihin:** *Kapag nag-aalala ang isang tao, siya ay* ___________.
*a. napapagod*
*b. nangangamba*
*c. nagagalit*

(3) **umalingawngaw**

**Sabihin:** *Ang umalingawngaw na tunog ay* ___________.
*a. paulit-ulit*
*b. parang malapit lang*
*c. pumutok*

(4) **panaghoy**

**Sabihin:** *Ang panaghoy ay may damdamin ng* ___________.
*a. kasiyahan*
*b. lungkot o sakit*
*c. galit*

(5) **tumatagaktak**

**Sabihin:** *Tumatagaktak ang pawis kung* ___________.
*a. pinupunasan ito*
*b. tumutulo ito*
*c. nangangamoy ito*

TALAAN

### b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak

**Sabihin:** *Pag-usapan natin ang binasa ninyong kuwento noong isang araw.*
*Saan pumunta sina Ragul at Julio?*
*Ano ang pakay nila sa sa pagpunta sa bundok?*
*Napatunayan kaya nila ang sinabi ng batang babae tungkol sa ginto at perlas?*
*Nakita kaya nila ang magandang dalaga sa Bundok Makiling?*

### c. Pangganyak na Tanong

**Sabihin:** *Habang binabasa ang kuwento, alamin: Sino ang nakita nila sa bundok? Ano ang hinihingi sa kanila?*

## 3 PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO

**Sabihin:** *Hahatiin ko kayong muli sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ay magbabasa nang tahimik, habang ang Pangkat 2 ay papakinggan ko habang nagbabasa nang malakas.*

*Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento?*
*Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

| **Pangkat 1** *(Magbabasa nang tahimik)* | **Pangkat 2** *(Magbabasa nang malakas, kasama ang guro)* |
|---|---|
| 1) Ano ang naramdaman ni Ragul nang dumilim na sa bundok?<br>2) Sino ang nasalubong nila?<br>3) Ano ang ginawa nila nang manghingi ng pera ang matanda?<br>4) Sino ang humabol kina Ragul?<br>5) Paano sila nakaligtas?<br>6) Ano ang reaksiyon ng kanilang mga kababayan nang ikuwento nila ang nangyari? | 1) Bakit kaya gusto nang umuwi ni Ragul nang natakluban na ang liwanag ng kabundukan?<br>2) Ano ang hinihingi ng matandang babae?<br>3) Tama kaya ang pagtrato nila sa matanda?<br>4) Ilarawan ang nilalang na humabol kina Ragul at Julio. Bakit kaya sila hinabol ng dalawang nilalang?<br>5) Sa palagay ninyo, ano ang natutuhan nina Ragul at Julio sa nangyari? |

TALAAN

| **Pagtalakay ng Kuwento at Pagsagot ng Mga Tanong** | **Pagsasanay** |
|---|---|
| *(Kasama ang guro)*<br><br>Basahin ang mga tanong.<br><br>Basahin nang malakas ang bahagi ng kuwento na nagtataglay ng sagot sa bawat tanong. | (Sasagutan ng Pangkat 1 habang nasa kabilang pangkat ang guro)<br><br>**Panuto:** *Punan ang mga pangungusap ng tamang sagot. Isulat sa kuwaderno ang sagot.*<br><br>1) Nang dumilim na sa gubat, gusto nang umuwi ni ________________.<br><br>2) May nasalubong silang matanda na humihingi ng ________________.<br><br>3) Magsusumbong ang matanda sa ________________.<br><br>4) May humabol sa kanilang dambuhalang ________________.<br><br>5) Para makaligtas sa humahabol sa kanila, sila ay umakyat sa ________________. |

## 4 PAGTALAKAY SA KUWENTO: SUMUNOD NA PANGYAYARI

- Ipaskil o isulat sa pisara ang talahanayan sa ibaba.

**Sabihin:** *Nasa hanay A ang mga nangyari sa kuwento. Kopyahin sa inyong kuwaderno ang pangungusap sa hanay B na nagsasabi ng susunod na pangyayari para sa bawat bilang sa hanay A:*

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1) Pinagtawanan nina Ragul at Julio ang matanda. | a. Takot a takot silang tumakbo papalayo. |
| 2) Hinabol sina Ragul ng dalawang nilalang. | b. Sinabi ng mga tao na binigyan sila ng leksiyon ni Maria. |
| 3) Umakyat sina Ragul sa malaking puno. | c. Nagsumbong ang matanda sa nangangalaga sa gubat. |
| 4) Ikinuwento nina Ragul sa mga kababayan ang nangyari sa kanila. | d. Nakaligtas sina Ragul sa humahabol sa kanila. |

TALAAN

## 5 PAGSULAT NG TALAARAWAN

**Sabihin:** *Kunwari kayo si Ragul o si Julio. Isulat ninyo sa inyong talaarawan ang nangyari habang kayo ay nasa bundok. Isulat din ninyo ang natutuhan ninyong aral. Humarap sa inyong katabi at pag-usapan ang maaari ninyong isulat. Maaaring ipagpatuloy ang sumusunod na pangungusap sa talaarawan bilang gabay.*

Mahal Kong Talaarawan,

Kahapon, si __________ at ako ay ____________________.
May nasalubong kaming matanda na nanghihingi ng ___________
________________________ ________________. ________
______________________________________________
____________________. Natutuhan namin ni __________ na
_____________________________________________.

## 6 TAKDANG-ARALIN

Tapusin ang pagsulat ng talaarawan sa inyong kuwaderno at maghandang ibahagi ito sa klase bukas.

# ARAW 5

## LAYUNIN

- **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Naisusulat ang angkop na pang-uri*
- Naibibigay ang kasalungat ng pang-uri*
- Naipaliliwanag ang dapat gawin para sundin ang sinasabi ng babala*
- Nakasusulat ng isang babala*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Sino ang makapagbabahagi ng isinulat niyang talaarawan?* (Maaaring tumawag ng apat o limang bata). *Pag-usapan natin ang natutuhang aral nina Ragul at Julio. Ganyan din kaya ang matututuhan ninyong aral?*

TALAAN

## 2 PAGSAGOT NG SKILL BUILDER

***Gawain:*** Pang-uri

Ipamahagi ang mga Leveled Reader. Pabuksan ito sa sa pahina 22, at ipasipi o ipasagot sa kuwaderno ang pagsasanay.

## 3 PAGSASANAY: MGA PANG-URING MAGKASALUNGAT

### a. Pagpili ng salitang kasalungat

***Panuto:*** *Basahin ang bawat pangungusap at kopyahin ang may guhit na mga salita. Isulat ang kasalungat nito. Pumili mula sa mga pang-uri na nasa kahon:*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **maliwanag** | **bata** | **duwag** | **mababa** | **mabait** |
| **mayaman** | **marami** | **malapit** | **mabilis** | |

1) Mukhang mahirap ang matandang babae. Humihingi siya ng kaunting pera kina Julio.
2) Madilim na sa gubat kaya gusto nang umuwi ni Ragul.
3) Matapang si Julio kaya hindi siya natatakot sa madilim na gubat.
4) Nakaakyat ang magkaibigan sa mataas na puno kaya nakaligtas sila.
5) Malayo ang bayan, kaya matagal ang biyahe nina Ragul.
6) Palagay ko gusto ni Mariang turuan ng aral ang mga salbaheng bata.

### b. Pagtukoy ng akmang kasalungat na salita

***Panuto:*** *Maglista ng kasalungat na salita para sa sumusunod na pang-uri:*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **matalino** | **mababaw** | **maalinsangan** | **malupit** | **marangya** |
| **tahimik** | **masipag** | **masikip** | **makapal** | **manipis** |

TALAAN

## 4 PAGBASA NG NAKASULAT NA BABALA

**Sabihin:** *Basahin ang mga nakasulat na babala. Ano ang gagawin ninyo kapag nabasa ang mga ito?*

| |
|---|
| **Bawal pumutol ng puno.** |
| **Bawal magsunog ng mga tuyong dahon.** |
| **Bawal magpitas ng prutas.** |
| **Bawal manghuli ng mga ibon.** |

**Itanong:** *Ano-ano pa kayang babala ang maaaring isulat upang mapangalagaan ang ating kapaligiran?*

**Sabihin:** *Hahatiin ko kayo sa anim na pangkat.*
*Mag-iisip ang bawat pangkat ng isang babala.*
*Maaaring isulat ang babala sa Manila Paper at ipakita sa klase mamaya.*

ARALIN


# 23

## GABAY SA PAGTUTURO

# IKATLONG BAITANG FILIPINO

**TEMA: SINING, AWIT, AT SAYAW**

**LEVELED READER: ANG DULA**



## LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO
## IKATLONG BAITANG
## YUNIT 3, ARALIN 23

**Tema: Sining, Awit, at Sayaw**
***Leveled Reader:* Ang Dula**
*(Kuwento ni Sierra Mae Paraan; Inedit ni Pia Zorayda Buiños; Guhit ni Alexandra Paredes)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| | | • Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na: | |
| I | TA | • **F3TA-0a-J-2** Naipapahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Tema: Sining, awit at sayaw |
| | PT | • Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugan: kontekstwal, kasingkahulugan, o kasalungat.* | • Paghawan ng Balakid: *iskrip, props, entablado, audition, piyesa, nakaalalay*<br>• Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang salita |
| | TA | • **F3TA-0a-j-1** Nakikinig sa kuwentong binabasa ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto. | • Pakikinggang Kuwento *(Listening Story)*: Ang Tinig ng Klase ni G. Dotusme |
| | PS | • **F1PS-IIIc-10.1** Nakapagtatanong tungkol sa napakinggang kuwento. | • Pagtatanong tungkol sa Kuwento |
| | PN | • **F1PN-IIIc-14** Nakagagawa ng listahan tungkol sa mga dapat gawin kapag may dula. | • Paggawa ng listahan |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| | |
| 1. Bahaginan<br>• Ipaliwanag ang tema at hikayatin ang mga mag-aaral kung ano ang alam nilang katutubong awitin o sayaw. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng nalalamang awit at sayaw |
| 2. Paghahanda sa Pakikinig ng Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang kahulugan ng mga salita at gamitin ang mga napag-aralang salita sa pangungusap.<br>b. Pagganyak<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa pagganyak na gawain.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Pakikinig ng Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap. Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang mga salita<br>b. Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |
| 3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro<br>• Basahin ang kuwento.<br>4. Talakayan tungkol sa Kuwento<br>• Magtanong tungkol dito. | 3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro<br>• Pakikinig sa kuwento<br>4. Talakayan tungkol sa Kuwento<br>• Pagsagot ng mga tanong tungkol dito |
| 5. Pagtatanong tungkol sa Kuwento<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na magtanong tungkol sa kuwento. | 5. Pagtatanong tungkol sa Kuwento<br>• Pagtatanong tungkol sa kuwento |
| 6. Paggawa ng Listahan ng mga Ihahanda sa Dula<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na gumawa ng listahan ng mga gagawin kapag may dula.<br>7. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag ang takdang-aralin. | 6. Paggawa ng Listahan ng mga Ihahanda sa Dula<br>• Paggawa ng listahan ng mga gagawin kapag may dula<br>7. Takdang-Aralin<br>• Pag-ensayo sa pagkanta o pag-awit |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa **PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 2 | TA | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Tema: Sining, awit at sayaw |
| | PT | • Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng aksiyon at ibang palatandaang nagbibigay ng kahulugan.* | • Leveled Reader: *Ang Dula*<br>• Paghawan ng Balakid: *soprano at tenor, minuwestra, timpalak, nagtunggali* |
| | AL | • **F3AL-IIb-1** Nasasabi ang nilalaman ng aklat batay sa pamagat. | • Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat |
| | TA | • **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon . | • Pagbasa ng pangalawang bahagi ng Leveled Reader |
| | PB | • Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa nabasang bahagi ng kuwento.* | • Pagtalakay sa Kuwento at pagbasa ng bahagi ng kuwento na sumasagot sa tanong |
| | PB | • Nasasabi ang magiging damdamin ng tauhan sa iba't ibang sitwasyon.* | • Pagbigay ng Angkop na Damdamin |
| | WG | • Nasasabi kung ang pares ng pang-uri ay magkasingkahulugan o magkasalungat.* | • Magkasingkahulugan o Magkasalungat na pang-uri |
| | PS | • Naipahahayag ang sariling opinyon.* | • Pagbigay ng Sariling Opinyon |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 1. Bahaginan<br><br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang napiling kanta o awitin. | 1. Bahaginan<br><br>• Pagbahagi ng kanta o awitin |
| 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br><br>a. Paghawan ng Balakid<br><br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na unawain ang gamit ng salita sa pangungusap at ibigay ang kahulugan ng mga ito at gamitin sa pangungusap.<br><br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br><br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa pagganyak na gawain.<br><br>c. Pangganyak na Tanong<br><br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br><br>a. Paghawan ng Balakid<br><br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap<br><br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br><br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br><br>c. Pangganyak na Tanong<br><br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |
| 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento (Pagbasa ng Leveled Reader)<br><br>• Talakayin ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat. | 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento (Pagbasa ng Leveled Reader)<br><br>• Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat |
| • Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at mga gawain. | • Pangkat 1 (Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagpabasa nang tahimik sa kuwento (may kahirapang teksto) at pagsagot ng pagsasanay<br><br>• Pangkat 2 (Mga Nahihirapang Bumasa): Pagpabasa nang malakas sa kuwento (may kadaliang teksto) at pagtanong tungkol sa binabasa |
| 4. Pagbibigay ng Sariling Damdamin<br><br>• Talakayin ang iba't ibang damdamin at ang maaaring damdamin ng tauhan sa bawat sitwasyon. | 4. Pagbibigay ng Sariling Damdamin<br><br>• Pagbigay ng damdamin na angkop sa sitwasyon |
| 5. Magkasingkahulugan o Magkasalungat?<br><br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na pag-aralan ang mga pang-uri at sabihin kung ang pares na pang-uri ay magkasingkahulugan o magkasalungat. | 5. Magkasingkahulugan o Magkasalungat?<br><br>• Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa Pang-uring na magkasingkahulugan o magkasalungat |
| 6. Takdang-Aralin<br><br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang takdang-aralin. | 6. Takdang-Aralin<br><br>• Pagsusulat ng sarili nilang opinyon |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa **PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 3 | PS | • *Naipahahayag ang sariling opinyon.* | • Pagbigay ng Sariling Opinyon |
| | PB | • Nagagamit ang angkop na pagtatanong tungkol sa mga tao, bagay, lugar, o pangyayari (Ano, Ano-ano, Sino, Sino-sino, Saan, Saan-saan, Kailan).* | • Pagsagot ng pagsasanay sa Skill Builder |
| | PB | • Nasasagot ang mga tanong tungkol sa anunsiyong napakinggan o nabasa.* | • Pagbasa ng Anunsiyo at Pagsagot ng Mga Tanong Tungkol Dito |
| | WG | • Naibibigay ang kasingkahulugan at kasalungat na pang-uri.* | • Pang-uri: Magkasingkahulugan at Magkasalungat |
| 4 | PS | • Naibabahagi sa klase ang naisulat na anunsiyo.* | • Pagbahagi ng Isinulat na Anunsiyo |
| | PT | • **F3PT-Ic-1.4** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), o katuturan. | • Paghawan ng Balakid: *itatanghal, kumalma ang klase* |
| | PB | • Naiuuugnay ang sariling karanasan sa binasa.* | • Pagganyak at Pangganyak na Tanong |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin ang isinulat nilang opinyon. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng sarili nilang opinyon |
| 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Magbalik-aral sa mga uri ng tanong at gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng pagsasanay sa Skill Builder. | 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Pagsagot ng pagsasanay sa Skill Builder |
| 3. Pag-unawa sa Anunsiyo<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral basahin ang anunsiyo at sagutin ang mga tanong tungkol dito. | 3. Pag-unawa sa Anunsiyo<br>• Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa binasang anunsiyo |
| 4. Pagsasanay: Magkasingkahulugan at Magkasalungat<br>• Magbalik-aral tungkol sa magkasingkahulugan at magkasalungat na pang-uri at hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang pagsasanay tungkol dito.<br>5. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 4. Pagsasanay: Magkasingkahulugan at Magkasalungat<br>• Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa magkasingkahulugan at magkasalungat na pang-uri<br>5. Takdang-Aralin<br>• Paggawa ng isang anunsiyo |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang isinulat na anunsiyo. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi sa klase ng isinulat na anunsiyo |
| 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Talakayin ang kahulugan ng mga salita at gamitin ang mga ito sa pangungusap. | 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap |
| b. Pagbabalik-aral sa Kuwento at Pagganyak na Tanong<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na talakayin ang mahahalagang pangyayari sa pangatlong bahagi ng kuwento.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | b. Pagbabalik-aral sa Kuwento at Pagganyak na Tanong<br>• Pagtalakay ng mahahalagang pangyayari sa pangatlong bahagi ng kuwento<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa **PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 4 | TA | • **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon. | • Leveled Reader: *Ang Dula*<br>• Pagbasa ng pangalawang bahagi ng Leveled Reader at pagsagot ng mga tanong tungkol dito |
| | PB | • Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot.* | • Pagtalakay ng Kuwento |
| | PP<br>PT<br>PU | • Nababasa ang mga tambalang-salita, nababaybay ang mga ito nang maayos, at nagagamit sa pangungusap.* | • Tambalang-Salita |
| | WG | • Nailalarawan ang mga tauhan gamit ang angkop na pang-uri.* | • Paglalarawan sa mga Tauhan |
| 5 | TA | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Paglalarawan ng Tauhan |
| | PT | • Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan.* | • Pagbalik-aral sa mga Napag-aralang Talasalitaan |
| | KM | • Nakasusulat ng isang liham paanyaya nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat.* | • Pagsulat ng Liham-Paanyaya |
| | EP | • Nabibigyan ng kahulugan ang pictograph.* | • Pictograph |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento<br>• Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at mga gawain. | 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento<br>• Pangkat 1 (Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagpabasa nang tahimik sa kuwento (may kahirapang teksto) at pagsagot ng pagsasanay<br>• Pangkat 2 (Mga Nahihirapang Bumasa): Pagpabasa nang malakas sa kuwento (may kadaliang teksto) at pagtanong tungkol sa binabasa |
| 4. Pagbasa, Pagbaybay, at Paggamit sa Pangungusap ng Tambalang-Salita<br>• Talakayin ang tambalang salita at hikayatin ang mga mag-aaral na basahin ang mga ito, isulat na tama ang baybay at gamitin sa pangungusap. | 4. Pagbasa, Pagbaybay, at Paggamit sa Pangungusap ng Tambalang-Salita<br>• Pagbasa, pagbaybay nang wasto at paggamit sa panungusap ng mga tambalang-salita |
| 5. Takdang-Aralin: Paglalarawan sa Pangunahing Tauhan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ilarawan ang isa sa mga pangunahing tauhan gamit ang angkop na pang-uri. | 5. Takdang-Aralin: Paglalarawan sa Pangunahing Tauhan<br>• Paglalarawan sa tauhan gamit ang angkop na pang-uri |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang takdang-aralin. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng takdang-aralin |
| 2. Dagdag na mga Pagsasanay<br>a. Pagbalik-aral sa Pinag-aralang Talasalitaan<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng pagsasanay tungkol sa talasalitaan. | 2. Dagdag na mga Pagsasanay<br>a. Pagbalik-aral sa Pinag-aralang Talasalitaan<br>• Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan |
| b. Pagsulat ng Liham-Paanyaya<br>• Magbalik-aral sa mga bahagi ng liham at hikayatin ang mga mag-aaral na sumulat ng isang liham-paanyaya. | b. Pagsulat ng Liham-Paanyaya<br>• Pagsulat ng isang liham-paanyaya |
| 3. Paggamit ng Pictograph<br>• Talakayin ang pictograph at hikayatin ang mga mag-aaral kumuha ng mahahalagang impormasyon dito. | 3. Paggamit ng Pictograph<br>• Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa mga mahahalagang impormasyon na nakukuha sa pictograph |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa **PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

ARAW

1

**LAYUNIN**

- **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- * Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugan: kontekstwal, kasingkahulugan, o kasalungat
- **F3TA-0a-j-1** Nakikinig sa kuwentong binabasa ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto
- **F3PS-IIIc-10.1** Nakapagtatanong tungkol sa napakinggang kuwento
- **F3KM-IIIc-14** Nakagagawa ng listahan tungkol sa mga dapat gawin

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

- Ipakilala sa mga mag-aaral ang tema sa linggong ito, at hikayatin ang ilang mag-aaral na magbahagi ng nalalaman tungkol rito.

**Sabihin:** *Ang tema natin ngayong linggo ay tungkol sa sining, awit at sayaw ng mga Pilipino. Tinatawag din ang mga itong katutubong sining, awitin, at sayaw. Isang kilalang-kilalang katutubong sayaw ang Tinikling. May iba pa ba kayong alam na katutubong sayaw ng Pilipinas?* (Magbigay ng halimbawang pangungusap upang magsilbing gabay sa mga mag-aaral.) *Maaaring gamitin ang sumusunod na halimbawang panimula:*

Ang alam kong katutubong sayaw ay _____________.

- Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi sa buong klase.

**Sabihin:** *Marami rin tayong katutubong awitin, gaya ng Leron Leron Sinta. Ano pang katutubong awitin ang alam ninyo? Maaaring gamitin ang sumusunod na halimbawang panimula:*

Ang alam kong katutubong awitin ay _____________.

## 2 PAGHAHANDA SA PAKIKINIG NG KUWENTO

### a. Paghawan ng Balakid

Isulat ang pagsasanay sa pisara at ipabasa nang malakas sa buong klase. Unahing ipabasa ang listahan ng salita sa hanay sa kaliwa. Pagkatapos, ipabasa ang listahan ng mga pagpipiliang kahulugan sa kabilang hanay.

| | |
|---|---|
| 1) **iskrip** | a. tanghalan na pinagdarausan ng palatuntunan, dula, o iba pang uri ng palatuntunan |

TALAAN

| | |
|---|---|
| 2) **props** | b. paraan ng pagpili ng mga aktor o artista, mang-aawit, at iba pang gaganap sa kantahan o dula |
| 3) **entablado** | c. kopya ng nakasulat na dula |
| 4) ***audition*** | d. handang tumulong o gumabay |
| 5) **nakaalalay** | e. mga kagamitan ng aktor, artista, at iba pang gaganap sa dula |
| 6) **piyesa** | f. kinasusulatan ng musika |

**Sabihin:** *Nasa pisara ang mga bagong salitang maririnig ninyo sa ating kuwento ngayon. Gagamitin ko ang mga ito sa pangungusap. Piliin ang tamang kahulugan ng mga ito mula sa hanay sa kanan.*

**iskrip, props, entablado**

**Sabihin:** *Kapag may ipalalabas na dula, kailangang alam na alam ng gaganap ang* ***iskrip****. Hindi na siya dapat titingin sa kopya at babasahin ang iskrip habang ipinalalabas ang dula.*
*Maayos din dapat ang* ***entablado*** *na pagtatanghalan ng dula. May dekorasyon ito at may mga props na gagamitin ng mga gaganap. Kapag ang dula ay tungkol sa hari at reyna, kailangan nakasuot ng korona ang hari at reyna.*

**audition, piyesa**

**Sabihin:** *Pipili ang guro ng mga mag-aaral na gaganap sa dula-dulaan. Magkakaroon ng* ***audition*** *sa klase. Papakinggang kumanta ang mga mag-aaral na gustong gumanap bilang mang-aawit. Dapat kabisado ng mga sasali sa audition ang* ***piyesa*** *na kakantahin nila.*

**nakaalalay**

**Sabihin:** *Habang ipinalalabas ang dula,* ***nakaalalay*** *ang direktor. Nasa tabi siya ng entablado at handang sumenyas sa mga tagaganap kung ano ang dapat gagawin.*

## b. Pagganyak

**Itanong:** *Sino ang nakapanood na ng dula? Ano ang pamagat ng dula? Ano ang mga ipinalalabas sa dula?*

## c. Pangganyak na Tanong

**Sabihin:** *Sa babasahin kong kuwento ngayon, alamin: Ano ang pamagat ng dula ng klase? Ano-ano ang ipalalabas sa dula?*

TALAAN

## 3 PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO

**Sabihin:** *Pakinggan ang kuwentong babasahin ko. Ang pamagat ng kuwento ay* ***Ang Tinig ng Klase ni G. Dotusme****. Ang may-akda ng kuwento ay si Bb. Sierra Mae Paraan. Handa na ba kayong making sa aking kuwento?*

**"Ang Tinig ng Klase ni G. Dotusme"**
Kuwento ni Sierra Mae Paraan

*Nakapanood ka na ba ng isang dula?*

*Naghahanda sa pagtatanghal ng dula ang klase ni G. Dotusme. Naging bahagi ng paghahanda ang bawat mag-aaral. May mga tumutulong sa pagsusulat ng iskrip, pagguguhit at pagpipinta ng props, paglalapat ng kanta, at pag-aayos ng entablado.*

*Sa Buwan ng Sining itatanghal ang presentasyon ng klase. Para itampok ang iba't ibang kultura sa Pilipinas, naisip nilang ipakita ang samu't saring awit at sayaw sa bansa. Kasama pa sa mga inimbitahang manood ang buong komunidad ng paaralan at ang kanilang mga magulang.*

*Bukod sa pagtatanghal, mamarkahan din ni G. Dotusme ang dulang inihahanda ng klase. Ito ang dahilan kung bakit hinayaan ng guro ang buong klaseng magsama at magtulungan upang matapos ang proyekto. Gayumpaman, nakaalalay pa rin siya sa kung ano mang pangangailangan ng mga bata.*

*Minsan, habang nagpupulong ang buong klase, napaisip si G. Dotusme. "Mga bata, mukhang kailangan na nating pumili ng mga gaganap na artista sa dula. Maghanda kayo at magkakaroon tayo ng audition sa bahaging ito. Huwag kalimutan, mga piyesa lang sa dula ang puwedeng gamitin sa audition natin."*

*Simula nang araw na iyon, maraming nag-ensayo sa klase. Lahat ng bata ay nakaabang.*

## 4 TALAKAYAN TUNGKOL SA KUWENTO

- Isulat o ipaskil ang sumusunod na tanong sa pisara:

  – Ano ang pamagat ng dula?

  – Ano-ano ang ipalalabas sa dula?

  – Kailan itatanghal ang dula?

  – Ano ang pakay ng pagtatanghal?

  – Ano-ano ang itatampok nila sa dula?

TALAAN

– Ano-ano ang ginagawang paghahanda ng klase para sa dula?

– Kung kayo ang isa sa mga kasapi ng klase, ano ang tulong na gagawin ninyo?

- Maghanda ng isang bola (o ibang maliit na bagay) na maaaring ipasa-pasa ng mga mag-aaral. Paawitin ng isang maikling katutubong awitin (halimbawa, Leron Leron Sinta) ang buong klase. Habang umaawit, ipapasa-pasa ng mga mag-aaral ang bola. Ang mag-aaral na may hawak ng bola sa pagtatapos ng awit ang sasagot ng isang tanong mula sa listahan sa pisara. Gawin ang pag-awit at pagpasa ng bola hanggang masagot ang lahat ng mga tanong para sa talakayan.

## 5 PAGTATANONG TUNGKOL SA KUWENTO

Ipaskil o isulat ang sumusunod na pagsasanay at ipasagot sa mga mag-aaral sa kanilang kuwaderno.

**Panuto:** *Sinabi ni G. Dotusme na magkakaroon ng audition. Gusto ninyong magtanong tungkol sa gagawing audition. Bumuo ng limang tanong na nag-uumpisa sa sumusunod:*

Kailan ____________________________________________?
Sino-sino __________________________________________?
Saan _____________________________________________?
Ano-ano ___________________________________________?
Bakit _____________________________________________?

## 6 PAGGAWA NG LISTAHAN NG MGA IHAHANDA SA DULA

**Panuto:** *Tulong-tulong ang buong klase sa paghahanda sa nalalapit na pagtatanghal. Ano-ano ang mga gagawing paghahanda para sa presentasyon ng dula? Kompletuhin ang listahan sa ibaba.*

1) Susulat ng iskrip.
2) ___________________________________________.
3) ___________________________________________.
4) ___________________________________________.

## 7 TAKDANG-ARALIN

**Sabihin:** *Kunwari sasali kayo sa audition. Maglista ng mga awiting Pilipino na maaari ninyong kantahin. Maghanda sa pagkanta/pag-awit nito sa klase.*

ARAW **2**

## LAYUNIN

- **F3TA-0a-J-2** Naipapahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng aksiyon at ibang palatandaang nagbibigay ng kahulugan*
- **F3AL-IIb-1** Nasasabi ang nilalaman ng aklat batay sa pamagat
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa nabasang bahagi ng kuwento*
- Nasasabi ang magiging damdamin ng tauhan sa iba't ibang sitwasyon*
- Nasasabi kung ang pares ng pang-uri ay magkasingkahulugan o magkasalungat*
- Naipapahayag ang sariling opinyon*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Itanong:** *Ano-ano ang inihanda ninyong awiting Pilipino? Tatawag ako ng ilang mag-aaral na aawit ng kanilang pinili/inihanda. Sino ang gustong mauna?*

## 2 PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA (PAGBASA NG LEVELED READER)

### a. Paghawan ng Balakid

**Sabihin:** *Nasa pisara ang mga salitang mababasa ninyo sa kuwento. Basahin nating sabay-sabay ang mga ito.*

**soprano** **tenor** **timpalak** **nagtunggali**

**Sabihin:** *Ang isang mang-aawit na babae na mataas ang boses ay tinatawag na* ***soprano****. Katumbas naman ito ng* ***tenor*** *sa mga lalaki. Sino kaya sa mga babaeng kamag-aral ninyo ang soprano? Sino naman kaya sa mga lalaki ang tenor?*

- Maghintay ng sagot. Pagkatapos, isulat sa pisara ang kahulugan, at ipasipi sa klase:

**Isulat:**
**soprano** – babaeng mang-aawit na may mataas na boses
**tenor** – lalaking mang-aawit na may mataas na boses

**Sabihin:** *Sa audition,* ***nagtunggali*** *ang dalawa naming kaklase na maganda ang boses. Para kaming nanonood ng* ***timpalak*** *ng pag-awit. Parehong magaling ang pagkanta nila. Sino kaya sa kanila ang mapipili?*

*Kasingkahulugan ng nagtunggali ang ______________.*
*a. naglaban* *b. nagtawanan* *c. nanalo*

TALAAN

*Kasingkahulugan ng timpalak ang ______________.*
*a. sayawan* *b. paligsahan* *c. laruan*

- Maghintay ng sagot. Pagkatapos, isulat sa pisara ang kahulugan, at ipasipi sa klase:

**Isulat:**
**nagtunggali** – naglaban
**timpalak** - paligsahan

### b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak

**Itanong:** *Kahapon, binasa ko ang kuwento tungkol sa magaganap na dula sa klase ni G. Dotsume. Kailan magaganap ang dula? Ano ang ipinagdiriwang sa buwang iyon? Paano pipiliin ang gaganap sa dula?*

### c. Pangganyak na Tanong

**Sabihin:** *Sa babasahin ninyong kuwento ngayon, alamin: Sino-sino ang sasali sa audition? Sino kaya ang mapipili?*

## 3 PAGBASA NG MGA MAG-AARAL NG KUWENTO

### PAALALA SA GURO
### TUNGKOL SA *LEVELED READERS*

1. Mayroong dalawang bersiyon o nibel ang bawat pamagat ng Leveled Reader. Ang isa ay mas mahaba at mas mahirap kaysa isa. Makikita sa likod ng aklat ang palantandaan kung saan nakasulat ang "Baitang 3". Ang "may kadaliang teksto" (mas maikling bersiyon o nibel) ay may isang tuldok at kulay asul. Ang "may kahirapang teksto" (mas mahabang bersiyon) ay may dalawang tuldok at kulay pula. Halimbawa:




Para sa may kadaliang teksto (mababang nibel o bersiyon) ng Leveled Reader. Ibinibigay ito sa mga nahihirapang bumasa.




Para sa may kahirapang teksto (mataas na nibel o bersiyon) ng Leveled Reader. Ibinibigay ito sa mga mahuhusay bumasa.

2. Ginagamit sa loob ng dalawang linggo ang isang Leveled Reader. Ang bawat Leveled Reader ay may dalawang Pakikinggang Kuwento o *Listening Stories*, isa para sa bawat linggo. Binabasa ito ng guro sa unang araw ng linggo. Sa mga araw na binabasa ng guro ang unang Pakikinggang Kuwento (*Listening Story*), titingnan ng mga mag-aaral ang guhit sa harap ng aklat. Para sa pangalawang Pakikinggang Kuwento o *Listening Story*, titingnan nila ang guhit sa pahina 25.

**TALAAN**

3. Itakda ang wastong bersiyon ng Leveled Reader sa bawat mag-aaral. Hatiin ang klase ayon sa kakayanan ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Itakda sa mga hindi pa gaanong matatas magbasa ang mas mababang bersiyon. Sa mga mag-aaral na matatas nang magbasa, itakda ang mas mataas na bersiyon.

- Ipamahagi ang mga kopya ng Leveled Reader.

**Sabihin:** *Tingnan ang pabalat ng babasahin ninyong aklat. Ano-ano ang makukuha ninyong impormasyon dito? Basahin ang pamagat. Sino ang may-akda? Sino ang tagaguhit? Sino ang editor? Ano-ano ang nasa larawan?*

- Bigyan ng panahon ang mga bata na masinsinang tingnan ang pabalat ng aklat at buklatin ang mga pahina nito.

**PAALALA SA GURO**

Pakinggang mabuti at alalayan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa.

**Sabihin:** *Hahatiin ko ang klase sa dalawang pangkat. Magbabasa nang tahimik ang Pangkat 1, habang magbabasa nang malakas ang Pangkat 2. Papakinggan ko ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2.*

*Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tahimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwento na isinulat ko sa pisara/tsart. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno.*

*Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

| **Pangkat 1** *(Magbabasa nang tahimik)* | **Pangkat 2** *(Magbabasa nang malakas)* |
|---|---|
| Ipagawa ang susunod na pagsasanay pagkatapos magbasa ng mga mag-aaral sa Pangkat 1. Sasagutan nila ito sa kanilang kuwaderno:<br><br>**Panuto:** Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na tanong at isulat ang sagot sa inyong kuwaderno:<br><br>1) Para saan ang pagsasagawa ng audition?<br><br>2) Sino-sino ang nagsilbing audience sa audition?<br><br>3) Ano ang kinanta ng mga naunang nag-audition?<br><br>4) Ano ang kinanta ni Dang?<br><br>5) Sino ang nakatunggali ni Dang? | **Sabihin:** *Tatawag ako ng mag-aaral na magbabasa nang malakas ng bahagi ng kuwento. Habang nagbabasa siya nang malakas, susundan ninyo ang binabasa niya. Maaari akong magtanong tungkol sa bahaging binasa.*<br><br>(Mga maaaring itanong ng guro):<br><br>1) *Bakit hindi masaya si G. Dotusme sa mga naunang nag-audition?*<br><br>2) *Ano ang ipinagawa ni G. Dotusme sa audience?*<br><br>3) *Sino ang kumanta ng Leron Leron Sinta?*<br><br>4) *Paano inilalarawan si Dang ng mga kaklase?* |

TALAAN

| | |
|---|---|
| | 5) *Sino ang nakatunggali o nakatagisan ni Dang?*<br>6) *Sa palagay ninyo, sino kaya ang mapipili na pangunahing tauhan sa dula?* |
| (Kasama ang guro)<br>**Pagtalakay ng mga tanong tungkol sa binasa**<br>Alamin ang mga sagot ng Pangkat 1 sa pagsasanay, at ipabasa nang malakas ang bahagi ng kuwento kung saan matatagpuan ang tamang sagot. Tawagin ang lahat ng mag-aaral sa pangkat 1 upang sumagot ng tanong o magbasa ng bahagi ng kuwento na katatagpuan ng sagot. | **Pagsagot sa pagsasanay**<br>**Sabihin:** *Pupunta ako sa Pangkat 1 at sila naman ang papakinggan kong magbasa. Punan ang pangungusap ng tamang sagot:*<br>1) May magaganap na audition sa klase ng ______.<br>2) Pipili si ___________ ng gaganap na pangunahing tauhan sa dula.<br>3) Nakapila ang mga batang sasali sa audition sa ___________.<br>4) Itinuturing na soprano si ___________.<br>5) Itinuturing na tenor ng klase si ___________. |

## 4 PAGBIBIGAY NG SARILING DAMDAMIN

**Sabihin:** *Kunwari isa ka sa sumusunod na tauhan. Ano kaya ang naramdaman mo sa sumusunod na sitwasyon? Pumili ng sagot mula sa kahon sa ibaba:*

| | | |
|---|---|---|
| **kinakabahan** | **naiinis** | **humahanga** |
| **nalilito** | **natatakot** | **masaya** |

1) Ano ang naramdaman ni G. Dotusme nang halos lahat ng nag-audition ay kumanta ng Pen Pen de Serapen? ___________.

2) Ano ang naramdaman ni Dang nang pumasok siya sa silid-aralan para kumanta? _________________

3) Ano ang naramdaman ng mga nanonood habang kumakanta si Dang? _________________

4) Ano ang naramdaman ni Angelo nang siya na ang kakanta? ______

5) Ano ang naramdaman ni G. Dotusme nang marinig ang pagkanta nina Dang at Angelo? _________________

TALAAN

## 5 MAGKASINGKAHULUGAN O MAGKASALUNGAT?

**Sabihin:** *Basahin ang mga pangungusap tungkol sa binasang kuwento. Kopyahin ang dalawang salitang may salungguhit. Isulat ang* ***MH*** *kung ang mga ito ay magkasingkahulugan at* ***MK*** *kung ang mga ito ay maglasalungat:*

1) Kaunti ang sumali sa audition ngunit marami ang nanood.
2) Tahimik ang mga nanonood nang kumanta si Dang. Walang-imik si G. Dotusme.
3) Matalas ang isip ng bata. Marunong siya sa klase.
4) Malakas ang palakpakan ng buong klase. Mahina ang boses ni Dang nang magpasalamat.
5) Maliit na bata si Dang pero malaki raw ang baga.

## 6 TAKDANG-ARALIN

**Sabihin:** *Kung ikaw ang mag-aaral sa Grade 6 -Rambutan, sasali ka ba sa audition? Bakit/Bakit hindi? Maaaring punan ang sumusunod na pangungusap ng inyong opinyon:*

**Kung ako ang mag-aaral sa Grade 6 Rambutan, sasali/hindi ako sasali sa audition dahil __________.**
**Kung sasali ako, kakantahin ko ang _______________.**

## LAYUNIN

- Naipahahayag ang sariling opinyon*
- Nagagamit ang angkop na pagtatanong tungkol sa mga tao, bagay, lugar, o pangyayari (ano, ano-ano, sino, sino-sino, saan, saan-saan, kailan)*
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa anunsiyong napakinggan o nabasa*
- Naibibigay ang kasingkahulugan at kasalungat na pang-uri*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

ARAW

3

## 1 BAHAGINAN

- Gamiting lunsaran ng bahaginan ang ipinagawang takdang-aralin.

  **Sabihin:** *Ibahagi sa inyong kaklase ang sinulat ninyong opinyon. Maaaring gamitin ang sumusunod na pangungusap:*

  ***Kung ako ang mag-aaral sa Grade 6 Rambutan, sasali/ hindi ako sasali sa audition dahil ______________________.***
  ***Kung sasali ako, kakantahin ko ang ____________________.***

- Hayaang bumuo ng mga pangkat na may apat na kasapi ang mga mag-aaral. Magbabahaginan sila ng kanilang sagot sa takdang-aralin. Matapos ang limang minuto, tumawag ng ilang pangkat at ipalahad sa buong klase ang kanilang mga pangungusap.

## 2 PAGSAGOT SA PAGSASANAY SA SKILL BUILDER

***Gawain:*** Pagbuo ng mga Tanong

Ipamahagi sa klase ang mga Leveled Reader. Ipasagot ang pagsasanay na nasa pahina 5.

## 3 PAG-UNAWA SA ANUNSIYO

**Sabihin:** *Basahin ang anunsiyo tungkol sa gagawing audition. Sagutin sa kuwaderno ang mga sagot sa tanong tungkol dito:*

**ISANG PAANYAYA**

**ANO?**
Audition para sa gaganap na pangunahing tauhan sa dula

**ANO ANG GAGAWIN NG SASALI?**
Kakanta ng isang awiting Pilipino

**KAILAN GAGAWIN ANG AUDITION?**
Ika-7 ng Pebrero 2016

TALAAN

**SAAN GAGAWIN ANG AUDITION?**
Sa silid-aralan ng Grade 6-Rambutan

**SINO ANG MAAARING SUMALI?**
Lahat ng mag-aaral ng Grade 6-Rambutan
na marunong kumanta

**KANINO MAGPAPALISTA ANG GUSTONG SUMALI?**
Kay G. Dotusme

**KAILAN IPALALABAS ANG DULA:**
Sa Araw ng Sining ngayong Pebrero

Mga Tanong:

1) Kailan gagawin ang audition? ________________

2) Para saan ang audition? ________________

3) Sino-sino ang maaaring sumali? ________________

4) Kanino magpapalista ang nais sumali sa audition?
________________

5) Saan gaganapin ang audition? ________________

## 4 PAGSASANAY: MAGKASINGKAHULUGAN AT MAGKASALUNGAT

**Sabihin:** *Basahin ang pang-uri sa unang hanay. Isulat sa pangalawang hanay ang kasingkahulugan ng mga ito at ang kasalungat naman ay isulat sa pangatlong hanay. Tingnan ang halimbawa sa unang bilang:*

| Pang-uri | Kasingkahulugan | Kasalungat |
|---|---|---|
| 1) mayaman | may-kaya | mahirap |
| 2) malungkot | | |
| 3) masikip | | |
| 4) mataas | | |
| 5) matibay | | |

## 5 TAKDANG-ARALIN

Subukang gumawa ng sariling anunsiyo tungkol sa gaganaping dula sa Araw ng Sining.

## LAYUNIN

- Naibabahagi sa klase ang naisulat na anunsiyo*
- **F3PT-1c-1.4** Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga ito sa pangungusap
- Naiuugnay ang sariling karanasan sa binasa*
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon; at nasasagot ang mga pagsasanay tungkol dito
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot*
- Nababasa ang mga tambalang-salita, nababaybay ang mga ito nang maayos at nagagamit sa pangungusap*
- Nailalarawan ang mga tauhan sa kuwento gamit ang angkop na pang-uri*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

ARAW

4

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Kahapon, ang takdang-aralin ninyo ay ang pagsulat ng anunsiyo. Sino ang gustong magbahagi ng kaniyang ginawa?* (Tumawag ng 4 - 5 bata na magbabahagi ng kanilang ginawang anunsiyo sa klase)

## 2 PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA NG LEVELED READER

### a. Paghawan ng Balakid

**Sabihin:** *Basahin ang mga salita at parirala sa pisara. Makinig sa sasabihin kong pangungusap tungkol dito. Gamitin ang pangungusap upang alamin ang kahulugan.*

(1) **tanghal**

**Basahin:** *Nag-eensayo para sa pagta**tanghal** ang mga pangunahing tauhan sa dula. Ang mga mag-aaral ay kabado sa para sa pagtatanghal bukas.*

**Itanong:** *Ano ang mangyayari kapag may itatanghal? Kung kayo ang magtatanghal, ano ang mararamdaman ninyo?*

(2) **kumalma**

**Basahin:** *Nag-iingay ang mga mag-aaral.* ***Kumalma*** *lang sila nang makitang dumarating ang punongguro.*

**Itanong:** *Ano ang salitang-ugat ng kumalma? Ano ang mangyayari kapag kumalma ang maiingay na mag-aaral? Kunwari kayo ang mga mag-aaral. Mag-ingay nga kayo. Hayun, dumarating ang punongguro. Kumalma kayo.*

Ipagamit sa sariling pangungusap ang mga natutuhang parirala at salita. Ipasulat ito sa kanilang kuwaderno.

TALAAN

**b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak**

**Itanong:** *Sino-sino ang sumali sa audition? Ano-ano ang kinanta nila? Sino-sino ang magaling kumanta?*

**c. Pangganyak na Tanong**

**Itanong:** *Sa palagay ninyo, sino kaya ang nanalo sa audition? Sino kaya ang gaganap na pangunahing tauhan sa dula?*

## 3 PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO

**Sabihin:** *Hahatiin kong muli ang klase sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ang magbabasa nang tahimik, habang ang Pangkat 2 ang pakikinggan ko habang nagbabasa nang malakas.*

*Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento?*
*Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

| **Pangkat 1** *(Magbabasa nang tahimik)* | **Pangkat 2** *(Magbabasa nang malakas)* |
|---|---|
| **Panuto:** Basahin nang tahimik ang kuwento. Pagkatapos magbasa, sagutan ang pagsasanay sa inyong kuwaderno:<br><br>**Pagsasanay**<br><br>Sagutin ang mga tanong:<br><br>1) Nanalo sa audition sina ___________ at ___________.<br><br>2) Kinanta ni Dang ang ___________.<br><br>3) Kinanta naman ni Angelo ang ___________.<br><br>4) Magiging bida sa dula sina ___________ at ___________.<br><br>5) Dahil dalawa ang piniling bida sa dula, kailangang baguhin ang ___________. | **Sabihin:** *Tatawag ako ng mag-aaral na magbabasa nang malakas ng bahagi ng kuwento. Habang nagbabasa siya nang malakas, susundan ninyo ang binabasa niya. Maaari akong magtanong tungkol sa bahaging binasa.*<br><br>(Mga maaaring itanong ng guro):<br><br>1) *Sino-sino ang nanalo sa audition?*<br><br>2) *Ano ang kinanta ni Dang noong showdown?*<br><br>3) *Ano naman ang kinanta ni Angelo?*<br><br>4) *Bakit tila ayaw ni Dang na isa lang ang manalo sa audition?*<br><br>5) *Ano ang naging desisyon ni G. Dotusme?* |

TALAAN

(Kasama ang guro)

**Pagtalakay ng mga tanong tungkol sa binasa**

Alamin ang mga sagot ng Pangkat 1 sa pagsasanay, at ipabasa nang malakas ang bahagi ng kuwento kung saan matatagpuan ang tamang sagot. Tawagin ang lahat ng mag-aaral sa pangkat 1 upang sumagot ng tanong o magbasa ng bahagi ng kuwento na katatagpuan ng sagot.

**Sabihin:** *Habang nasa Pangkat 1 ako, punan ninyo ng angkop na salita ang mga pangungusap:*

1) Nanalo sa audition sina ______at ______.
2) Nang muling kumanta si Dang, pinili niya ang kantang ___________.
3) Paruparong Bukid ang napiling kanta ni ______.
4) Gusto ng mga kaklase na manalo ___________.
5) Magiging bida ng dula sina ______ at ______.

## 4 PAGBASA, PAGBAYBAY, AT PAGGAMIT SA PANGUNGUSAP NG MGA TAMBALANG SALITA

- Isulat sa pisara ang sumusunod na salita:

**silid-aralan** **tunog-bago**

- Basahin ang sumusunod na pangungusap:
  - Ginanap ang audition sa **silid-aralan.**
  - Sinamahan ni Dang ng ibang estilo ang kanta kaya **tunog-bago** ito.

**Sabihin:** *Ang mga salitang silid-aralan at tunog-bago ay mga tambalang salita. Ang tambalang salita ay salita na binubuo ng dalawa o higit pang salita. Ano-ano ang dalawang salita na bumubuo sa tambalang salitang silid-aralan? Sa tunog-bago?* (Maghintay ng sagot.)

*Tama! Ang silid-aralan ay silid kung saan nag-aaral ang mga mag-aaral. Ang tunog-bago ay bagong tunog ng lumang awitin. Isinasaad ng dalawang maiiksing salita ang kahulugan ng tambalang salita.*

**Sabihin:** *Basahin ang mga tambalang salita sa pisara.*

| | |
|---|---|
| 1) punongguro | 6) takdang-aralin |
| 2) hating-kapatid | 7) silid-tulugan |
| 3) kapeng-Batangas | 8) taos-puso |
| 4) sukang-Iloko | 9) tubig-alat |
| 5) asong-kalye | 10) sasakyang-dagat |

TALAAN

**Sabihin:** *Pag-usapan natin ang kahulugan ng bawat tambalang-salita. Gaya ng sinabi natin kanina, mahihinuha ang kahulugan ng tambalang-salita sa dalawang maiiksing salita na bumubuo rito.*

- Tumawag ng mga mag-aaral na magbabanggit ng dalawang salita na bumubuo sa tambalang salita, at kung ano ang kahulugan nito.

**Sabihin:** *Pumili ng isang tambalang salita at gamitin sa pangungusap. Pagkatapos, magkakaroon tayo rito ng paligsahan sa pagbaybay nang wasto.*

- Bigyan ng limang minuto ang mga mag-aaral para sa pagsulat ng kanilang pangungusap. Matapos ng limang minuto, magsagawa ng paligsahan ng pagbaybay. Hatiin sa apat na bahagi ang pisara. Hayaang bumuo ng apat na pangkat ang klase. Isa-isang pupunta sa pisara ang bawat kasapi ng mga pangkat, at magbabaybay ng babanggiting tambalang salita ng guro.

## 5 TAKDANG-ARALIN: PAGLALARAWAN SA PANGUNAHING TAUHAN

*Sina Dang at Angelo ang mga pangunahing tauhan sa dula. Ilarawan sila, gamit ang angkop na pang-uri. Maaaring punan ang talata sa kahon o maaaring gumawa ng sariling talata.*

**Isang ____________________ na mag-aaral si Dang. Palagi siyang nangunguna sa klase dahil siya ay ____________________. ____________________ ang kaniyang isip. ____________________ ang kaniyang boses.**

**Isang ____________________ na mag-aaral si Angelo. ____________________ siya sa klase kaya palaging nagtatawanan ang mga kaklase niya. ____________________ siyang kumanta.**

## LAYUNIN

- **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- **F3PT** Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan
- **F3KM** Nakasusulat ng isang liham paanyaya nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat
- **F3EP** Nabibigyan ng kahulugan ang *pictograph*

ARAW

**5**

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Ang takdang-aralin ninyo kahapon ay tungkol sa paglalarawan ng tauhan. Tatawag ako ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang ginawang talata.*

## 2 PAGSAGOT NG SKILL BUILDER

***Gawain:*** Pagkanta ng Awiting Matatagpuan sa Kuwento

Ipamahagi ang Leveled Reader at ipagawa sa mga mag-aaral ang pagsasanay sa pahina 11. Mag-ikot sa klase habang ginagawa ng mga mag-aaral ang pagsasanay at pansinin ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong.

## 3 DAGDAG NA PAGSASANAY

Ipagawa ang sumusunod na pagsasanay pagkatapos nila sagutan ang gawain sa Skill Builder.

| | | |
|---|---|---|
| **itatanghal** | **entablado** | **nagtunggali** |
| **kumalma** | **nakaalalay** | **iskrip** |

### a. Pagbabalik-aral sa Pinag-aralang Talasalitaan

***Panuto:*** *Punan ang bawat pangungusap ng angkop na salita mula sa kahon:*

1) Dinisenyuhan ng mga mag-aaral ang ________________ na tatanghalan ng programa.

2) Ang iingay ng mga mag-aaral na naglalaro sa bakuran.________ sila nang dumating ang guro.

3) Hindi pa marunong pumunta sa paaralan nang mag-isa ang kapatid ko, kaya ________________ sa kaniya ang nanay namin.

4) Pinag-aralan ng pangunahing tauhan ang ____________ ng dula.

5) Ang dula ay _________________ sa Araw ng Sining.

TALAAN

**b. Pagsulat ng Liham-Paanyaya**

***Panuto:*** *Ipalalabas na ang dula ng klase. Iimbitahin ng klase ang kapitan ng barangay upang dumalo. Sumulat ng liham para sa kaniya:*






> ______________________
> ______________________
> ______________________
>
> ____________________,
>
> Malugod po namin kayong inaanyayahan sa __________ na gaganapin sa ______________________ sa ganap na ______________________ ng hapon. May ipapalabas po kaming ________________________________________. Sana po ________________________________________.
>
> ______________________
> ______________________


## 4 PAGGAMIT NG *PICTOGRAPH*

**Sabihin:** *Ang* ***pictograph*** *ay isang uri ng graph na naglalaman ng mga impormasyon sa pamamagitan ng larawan o drowing ng tao o bagay na bibilangin*

*Gustong malaman ng klase kung ilan ang dadalo sa palatuntunan para makapaghanda ng tamang bilang ng mga upuan. Nagtanong ang pangulo sa ibang klase kung ilang mag-aaral ang dadalo sa palatuntunan.*

*Inilagay niya sa pictograph ang nakalap na impormasyon. Dahil ang pictograph ay maglalarawan ng bilang ng mag-aaral na dadalo, ang ginamit na larawan ay drowing ng mga bata.*

| Klase | Bilang ng Dadalo |
|---|---|
| Unang Baitang |  |
| Ikalawang Baitang |  |
| Ikatlong Baitang |  |
| Ikaapat na Baitang |  |
| Ikalimang Baitang |  |




Isulat ang bilang ng bata na dadalo sa bawat baitang:

Grade 1: ________________

Grade 2: _______________

Grade 3: _______________

Grade 4: _______________

Grade 5: _______________

Grade 6: _______________

Kalahatang bilang ng dadalo: ____________

**TALAAN**

ARALIN


# 24

## GABAY SA PAGTUTURO

# IKATLONG BAITANG FILIPINO

**TEMA: SINING, AWIT, AT SAYAW**

**LEVELED READER: ANG DULA**



**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO**
**IKATLONG BAITANG**
**YUNIT 3, ARALIN 24**

**Tema: Sining, Awit, at Sayaw**
***Leveled Reader:* Ang Dula**
*(Kuwento ni Sierra Mae Paraan; Inedit ni Pia Zorayda Buiños; Guhit ni Alexandra Paredes)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| | | • Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na: | |
| I | TA | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Tema: Sining, Awit at Sayaw |
| | PT | • Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga bagong salita sa konteksto.* | • Paghawan ng Balakid: *tikling, patibong, kapareha*<br>• Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang salita |
| | TA | • **F3TA-0a-j-1** Nakikinig sa kuwentong binabasa ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto. | • Pakikinggang Kuwento *(Listening Story)*: "Ang Paghahanda para sa Dula"<br>• Pagbasa ng guro ng kuwento at pagtalakay nito |
| | PN | • Nasasabi ang pangunahing ideya sa tekstong napakinggan.* | • Pagbigay ng Pangunahing Ideya |

**DOMAINS: *** – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| | |
| 1. Bahaginan<br>• Ipaliwanag ang tema at hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang alam nilang katutubong sayaw. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng nalalamang katutubong sayaw |
| 2. Paghahanda sa Pakikinig ng Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang kahulugan ng mga salita at gamitin ang mga napag-aralang salita sa pangungusap.<br>b. Pagganyak<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa pagganyak na gawain.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Pakikinig ng Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap. Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang mga salita.<br>b. Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |
| 3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro<br>• Basahin ang kuwento at magtanong tungkol dito.<br>4. Talakayan Tungkol sa Kuwento<br>• Magbigay ng mga tanong na sasagutan ng mga mag-aaral sa pangkat. | 3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro<br>• Pakikinig sa kuwento at pagsagot ng mga tanong tungkol dito<br>4. Talakayan Tungkol sa Kuwento<br>• Pagbuo ng mga pangkat at pagsagot ng mga tanong tungkol dito |
| 5. Aralin: Pangunahing Ideya at Mga Detalye na Nagpapatunay o Sumusuporta Dito<br>• Ipaliwanag ang tungkol sa pangunahing ideya ng kuwento at hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng pangunahing ideya at mga detalyeng sumusuporta dito. | 5. Aralin: Pangunahing Ideya at Mga Detalye na Nagpapatunay o Sumusuporta Dito<br>• Pagbigay ng pangunahing ideya at ang mga detalyeng sumusuporta dito |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 1 | PP | • Nababasa nang wasto ang mga salitang dinaglat.* | • Pagbasa ng mga salitang dinaglat |
| 2 | PS | • Naibabahagi ang plano tungkol sa pagsali sa palatuntunan.* | • Pagbahagi ng Plano |
| | PT | • Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng aksiyon at ibang palatandaang nagbibigay ng kahulugan.* | • Paghawan ng Balakid: *nakakunot ang noo, nagsalubong ang kilay, dengue, sinakop, suhestiyon* |
| | AL | • **F3AL-IIId-1** Natutukoy ang gawain ng may-akda/ tagaguhit ng aklat o kuwento. | • Leveled Reader: *Ang Dula* • Pagbigay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa gawain ng may-akda at tagaguhit ng aklat |
| | TA | • **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon. | • Pagbasa ng pangatlong bahagi ng Leveled Reader |
| | PB | • Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa nabasang bahagi ng kuwento.* | • Pagtalakay sa Kuwento at pagbasa ng bahagi ng kuwento na sumasagot sa tanong |
| | PB | • Naipahahayag ang sariling palagay.* | • Pagbigay ng Sariling Palagay |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 6. Mga Salitang Dinaglat<br>• Talakayin ang mga salitang dinaglat at hikayatin ang mga mag-aaral na basahin at isulat ang mga ito nang wasto.<br>7. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa klase ang kanilang takdang-aralin. | 6. Mga Salitang Dinaglat<br>• Pagbasa at pagsulat nang wasto ng mga salitang dinaglat<br>7. Takdang-Aralin<br>• Pagsusulat ng plano sa pagsasayaw |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang plano tungkol sa pagsali sa palatuntunan. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng inihandang takdang-aralin tungkol sa planong pagsali sa palatuntunan |
| 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa ng Leveled Reader<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na unawain ang gamit ng salita sa pangungusap at ibigay ang kahulugan ng mga ito at gamitin sa pangungusap.<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa pagganyak na gawain.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa ng Leveled Reader<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |
| 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>• Talakayin ang mahahalagang impormasyon ng aklat ulad ng mayakda, tagaguhit, at mga larawan sa aklat. | 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>• Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng aklat tulad ng may-akda, tagaguhit at larawan sa aklat |
| • Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at mga gawain. | • Pangkat 1 (Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagpapabasa nang tahimik sa kuwento (may kahirapang teksto) at pagsagot ng pagsasanay<br>• Pangkat 2 (Mga Nahihirapang Bumasa): Pagpapabasa nang malakas sa kuwento (may kadaliang teksto) at pagtanong tungkol sa binabasa |
| 4. Pagbibigay ng Sariling Palagay<br>• Ipaliwanag kung ano ang palagay at hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng sariling palagay. | 4. Pagbibigay ng Sariling Palagay<br>• Pagbigay ng sariling palagay |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 2 | PU | • Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga salitang dinaglat.* | • Pagsulat ng Salitang Dinaglat |
| 3 | TA | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | |
| | PB | • Naililista ang mga detalye tungkol sa binasang kuwento.* | • Pagsagot ng pagsasanay sa Skill Builder: Paglista ng mga detalye tungkol sa binasa |
| | PS | • **F3PS-IIId-6.2** Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto ayon sa wastong pagkasunod-sunod ng mga detalye. | • Pagsalaysay ng Nabasang Kuwento |
| | PP | • **F3PP-IIIb-d-2.3** Nababasa nang wasto ang mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas. | • Mga Salitang Iisa ang Baybay Ngunit Magkaiba ang Bigkas |
| | PT | • Naibibigay ang kahulugan at nagagamit nang wasto ang mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas.* | • Pagbigay ng Kahulugan Sa Mga Salitang IIsa ang Baybay Ngunit Magkaiba ang Bigkas |
| 4 | PS | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Pagbahagi ng Isinulat na Kuwento |
| | PT | • **F3PT-Ic-1.4** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga ito sa pangungusap. | • Paghawan ng Balakid: *itampok, eksena* |

**DOMAINS: *** – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 5. Pagsulat ng Salitang Dinaglat<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na isulat ang mga salitang dinaglat na nag-uumpisa sa malaking titik at may tuldok sa hulihan. | 5. Pagsulat ng Salitang Dinaglat<br>• Pagsulat nang wasto ng mga salitang dinaglat |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang takdang-aralin. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng kanilang takdang-aralin |
| 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang sasagutang pagsasanay sa Skill Builder. | 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Pagsagot ng pagsasanay sa Skill Builder |
| 3. Pagsunod-sunod ng Pangyayari at Muling Pagsalaysay ng Kuwento<br>• Paghikayat sa mga mag-aaral na isalaysay ang kuwento ayon sa wastong pagkasunod-sunod ng mga detalye. | 3. Pagsunod-sunod ng Pangyayari at Muling Pagsalaysay ng Kuwento<br>• Pagsalaysay ng nabasang kuwento |
| 4. Mga Salitang Iisa ang Baybay Ngunit Magkaiba ang Bigkas<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin nang wasto ang mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas. | 4. Mga Salitang Iisa ang Baybay Ngunit Magkaiba ang Bigkas<br>• Pagbasa nang wasto ng mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas |
| • Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang kahulugan ng mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas.<br>5. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa klase ang kanilang takdang-aralin | • Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas<br>5. Takdang-Aralin<br>• Pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang isinulat na kuwento. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi sa klase ng isinulat na kuwento |
| 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Talakayin ang kahulugan ng mga salita at pagpapagamit ng mga ito sa pangungusap. | 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 4 | PB | • Naiuuugnay ang sariling karanasan sa binasa.* | • Pagbalik-aral sa pangatlong bahagi ng kuwento at pagsagot ng pangganyak na tanong |
| | TA | • **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon. | • Leveled Reader: *Ang Dula*<br>• Pagbasa ng pang-apat na bahagi ng Leveled Reader at pagsagot ng mga tanong tungkol dito |
| | PB | • Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot.* | • Pagtalakay ng Kuwento |
| | PT | • **F3PT-IIId-h-2.1** Napagyayaman ang talasalitaan sa pamama-gitan ng paghanap ng maikling salitang matatagpuan sa loob ng isang mahabang salita. | • Paghanap ng Maikling Salita sa Mahabang Salita |
| 5 | PS | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Pagbahagi ng Isinulat na Takdang-Aralin |
| | KM | • Nakasusulat ng mga tanong (Ano-ano, Sino-sino, Saan-saan) para sa isang interview at naitatala ng mga sagot sa interview.* | • Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder |
| | PT | • Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan.* | • Pagbalik-aral sa mga Napag-aralang Talasalitaan |
| | WG | • Nagagamit ang angkop na pang-uri sa paglalarawan ng tauhan sa kuwento.* | • Paglalarawan ng Mga Tauhan Gamit ang Angkop na pang-uri |
| | EP | • Nabibigyang kahulugan ang *line graph.** | • Pagbigay ng Kahulugan sa *Line Graph* |

**DOMAINS: *** – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Balikan ang pangatlong bahagi ng kuwento.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Pagbalik-aral sa pangatlong bahagi ng kuwento<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |
| 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento<br>• Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at mga gawain. | 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento<br>• Pangkat 1 (Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagpabasa nang tahimik sa kuwento (may kahirapang teksto) at pagsagot ng pagsasanay<br>• Pangkat 2 (Mga Nahihirapang Bumasa): Pagpabasa nang malakas sa kuwento (may kadaliang teksto) at pagtanong tungkol sa binabasa |
| 4. Pagbuo ng Bagong Salita<br>• Ipabasa ng mahahabang salita at hikayatin ang mga mag-aaral na bumuo ng maikling salita galing dito. | 4. Pagbuo ng Bagong Salita<br>• Pagbasa ng mahahabang salita at pagbuo ng maikling salita galing dito |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang isinulat na takdang-aralin. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi sa klase ng isinulat na takdang-aralin |
| 2. Gawain: Pagbuo ng mga Tanong<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang sasagutan na Skill Builder. | 2. Gawain: Pagbuo ng mga Tanong<br>• Pagsagot ng pagsasanay sa Skill Builder |
| 3. Pagsasanay: Pagbalik-aral sa Napag-aralang Talasalitaan<br>• Talakayin ang *line graph* at hikayatin ang mga mag-aaral na kumuha ng mahahalagang impormasyon dito. | 3. Pagsasanay: Pagbalik-aral sa Napag-aralang Talasalitaan<br>• Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan |
| 4. Paglalarawan ng mga Tao, Pook, Bagay<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na bigyan ng angkop na pang-uri ang mga Pangngalan. | 4. Paglalarawan ng mga Tao, Pook, Bagay<br>• Pagbigay ng angkop na pang-uri sa Pangngalan |
| 5. Paggamit ng *Line Graph*<br>• Talakayin ang gamit ng *line graph* at hikayatin ang mga mag-aaral na kunin ang impormasyon dito. | • Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa mga mahahalagang impormasyon na nakukuha sa *line graph* |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

ARAW

# 1

## LAYUNIN

- **F3TA-0a-j-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga salita sa konteksto*
- **F3TA-0a-j-1** Nakikinigsa kuwentong binabasa ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto
- Nasasabi ang pangunahing ideya sa tekstong napakinggan*
- Nababasa nang wasto ang mga salitang dinaglat*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

- Ipakilala sa mga mag-aaral ang tema sa linggong ito, at hikayatin ang ilang mag-aaral na magbahagi ng nalalaman tungkol sa paksang ito.

**Sabihin:** *Ang tema natin ngayong linggo ay tungkol pa rin sa sining, awit, at sayaw ng mga Pilipino. Tinatawag din ang mga itong katutubong sining, awitin, at sayaw. Noong isang linggo, bawat pangkat ay may kinantang katutubong awitin. Ngayon naman, sino ang makapaglalarawan ng katutubong sayaw na napanood niya?*

- Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi sa buong klase. Maaari nilang gamitin ang sumusunod na modelong pangungusap.

Napanood ko ang sayaw na __________.
Ang damit at/o kilos ng mga mananayaw na babae ay ___________________. Ang damit at/o kilos naman ng mga mananayaw na lalaki ay __________.
Ang tugtog ay ___________________________________.

## 2 PAGHAHANDA SA PAKIKINIG NG KUWENTO

### a. Paghawan ng Balakid

**Sabihin:** *Nasa pisara ang mga bagong salitang maririnig ninyo sa ating kuwento ngayon. Gagamitin ko ang mga ito sa pangungusap. Alamin ang kahulugan ng mga ito.*

(1) **tikling**
(Maaaring magpakita na larawan).

**Sabihin:** *Ito ang ibong **tikling**. Kapag nasa puno daw ito, palukso-lukso ito sa mga sanga.*

TALAAN

(2) **patibong**

**Sabihin:** *Para makahuli ng hayop ang mga mangangaso, minsan gumagawa sila ng* ***patibong****. Humuhukay sila nang malalim na hukay sa lupa. Tinatakpan nila ito ng mga tuyong dahon at damo. Pagdaan ng hayop, nahuhulog sila sa patibong na hukay.*

(3) **kapareha**

**Sabihin:** *Ang mga mananayaw ay karaniwang magkatambal na babae at lalaki. Sila ay* ***magkapareha****. Kunwari sasayaw kayo sa palatuntunan. Kumuha ng kapareha.*

- Maghanda ng isang bolang papel. Ibato sa isang mag-aaral ang bola. Ipaliwanag sa klase na ang may hawak ng bola ang maglalahad ng isang pangungusap gamit ang alinman sa mga salitang pinag-aralan. Hayaang maglahad ng kaniyang pangungusap ang nakasalo ng bola. Matapos niyang magbigay ng pangungusap, ibabato ng mag-aaral sa iba pang mag-aaral ang bola. Ang makasasalo ang susunod na magbibigay ng kaniyang pangungusap. Gawin ito hanggang nagamit na ang bawat salita nang dalawang beses.

**b. Pagganyak**

**Itanong:** *Noong isang linggo, may pinaghahandaan ang klase ni G. Dotusme. Sino ang nakakaalala ng pinaghahandaan nila? Kailan ipalalabas ang dula? Sino-sino ang pangunahing tauhan sa dula?*

**c. Pangganyak na Tanong**

**Sabihin:** *Sa babasahin kong kuwento ngayon, alamin: Sino-sino ang pangunahing tauhan sa dula? Saan nakatira si Dang? Saan nakatira si Angelo?*

## 3 PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO

Pakinggan ang babasahin kong kuwento. Ang pamagat ng kuwento ay "Ang Paghahanda para sa Dula." Ang may-akda ng kuwento ay si Bb. Sierra Mae Paraan. Handa na ba kayong makinig sa aking kuwento?

**"Ang Paghahanda para sa Dula"**
Kuwento ni Sierra Mae Paraan

*Naghahanda ang lahat ng estudyante para sa kanilang pagtatanghal sa Buwan ng Sining. Mamarkahan din kasi ito ni G. Dotusme bilang proyekto ng klase. Nahahati ang klase sa iba't ibang grupo. May pangkat na tagagawa ng props at kostyum, tagadisenyo ng entablado, tagasulat ng iskrip, tagalapat ng musika, at tagapagtanghal sa entablado.*

*Tunghayan ang isang bahagi ng iskrip na hinanda ng mga mag-aaral:*

TALAAN

**Sining ng Pilipino, Ipagmalaki Mo**

**Unang Eksena**

Tagapagsalaysay: Matalik na magkaibigan sina Dang at Angelo. Nakatira sa probinsya si Dang habang sa siyudad naman si Angelo. Kahit na magkalayo ng tirahan, palagi silang nagsusulatan. Noong isang bakasyon, bumisita ang pamilya ni Angelo kina Dang.

**Dang:** Buti nandito ka, Angelo! Sakto ang dating mo. Kailangan ko ng kapareha.

**Angelo:** Kapareha?

**Dang:** Sasali ako sa programa sa pista sa bayan. Mayroon kasing timpalak sa pagsayaw ng tinikling.

**Angelo:** Tinikling? Mahirap 'yun! Kailangang sumayaw-sayaw sa pagitan ng dalawang kawayan.

**Dang:** Ang galing nga e! Para tayong mga ibong tikling na tatalon-talon sa pagitan ng mga puno, damo, at patibong.

**Angelo:** Hay naku! Hindi kasi ako mahilig sumayaw pero sige na nga. Meron akong isang kondisyon…

**Dang:** Ano 'yun?

**Angelo:** Timpalak sa Pag-awit naman ang gusto kong salihan. Duet tayong dalawa ha?

***Sanggunian:***

*Philippines (Filipino) Cultural and Folk Dances. (n.d).* Retrieved on May 21, 2015 from http://philippinesculturalfolkdances.blogspot.com/

## 4 TALAKAYAN TUNGKOL SA KUWENTO

- Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat na may siyam na kasapi. Magtutulungan ang mga kasapi ng bawat pangkat sa pagsagot sa sumusunod na tanong:

  1) Ano ang pinaghahandaan ng klase?

  2) Ano ang pamagat ng dula?

  3) Sino-sino ang mga gaganap sa dula?

  4) Saan nakatira si Dang? Saan naman nakatira si Angelo?

  5) Ano ang ginawa ni Angelo sa bayan nina Dang?

  6) Ano ang sasalihan ni Dang?

  7) Sino ang kapareha niya?

TALAAN

8) Paano sinasayaw ang Tinikling?

9) Ano ang kondisyon ni Angelo kay Dang?

- Bigyan ng limang minuto ang mga pangkat upang sagutan ang mga tanong. Matapos ang limang minuto, atasan ang bawat pangkat na magtalaga ng isang kasapi para sa bawat tanong, mula 1 hanggang 9. Gamitin muli ang bolang papel. Ibato ang bola sa unang pangkat na maglalahad ng kanilang sagot sa unang tanong. Ang kasapi na nakatalaga sa bilang 1 ang sasagot para sa pangkat. Matapos sumagot, ibabato ng mag-aaral sa ibang pangkat ang bolang papel. Sasagutan naman ng mag-aaral na nakatalaga sa bilang 2 ang susunod na tanong. Ulitin ang prosesong ito para sa bawat bilang ng tanong. Tiyakin na ang lahat ng pangkat ay may pagkakataong maglahad ng sagot.

## 5 ARALIN: PANGUNAHING IDEYA AT MGA DETALYE NA NAGPAPATUNAY O SUMUSUPORTA DITO

**Sabihin:** *Kapag nagbabasa tayo ng isang talata o teksto, may pangunahing ideya, at may mga detalye na sumusuporta sa ideyang ito. Halimbawa, pansinin ang talatang ito:*

*Maraming katutubong sayaw ang Pilipinas na nagmula sa iba't ibang rehiyon ng ating bansa. Ang La Jota ay nagbuhat sa Ilocos. Galing naman sa rehiyong Tagalog ang Balitaw. Ang Escala ay nagmula sa Visayas. Mula naman sa isla ng Sulu sa Mindanao ang Daling-Daling. May mga sayaw na kumalat na sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas at sinasayaw sa maraming rehiyon. Kabilang na dito ang mga sayaw na tulad ng tinikling, pandanggo sa ilaw, at maglalatik. Tunay ngang mayaman sa katutubong sayaw ang ating bansa.*

- Ipabasa sa mga mag-aaral ang talata sa loob ng kahon.

**Sabihin:** *Sinasaad ng pangunahing ideya ang pinupunto ng isang talata. Ito ang pangunahing mensahe. Ang ibang detalye sa talata ay naroroon upang patunayan o suportahan ang mensaheng ito. Sa talatang binasa natin, ano ang pangunahing ideya?* (Kumuha ng ilang sagot.) *Tama. Ang pangunahing punto o ideya ng talata ay ito: maraming katutubong sayaw ang Pilipinas. Ano naman ang mga detalye sa talata na nagpapatunay sa ideya o mensaheng ito? Maaari kayng magtulungan ng inyong katabi sa pagtukoy ng mga detalye mula sa talata na sumusuporta sa ideya na maraming katutubong sayaw sa Pilipinas.*

- Bigyan ng limang minuto ang mga magkakatabi para tukuyin at pag-usapan ang mga sumusuportang detalye. Habang nag-uusap ang mga pares, maghanda ng isang tsart o *graphic organizer* katulad nito:

TALAAN

| Pangunahing ideya: Maraming katutubong sayaw ang Pilipinas. | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Detalye 1: | Detalye 2: | Detalye 3: | Detalye 4: | Detalye 5: |
| | | | | |

- Matapos ang limang minuto, tumawag ng ilang magkapares. Ilalahad nila sa buong klase ang mga natukoy nilang detalye na nagpapatunay sa pangunahing ideya. Isulat ang mga babanggitin nilang detalye sa inihandang tsart o *graphic organizer*, katulad nito:

| Pangunahing ideya: Maraming katutubong sayaw ang Pilipinas. | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Detalye 1: Ang La Jota ay nagbuhat sa Ilocos. | Detalye 2: Galing naman sa rehiyong Tagalog ang Balitaw. | Detalye 3: Ang Escala ay nagmula sa Bohol sa Visayas. | Detalye 4: Mula naman sa isla ng Sulu sa Mindanao ang Daling-Daling. | Detalye 5: Mayroon pang mga sayaw na makikita na sa iba-ibang lugar tulad ng tinikling, pandanggo sa ilaw, at maglalatik. |

- Ipabasa nang malakas sa buong klase ang nabuong tsart. Alamin kung may nais linawin o itanong ang mga mag-aaral. Tiyaking naintindihan ng lahat ng mag-aaral ang konseptong tinalakay. Sabihin na maaari nilang gamitin ang kakayahang ito sa pagbabasa ng teksto, o sa pagsulat ng sarili nilang mga talata.

## 6 MGA SALITANG DINAGLAT

**Sabihin:** *Ang pagdadaglat ang pagpapaikli sa mga salita. Ang mga pantawag na kasama sa pangalan ng tao gaya ng Ginoong Dotusme ay maaaring daglatin o paikliin: G. Dotusme. Sinisimulan sa malaking letra at nilalagyan ng tuldok sa hulihan ang salitang dinaglat.*

*Basahin ang mga pangalan ng tao at ang pantawag na kasama nito. Pansinin kung paano idinaglat ang mga salitang ito.*

TALAAN

| Pangalan at Pantawag na Salita | Dinaglat na Pantawag na Salita |
|---|---|
| 1) Ginang Felix | Gng. Felix |
| 2) Binibining Hilario | Bb. Hilario |
| 3) Kapitan Pascual | Kap. Pascual |
| 4) Heneral Tenorio | Hen. Tenorio |
| 5) Pangulong Aquino | Pang. Aquino |

## 7 TAKDANG-ARALIN

*Kunwari sasali kayo ng katabi mo sa sayaw. Pag-usapan ang sumusunod na plano at maghandang ibahagi sa klase bukas:*

Pamagat ng Sayaw ______________________________.
Kostyum ng Babae: ______________________________.
Kostyum ng Lalaki: ______________________________.
Tugtog: ______________________________.
Paano sasayawin: ______________________________.

## LAYUNIN

ARAW 2

- Naibabahagi ang plano sa pagsali sa palatuntunan*
- Naibibigay ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng pag-aaral ng gamit nito sa pangungusap*
- **F3AL-IIId-1** Natutukoy ang gawain ng may-akda/tagaguhit ng aklat o kuwento
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento sa Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa nabasang bahagi ng kuwento*
- Naipahahayag ang sariling palagay*
- Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga salitang dinaglat*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Aling pangkat ang unang magbabahagi ng plano nilang sayawin? Kapag ibabahagi ang inyong plano, banggitin ang sumusunod:*

Pamagat ng Sayaw ______________________________.
Kostyum ng Babae: ______________________________.
Kostyum ng Lalaki: ______________________________.
Tugtog: ______________________________.
Paano sasayawin: ______________________________.

TALAAN

## 2 PAGHAHANDA PARA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA (PAGBASA NG LEVELED READER)

**a. Paghawan ng Balakid**

**Sabihin:** *Nasa pisara ang mga parirala o salitang mababasa ninyo sa kuwento. Basahin natin ang mga ito.*

| | |
|---|---|
| nakakunot ang noo | dengue |
| nagsalubong ang kilay | sinakop |

**Sabihin:** *Gagamitin ko sa pangungusap ang bawat salita o parirala. Sabihin kung ano ang kahulugan ng parirala o salita.*

(1) **nakakunot ang noo**

**Basahin:** ***Nakakunot ang noo*** *niya nang pumasok sa silid-aralan. Hindi kasi niya makita ang hinahanap niyang piyesa.*

**Itanong:** *Kapag nakakunot ang noo ng isang tao, ano ang nararamdaman niya?*
*a. masaya b. nasasabik c. may problema*

(2) **nagsalubong ang kilay**

**Basahin:** *Nagpapaliwanag si Bb. Cruz ng aralin sa Filipino nang makita niyang nagkukuwentuhan sina Felipe at Renato.* ***Nagsalubong ang*** *kaniyang* ***kilay*** *niya at pinuntahan ang dalawang mag-aaral. "Bakit ayaw ninyong makinig?" ang tanong niya na malakas ang boses.*

**Itanong:** *Kapag nagsalubong ang kilay ng isang tao, ano ang nararamdaman niya?*
*a. natatakot b. nagagalit c. nabibigla*

(3) **dengue**

**Basahin:** *Maraming lamok sa damuhan ng paaralan. Maraming mag-aaral ang nagkaroon ng* ***dengue****.*

**Itanong:** *Anong uri ng bagay ang dengue?*
*a. lamok b. sakit na nakukuha mula sa kagat ng lamok*
*c. gamot para sa kagat ng lamok*

(4) **sinakop**

**Basahin:** *Kuwento ng Lolo Teban ko, kawawa raw ang mga Pilipino noong* ***sinakop*** *ang Pilipinas ng mga Espanyol. Ang mga Espanyol raw ang namumuno sa pamahalaan at walang magawa ang mga Pilipino kundi sumunod sa mga kautusan ng gobyernong Espanyol.*

TALAAN

**Itanong:** *Kapag sinakop ng dayuhan ang isang bansa, ano ang ginagawa ng dayuhan sa sinakop nitong bayan?*
*a. namumuno sa bansa* *b. nangungutang sa bansa*
*c. nagbabakasyon sa bansa*

**b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak**

**Itanong:** *Naaalala ba ninyo kung ano ang gagawin ng Grade-6 Rambutan? Ano-ano ang gagawing paghahanda ng klase sa itatanghal na dula? Ano kaya ang magiging problema nila?*

**c. Pangganyak na Tanong**

**Sabihin:** *Sa babasahin ninyong kuwento ngayon, alamin: Ano ang naging problema ng klase? Ano-ano ang mga mungkahi nilang solusyon?*

## 3 PAGBABASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO

- Ipamahagi ang mga kopya ng Leveled Reader.

**Sabihin:** *Tingnan ang babasahin ninyong aklat. Pansinin ang pangalan ng may-akda at ilustrador. Humarap sa inyong katabi at sagutin ang sumusunod na mga tanong:*

1) *Sino ang may-akda ng kuwento? Ano ang ginagawa ng may-akda o manunulat ng isang kuwento?*

2) *Sino ang ilustrador o tagaguhit ng aklat na ito? Bakit kailangan ng ilustrador ng mga aklat na katulad nito? Ano ang naitutulong ng mga larawan sa pagbabasa ninyo ng aklat?*

- Bigyan ng dalawang minuto ang mga magkapares para sa kanilang bahaginan. Matapos ng takdang panahon, tumawag ng ilang mag-aaral upang ilahad sa buong klase ang kanilang sagot.

**Sabihin:** *Buklatin ninyo ang mga pahina ng aklat. Ano ang nasa larawan ng bawat pahina? Batay sa nakikita ninyong mga larawan, ano ang prediksiyon ninyo na mangyayari sa kuwento?*

- Bigyan ng panahon ang mga bata na masinsinang tingnan ang pabalat ng aklat at buklatin ang mga pahina nito.

**Sabihin:** *Hahatiin ko ang klase sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ang magbabasa nang tahimik* (may kahirapang teksto) *habang ang Pangkat 2 ang magbabasa nang malakas* (may kadaliang teksto). *Papakinggan ko ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2.*

*Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tahimik, sasagutin ninyo ang pagsasanay tungkol sa kuwento na isinulat ko sa pisara/tsart. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno.*

**PAALALA SA GURO**

Pakinggang mabuti at alalayan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa.

**TALAAN**

*Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

| **Pangkat 1**<br>*(Magbabasa nang tahimik)* | **Pangkat 2**<br>*(Magbabasa nang malakas)* |
|---|---|
| **Panuto:** Pagkatapos magbasa nang tahimik, punan ang bawat patlang ng sagot batay sa kuwento:<br>1) Ibinalita ni G. Dotusme sa klase na _____ si Kaye.<br>2) Si Kaye and lider ng __________.<br>3) Iminungkahi ni Dang na maglagay ng drowing ng __________.<br>4) Iminungkahi ni Angelo na iba-ibang __________ ng mga Pilipino ang idrowing sa set.<br>5) Sina Amorsolo, Edades, Juan Luna, at Felix Hidalgo ay mga kilalang __________. | **Sabihin:** *Tatawag ako ng mag-aaral na magbabasa nang malakas ng ilang bahagi ng kuwento. Habang nagbabasa siya nang malakas, susundan ninyo ang binabasa niya. Maaari akong magtanong tungkol sa bahaging binasa.*<br>(Mga maaaring itanong ng guro):<br>1) *Ano ang problemang ibinahagi ni G. Dotusme sa klase?*<br>2) *Ano ang epekto ng pagkakasakit ni Kaye sa pagtatanghal ng klase?*<br>3) *Ano ang mungkahi ni Dang?*<br>4) *Ano naman ang mungkahi ni Angelo*<br>5) *Sino-sino sina Fernando Amorsole, Victor Edades, Juan Luna, at Felix Hidalgo?* |
| (Kasama ang guro)<br>**Pagtalakay ng sagot sa pagsasanay at pagbasa ng ilang bahagi ng kuwento**<br>Tumawag ng mag-aaral upang sagutan ang bawat tanong. Ipabasa nang malakas sa ibang mag-aaral ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay sa sagot na ibinigay. Gawin ito para sa bawat tanong sa pagsasanay. Tiyakin na may pagkakataon ang lahat ng mga mag-aaral sa Pangkat 1 na lumahok sa talakayan.<br>Kung may panahon pa, talakayin ang karagdagang tanong: | **Pagsagot sa Pagsasanay**<br>**Sabihin:** *Pupunta ako sa Pangkat 1 at sila naman ang papakinggan kong magbasa. Punan ang pangungusap ng tamang sagot:*<br>1) Nakakunot ang noo ni G. Dotusme dahil may __________ ang klase sa nararating na pagtatanghal.<br>2) Nagkasakit si Kaye ng __________.<br>3) Si Kaye ang lider ng _____.<br>4) Iminungkahi ni ______ na maglagay ng drowing ng kalikasan. |

TALAAN

| | |
|---|---|
| • *Sino-sino ang mga nabanggit na pintor?*<br>• *Ano-ano ang katangian ng kanilang pinta?* | 5) Iminungkahi ni Angelo na maglagay ng drowing ng mga ___________. |

## 4 PAGBIBIGAY NG SARILING PALAGAY

**Sabihin:** *Ang palagay ay sariling ideya o pananaw sa bagay o pangyayari. Ang bawat tao ay may sariling palagay, at hindi pa natitiyak kung tama o mali ang palagay na ito. Wala pang malinaw na patunay kung ano ang totoo, kaya itinuturing itong palagay, at hindi katunayan o katotohanan.*

*May mga tanong na walang tiyak na tama o maling sagot. Humarap sa katabi at ibigay ang inyong palagay tungkol sa ibibigay kong tanong na may kinalaman sa tema nating ngayong linggo.*

1) *Sa inyong palagay, ano ang pinakasikat na katutubong sayaw ng Pilipinas? Bakit?*

2) *Sa inyong palagay, sino ang pinakamahusay na Pilipinong kompositor ng awitin? Bakit?*

Bigyan ang mga magkakatabi ng tatlong minuto para magpalitan ng kanilang palagay. Pagkatapos, patayuin ang buong klase. Maghahanap sila ng ibang kaklase na pareho ang palagay tungkol sa mga tanong. Kapag may nabuo nang mga pangkat ng magkakapareho ng palagay, tumawag ng kasapi mula sa bawat pangkat upang ilahad ang kanilang palagay at kung bakit nila nasabi ito.

## 5 PAGSULAT NG SALITANG DINAGLAT

**Sabihin:** *Isulat ang dinaglat na porma ng sumusunod na mga Pangngalan:*

1) Engineer Jose ___________
2) Gobernador Magsaysay ___________
3) Attorney Gabriel ___________
4) Kagawad Ignacio ___________
5) Doktor Teneza ___________

## 6 TAKDANG-ARALIN

Tanungin ang inyong mga kapamilya o kaibigan kung ano sa palagay nila ang pinakasikat na katutubong sayaw ng Pilipinas. Maghandang magbahagi tungkol dito bukas.

ARAW **3**

## LAYUNIN

- **F3TA-0a-j-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Naililista ang mga detalye tungkol sa binasang kuwento*
- **F3PS-IIId-6.2** Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto gamit ang mga pangungusap
- **F3PP-IIIb-d-2.3** Nababasa nang wasto ang mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas
- Naibibigay ang kahulugan at nagagamit nang wasto ang mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Takdang-aralin ninyo kahapon na alamin kung ano sa palagay ng inyong mga kapamilya o kaibigan ang pinakasikat na katutubong sayaw ng Pilipinas. Tatawag ako ngayon ng ilang mag-aaral na maglalahad ng mga nakuha nilang sagot. Maaari ninyong gamitin ang halimbawang panimula na ito:*

Sa palagay ng aking ______, ________ ang pinakasikat na katutubong sayaw ng Pilipinas. Nasabi niya ito dahil ___________________.

Tumawag ng ilang mag-aaral upang ibigay ang kanilang sagot.

## 2 PAGSAGOT NG PAGSASANAY SA SKILL BUILDER

Skill Builder

***Gawain:*** Pagsagot ng mga Tanong tungkol sa Kuwento
Ipamahagi ang mga Leveled Reader.

**Sabihin:** *Buksan ang inyong aklat sa pahina 16 at sagutin ang pagsasanay sa* Skill Builder.

## 3 PAGSUSUNOD-SUNOD NG PANGYAYARI AT MULING PAGSALAYSAY NG KUWENTO

**Sabihin:** *Maaaring isalaysay muli ang kuwento sa pamamagitan ng pagbanggit sa mga mahahalagang tauhan at pangyayari at ang mga detalye tungkol dito. Dapat napagsusunod-sunod ang mga detalye ayon sa kaayusan nito sa kuwento.*

**Itanong:** *Sino ang maaaring magsalaysay muli ng kuwento?* (Maaaring tumawag ng tatlong bata.)

- Pagkatapos magsalaysay ng mga tinawag na mag-aaral, itanong sa klase ang sumusunod:
  - *Nabanggit ba ang pangunahing pangyayari at tauhan?*
  - *Nabanggit ba ang mga detalye?*
  - *Tama ba ang pagkasunod-sunod ng mga detalye?*

**TALAAN**

## 4 MGA SALITANG IISA ANG BAYBAY NGUNIT MAGKAIBA ANG BIGKAS

**Sabihin:** *Napag-aralan na natin na may mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas. Magkaiba rin ang kahulugan ng bawat salita. Basahin ang mga pangungusap.Bigkasin ang salitang may salungguhit ayon sa gamit nito sa pangungusap:*

| | |
|---|---|
| **tayo** | 1) Magpapakita tayo ng katutubong sayaw.<br>Tama na ang upo. Tayo! |
| **pito** | 2) Pito ang kasapi ng mga grupo na kasali sa palatuntunan.<br>Bakit hawak ng pulis ang pito? |
| **pala** | 3) Mahaba pala ang pila.<br>May dalang pala ang manggagawa.<br>Maghuhukay siya ng lupa. |
| **huli** | 4) Maraming huli ang mangingisda.<br>Huli na nang dumating kami sa sayawan. |
| **upo** | 5) Maraming tanim na upo si Mang Karding.<br>"Upo na," sabi ko sa kaibigan ko.<br>"Mag-uumpisa na ang palatuntunan." |
| **tasa** | 6) Ang tulis ng tasa ng lapis mo.<br>Nakalagay sa tasa ang mainit na sabaw. |
| **suka** | 7) Gusto ko ng sawsawang suka para sa lumpia.<br>Punasan mo ang sahig na may suka ng may sakit na bata. |

## 5 TAKDANG-ARALIN

**Sabihin:** *Ayusin ang isinulat na pagkasunod-sunod na pangyayari ng kuwento. Tatawag ako ng mga mag-aaral na muling magsasalaysay nito.*

ARAW **4**

**LAYUNIN**

- **F3TA-0a-j-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- **F3PT-1c-1.4** Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga ito sa pangungusap
- Naiuuugnay ang sariling karanasan sa binasa*
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang mga bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot*
- **F3PT-IIId-h-2.1** Napagyayaman ang talasalitaan sa pamamagitan ng paghanap ng maikling salitang matatagpuan sa loob ng isang mahabang salita

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Tatawag ako ng ilang mag-aaral na muling magsasalaysay ng kuwento. Alalahanin na dapat wasto ang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari.*

## 2 PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA NG LEVELED READER

### a. Paghawan ng Balakid

- Magpagawa sa bawat mag-aaral ng tatlong piraso ng papel. Isusulat nila dito ang letrang A, B, at C. Gagamitin nila ito sa pagbigay ng kanilang sagot sa susunod na gawain.
- Isulat sa pisara ang mga salitang pag-aaralan:

**itampok, eksena**

**Sabihin:** *Nasa pisara ang mga bagong salitang maririnig ninyo sa ating kuwento ngayon. Gagamitin ko ang mga ito sa pangungusap. Magbibigay din ako ng mga posibleng kahulugan para sa bawat salita. Sabihin ang tamang kahulugan gamit ang inyong inihandang mga letra. Itaas ang letra ng tamang kahulugan.*

(1) **itampok**

**Sabihin:** *Mahal na mahal ni Mario ang kaniyang lolo. Madalas na* ***itampok*** *niya sa mga drowing ang mga ginagawa ng lolo niya.*

**Itanong:** *Alin ang kahulugan ng salitang itampok?*
*a. maliitin   b. ginagawang paksa   c. itago*

TALAAN

(2) **eksena**

**Sabihin:** *Ang* ***eksena*** *sa unang bahagi ng dula ay tungkol sa mga katutubong sayaw; sa pangalawang eksena naman, itinanghal ang mga katutubong awitin.*

**Itanong:** *Ano ang ibig sabihin ng eksena?*
*a. bahagi ng dula na may tiyak na lugar, panahon, at pangyayari*
*b. samahan c. tauhan*

- Pansinin kung tama ang itinataas na letra ng bawat mag-aaral. Isulat ang tamang sagot sa pisara at ipasipi sa kanilang kuwaderno. Tumawag ng ilang mag-aaral at ipagamit sa pangungusap ang mga salitang pinag-aralan.

### b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak

**Itanong:** *Sa binasa ninyong kuwento noong isang araw, sino-sino ang pinag-uusapang pintor?*

### c. Pangganyak na Tanong

**Itanong:** *Ano-ano kaya ang itinampok ng mga kilalang pintor ng Pilipinas sa mga iginuhit nila?*

## 3 PAGBABASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO

**Sabihin:** *Hahatiin ko kayong muli sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ang magbabasa nang tahimik, habang ang Pangkat 2 ang papakinggan ko habang nagbabasa nang malakas.*

*Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento?*
*Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

Ipamahagi ang mga Leveled Reader sa bawat pangkat.

| **Pangkat 1** *(Magbabasa nang tahimik)* | **Pangkat 2** *(Magbabasa nang malakas)* |
|---|---|
| **Panuto:** Basahin nang tahimik ang kuwento. Pagkatapos magbasa, sagutan ang pagsasanay sa inyong kuwaderno: | **Sabihin:** *Tatawag ako ng mag-aaral na magbabasa nang malakas ng bahagi ng kuwento. Habang nagbabasa siya nang malakas, susundan ninyo ang binabasa niya. Maaari akong magtanong tungkol sa bahaging binasa.* |

TALAAN

| | |
|---|---|
| **Pagsasanay**<br><br>1) Tampok sa mga iginuhit ni Amorsolo ang __________.<br><br>2) Ang ipinakikita ni __________sa mga iginuhit niya ay ang maruruming construction worrker.<br><br>3) Si __________ang Pambansang Alagad ng Sining para sa Sining Biswal.<br><br>4) Ang pinta sa pader ay tinatawag na __________.<br><br>5) Ang kilala sa Pilipinas na mural painter ay si __________. | (Mga maaaring itanong ng guro):<br><br>1) *Ano ang ipiakikita sa pinta ni Amorsolo?*<br><br>2) *Ano naman ang ipinakikita sa pinta ni Edades?*<br><br>3) *Ano ang ibig sabihin ng mural?*<br><br>4) *Sino ang kilalang mural painter sa Pilipinas?*<br><br>5) *Ano ang naramdaman ng klase sa araw ng pagtatanghal?* |
| **Sabihin:** *Tatawag ako ng mga mag-aaral. Sasabihin ng tinawag ko ang sagot niya sa unang tanong sa pagsasanay. Pagkatapos, babasahin ng ibang mag-aaral ang bahagi ng kuwento kung saan makikita ang sagot sa tanong na ito. Gagawin natin ito para sa bawat tanong.*<br><br>Kung may panahon pa, talakayin ang sumusunod na karagdagang tanong:<br><br>*Sino sa mga nabasa ninyong pintor ng Pilipinas ang gusto ninyo? Bakit?* | **Sabihin:** *Lilipat ako sa Pangkat 1. Habang nasa Pangkat 1 ako, punan ninyo ng angkop na salita ang sumusunod na mga pangungusap. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno.*<br><br>1) Si __________ ang mahilig magpinta ng tungkol sa kalikasan.<br><br>2) Si __________ ang mahilig magpinta ng maruruming construction worker.<br><br>3) Ang kilalang mural painter ng Pilipinas ay si __________.<br><br>4) Sa araw ng pagtatanghal, __________ ang lahat ng mag-aaral.<br><br>5) Dahil sa tagumpay ng pagtatanghal, __________ si G. Dotusme. |

TALAAN

## 4 PAGBUO NG BAGONG SALITA

**Sabihin:** *Napapayaman ang talasalitaan sa pamamagitan ng pagbuo ng bagong salita. Nagagawa ito sa iba't ibang paraan:*

– *Maaaring magtanggal ng pantig o letra mula sa mahabang salita. Halimbawa, kapag tanggalin ko ang mga letrang* ***–ur-*** *mula sa salitang* ***bas<u>ur</u>a,*** *mabubuo ko ang salitang* ***basa****.*

– *Maaaring magpalit ng tunog o pantig sa bahagi ng salita. Halimbawa, kung tanggalin ko ang pantig na* ***–hay*** *sa salitang* ***bahay*** *at palitan ito ng pantig na* ***–ra****, mabubuo ang bagong salita na* ***bara****.*

- Isulat o ipaskil sa pisara ang sumusunod na pagsasanay.

**Panuto:** Bumuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagtanggal ng pantig o mga pantig. Isulat ang nabuong salita sa inyong kuwaderno. Isulat din ang kahulugan ng bagong salitang nabuo. Halimbawa:

**pagtanghal → ~~pag~~tang~~h~~al → angal - reklamo**

1. kinabukasan ____________________
2. naglabas ____________________
3. mapayagan ____________________
4. nagpalakpakan ____________________
5. pagsulat ____________________
6. palagay ____________________
7. nagtanong ____________________
8. makabago ____________________
9. patunay ____________________
10. katunayan ____________________

- Bigyan ng sampung minuto ang mga mag-aaral para sa gawaing ito. Tumawag ng ilang mag-aaral at ipalahad ang kanilang mga nabuong salita para sa bawat bilang.

## 5 TAKDANG-ARALIN

*Piliin ang pinakagusto mula sa apat na pintor na nabasa ngayon. Isulat sa kuwaderno kung bakit siya ang pinakagusto mo. Maaaring gamitin ang panimulang ito:*

**Si ________ ang pinakagusto kong pintor dahil __________.**

ARAW

5

LAYUNIN

- **F3TA-0a-j-2** Naipapahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Nakasusulat ng mga tanong (Ano-ano, Sino-sino, Saan-saan) para sa isang interview at naitatala ng mga sagot sa *interview**
- Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan*
- Nagagamit ang angkop na pang-uri sa paglalarawan ng tauhan sa kuwento*
- Nabibigyang kahulugan ang *line graph**

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Ang takdang-aralin ninyo kahapon ay tungkol sa pinakagusto ninyong pintor. Basahin ang isinulat ninyo.*

## 2 PAGSAGOT NG SKILL BUILDER

Skill Builder

***Gawain:*** Pagbuo ng mga Tanong

Ipamahagi ang mga Leveled Reader at ipasagot sa kuwaderno ang pagsasanay na nasa pahina 23.

## 3 PAGSASANAY: PAGBALIK-ARAL SA NAPAG-ARALANG TALASALITAAN

- Isulat sa pisara ang mga salitang napag-aralan na ng klase. Magtakda ng bilang sa bawat salita.

1) **tikling**
2) **kapareha**
3) **patibong**
4) **itampok**
5) **sinakop**

- Ipabasa sa mga mag-aaral ang bawat salita. Tumawag ng mga mag-aaral at ipabanggit ang kahulugan ng mga ito.

**Sabihin:** *May babasahin akong mga pangungusap na may patlang. Pupunan ninyo ang patlang ng akmang salita mula sa mga nakasulat dito sa pisara. Itataas ninyo ang tamang bilang ng daliri batay sa bilang na nakatakda sa salitang dapat ilagay sa patlang. Malinaw ba ang panuto? Kapag salita bilang tatlo ang isasagot ninyo, ilang daliri ang itataas ninyo?* (Pansinin kung naunawaan ng lahat ng mag-aaral ang panuto bago magsimula.)

- Basahin ang mga pangungusap. Ulitin ang pagbasa kung kinakailangan. Pansinin ang sagot ng bawat mag-aaral. Ibigay ang tamang sagot pagkatapos makasagot/makapagtaas ng daliri ang lahat ng mag-aaral.

TALAAN

1) Si Angelo ang naging ________________ ni Dang sa pagsayaw.

2) Naglagay ng ________________ ang mangangaso upang mahuli ang baboy-ramo.

3) Ang ________________ ay isang uri ng ibon na lukso nang lukso sa mga sanga.

4) ________________ ang Pilipinas ng mga Kastila noon.

5) Gusto ng mga mag-aaral na ________________ sa dula ang mga katutubong sayaw at awit.

## 4 PAGLALARAWAN NG MGA TAO, POOK, BAGAY

***Panuto:*** *Punan ang mga sinalungguhitang salita ng angkop na pang-uri.*

1) Sa guhit ni Amorsolo, ________________ ang mga magsasaka at dalaga sa bukid.

2) ________________ ang ginawang pintura ni Amorsolo.

3) ________________ at pawisan ang mga manggagawa sa guhit ni Edades.

4) ________________ ang mga kostyum ng gaganap sa dula.

5) ________________ ang ipinintang mural ni G. Francisco.


## 5 PAGGAMIT NG *LINE GRAPH*

**Sabihin:** *Ang mga graph ay paraan ng pagpapakita o pagkatawan ng impormasyon. Gumagamit ang mga graph ng mga guhit o hugis upang mas madaling makita o maunawaan ang ipinapahiwatig na datos.*

*May iba't ibang uri ng graph. Tinalakay natin noong isang linggo ang pictograph. Makikita sa ibaba ang isa pang uri ng graph: ang line graph. Ang* ***line graph*** *ay isang uri ng graph kung saan ipinapakita ang impormasyon sa pamamagitan ng linya.*

*Tungkol sa mga marka ni Dang sa walong pagsusulit ang line graph na ito. Ang bawat pagsusulit ay may 10 tanong o 10 posibleng puntos. Sa walong pagsusulit, may 80 posibleng puntos. Masdan ang progreso ng mga marka ni Dang sa loob ng walong pagsusulit.*

**TALAAN**




***Panuto:*** *Sagutin ang mga tanong sa inyong kuwaderno*

1) Ano ang iskor ni Dang sa unang pagsusulit? ________________

2) Aling dalawang pagsusulit ang pareho ang iskor ni Dang?
________________ at ________________

3) Ano ang iskor ni Dang sa ika-4 na pagsusulit? __________

4) Tuloy-tuloy ba ang pagtaas ng iskor ni Dang? __________

5) Ano ang pinakamataas na iskor ni Dang? __________

6) Ano ang kabuuang iskor ni Dang sa walong pagsusulit?
__________/80

ARALIN


# 25

## GABAY SA PAGTUTURO

# IKATLONG BAITANG FILIPINO

**TEMA: MGA KULTURA AT TRADISYON**

**LEVELED READER: “ANG PAMAMASYAL NI KORINA”**



**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO**
**IKATLONG BAITANG**
**YUNIT 3, ARALIN 25**

**Tema: Mga Kultura at Tradisyon**
***Leveled Reader:* "Ang Pamamasyal ni Korina"**
*(Kuwento ni Maria Beatriz Davalos; Inedit ni Pia Zorayda Busiños; Guhit ni Alexandra Paredes)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| | | • Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na: | |
| I | TA | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Tema: Kultura at Tradisyon ng Lugar |
| | PT | • Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng pag-unawa sa paggamit ng salita sa konteksto. | • Pakikinggang Kuwento *(Listening Story)*: MIMAROPA<br>• Paghawan ng Balakid: *yamang-dagat, marmol at tanso, rehiyon, lalawigan*<br>• Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang salita |
| | TA | • **F3TA-0a-j-1** Nakikinig sa kuwentong binabasa ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto. | • Pagbasa ng guro ng tekstong MIMAROPA |
| | PN | • Nakasasali sa pangkatang gawain at nakatutugon sa hinihinging gawain ng pangkat.* | • Pangkatang Gawain |
| | PS<br>PN | • Nakasasali sa talakayan at naipakikita ang giawa sa pangkatang gawain.* | • Talakayan at Pagpakita ng Ginawa ng Pangkat |

**DOMAINS: *** – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| | |
| 1. Bahaginan<br>• Ipaliwanag ng tema at hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi kung ano ang alam nilang mga kaugalian o tradisyon. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng nalalaman tungkol sa kaugalian, tradisyon o paraan ng buhay ng isang lugar |
| 2. Paghahanda sa Pakikinig ng Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang kahulugan ng mga salita at gamitin ang mga napag-aralang salita sa pangungusap.<br>b. Pagganyak<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa pagganyak na gawain.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Pakikinig ng Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap. Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang mga salita.<br>b. Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |
| 3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro<br>• Basahin ang kuwento at magtanong tungkol dito. | 3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro<br>• Pakikinig sa kuwento at pagsagot ng mga tanong tungkol dito |
| 4. Talakayan Tungkol sa Kuwento<br>a. Pangkatang Gawain<br>• Hatiin ang klase sa anim na pangkat at ipaliwanag ang gagawin ng bawat pangkat. | 4. Talakayan Tungkol sa Kuwento<br>a. Pangkatang Gawain<br>• Pagsali sa pangkat at pagtulong sa pangkat sa paggawa ng iniatas na gawain |
| b. Pagtalakay sa Kuwento at Presentasyon ng mga Pangkat<br>• Pagtalakay ng kuwento at at paghikayat sa mga mag-aaral na pumili ipakita ang ginawa ng pangkat. | b. Pagtalakay sa Kuwento at Presentasyon ng mga Pangkat<br>• Pagsali sa talakayan at pagpakita ng ginawa ng pangkat |
| **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa **PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas | |

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 1 | PS<br>PN | • **F3PS-III-c-10.1; F3PN-IIIc-15** Nakapagtatanong ng kaugnay na impormasyon para lalong mauunawaan ang napakinggan. | • Pagtatanong ng Angkop na Impormasyon |
| 2 | PS | • Naibibigy ang angkop na impormasyon tungkol nabasang rehiyon.* | • Pagbahagi ng angkop na ipormasyon tungkol sa MIMAROPA |
| | PT | • Naibibigay ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng pag-aral kung paano ito ginagamit sa pangungusap.* | • Paghawan ng Balakid: *kabisera, pagtipa, balustre, mapayapa* |
| | TA | • **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon. | • Pagbasa ng unang bahagi ng Leveled Reader |
| | PB | • Naibibigay ang mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan ng tekstong binasa. | • Pagbigay ng Pangungusap na Sumusuporta ng Pangunahing Kaisipan |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 5. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa klase ang kanilang takdang-aralin. | 5. Takdang-Aralin<br>• Paggawa ng takdang-aralin tungkol sa pagtatanong tungkol sa angkop na impormasyon tungkol sa MIMAROPA |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang mahalagang impormasyon tungkol sa MIMAROPA. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng inihandang takdang-aralin tungkol sa mahahalagang impormasyon tungkol sa MIMAROPA |
| 2. Paghahanda sa Pakikinig ng Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Ipaliwanag ng kahulugan ng mga salita at paghikayat sa mga mag-aaral na gamitin ang mga ito sa pangungusap.<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa pagganyak na gawain.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Pakikinig ng Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |
| 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>• Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at mga gawain. | 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>• Pangkat 1 (Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagpapabasa nang tahimik sa kuwento (may kahirapang teksto) at pagsagot ng pagsasanay<br>• Pangkat 2 (Mga Nahihirapang Bumasa): Pagpapabasa nang malakas sa kuwento (may kadaliang teksto) at pagtanong tungkol sa binabasa |
| 4. Pagsusulat ng Pangungusap na Sumusuporta sa mga Kaisipan<br>• Ipaliwanag ang pagsasanay sa mga mag-aaral.<br>5. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwang sa klase ang kanilang takdang-aralin. | 4. Pagsusulat ng Pangungusap na Sumusuporta sa mga Kaisipan<br>• Pagsusulat ng mga pangungusap na sumusuporta sa mga kaisipan<br>5. Takdang-Aralin<br>• Paglilista ng mahahalang impormasyon tungkol sa Marinduque |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 3 | TA | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Pagbahagi tungkol sa Marinduque |
| | WG | • Naililista ang mga Pandiwa na nagsasaad ng kilos ng mga tauhan sa kuwento.* | • Pagsagot ng Skill Builder tungkol sa mga Pandiwa na nagsasaad ng kilos ng tauhan |
| | PP | • Nababasa ang mga salita na dinadagdagan ng tunog upang makabuo ng bagong salita.* | • Pagbasa ng mga nabuong salita sa pamamagitan ng pagdagdag ng Pantig |
| | KM | • **F1KM-IIIe-2** Naisusulat nang may wastong baybay at bantas ang salita/ pangungusap na ididikta ng guro. | • Pagsulat ng Pangungusap na Ididikta ng Guro |
| 4 | TA | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Bahaginan |
| | PT | • **F3PT-Ic-1.4** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga ito sa pangungusap. | • Paghawan ng Balakid: *pagtili, pananampalataya, paghinagpis, gusali, relihiyoso, latigo* |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 1. Bahaginan<br>• Hiakaytin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang takdang-aralin. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng mahahalagang impormasyon tungkol sa Marinduque |
| 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang pagsagot sa pagsasanay sa Skill Builder. | 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Pagsagot sa pagsasanay sa Skill Builder |
| 3. Pagbuo at Pagbasa ng mga Salitang Dinagdagan ng mga Tunog at Pantig<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na bumuo at basahin ang mga salita na dinagdagan ng Pantig. | 3. Pagbuo at Pagbasa ng mga Salitang Dinagdagan ng mga Tunog at Pantig<br>• Pagbuo at pagbasa ng salita na dinagdagan ng Pantig |
| 4. Pagsulat ng Pangungusap na Ididikta ng Guro<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na isulat nang wasto ang ididiktang mga pangungusap.<br>5. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa klase ang kanilang takdang-aralin. | 4. Pagsulat ng Pangungusap na Ididikta ng Guro<br>• Pagsulat nang wasto ng mga idiniktang pangungusap<br>5. Takdang-Aralin<br>• Pagsusulat ng mga maaaring gawin ni Korina sa Marinduque |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga takdang-aralin. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng kanilang takdang-aralin |
| 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Talakayin ang kahulugan ng mga salita at pagpagamit ng mga ito sa pangungusap.<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Balikan ang unang bahagi ng kuwento.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Pagsagot sa tanong<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 4 | TA | • **F3TA-0a-j-3**<br>Nababasa ang Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon. | • Leveled Reader:<br>"*Ang Pamamasyal ni Korina*"<br>• Pagbasa ng pangalawang na bahagi ng Leveled Reader at pagsagot ng mga tanong tungkol dito |
| | PB | • Naisusulat sa K-W-L Tsart ang natutuhan sa binasang kuwento.* | • Pagsulat sa K-W-L Tsart na natutuhan sa binasang kuwento |
| | WG | • Nagagamit ang tamang salitang kilos/ Pandiwa sa pagsasalaysay ng mga personal na karanasan.* | • Paggamit ng Angkop na Pandiwa sa Pagsalaysay ng Karanasan |
| 5 | TA | • **F3TA-0a-J-2**<br>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Bahaginan |
| | KM | • Nakasusulat ng mga pangungusap tungkol sa napanood sa isang lalawigan.* | • Pagsulat ng pangungusap tungkol sa napanood sa lalawigan |
| | PT | • Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan.* | • Pagbalik-aral sa mga Napag-aralang Talasalitaan |
| | EP | • Nabibigyan ng kahulugan ang *bar graph.** | • Pagbigay Kahulugan sa Datos ng *Bar Graph* |
| | KM | • Nakakasulat ng mga tanong tungkol sa panayam nila sa mga tao sa pamayanan.* | • Pagsulat ng mga Tanong Para sa Panayam |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 3. Pagbasa ng Mag-aaral sa Kuwento<br>• Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at mga gawain. | 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento<br>• Pangkat 1 (Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagpabasa nang tahimik sa kuwento (may kahirapang teksto) at pagsagot ng pagsasanay<br>• Pangkat 2 (Mga Nahihirapang Bumasa): Pagpabasa nang malakas sa kuwento (may kadaliang teksto) at pagtanong tungkol sa binabasa |
| 4. Pagsagot ng K-W-L Tsart<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na isulat sa ikatlong kolum ng K-W-L ang natutuhan sa kuwento. | 4. Pagsagot ng K-W-L Tsart<br>• Pagsagot sa ikatlong kolum ng K-W-L Tsart tungkol sa natutuhan sa kuwento |
| 5. Pagsalaysay ng Karanasan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin ang angkopna Pandiwa sa pagsalaysay ng karanasan. | 5. Pagsalaysay ng Karanasan<br>• Paggamit ng angkop na Pandiwa sa pagsalaysay ng karanasan |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang takdang-aralin. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng takdang-aralin |
| 2. Pagsagot ng Skill Builder<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang sasagutang Skill Builder. | 2. Pagsagot ng Skill Builder<br>• Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder tungkol sa pagsulat ng mga pangungusap tungkol sa napanood sa lalawigan |
| 3. Pagsasanay: Pagbalik-aral sa Napag-aralang Talasalitaan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na punan ang bawat pangungusap ng napag-aralang talasalitaan. | 3. Pagsasanay: Pagbalik-aral sa Napag-aralang Talasalitaan<br>• Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan |
| 4. Aralin: Pagbasa ng *Bar Graph*<br>• Ipaliwanag ang *bar graph* at hikayatin ang mga mag-aaral ng pagkuha ng impormasyon dito. | 4. Aralin: Pagbasa ng *Bar Graph*<br>• Pagkuha ng impormasyon sa *bar graph* |
| 5. Takdang-Aralin: Paggawa ng Panayam<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na gumawa ng mga angkop na tanong para sa panayam. | 5. Takdang-Aralin: Paggawa ng Panayam<br>• Pagsulat ng mga tanong tungkol sa gagawing panayam |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

ARAW

# 1

## LAYUNIN

- **F3TA-0a-j-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugan: kontekstwal, kasingkahulugan, o kasalungat*
- **F3TA-0a-j-1** Nakikinigsa kuwentong binabasa ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto
- Nakasasali sa pangkatang gawain at nakatutugon sa hinihinging gawain ng pangkat*
- Nakasasali sa talakayan at naipapakita ang ginawa sa pangkatang gawain*
- **F3PS-III-c-10.1; F3PN-IIIc-15** Nakapagtatanong ng kaugnay na impormasyon para lalong mauunawaan ang napakinggan

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Ang tema natin ngayong linggo ay tungkol sa kultura sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Ang kultura ay kaugalian, tradisyon o paraan ng buhay ng isang lugar. Halimbawa, bahagi ng kultura natin ang magmano sa nakatatanda.*

**Itanong:** *Ano pa ang alam ninyong kaugalian, tradisyon o paraan ng pamumuhay sa isang lugar? Halimbawa, sa kasalan, sino-sino ang iniimbita? Kapag may dumating na mga kamag-anak, ano ang nakaugaliang pagtanggap ng mga pamilya?*

**Sabihin:** *Ibahagi ang inyong nalalaman. Maaaring umpisahan ang pagbahagi ng:* Ang alam kong kaugalian o tradisyon sa ating lugar ay ____________________________.

Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi sa buong klase.

## 2 PAGHAHANDA SA PAKIKINIG NG KUWENTO

### a. Paghawan ng Balakid

**Sabihin:** *Nasa pisara ang mga bagong salitang maririnig ninyo sa ating kuwento ngayon. Basahin ang bawat salita:*

| | | |
|---|---|---|
| **yamang-dagat** | **marmol** | **rehiyon** |
| **lalawigan** | **tanso** | |

**Sabihin:** *May mga babanggitin akong kahulugan. Magtulungan kayo ng inyong katabi sa paghanap ng salita dito sa pisara na tinutukoy ng kahulugang babanggitin ko. Kapag may sagot na kayo, gumawa ng tunog na parang kiliing. Parang ganito: ding-ding-ding-ding-ding! Subukan nga ninyong kumiliing? Tatawag ako ng magkapares na kumiliing upang alamin ang kanilang sagot. Malinaw ba ang panuto?*

- Tiyakin na malinaw sa lahat ang panuto bago magpatuloy sa pagbanggit ng mga kahulugan.

  **Sabihin:** *Tambalang salita ito na tumutukoy sa mga isda at iba pang bagay na makukuha mula sa karagatan. Aling salita sa kahon ang tinutukoy ko?*

- Tumawag ng magkapares na gumawa ng tunog ng kililing at alamin ang kanilang sagot. Pansinin din kung sino ang hindi kumililing; maaaring mangailangan ang mga mag-aaral na ito ng karagdagang tutok. Gawin ang mga hakbang na ito para sa bawat salitang tatalakayin.

  **Sabihin:** *Ano ang dalawang salita na bumubuo sa tambalang salitang ito? Tama,* ***yaman*** *at* ***dagat****. Maraming malalaking isda ang mahuhuli sa karagatan ng Pilipinas. Ano-ano pa ang yamang makukuha sa dagat?*

- Maghintay ng sagot bago tumungo sa susunod na kahulugan.

  **Sabihin:** *Isa itong pangngalan ng lugar na may pamamahala sa iba-ibang munisipyo, bayan, o lungsod. Kasingkahulugan ito ng probinsiya. Aling salita ang tinutukoy ko?*

- Tumawag ng magkapares na gumawa ng tunog ng kililing at alamin ang kanilang sagot.

  **Sabihin:** *Ano ang* ***lalawigan*** *na kinabibilangan natin ngayon? Saang lalawigan ipinanganak ang inyong nanay at tatay? Ang inyong lolo at lola?*

- Maghintay ng sagot bago tumungo sa susunod na kahulugan.

  **Sabihin:** *Pangngalan ito ng lugar na binubuo ng iba-ibang lalawigan o probinsiya. Ginagamit din ang salitang ito sa pagtukoy ng isang lokasyon o lokalidad. Aling salita ang tinutukoy ko?*

- Tumawag ng magkapares na kumililing at alamin ang kanilang sagot. Magpakita ng mapa ng Pilipinas.

  **Sabihin:** *Tingnan ninyo ang mapa ng Pilipinas. May labimpitong* ***rehiyon*** *ang Pilipinas. Bawat rehiyon ay binubuo ng maraming lalawigan na magkatabi. Halimbawa, kabilang sa Rehiyon 7 ang Cebu. Ano-ano pa ang mga lalawigan sa Rehiyon 7? Ano naman ang mga lalawigan sa Rehiyon 1?*

- Maghintay ng sagot bago tumungo sa susunod na kahulugan.

  **Sabihin:** *Isa itong matigas na bato na maaaring pakinisin at pakintabin. Ginagamit ito sa paggawa ng dingding o sahig ng bahay. Ginagagawa rin itong mesa, silya, at lilok o iskultura. Anong salita ang tinutukoy ko?*

- Tumawag ng magkapares na gumawa ng tunog ng kililing at alamin ang kanilang sagot.

**TALAAN**

**TALAAN**

**Sabihin:** *Dito sa Pilipinas, makakakuha ng* ***marmol*** *sa lalawigan ng Romblon. Mamahaling bato ang marmol, dahil nagiging bihira na ito at mahirap itong hanapin at minahin. Nakakita o nakahawak na ba kayo ng bagay na marmol? Paano ninyo ito ilalarawan? Alam ba ninyo kung ano ang tawag sa marmol sa wikang Ingles?*

- Maghintay ng sagot bago tumungo sa susunod na kahulugan.

**Sabihin:** *Isa itong uri ng metal na nauuunat, napapanipis o napapalapad sa pamamagitan ng pukpok ng martilyo. May kulay ito na parang pinaghalong pula at kayumanggi. Aling salita ang tinutukoy ko?*

**Sabihin:** *Katulad ng marmol, isang likas-yaman ng Pilipinas ang* ***tanso****. May mga mina ng tanso sa lalawigan ng Surigao del Norte sa Mindanao, sa mga lalawigan ng Cebu at Antique sa Visayas, at sa mga lalawigan ng Quirino at Nueva Vizcaya sa Luzon. Ang tawag dito sa wikang Ingles ay* ***"copper"****. Noong unang panahon, ginamit ito sa paggawa ng pera o barya. Ngayon, mas madalas na itong ginagamit sa paggawa ng mga alambre at piyesang elektrikal o pang-kuryente.*

- Magsagawa ng mabilisang pagpupulso upang alamin kung naiintindihan na ng lahat ng mag-aaral ang kahulugan ng mga pinag-aralang salita. Kung lubos na nilang nauunawaan ang salita, hikayatin ang mga mag-aaral na gawin ang tunog ng kililing matapos ninyong banggitin ang mga ito. Isa-isang banggitin ang bawat salita, at pansinin kung may mga mag-aaral na hindi pa lubos na nakauunawa sa kahulugan ng mga salita. Balik-aralan ang salita na hindi pa malinaw sa mga mag-aaral bago tumungo sa susunod na gawain.

### b. Pagganyak

**Itanong:** *Bawat rehiyon ay may mga lalawigan at mga lungsod. Sa palagay ninyo, paano kaya pinipili at pinapangkat ang mga lalawigan ng isang rehiyon?*

### c. Pangganyak na Tanong

**Sabihin:** *Sa babasahin kong kuwento ngayon, alamin: Ano ang rehiyon na tatalakayin sa seleksiyong babasahin ko? Paano kaya pinangkat ang mga lalawigan sa rehiyon?*

## 3 PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO

**Sabihin:** *Ang pamagat ng teksto na babasahin ko ay MIMAROPA.* (Isulat sa pisara ang pangalan.) *Narinig na ba ninyo ang salitang ito? Bakit kaya puro malaking titik ang ginagamit sa pagsulat nito?*

*Ang may-akda ng teksto ay si Bb. Maria Beatriz Davalos. Handa na ba kayong makinig?*

TALAAN

**"MIMAROPA"**
Kuwento ni Maria Beatriz Davalos

*Gaano ba karami ang rehiyon sa Pilipinas? Alam mo ba kung ano-ano ang mga ito?*

*Mayroong walumpu't isang lalawigan sa Pilipinas, kaya't hindi naman nakapagtatakang mayroong labim-pitong rehiyon ang bansa.*

*Ang rehiyon ay ang pagkapangkat-pangkat ng mga lalawigan ayon sa kanilang lokasyon o heograpiyang kaayusan. May pagkakatulad din ang pangagailangan, kabuhayan at isyung panlipunan, at wika sa loob ng isang rehiyon. Isa sa mga rehiyon sa Pilipinas ay ang Rehiyon IV-B. Tinatawag din itong MIMAROPA, batay sa pangalan ng mga lalawigang bumubuo dito.*

*Ang Rehiyon IV-B ay binubuo ng limang probinsiya. Ang mga ito ay ang Oriental Mindoro, Occidental Mindoro, Marinduque, Romblon at Palawan. Pagsasaka, pangingisda at turismo ang karaniwang mga hanap-buhay sa rehiyon. Bigas, saging at niyog naman ang pangunahing produkto rito. Dahil napalilibutan ng dagat, sagana ang rehiyon sa isda at iba pang yamang-dagat. Mayaman din ito sa mineral tulad ng tanso, marmol at iba pa na madalas na ginagamit sa paggawa ng alahas, eskultura, at arkitektura. Marami ring magagandang lugar na maaaring puntahan o pasyalan dito. Ang ilan sa mga ito ay ang Puerto Gallera sa Oriental Mindoro, Tubbataha Reef at Underground River sa Palawan, at Sibuyan Island ng Romblon. Tagalog ang pangunahing wika sa rehiyong ito.*

*Ikaw, saan ka nakatira? Ano-anong mga lugar ang maaaring puntahan sa inyo? Ano-ano ang mga produkto sa lugar ninyo? Ano ang wika ninyo? Sa anong rehiyon napapabilang ang lugar ninyo?*

## 4 TALAKAYAN TUNGKOL SA KUWENTO

**Itanong:** *Ano ang pangunahing paksa ng binasa kong seleksyon?*

### a. Pangkatang Gawain

- Hatiin ang klase sa anim na pangkat. Bawat pangkat ay may nakatakdang gawain. Hayaang maghalo ang mga mag-aaral mula sa Pangkat 1 at Pangkat 2.

**Sabihin:** S*a inyong mga pangkat, pumili ng isang lider. Makinig sa ipapagawa ko sa bawat pangkat:*

*Pangkat 1: Ilista ang mga lalawigan na bumubuo ng Rehiyong MIMAROPA.*
*Pangkat 2: Isadula ang hanapbuhay ng mga tao sa MIMAROPA*
*Pangkat 3: Iguhit ang mga pangunahing produkto ng MIMAROPA.*

**TALAAN**

*Pangkat 4: Ilista ang mga yamang-dagat na nakukuha sa karagatan ng MIMAROPA.*
*Pangkat 5 at 6: Gumawa ng tig-isang brochure tungkol sa isang magagandang pook-pasyalan sa MIMAROPA. Sabihin kung saan lalawigan ito makikita.*

**Sabihin:** *Pupunta ang bawat pangkat sa itatakda kong lugar sa silid -aralan upang gawin ang kanilang takdang gawain. Bibigyan ko kayo ng sampung minuto para mag-usap at maghanda ng ipakikita sa klase.*

- Habang gumagawa ang bawat pangkat, maaaring mag-ikot ang guro para subaybayan ang paggawa ng mga mag-aaral. Tawagin ang mga pangkat pagkatapos ng sampung minute.

**Sabihin:** *Pumunta na muli sa sariling upuan. Kapag tinawag ko ang inyong pangkat, pupunta sa unahan at ipakikita ang inyong ginawa.*

### b. Pagtalakay sa Kuwento at Presentasyon ng mga Pangkat

- *Paano pinapangkat ang mga lalawigan sa isang rehiyon?*
- *Ano ang wika ng karamihan ng mga mamamayan sa MIMAROPA? Bakit MIMAROPA ang tawag sa rehiyon?*
- *Ano-ano ang lalawigang bumubuo ng MIMAROPA?*
  *Pangkat 1, ipakita o basahin ang inyong ginawa.*
- *Ano-ano ang pangunahing hanapbuhay ng mga tao sa MIMAROPA?*
  *Pangkat 2, isadula ang mga hanapbuhay.*
- *Ano-ano ang pangunahing produkto sa MIMAROPA?*
  *Pangkat 3, ipakita ang inyong drowing.*
- *Ano-anong yamang-dagat ang makukuha sa MIMAROPA?*
  *Pangkat 4, basahin ang inyong listahan.*
- *Saan-saan maaring mamasyal sa MIMAROPA?*
  *Pangkat 5 at 6, basahin ang ginawa ninyong brochure.*
  *Banggitin kung saang lalawigan ito mapupuntahan.*

## 5 TAKDANG-ARALIN: PAGTATANONG TUNGKOL SA NAKALAP NA IMPORMASYON

Maghanda ng mga tanong ukol sa MIMAROPA para sa ibang pangkat. Simulan ang mga ito sa Ano-ano, Ilan, Saan, Bakit, at Paano.

## LAYUNIN

- Naibibigy ang angkop na impormasyon tungkol nabasang rehiyon*
- Naibibigay ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng pag-aral kung paano ito ginagamit sa pangungusap*
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento sa Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Naibibigay ang mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan ng tekstong binasa*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

ARAW

2

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Tatawagin ko ang bawat pangkat. Magtatanong kayo sa mga kaklase tungkol sa narinig ninyong kuwento kahapon. Gamitin ang inhanda ninyong tanong mula sa inyong takdang-aralin.*

## 2 PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA (PAGBASA NG LEVELED READER)

### a. Paghawan ng Balakid

- Magpagawa sa bawat mag-aaral ng tatlong kard o papel na may mga letrang A, B, at C. Habang ginagawa nila ito, isulat sa pisara ang mga salitang pag-aaralan:

**kabisera, pagtipa, mapayapa, balustre**

**Sabihin:** *Nakasulat sa pisara ang mga salitang mababasa ninyo sa kuwento. Gagamitin ko ang mga ito sa pangungusap. Pagkatapos, magbibigay ako ng mga posibleng kahulugan. Piliin ang letra ng tamang kahulugan at itaas ang kard ng letrang ito. Malinaw ba ang panuto? Anong kard ang itataas ninyo kung ang sagot ninyo ay letrang B?* (Pansinin kung naunawaan ng lahat ang panuto.)

(1) **kabisera**

**Basahin:** *Palaging maraming tao sa* ***kabisera*** *ng lalawigan. Maraming tindahan, opisina, at paaralan sa kabisera. Sa kabisera nakabase ang maraming mga tanggapang pampamahalaan at iba-ibang negosyo.*

**Itanong:** *Alin ang kasingkahulugan ng kabisera?*
*a. liblib na lugar b. sentro o kapital ng pamayanan*
*c. maliit na baryo*

**Isulat:** **kabisera** - sentro o kapital ng pamayanan

**TALAAN**

(2) **pagtipa**

**Basahin:** *Tuloy-tuloy ang* ***pagtipa*** *ni Arsenio sa keyboard ng kaniyang kompyuter kahit hatinggabi na. Mayroon kasing report na dapat niyang ipasa sa guro bukas.*

**Itanong:** *Nakapagtipa na ba kayo ng keyboard ng kompyuter? Ano pa ang ibang bagay na may keyboard na tinitipa? Kapag tumitipa ka, gumagalaw ang daliri mo na para kang:*
*a. may dinudukot   b. nagbibilang   c. tumutugtog ng piyano*

**Isulat: pagtipa** – paggalaw ng daliri sa keyboard ng piyano o kompyuter

(3) **mapayapa**

**Basahin:** ***Mapayap****a ang bayan nina Efren. Walang krimen, walang gulo, at walang ingay.*

**Itanong:** *Gusto mo bang tumira sa isang lugar na mapayapa? Ano ang kasingkahulugan ng mapayapa?*
*a. tahimik   b. nakakatakot   c. palaging magulo*

**Isulat: mapayapa** – tahimik

(4) **balustre**

**Basahin:** *Habang nasa barko si Mina, pinanonood niya ang karagatan. Nakatayo siya sa labas ng barko. "Humawak ka sa* ***balustre****," sabi ng tatay niya. Baka ka mabuwal."*

**Itanong:** *Anong bahagi ng barko ang balustre?*
*a. dingding   b. sahig   c. hawakang parang bakod*

**Isulat: balustre** – hawakang parang bakod

- Ipabasa ang talasalitaang nakasulat sa pisara. Ipasipi ito sa mga mag-aaral. Pasulatin din ng pangungusap ang mga mag-aaral gamit ang mga salitang ito.

### b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak

**Itanong:** A*nong rehiyon ang pinag-usapan natin kahapon? Ano-ano ang lalawigan sa rehiyong ito? Kung may pagkakataon kayo, aling lalawigan ang gusto ninyong puntahan? Sino ang gusto ninyong kasama?*

### c. Pangganyak na Tanong

**Sabihin:** *Sa babasahin ninyong kuwento, alamin:*

– *Sino ang pumunta sa isang lalawigan sa MIMAROPA?*
– *Ano ang lalawigan na pinuntahan niya?*
– *Sino ang kasama niya? Bakit sila pumunta doon?*

TALAAN

## 3 PAGBASA NG MGA MAG-AARAL NG KUWENTO

### PAALALA SA GURO TUNGKOL SA *LEVELED READERS*

1. Mayroong dalawang bersiyon o nibel ang bawat pamagat ng Leveled Reader. Ang isa ay mas mahaba at mas mahirap kaysa isa. Makikita sa likod ng aklat ang palantandaan kung saan nakasulat ang "Baitang 3". Ang "may kadaliang teksto" (mas maikling bersiyon o nibel) ay may isang tuldok at kulay asul. Ang "may kahirapang teksto" (mas mahabang bersiyon) ay may dalawang tuldok at kulay pula. Halimbawa:

   BAITANG 3• — ● Para sa may kadaliang teksto (mababang nibel o bersiyon) ng Leveled Reader. Ibinibigay ito sa mga nahihirapang bumasa.

   BAITANG 3: — ●● Para sa may kahirapang teksto (mataas na nibel o bersiyon) ng Leveled Reader. Ibinibigay ito sa mga mahuhusay bumasa.

2. Ginagamit sa loob ng dalawang linggo ang isang Leveled Reader. Ang bawat Leveled Reader ay may dalawang Pakikinggang Kuwento o *Listening Stories*, isa para sa bawat linggo. Binabasa ito ng guro sa unang araw ng linggo. Sa mga araw na binabasa ng guro ang unang Pakikinggang Kuwento (*Listening Story*), titingnan ng mga mag-aaral ang guhit sa harap ng aklat. Para sa pangalawang Pakikinggang Kuwento o *Listening Story*, titingnan nila ang guhit sa pahina 25.

3. Itakda ang wastong bersiyon ng Leveled Reader sa bawat mag-aaral. Hatiin ang klase ayon sa kakayanan ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Itakda sa mga hindi pa gaanong matatas magbasa ang mas mababang bersiyon. Sa mga mag-aaral na matatas nang magbasa, itakda ang mas mataas na bersiyon.

- Ipamahagi ang mga kopya ng Leveled Reader.

  **Sabihin:** *Tingnan ang pabalat ng babasahin ninyong aklat. Ano-ano ang makukuha ninyong impormasyon dito? Basahin ang pamagat. Sino ang may-akda? Sino ang tagaguhit? Ano-ano ang nasa larawan?*

- Bigyan ng panahon ang mga bata na masinsinang tingnan ang pabalat ng aklat at buklatin ang mga pahina nito.

  **Sabihin:** *Hahatiin ko ang klase sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ay magbabasa nang tahimik habang ang Pangkat 2 ay magbabasa nang malakas. Papakinggan ko ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2.*

**PAALALA SA GURO**

Pakinggang mabuti at alalayan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa.

TALAAN

*Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tahimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwento na isinulat ko sa pisara/tsart. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno.*
*Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

| **Pangkat 1** (Magbabasa nang tahimik) | **Pangkat 2** (Magbabasa nang malakas) |
|---|---|
| **Panuto:** *Pagkatapos magbasa nang tahimik, gawin ang sumusunod na pagsasanay:*<br><br>**Pagsasanay**<br><br>1) Si Mang Mario ay isang ___________.<br><br>2) Pumunta siya sa Marinduque dahil ___________.<br><br>3) Isinama niya si Korina upang ___________.<br><br>4) Ang mga bayan ng Marinduque ay ___________, ___________, ___________, ___________, ___________, at ___________.<br><br>5) Ang dalawang pangunahing hanapbuhay ng mga tao sa Marinduque ay ___________at ___________.<br><br>6) ___________ ang pangalan ng bulkan na hindi aktibo sa Marinduque. | **Sabihin:** *Tatawag ako ng mag-aaral na magbabasa nang malakas ng bahagi ng kuwento. Habang nagbabasa siya nang malakas, susundan ninyo ang binabasa niya. Maaari akong magtanong tungkol sa bahaging binasa.*<br><br>(Mga maaaring itanong ng guro):<br><br>1) *Saan pumunta sina Korina?*<br><br>2) *Saan sila sumakay?*<br><br>3) *Bakit pupunta sa Marinduque si Mang Mario?*<br><br>4) *Bakit tinaguriang puso ng Pilipinas ang Marinduque? Tingnan ang mapa ng Marinduque. Nakikita ba ninyo ang hugis?*<br><br>5) *Ano-ano ang mga bayan sa Marinduque?*<br><br>6) *Saang bayan matatapuan ang bundok ng Malindig?*<br><br>7) *Bakit Malindig ang tawag sa bundok na ito?* |
| **Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong**<br><br>Tumawag ng mag-aaral upang sagutan ang bawat tanong. Ipabasa nang malakas sa ibang mag-aaral ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay sa sagot na ibinigay. Gawin ito para sa bawat tanong sa pagsasanay. | **Pagsagot sa Pagsasanay**<br><br>**Sabihin:** *Pupunta ako sa Pangkat 1 at sila naman ang papakinggan kong magbasa. Sagutan ninyo ang pagsasanay na ito sa inyong kuwaderno.*<br><br>1) Sumakay sina Korina sa ___________ papunta sa Marinduque. |

TALAAN

Tiyakin na may pagkakataon ang lahat ng mga mag-aaral sa Pangkat 1 na lumahok sa talakayan.

Kung may panahon pa, talakayin ang karagdagang tanong:

*Ano-ano ang pangunahing produkto ng Marinduque?*

2) Pumupunta si Mang Mario sa iba't ibang lugar dahil siya ay ___________.

3) Tinagurian ang Marinduque na ___________.

4) May ___________ na bayan ang Marinduque.

5) Matatagpuan ang bundok na Malindig sa bayan ng ___________.

## 4 PAGSULAT NG PANGUNGUSAP NA SUMUSUPORTA SA MGA KAISIPAN

**Sabihin:** *Basahin ang mga ideya o kaisipan mula sa binasang kuwento. Balikan ang aklat at magsulat ng pangungusap gamit ang detalyeng sumusuporta sa mga sumusunod na kaisipan:*

1) Madalas pumunta si Mang Mario sa iba't ibang lugar dahil sa kaniyang trabaho. ____________________

2) Abala si Mang Mario sa ginagawa kahit nasa barko. ____________________.

3) Ang pangalan ng Mt. Malindig ay bunga ng hindi pagkakaunawaan. ____________________.

4) Maraming gustong makita si Korina habang nasa barko pa sila. ____________________

## 5 TAKDANG-ARALIN

Ilista ang mahahalagang impormasyon sa nabasang kuwento tungkol sa Marinduque. Maghandang magbahagi tungkol dito bukas.

**ARAW**

**3**

**LAYUNIN**

- **F3TA-0a-j-2** Naipapahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Naililista ang mga Pandiwa na nagsasaad ng kilos ng mga tauhan sa kuwento*
- Nababasa ang mga salita na dinadagdagan ng tunog upang makabuo ng bagong salita*
- **F1KM-IIIe-2** Naisusulat nang may wastong baybay at bantas ang salita/pangungusap na ididikta ng guro

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Ano ang isang mahalagang impormasyon na nabasa ninyo tungkol sa Marinduque? Ibahagi sa klase ang mga inilista ninyo sa inyong takdang-aralin.*

## 2 PAGSAGOT NG PAGSASANAY SA SKILL BUILDER

Skill Builder

***Gawain:*** Pagsasanay sa Pandiwa

Ipamahagi ang mga Leveled Reader.

**Sabihin:** *Buksan ang inyong aklat sa pahina 5 at sagutin ang pagsasanay sa* Skill Builder.

## 3 PAGBUO AT PAGBASA NG MGA SALITANG DINAGDAGAN NG MGA TUNOG AT PANTIG

**Sabihin:** *Isang paraan ng pagbuo ng bagong salita ay ang pagdagdag ng tunog o mga tunog sa orihinal na salita. Halimbawa:*

– *aso* → *baso, paso, laso, lason*

– *uto* → *puto, putok*

– *aba* → *baba, babaw, ibabaw*

– *piso* → *pison*

– *usa* → *pusa, blusa, kusa*

- Hikayatin ang mga bata na bumuo ng mga bagong salita sa pamamagitan ng pagdagdag ng tunog o letra sa salita. Ipasulat ang kanilang mga mabubuong salita sa kuwaderno. Bigyan sila ng dalawang minuto.

TALAAN

- Pagkatapos ng dalawang minuto, tumawag ng ilang mag-aaral at ipabasa ang kanilang mga isinulat. (Posibleng sagot: pito, hito, mito, lito) Ipapansin ang pagkakaiba sa pagbigkas ng mga salitang nabuo mula sa orihinal na salita.

  **Sabihin:** *Isa pang paraan ng pagbuo ng bagong salita ay ang pagdagdag ng pantig o mga pantig sa orihinal na salita. Basahin natin nang sabay-sabay ang listahan ng salita sa ibaba at pansinin ang bagong salitang nabuo nang dinagdagan ng pantig o mga pantig ang orihinal. Pansinin din kung saang bahagi ng salita idinagdag ang pantig o mga pantig. Pansinin ding may mga titik na napapalitan kapag dinadagdagan ng panlapi.*

- Ipabasa nang malakas ang sumusunod na listahan:

  – *isda → mangingisda*

  – *paniwala → pinaniniwalaan*

  – *unawa → pagkakaunawaan*

  – *akala → inakala*

  – *hingi → humihingi*

  – *tukoy → tinutukoy*

  – *paalam → magpapaalam*

  – *una → pangunahin*

  – *tuyo → pinatuyo*

  – *tahimik → pinakatahimik*

- Ipagawa ang sumusunod na pagsasanay. Ipasulat ang sagot sa kanilang kuwaderno.

  ***Panuto:*** *Bumuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagdagdag ng pantig o mga pantig ang dating salita:*

  1) yaman ___________________

  2) lakbay ___________________

  3) tanong ___________________

  4) bundok ___________________

  5) sagot ___________________

## 4 PAGSULAT NG PANGUNGUSAP NA IDIDIKTA NG GURO

**Sabihin:** *Magsusulat kayo ngayon ng isang pangungusap na ididikta ko. Bago iyon, ano-ano ang dapat tandaan sa pagsusulat ng pangungusap?* (Kumuha ng ilang sagot.)

- Isulat o ipaskil sa pisara ang mga paalala tungkol sa pagsulat ng pangungusap. Ipabasa nang sabay-sabay sa buong klase.

**TALAAN**

Kapag nagsusulat ng pangungusap, tandaan ang sumusunod:

- Ang pangungusap ay nag-uumpisa sa malaking titik.
- May angkop na bantas sa katapusan ng pangungusap.
- Tiyaking tama ang baybay ng mga salita.
- Ang mga tiyak na pangalan ay nag-uumpisa sa malaking titik.

- Ipasulat sa kuwaderno ang mga ididiktang pangungusap. Kung kinakailangan, ulitin ang pagdikta. Idikta ang sumusunod:

  1) *Pumunta sina Korina at Mang Mario sa Marinduque.*

  2) *Sumakay sila sa barko papunta sa probinsiya.*

  3) *"Ilang oras po ang biyahe natin?" tanong ni Korina.*

  4) *Ang pangalan ng Bundok Malindig ay bunga ng hindi pagkakaunawaan.*

  5) *Naku! Ang ganda ng mga tanawin dito sa Marinduque!*

## 5 TAKDANG-ARALIN

Ano-ano pa kaya ang gagawin at makikita ni Korina sa Marinduque? Isulat sa kuwaderno ang inyong mga prediksiyon o palagay.

## LAYUNIN

- **F3TA-0a-j-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- **F3PT-1c-1.4** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga ito sa pangungusap
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Naisusulat sa K-W-L Tsart ang natutuhan sa binasang kuwento*
- Nagagamit ang tamang salitang kilos/Pandiwa sa pagsasalaysay ng mga personal na karanasan*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

ARAW

4

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Takdang-aralin ninyo kahapon ang magsulat ng inyong mga prediksiyon tungkol sa iba pang makikita o gagawin ni Korina sa lalawigan ng Marinduque. Magbabahaginan kayo ngayon ng inyong mga prediksiyon. Tumayo kayong lahat at maghanap ng mga kaklase na may parehong prediksiyon. Mag-usap kayo kung bakit ninyo nasabi na ito ang gagawin o makikita ni Korina. Bibigyan ko kayo ng tatlong minuto para dito. Pagkatapos ng tatlong minuto, hahanap naman kayo ng ibang mag-aaral na kaiba ang prediksiyon sa inyo. Magbahaginan at pakinggan ninyo ang kakaibang prediksiyon. Malinaw ba ang panuto? Simulan na ang bahaginan.*

- Mag-ikot sa klase at pakinggan ang kanilang bahaginan. Pagkatapos ng tatlong minuto, ipaalala sa mga mag-aaral na lilipat na sila sa paghahanap ng kaklase na kaiba ang prediksiyon sa kanila. Paupuin muli ang mga mag-aaral matapos ang tatlong minute.
- Tumawag ng ilang mag-aaral at ipalahad sa buong klase ang kanilang mga prediksiyon.

## 2 PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA NG LEVELED READER

### a. Paghawan ng Balakid

**Sabihin:** *Basahin ang mga salita sa pisara. Makinig sa sasabihin kong pangungusap tungkol sa bawat isa:*

| | | |
|---|---|---|
| **pagtili** | **pananampalataya** | **latigo** |
| **gusali** | **relihiyoso** | |

**TALAAN**

(1) **relihiyoso, pananampalataya**

**Basahin:** ***Relihiyoso*** *ang karamihan sa mga Pilipino. Palagi silang sumasamba at nagdadasal sa Diyos. Malakas ang kanilang* ***pananampalataya*** *na matutulungan sila ng Maykapal.*

**Itanong:** *Ano ang pagkakaintindi ninyo sa salitang relihiyoso? Ano ang salitang-ugat nito? Ano ang koneksiyon nito sa salitang pananampalataya? Ano ang iba-ibang relihiyon o pananampalataya sa Pilipinas?*

**Isulat:**
**relihiyoso** – isinasabuhay ang kanilang relihiyon

**pananampalataya** – paniniwala o pananalig sa Diyos

(2) **pagtili**

**Basahin:** *Narinig ng mga mag-aaral ang* ***pagtili*** *ng kanilang kaklase. "Aaaaaaaay! May ahas! May ahas sa damuhan!"*

**Itanong:** *Nakarinig na ba kayo ng tili? Malakas ba ito o mahina? Ano ang ipinapahiwatig na damdamin kapag may tumitili? Ano ang kasingkahulugan ng pagtili?*

**Isulat:** **pagtili** - pagsigaw

(3) **gusali**

**Basahin:** *Nang pumunta si Mark sa lungsod, nakita niya ang matataas na* ***gusali****. "Ang laki ng bahay na iyan," sabi niya sa tatay niya. Halos abot na sa langit ang bubong. Paano kaya aakyat ang mga tao diyan?" "Gusali ang tawag diyan," sabi ng tatay niya.*

**Itanong:** *Paano inilarawan ang gusali? Nakakita na ba kayo ng gusali? Ano ang tawag dito sa wikang Ingles?*

**Isulat:** **gusali** – mataas na estruktura na karaniwang gawa sa bakal at bato

(4) **latigo**

**Basahin:** *Nanood kami ng pelikulang "Raiders of the Lost Ark." Laging dala-dala ng bida na si Indiana Jones ang isang* ***latigo****. Pamalo ito, pero ginagamit niya ang kaniyang latigo na parang lubid sa karamihan ng mga eksena.*

**Itanong:** *Napanood na ba ninyo ang pelikulang binanggit? Nakakita na ba kayo ng latigo? Ano ang salitang binanggit ko sa binasa kong teksto na nagpahiwatig kung ano ang latigo?*

**Isulat:** **latigo** – pamalo na gawa sa lubid o buntot ng pagi

- Ipasulat sa kuwaderno ang talasalitaang isinulat sa pisara.

- Hikayatin ang magkakatabi na mag-isip at magsulat ng mga pangungusap o talata na gumagamit ng dalawa o higit pang salita mula sa talasalitaan. Mas maraming magagamit na salita sa isang pangungusap o talata, mas mabuti. Bigyan ang mga magkapares ng tatlong minuto para mag-isip ng kanilang mga pangungusap. Matapos ang tatlong minuto, tanungin kung sino ang nakagamit ng apat o higit pang salita. Ipabasa ang kanilang inihandang pangungusap. Tiyakin na tama ang paggamit sa pangungusap at may malinaw na ugnayan ang paggamit ng mga salita.

### b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak

Isulat o ipaskil ang sumusunod na K-W-L Tsart sa pisara:

**K-W-L Tsart**

| Ang alam ko tungkol sa Marinduque | Ang gusto ko pang malaman tungkol sa Marinduque | Ang natutuhan ko tungkol sa Marinduque |
|---|---|---|
| | | |

**Sabihin:** *Pansinin ang K-W-L Tsart sa pisara. Basahin ang nakasulat sa bawat hanay. Gumawa kayo ng sarili ninyong K-W-L Tsart sa inyong kuwaderno. Isipin kung ano-ano ang nalalaman ninyo tungkol sa Marinduque. Isulat ito sa unang hanay ng K-W-L Tsart.*

### c. Pangganyak na Tanong

**Sabihin:** *Ano pa ang gusto ninyong malaman tungkol sa Marinduque? Isulat ito sa pangalawang hanay ng tsart. Pagkabasa ninyo ng kuwento, isulat sa pangatlong hanay ang natutuhan ninyo tungkol sa Marinduque.*

## 3 PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO

**Sabihin:** *Hahatiin kong muli ang klase sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ang magbabasa nang tahimik, habang ang Pangkat 2 ang papakinggan ko habang nagbabasa nang malakas.*

*Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento?*
*Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

TALAAN

**TALAAN**

| **Pangkat 1**<br>*(Magbabasa nang tahimik)* | **Pangkat 2**<br>*(Magbabasa nang malakas)* |
|---|---|
| **Panuto:** Basahin nang tahimik ang kuwento. Pagkatapos magbasa, sagutan ang pagsasanay sa inyong kuwaderno:<br><br>**Pagsasanay**<br><br>Punan ang bawat pangungusap ng tamang sagot:<br><br>1) Tumili si Korina dahil ___________ .<br>2) Ang tinutukoy niyang halimaw ay isa palang ___________.<br>3) Ang ___________ ay isang bida noong panahon ni Hesus.<br>4) Ipinakikita ng mga taga-Marinduque ang kanilang ___________.<br>5) Kapag may bisita sa Marinduque, may ginagawang ___________.<br>6) Balak ni Korina na mag-uwi ng mga ___________.<br>7) Gawa ang uraro sa ___________. | **Sabihin:** *Habang nagbibigay ako ng instruksiyon sa Pangkat 1, maaaring tingnan ang pabalat ng aklat at buklatin ang bawat pahina.*<br><br>**Sabihin:** *Tatawag ako ng mag-aaral na magbabasa nang malakas ng bahagi ng kuwento. Habang nagbabasa siya nang malakas, susundan ninyo ang binabasa niya. Maaari akong magtanong tungkol sa bahaging binasa.*<br><br>(Mga maaaring itanong ng guro):<br><br>1) *Bakit tumili si Korina?*<br>2) *May halimaw nga ba? Ano ang tinawag niyang halimaw?*<br>3) *Paano ipinakikita ng mga taga-Marinduque ang kanilang pananampalataya?*<br>4) *Ano ang putong?*<br>5) *Ano ang paniniwala ng mga taga-Marinduque tungkol sa barya na itinatapon sa mga bisita?* |

## 4 PAGSAGOT NG K-W-L TSART

**Sabihin:** *Balikan natin ang K-W-L Tsart. Basahin ang mga tanong sa hanay 2: Ang gusto kong malaman. Nasagot ba ang inyong mga tanong? Sagutin naman natin ang pangatlong hanay: Ano ang natutuhan ninyo? Pumunta kayo sa pangkat ninyo noong isang araw. Pag-usapan ninyo ang mga natutuhan ninyo sa tungkol sa Marinduque. Mamaya, tatawagin ko ang bawat pangkat upang magbigay ng natutuhan ninyo tungkol sa Marinduque.*

TALAAN

## 5 PAGSASALAYSAY NG KARANASAN

**Sabihin:** *Kunwari kayo si Korina. Isulat ang inyong karanasan gamit ang mga angkop na Pandiwa. Maaaring gamiting ang sumusunod na Pandiwa:*

1) Nakakita ___________________________.

2) Napanood ___________________________.

3) Pumunta ___________________________.

4) Bumili ___________________________.

5) Sumali ___________________________.

## 6 TAKDANG-ARALIN:

Ilarawan ang mga Morion na nakita ni Korina sa Marinduque gamit ang angkop na pang-uri. Maaari ninyong gamitin ang panimulang ito:_____, _______, at ______ ang mga Morion ng Marinduque.

### LAYUNIN

- **F3TA-0a-j-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Nakasusulat ng mga pangungusap tungkol sa napanood sa isang lalawigan*
- Nagagamit ng wasto ang mga napag-aralang talasalitaan*
- Nabibigyang kahulugan ang *bar graph**
- Nakasusulat ng ga tanong tungkol sa panayam nila sa mga tao sa pamayanan*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

ARAW 5

## I BAHAGINAN

- Ipaalala ang ipinagawang takdang-aralin. Isa-isang tawagin ang mga mag-aaral at ipabanggit sa kanila ang ginamit nilang pang-uri sa paglalarawan ng mga Morion ng Marinduque. Ilista ang kanilang mga babanggiting pang-uri sa pisara.
- Tumawag ng ilang mag-aaral at hayaang maglahad sila ng pangungusap na gamit ang mga nailistang pang-uri sa pisara. Maaari nilang gamitin ang panimulang ibinigay sa takdang-aralin.

__________, __________, at __________ ang mga Morion ng Marinduque.

**TALAAN**

- Tawagin ang mga mag-aaral na hindi pa gaanong nagbabahagi sa buong klase. Bigyan sila ng karagdagan gabay kung kinakailangan.

## 2 PAGSAGOT NG SKILL BUILDER

***Gawain:*** Pagsusulat Tungkol sa Ginawa

Skill Builder

Ipamahagi ang mga Leveled Reader at ipasagot sa kuwaderno ang pagsasanay na nasa pahina 11.

## 3 PAGSASANAY: PAGBABALIK-ARAL SA NAPAG-ARALANG TALASALITAAN

***Panuto:*** *Punan ang bawat pangungusap ng angkop na salita:*

| | | |
|---|---|---|
| **latigo** | **yamang-dagat** | **balustre** |
| **gusali** | **marmol** | **pagtipa** |

1) Umakyat sila sa napakataas na _______________.

2) Humawak ang pasahero sa _______________ ng barko.


3) Gawa sa pinakintab na _______________ ang sahig ng bahay.

4) Hinagupit ng malupit na amo ang alaga niyang hayop gamit ang mahabang _______________.

5) Hindi naghihirap ang mga tao na nakatira sa tabing-dagat. Maraming _______________ ang nahuhuli nila.

## 4 ARALIN: PAGBASA NG *BAR GRAPH*

**Sabihin:** *Noong isang linggo, napag-aralan ninyo ang pagkuha ng datos sa isang line graph. Pag-aaralan ninyo ngayon ang isa pang uri ng graph — ang* ***bar graph****. Gustong malaman ni Korina kung ilan ang sumasakay sa barko sa loob ng isang linggo. Tinanong niya ang kapitan ng barko. Inilagay ni Korina sa isang bar graph ang nakuha niyang impormasyon:*



*Nasa kaliwa ang bilang mga pasahero. Bawat guhit ay katumbas ng 100 pasahero. Nasa ibaba naman ang bawat araw ng biyahe.*

*Subukang kunin ang impormasyon sa bar para sagutin ang sumusunod na tanong:*

1) Isulat ang bilang ng pasahero sa sumusunod na araw:

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Lunes** | __________ | **Biyernes** | __________ |
| **Martes** | __________ | **Sabado** | __________ |
| **Miyerkules** | __________ | **Linggo** | __________ |
| **Huwebes** | __________ | | |

2) Anong araw pinakamarami ang pasahero? __________

3) Anong araw pinakakaunti ang pasahero? __________

4) Ilan lahat ang sumasakay sa barko sa loob ng isang linggo?

## 5 TAKDANG-ARALIN: PAGGAWA NG PANAYAM

Magsagawa ng isang panayam tungkol sa mga lugar sa Pilipinas na pangarap bisitahin ng isang miyembro ng inyong pamilya. Maghanda ng limang tanong para sa gagawing panayam. Maaaring punan ang sumusunod na inumpisahang tanong:

1) **Saan** ______________________________**?**
2) **Bakit** ______________________________**?**
3) **Ano** ______________________________**?**
4) **Kailan** ______________________________**?**
5) **Paano** ______________________________**?**

Gamit ang inihandang mga tanong, magsagawa ng panayam. Isulat sa inyong kuwaderno ang sagot ng inyong kapamilya. Maghandang magbahagi sa susunod na linggo tungkol sa ginawang panayam.

**TALAAN**

ARALIN


# 26

## GABAY SA PAGTUTURO

# IKATLONG BAITANG FILIPINO

### TEMA: MGA KULTURA AT TRADISYON: PANGALAN O REPUTASYON, PAGKAIN, DIALEKTO, AT WIKA

### LEVELED READER: “ANG PAMAMASYAL NI KORINA”



**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO**
**IKATLONG BAITANG**
**YUNIT 3, ARALIN 26**

**Tema: Mga Kultura at Tradisyon: Pangalan o Reputasyon, Pagkain, Dialekto, at Wika**
***Leveled Reader:* "Ang Pamamasyal ni Korina"**
*(Kuwento ni Maria Beatriz Davalos; Inedit ni Pia Zorayda Busiños; Guhit ni Alexandra Paredes)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| | | • Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na: | |
| I | TA | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Tema: Kultura at Tradisyon ng Lugar: Pagkain, Produkto, at Wika |
| | PT | • Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng pag-unawa sa paggamit ng salita sa konteksto.* | • Pakikinggang Kuwento: "Saan Po Kayo Pupunta?" • Paghawan ng Balakid: *manunulat, magsaliksik, artikulo, dokyumentaryo* • Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang salita |
| | TA | • **F3TA-0a-j-1** Nakikinig sa kuwentong binabasa ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto. | • Pagbasa ng guro ng kuwento |
| | PN | • Naibibigay ang sariling hinuha bago, habang at pagkatapos mapakinggan ang teksto.* | • Pagbigay ng Sariling Hinuha |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| | |
| 1. Bahaginan<br>• Ipaliwanag ang tema at hikayatin ang mga mag-aaral kung ano ang alam nilang. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng nalalaman tungkol sa pagkain, produkto, at wika ng isang lalawigan o rehiyon |
| 2. Paghahanda sa Pakikinig ng Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang kahulugan ng mga salita at gamitin ang mga napag-aralang salita sa pangungusap.<br>b. Pagganyak<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa pagganyak na gawain.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Pakikinig ng Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap. Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang mga salita.<br>b. Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |
| 3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro<br>• Basahin ang kuwento at magtanong tungkol dito.<br>4. Pagtalakay sa Kuwento<br>• Hatiin ang klase sa pangkat at bigyan ng tanong na sasagutan. | 3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro<br>• Pakikinig sa kuwento at pagsagot ng mga tanong tungkol dito<br>4. Pagtalakay sa Kuwento<br>• Pagtalakay ng sagot sa mga tanong sa bawat pangkat |
| 5. Pagbigay ng Hinuha<br>• Ipaliwanag ang tungkol sa hinuha at hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng sariling hinuha. | 5. Pagbigay ng Hinuha<br>• Pagbigay ng sariling hinuha tungkol sa napakinggang kuwento |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 1 | PN | • Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa napakinggang teksto.* | • Pagbigay ng angkop na pamagat |
| | AL | • Naipapakita ang pananabik na mapakinggan at makapagbahagi ng sariling kuwentong narinig tungkol sa iba't ibang pangkat ng Pilipino.* | • Paggawa ng Kuwento |
| 2 | PS | • Naibabahagi sa klase ang nalalaman tungkol sa pagkain, produkto, at wika ng isang lugar sa Pilipinas.* | • Pagbahagi ng nalalaman tungkol sa pagkain, produkto, at wika ng isang lugar sa Pilipinas |
| | PT | • Naibibigay ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng pag-aral kung paano ito ginagamit sa pangungusap.* | • Paghawan ng Balakid: *Disc, DVD, dinaanan ng bagyo* |
| | AL | • **F3AL-IIId-1** Natutukoy ang gawain ng may-akda/ tagaguhit ng aklat o kuwento. | • Pagbigay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa gawain ng may-akda at tagaguhit ng aklat |
| | TA | • **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon. | • Leveled Reader: *Ang Pamamasyal ni Korina* <br> • Pagbasa ng pangatlong bahagi ng Leveled Reader |
| | PL | • **F1PL-0a-j-6** Naipakikita ang hilig sa pagbasa sa pamamagitan ng pagbasa nang maayos ng Leveled Reader. | • Pagbasa ng kuwento |
| | PB | • Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa nabasang bahagi ng kuwento. | • Pagtalakay sa kuwento at pagbasa ng bahagi ng kuwento na sumasagot sa tanong |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 6. Pagbigay ng Pamagat ng Kuwento<br>• Talakayin ang pamagat na nagbibigay ng pangunahing ideya tungkol sa kuwento at hikayatin ang mga mag-aaral na pumili ng angkop na pamagat. | 6. Pagbigay ng Pamagat ng Kuwento<br>• Pagpili ng pamagat na angkop sa kuwento |
| 7. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa klase ang kanilang takdang-aralin. | 7. Takdang-Aralin<br>• Pagsulat tungkol sa pagkain, produkto, o wika sa isang lalawigan |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang nalalaman o nakalap na impormasyon tungkol sa pagkain, produkto, at wika ng isang lugar sa Pilipinas. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng inihandang takdang-aralin tungkol sa pagkain, produkto, at wika ng isang lugar sa Pilipinas |
| 2. Paghahanda sa Pakikinig ng Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Ipaliwanag ng kahulugan ng mga salita at paghikayat sa mga mag-aaral na gamitin ang mga ito sa pangungusap.<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa pagganyak na gawain.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Pakikinig ng Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |
| 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>• Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at mga gawain. | 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>• Pangkat 1 (Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagpabasa nang tahimik sa kuwento (may kahirapang teksto) at pagsagot ng pagsasanay<br>• Pangkat 2 (Mga Nahihirapang Bumasa): Pagpabasa nang malakas sa kuwento (may kadaliang teksto) at pagtanong tungkol sa binabasa |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 2 | PB | • Naibibigay ang angkop na pamagat ng binasang teksto.* | • Pagbigay ng Pamagat ng Teksto |
| 3 | PS | • Naibabahagi sa klase ang tungkol sa produkto, pagkain, at wika ng isang lalawigan.* | • Pagbahagi ng tungkol sa pagkain, produkto, at wika ng isang lalawigan |
| | WG | • Nailalarawan ang pook o bagay sa nabasang kuwento gamit ang angkop na pang-uri.* | • Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder |
| | WG | • **F3WG-IIIe-g-5** Nagagamit sa pangungusap ang angkop na Pandiwa. | • Pandiwa |
| | WG | • Nagagamit nang wasto ang mga pang-abay na naglalarawan ng kilos o gawi.* | • Pang-abay |
| | PP<br>PT<br>PU | • Nababasa, nababaybay nang wasto at nagagamit sa pangungusap ang mga salita na binubuo ng salitang-ugat at panlapi (unlapi, gitlapi, at hulapi).* | • Mga Salitang May Panlapi |
| | KM | • Naisusulat ang isang talaan tungkol sa binasang teksto.* | • Pagsulat ng Talaan |
| 4 | PS | • Naibabahagi sa klase ang tungkol sa produkto, pagkain, at wika ng isang lalawigan.* | • Pagbahagi ng produkto, pagkain, at wika ng isang lalawigan |
| | PT | • **F3PT-Ic-1.4** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga ito sa pangungusap. | • Paghawan ng Balakid: *plorera* at *almires* |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 4. Pagbigay ng Maaaring Pamagat ng Kuwento<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na pumili ng angkop na pamagat ng teksto at ipaliwanag kung bakit iyon ang napili.<br>5. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag ang kanilang takdang-aralin. | 4. Pagbigay ng Maaaring Pamagat ng Kuwento<br>• Pagpili ng angkop na pamagat at pagpaliwanag kung bakit iyon ang napili nila<br>5. Takdang-Aralin<br>• Magsaliksik tungkol sa isang lalawigan |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi tungkol sa pagkain, produkto, at wika ng isang lalawigan. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi tungkol sa tungkol sa pagkain, produkto, at wika ng isang lalawigan |
| 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral  na sagutin ang pagsasanay sa Skill Builder. | 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Paggamit ng pang-uri sa pangungusap |
| • Paghikayat sa mga mag-aaral  na gamitin sa pangungusap ang angkop na pandiwa at pang-abay. | • Paggawa ng sariling pangungusap gamit ang angkop na pandiwa at pang-abay |
| • Paghikayat sa mga mag-aaral  na gamitin sa pangungusap ang angkop na pandiwa at pang-abay. | • Paggawa ng sariling pangungusap gamit ang angkop na pandiwa at pang-abay |
| 3. Pagsasanay: Mga Salitang May Panlapi<br>• Magbalik-aral tungkol sa panlapi (unlapi, gitlapi, at hulapi), talakayin ang kahulugan at hikayatin ang mga mag-aaral na isulat ang mga ito nang wasto. | 3. Pagsasanay: Mga Salitang May Panlapi<br>• Pagbasa, pagbigay ng kahulugan at pagbaybay nang wasto ng mga salitang may panlapi |
| 4. Pagsulat ng Talaan<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang gamit ng talaan, at hikayatin sila na magsulat ng talaan. | 4. Pagsulat ng Talaan<br>5. Takdang-Aralin<br>• Magsaliksik tungkol sa isang lalawigan |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang nalalaman tungkol sa produkto, pagkain, at wika ng isang lalawigan. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi sa klase ng tungkol sa produkto, pagkain, at wika ng isang lalawigan |
| 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa ng Leveled Reader<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Ipaliwanag ng kahulugan ng mga salita at paghikayat sa mga mag-aaral na gamitin ang mga ito sa pangungusap. | 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa ng Leveled Reader<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 4 | | | |
| | TA | • **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon. | • Leveled Reader: *Ang Pamamasyal ni Korina*<br>• Pagbasa ng pang-apat na bahagi ng Leveled Reader |
| | PB | • Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot.* | • Pagtalakay ng Kuwento |
| | PB | • Naibibigay ang sariling pananaw o kuro-kuro sa binasang kuwento.* | • Pagbigay ng sariling kuro-kuro |
| | PP | • Nakikilala ang panlapi sa mga salita at nasasabi kung ito ay unlapi, gitlapi, o hulapi.* | • Mga Panlapi |
| 5 | PS | • Naibabahagi sa klase ang tungkol sa produkto, pagkain, at wika ng isang lalawigan.* | • Pagbahagi tungkol sa alam na produkto, pagkain, at wika ng isang lalawigan |
| | KM | • Nakagagawa ng isang dayagram tungkol sa binasang rehiyon.* | • Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder |
| | KM | • Nakagagawa ng talata tungkol sa isang lalawigan.* | • Pagsulat ng Talata |
| | PT | • Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan.* | • Pagbalik-aral sa mga Napag-aralang Talasalitaan |

**DOMAINS:** ***** – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa pagganyak na gawain.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot ng pangganyak na tanong |
| 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>• Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at mga gawain. | 3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>• Pangkat 1 (Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagpabasa nang tahimik sa kuwento (may kahirapang teksto) at pagsagot ng pagsasanay<br>• Pangkat 2 (Mga Nahihirapang Bumasa): Pagpabasa nang malakas sa kuwento (may kadaliang teksto) at pagtanong tungkol sa binabasa |
| 4. Pagbigay ng Sariling Kuro-Kuro<br>• Ipaliwanag kung ano ang kuro-kuro at hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng sarili nilang kuro-kuro. | 4. Pagbigay ng Sariling Kuro-Kuro |
| 5. Pagsasanay: Mga Salitang may Panlapi<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin ang mga salita na may panlapi at sabihin kung ito ay unlapi, gitlapi, o hulapi.<br>6. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag ang kanilang takdang-aralin. | 5. Pagsasanay: Mga Salitang may Panlapi<br>• Pagbasa, pagkilala ng panlapi at pagsabi kung ito ay unlapi, gitlapi, o hulapi<br>6. Takdang-Aralin<br>• Pagsagot sa takdang-aralin |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga hindi pa nakapagbabahagi na sumali sa bahaginan. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng alam na produkto, pagkain, at wika ng isang lalawigan |
| 2. Pagsagot ng Skill Builder<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutan ang pagsasanay sa Skill Builder tungkol sa paggawa ng dayagram at tungkol sa isang rehiyon. | 2. Pagsagot ng Skill Builder<br>• Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder tungkol sa paggawa ng dayagram |
| 3. Pagsulat ng Talata<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na gumawa ng talata tungkol sa isang lalawigan. | 3. Pagsulat ng Talata |
| 4. Pagsasanay: Pagbalik-aral sa Napag-aralang Talasalitaan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na punan ang bawat pangungusap ng napag-aralang talasalitaan. | 4. Pagsasanay: Pagbalik-aral sa Napag-aralang Talasalitaan<br>• Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

ARAW

**1**

**LAYUNIN**

- **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng pag-unawa sa paggamit ng salita sa konteksto*
- **F3TA-0a-j-1** Nakikinig sa kuwentong binabasa ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto
- Naibibigay ang sariling hinuha bago, habang at pagkatapos mapakinggan ang teksto*
- Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa napakinggang teksto*
- Naipapakita ang pananabik na mapakinggan at makapagbahagi ng sariling kuwentong narinig tungkol sa iba't ibang pangkat ng Pilipino*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

- Ipaalala ang takdang-aralin mula sa nakaraang linggo.

**Sabihin:** *Nagsagawa ba kayo ng panayam sa isang miyembro ng inyong pamilya tungkol sa lugar sa Pilipinas na pinakagusto nilang mabisita? Sino ang nakapanayam ninyo? Ano ang nakuha ninyong impormasyon mula sa inyong panayam? Humarap sa inyong katabi at magbahaginan kayo tungkol sa inyong panayam. Maaari ninyong gamitin ang mga panimulang ito:*

Nakapanayam ko ang aking __________. Ang lugar sa Pilipinas na pinakagusto niyang mabisita ay ang __________. Gusto niyang makapunta dito dahil __________. Balak niyang makapunta dito sa buwan/taon ng __________. Bibiyahe siya sa pamamagitan ng __________.

- Mag-ikot sa buong klase habang nagbabahaginan ang mga magkapares. Pakinggan ang usapan ng mga mag-aaral at pansinin kung may mga bagay tungkol sa pagpapahayag na kailangan pa nilang ayusin. Bigyan ang mga magkapares ng limang minuto para sa kanilang bahaginan.

## 2 PAGHAHANDA SA PAKIKINIG NG KUWENTO

### a. Paghawan ng Balakid

**Sabihin:** *Nasa pisara ang mga bagong salita na maririnig ninyo sa ating kuwento ngayon. Gagamitin ko ang mga ito sa pangungusap. Alamin ang tamang kahulugan ng mga ito.*

TALAAN

(1) **manunulat**

**Basahin:** *Isang kilalang* ***manunulat*** *ng mga kuwentong pambata si Rene Villanueva. Paborito ko ang sinulat niyang Ang Unang Baboy sa Langit. Marami pa siyang ibang kuwento at dula na sinulat. Napakahusay niyang manunulat.*

**Itanong:** *Ano ang salitang-ugat ng manunulat? May paborito ba kayong manunulat? Sino ang manunulat ng* Leveled Reader *ninyo? Ano ang ibig sabihin ng manunulat?*

**Isulat: manunulat** – may-akda

(2) **magsaliksik**

**Basahin:** *May gusto akong malaman tungkol sa MIMAROPA, kaya't pumunta ako sa silid-aklatan para* ***magsaliksik****. Nagbasa ako ng mga aklat tungkol sa rehiyong ito. Nagsagawa din ako ng panayam sa mga eksperto tungkol sa ekonomiya at kultura ng MIMAROPA. Pagkatapos kong magsaliksik, nasagot na ang mga tanong ko tungkol sa MIMAROPA.*

**Itanong:** *Nakapagsaliksik na ba kayo? Ano ang mga bagay na ginawa ng nagsaliksik sa binasa kong pangungusap? Ano ang kahulugan ng magsaliksik?*

**Isulat: magsaliksik** – masusing maghanap ng impormasyon o sagot sa isang tanong

(3) **artikulo**

**Basahin:** *Nagsusulat ng mga* ***artikulo*** *sa pahayagan ang aking tiyo. Tungkol sa mga kilalang tao sa lipunan ang mga artikulo niya. Para tumpak ang mga detalyeng sa mga sinusulat niya, lagi siyang nagsasaliksik ng impormasyon tungkol sa mga taong tinututukan ng kaniyang mga artikulo.*

**Itanong:** *Saan daw matatagpuan ang mga artikulo na sinusulat ng tiyo? Tungkol saan ang mga artikulong ito? Mahilig ba kayong magbasa ng mga artikulo sa pahayagan? Saan pa makapagbabasa ng mga artikulo? Ano ang salita sa Ingles para sa artikulo?*

**Isulat: artikulo** – akda tungkol sa isang paksa na nakalathala sa pahayagan o iba pang babasahin

(4) **dokumentaryo**

**Basahin:** *Mahilig akong manood ng* ***dokumentaryo*** *sa telebisyon. Napakaraming mahahalagang isyu na tinatalakay sa mga dokumentaryong ito. Sa dokumentaryo ko natutuhan ang mga problemang kinakaharap ng klima at kalikasan. Mabuti na lang at may mga direktor at mananaliksik na gumagawa ng mga palabas na katulad nito.*

TALAAN

**Itanong:** *Nanonood din ba kayo ng mga dokumentaryo? Ano ang kaibahan ng dokumentaryo sa ibang palabas sa telebisyon o sinehan? Ano ang salitang-ugat ng dokumentaryo?* (sagot: dokumento) *Ano ang dinodokumento, itinatala o nirerekord ng mga dokumentaryo?*

**Isulat: dokumentaryo** – pelikula o programa sa radyo o telebisyon na tapat na nag-uulat tungkol sa isang paksa, tao, o pangyayari

**Sabihin:** *Pansinin ang mga salitang pinag-aralan natin. May tema ba kayong napapansin sa mga ito? Tungkol saan kaya ang pakikinggang teksto ngayong araw?*

### b. Pagganyak

**Sabihin:** *Noong isang linggo, nagbasa tayo ng kuwento tungkol sa paglalakbay nina Mang Mario at Korina. Anong probinsiya sa MIMAROPA ang pinuntahan nina Mang Mario at Korina?*

### c. Pangganyak na Tanong

**Sabihin:** *Sa babasahin kong kuwento ngayon, alamin: Saang probinsiya sa MIMAROPA pupunta si Mang Mario? Ano ang gagawin niya doon?*

## 3 PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO

**Sabihin:** *Makinig sa babasahin kong teksto. Ang pamagat nito ay "Saan Po Kayo Pupunta?" Ang may-akda ng kuwento ay si Bb. Maria Beatriz Davalos. Habang nagbabasa ako ng kuwento, maaari akong huminto sandali para magtanong. Handa na ba kayong makinig sa aking kuwento?*

**"Saan Po Kayo Pupunta?"**
Kuwento ni Maria Beatriz Davalos

*Kababalik pa lang nina Mang Mario at Korina sa Maynila. Galing silang Marinduque. Manunulat si Mang Mario at kadalasang ipinadadala sa iba't ibang lugar upang magsaliksik para sa mga artikulong kanyang sinusulat. Wala pang isang araw ang nakalilipas mula nang dumating sila Mario sa Maynila nang makatanggap ng tawag si Mang Mario. Mukhang may bagong assignment ang ama ni Korina.*

*"Tay, saan po kayo pupunta?" tanong ni Korina.*

*"Sa Mindoro, anak," sagot ni Mang Mario.*

*"Mindoro?" biglang napaisip si Korina. "A, alam ko po iyon. Hindi po ba iyon po yung probinsiyang katabi ng Marinduque?"*

TALAAN

*"Tama! Ang galing naman ng anak ko!" natutuwang sabi ni Mang Mario. "Pero, teka saan mo natutuhan 'yan? Wala akong naalalang nasabi ko yan sa'yo."*

*"E, 'Tay hindi ba po pinalabas yun dun sa ano. Sa dokyu. Yung pong lagi nating pinapanood," sabi ni Korina.*

*"Baka dokumentaryo ang ibig mong sabihin," nakangiting sabi ni Mang Mario.*

*Mahilig manood ng dokumentaryo sina Korina at Mang Mario. Iyon kasi ang madalas nilang libangan. Kaya naman tuwing wala silang pasok, siguradong makikita silang nakaupo sa harap ng telebisyon. Mahilig din sina Korina at Mang Mario na mangolekta ng mapa ng iba't ibang lugar at pamphlet tungkol sa mga ito.*

*Handa nang umalis si Mang Mario papuntang Mindoro, ngunit bago umalis, may ibinigay itong kahon kay Korina. "E, 'Tay, ano po ito?" tanong ni Korina na nakatingin sa hawak na kahon. "Assignment mo," nakangiting sabi ni Mang Mario.*

*Ano kayang assignment ang tinutukoy ni Mang Mario?*

## 4 PAGTALAKAY SA KUWENTO

- Isulat ang sumusunod na tanong sa pisara.
  - Saan probinsiya pupunta si Mang Mario?
  - Ano ang gagawin niya doon?
  - Ano ang alam ni Korina tungkol sa Mindoro?
  - Paano nakakuha ng impormasyon si Korina tungkol sa Mindoro?
  - Sa palagay ninyo, anong uri ng bata si Korina?
  - Ano ang iniwan ni Mang Mario kay Korina?
  - Ano kaya ang assignment ni Mang Mario kay Korina?
- Bumuo ng pitong pangkat. Hayaang talakayin ng bawat pangkat ang kanilang sagot sa lahat ng tanong. Bigyan sila ng limang minuto para sa kanilang talakayan. Matapos ang limang minuto, itakda ang bawat tanong sa isang pangkat. Ilalahad ng bawat pangkat ang sagot sa tanong na itinakda sa kanila.

TALAAN

## 5 PAGBIBIGAY NG HINUHA

**Sabihin:** *Ang **hinuha** ay hula o palagay na nakabatay sa lohika, datos, at impormasyon. Kailangang bumuo ng hinuha kapag nagbabasa dahil may ilang bagay na hindi direktang sinasabi ng may-akda, ngunit ipinapahiwatig nito. Inference ang tawag dito sa wikang Ingles.*
*Kapag nagbibigay ng hinuha tungkol sa isang teksto, binabasa natin ang detalyeng nakasulat, at inuugnay natin ito sa sarili nating kaalaman upang matumbok ang ipinapahiwatig ng may-akda.*
*Magbibigay ako ng halimbawa ng teksto kung saan may detalyeng hindi diretsahang sinasabi, ngunit ipinapahiwatig:*

Nakatanggap ng telegrama ang tatay ni Korina. Agad-agad itong nag-impake ng kaniyang bag. "Ikaw muna ang bahala dito, ha?" sabi niya kay Korina.

**Itanong:** *Batay sa nalalaman ninyo tungkol sa trabahao ng tatay ni Korina, sa inyong hinuha, ano ang laman ng natanggap na telegrama? Bakit siya agad nag-impake? Saan pupunta ang tatay ni Korina?*

- Kumuha ng sagot mula sa mga mag-aaral. Tanungin kung ano ang batayan nila para sa kanilang hinuha. Tanungin kung anong mga detalye mula sa teksto ang nagpahiwatig ng sagot para sa kanila.
- Isulat ang sumusunod na teksto sa pisara, at hayaang magtulungan ang mga magkakatabi upang bumuo ng hinuha tungkol dito.

– **Mabilis na tumakbo papasok ng kanilang bahay si Korina. Basang-basa siya mula ulo hanggang paa. "Naku, anak, magpalit ka kaagad ng tuyong damit! Baka magkasakit ka niyan."** Bakit kaya basang-basa si Korina?

– **Umuwi si Mang Mario mula sa opisina na may malaking medalya at sertipiko. "Wow! Ang galing naman ng tatay ko! Wala talagang tatalo sa husay ng mga sinusulat ninyo," sabi ni Korina.** Bakit kaya may uwing medalya ang tatay ni Korina?

– **Binigyan ni Mang Mario ng kahon na may lamang assignment ni Korina.** Ano kaya ang assignment ni Korina?

**Sabihin:** *Pag-usapan ninyong magkatabi ang inyong hinuha. Kapag handa nang magbahagi ng inyong hinuha, tumayo kayo. Sisimulan natin ang paglalahad ng inyong mga hinuha kapag nakatayo na ang buong klase.*

- Magsagawa ng talakayan tungkol sa mga hinuha para sa bawat sitwasyon. Tumawag ng mga magkapares upang ilahad ang kanilang sagot. Hikayatin silang banggitin kung ano ang mga detalye sa teksto at ang sarili nilang karanasan o impormasyon na nagpahiwatig sa kanila ng tamang sagot.

TALAAN

## 6 PAGBIBIGAY NG PAMAGAT NG KUWENTO

**Itanong:** *Ano ang pamagat ng kuwentong narinig ninyo? Ano pa kaya ang maaaring pamagat nito? Isulat sa kuwaderno at kapag tinawag ko, ipaliwanag sa klase kung bakit inaakala ninyong angkop ang pamagat na iyon. Alalahanin na ang pamagat ay kadalasang nagsasaad ng pangunahing ideya ng kuwento.*

## 7 TAKDANG-ARALIN

Maghanda para sa bahaginan tungkol sa mga kilalang pagkain, produkto, at wika sa isang lalawigan o rehiyon. Maaaring magtanong sa inyong magulang tungkol dito. Kopyahin sa inyong kuwaderno ang maaaring panimulang pangungusap na gagamitin sa inyong pagbabahagi:

**Kilala ang lalawigan ng _______________ sa pagkaing _______________. Kilala ang _______________ sa mga produktong gawa sa _______________, gaya ng _______________. Ang pangunahing wika ng mga _______________ ay _______________.**

ARAW

2

## LAYUNIN

- Naibabahagi sa klase ang nalalaman tungkol sa pagkain, produkto, at wika ng isang lugar sa Pilipinas*
- Naibibigay ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng pag-aral kung paano ito ginagamit sa pangungusap*
- **F3AL-IIId-1** Natutukoy ang gawain ng may-akda/tagaguhit ng aklat o kuwento
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento sa Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- **F3PL-0a-j-6** Naipakikita ang hilig sa pagbasa sa pamamagitan ng masinsinang pagbasa ng nang maayos ng Leveled Reader
- Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa nabasang bahagi ng kuwento*
- Naibibigay ang angkop na pamagat ng binasang teksto*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## I BAHAGINAN:

- Ipakilala sa mga mag-aaral ang tema para sa linggo at hikayatin ang ilang mag-aaral na magbahagi ng ginawa nilang takdang-aralin tungkol sa paksang ito.

**Sabihin:** *Ang tema natin ngayong linggo ay tungkol sa kultura at tradisyon ng isang lugar. Ang pag-uusapan natin ay ang mga pagkain, produkto, at wika sa bawat lalawigan. Magbahaginan kayo tungkol sa sagot ninyo sa mga panimulang itinakda ko kahapon:*

Kilala ang lalawigan ng _______________
sa pagkaing _______________. Kilala ang
_______________ sa mga produktong gawa sa
_______________, gaya ng _______________.
Ang pangunahing wika ng mga _______________ ay
_______________.

- Magbigay ng halimbawang pangungusap upang magsilbing gabay sa mga mag-aaral.
  Halimbawa:
  *Kilala ang Bikol sa mga pagkaing gawa sa pili nuts, maanghang na ulam na gaya ng Bicol Express at ginataang laing. Kilala ang Bicol sa mga produktong gawa sa abaka, gaya ng mga bag, tsinelas, at mga palamuti. Ang pangunahing wika ng mga Bicolano ay Bikol.*

**Sabihin:** *Kayo naman ang magbahaginan. Bibigyan ko kayo ng tatlong minuto upang ibahagi ang inyong mga sagot sa inyong katabi.*

- Pagkatapos magbahaginan ang magkakatabi, tumawag ng ilang mag-aaral na maglalahad ng kanilang sagot sa buong klase.

TALAAN

## 2 PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA (PAGBASA NG LEVELED READER)

### a. Paghawan ng Balakid

**Sabihin:** *Nasa pisara ang mga salitang mababasa ninyo sa kuwento. Gagamitin ko ang mga ito sa pangungusap. Alamin ang kahulugan batay sa konteksto ng pangungusap.*

(1) **disc** (Maaaring magpakita ng disc)

**Sabihin:** *Ang tawag dito ay **disc**. Naglalaman ito ng mga puwedeng panoorin, basahin, o pakinggan. Inilalagay ito sa CD o DVD player, o sa kompyuter.*

(2) **DVD**

**Sabihin:** *Ang **DVD** ay isang acronym para sa terminong Ingles na "digital versatile disc" o "digital video disc." Nakagamit na ba kayo ng DVD? Kadalasan itong naglalaman ng mga pelikula o iba pang palabas. Ito ay maaaring patugtugin sa DVD player o kompyuter upang panoorin.*

(3) **parang dinaanan ng bagyo**

**Sabihin:** *Ang gulo ng kama ni Yna. Nasa kama ang mga labahang damit. Nasa sahig ang ilang aklat. Nakabukas ang kanyang kabinet. "Ano ba itong kuwarto mo Yna?" sabi ni Nanay.*
*"**Parang dinaanan ng bagyo!**"*

**Itanong:** *Sa kontekstong ito, ano ang ibig sabihin ng ekspresyon na parang dinaanan ng bagyo?*
*a. basang-basa b. magulong-magulo c. maraming sira*

### b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak

**Itanong:** *Ano ulit ang mga hula ninyo tungkol sa assignment ni Korina? Ano ang naging hinuha ninyo tungkol dito kahapon?*

### c. Pangganyak na Tanong

**Sabihin:** *Sa babasahin ninyong kuwento ngayon, alamin: Ano nga kaya ang iniwang assignment ni Mang Mario kay Korina?*

## 3 PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO

- Ipamahagi ang mga kopya ng Leveled Reader.

**Sabihin:** *Tingnan ang pabalat ng babasahin ninyong aklat. Ano-ano ang makukuha ninyong impormasyon dito? Basahin ang pamagat. Sino ang may-akda? Sino ang tagaguhit? Ano-ano ang nasa larawan?*

**PAALALA SA GURO**

Pakinggang mabuti at alalayan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa.

TALAAN

- Bigyan ng panahon ang mga bata na masinsinang tingnan ang pabalat ng aklat at buklatin ang mga pahina nito.

**Sabihin:** *Hahatiin ko ang klase sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ang magbabasa nang tahimik habang ang Pangkat 2 ang magbabasa nang malakas. Papakinggan ko ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2.*

*Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tahimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwento na isinulat ko sa pisara/tsart. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno.*

| **Pangkat 1** (*Magbabasa nang tahimik*) | **Pangkat 2** (*Magbabasa nang malakas*) |
|---|---|
| **Panuto:** Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na tanong:<br><br>**Pagsasanay**<br><br>1) Isusulat ni Korina sa __________ ang mga lugar na gusto niyang puntahan.<br><br>2) Tutulungan si Korina ni __________ na gumawa ng scrapbook.<br><br>3) Tinagurian ang Romblon na __________.<br><br>4) Ang __________ ay tinatawag na Galapos Island ng Asya.<br><br>5) Maraming alam si Aling Armi tungkol sa Romblon dahil __________. | **Sabihin:** *Tatawag ako ng mag-aaral na magbabasa nang malakas ng bahagi ng kuwento. Habang nagbabasa siya nang malakas, susundan ninyo ang binabasa niya. Maaari akong magtanong tungkol sa bahaging binasa.*<br><br>(Mga maaaring itanong ng guro):<br><br>1) *Ano ang assignment ni Mang Mario kay Korina?*<br><br>2) *Sino ang tutulong kay Korina sa paggawa ng assignment?*<br><br>3) *Paano sila makakakuha ng ng impormasyon tungkol sa Romblon?*<br><br>4) *Bakit tinaguriang Galapos Island ng Asya ang Isla ng Sibuyan?*<br><br>5) *Ano-ano ang ibinahagi ni Aling Armi na alam niya tungkol sa Romblon?* |
| (Kasama ang guro)<br><br>**Pagtalakay ng sagot sa pagsasanay at pagbasa ng ilang bahagi ng kuwento**<br><br>Tumawag ng mag-aaral upang sagutan ang bawat tanong. Ipabasa nang malakas sa ibang mag-aaral ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay sa | **Pagsagot sa Pagsasanay**<br><br>**Sabihin:** *Pupunta ako sa Pangkat 1 at sila naman ang papakinggan kong magbasa. Punan ang pangungusap ng tamang sagot:*<br><br>1) Binigyan si Korina ng assignment ni __________. |

TALAAN

sagot na ibinigay. Gawin ito para sa bawat tanong sa pagsasanay. Tiyakin na may pagkakataon ang lahat ng mga mag-aaral sa Pangkat 1 na lumahok sa talakayan.

Kung may panahon pa, talakayin ang karagdagang tanong:

*Ano-ano ang gusto ninyong malaman tungkol sa Romblon?*

2) Ang assignment niya ay tungkol sa pagsusulat sa scrapbook ng mga lugar na gusto niyang ___________.

3) Tutulungan siyang gumawa ng scrapbook ni ___________.

4) Nagbabakasyon si Aling Armi sa Tiya ___________ niya na nakatira sa Romblon.

5) Maraming produktong gawa sa ___________ sa Romblon.

## 4 PAGBIGAY NG MAARING PAMAGAT NG KUWENTO

**Sabihin:** *Ano ang pamagat ng binasa ninyong kuwento? Ano-ano pa kaya ang maaaring pamagat nito? Pumili sa mga pamagat sa ibaba at ipaliwanag kung bakit ito ang napili ninyo.*

– Ang Assignment ni Korina

– Ang Lalawigan ng Romblon

– Mga Produktong Gawa sa Marmol

## 5 TAKDANG-ARALIN

Ipagpapatuloy natin bukas ang bahaginan tungkol sa pagkain, produkto, at wika ng isang lalawigan. Magsaliksik tungkol sa isang lalawigan at alamin ang mga detalyeng nabanggit tungkol dito.

ARAW

# 3

## LAYUNIN

- Naibabahagi sa klase ang tungkol sa produkto, pagkain, at wika ng isang lalawigan*
- Nailalarawan ang pook o bagay sa nabasang kuwento gamit ang angkop na pang-uri*
- **F3WG-IIIe-g-5** Nagagamit sa pangungusap ang angkop na Pandiwa
- Nagagamit nang wasto ang mga pang-abay na naglalarawan ng kilos o gawi
- Nababasa, nababaybay nang wasto at nagagamit sa pangungusap ang mga salita na binubuo ng salitang-ugat at panlapi (unlapi, gitlapi, at hulapi)*
- Naisusulat ang isang talaan tungkol sa binasang teksto*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Tatawagin ko ang mga mag-aaral na magbabahagi ng nakuha nilang impormasyon tungkol sa pagkain, produkto, at wika ng isang lalawigan o rehiyon. Maaari pa ring gamitin ang panimulang ibinigay ko kahapon:*

Kilala ang lalawigan ng ______________
sa pagkaing ______________. Kilala ang
______________ sa mga produktong gawa sa
______________, gaya ng ______________.
Ang pangunahing wika ng mga ______________ ay
______________.

Tumawag ng mga mag-aaral na hindi pa nakapaglalahad sa harapan ng klase. Magbigay ng dagdag na tulong sa kanilang pagbabahagi kung kailangan.

## 2 PAGSAGOT NG PAGSASANAY SA SKILL BUILDER

Skill Builder

***Gawain:*** Pagsasanay sa pang-uri, pang-abay at pandiwa

Ipamahagi ang mga Leveled Reader.

**Sabihin:** *Buksan sa pahina 16 ang inyong aklat. Sagutin ang pagsasanay na matatagpuan dito. Isulat ang inyong sagot sa inyong kuwaderno.*

## 3 PAGSASANAY: MGA SALITANG MAY PANLAPI

**Sabihin:** *Basahin ang mga salitang nanggaling sa binasa ninyong kuwento:*

| Hanay 1 | Hanay 2 | Hanay 3 |
|---|---|---|
| natuwa | sinabi | puntahan |
| naupo | tumawa | tulungan |
| mahilig | sinulat | ligpitin |
| katabi | dumating | pindutin |
| umalis | pumasok | basahin |
| magsaliksik | pumunta | puntahan |

*Ang mga salita sa bawat hanay ay may* ***panlapi****. Sino ang nakaaalala kung ano ang panlapi?*

*Tama! Ang panlapi ay letra o pantig na ikinakabit sa salita upang magkaroon ang mga ito ng ibayong kahulugan. Ang salita na dinadagdagan ng panlapi ay tinatawag na salitang-ugat. Maaaring ikabit ang panlapi sa unahan, sa gitna, o sa hulihan ng salitang-ugat.*

*Ano ang tawag sa panlaping ikinabit sa sa unahan ng salitang-ugat?*
*Ano ang tawag sa panlaping ikinabit sa sa gitna ng salitang-ugat?*
*Ano ang tawag sa panlaping ikinabit sa sa hulihan ng salitang-ugat?*

**Basahin:**

*Ang* ***panlapi*** *ay letra o mga letra na ikinakabit sa salita upang magkaroon ang mga ito ng ibayong kahulugan.*

*Ang tawag sa panlapi sa unahan ng salitang-ugat ay* ***unlapi.***
*Ang tawag sa panlapi sa gitna ng salitang-ugat ay* ***gitlapi****.*
*Ang tawag sa letra o mga letra na ikinabit sa sa unahan ng salitang-ugat ay* ***hulapi****.*

**Sabihin:** *Basahing muli ang mga salita sa kahon. Bilugan ang unlapi, gitlapi, o hulapi.*

## 4 PAGSULAT NG TALAAN

TALAAN

**Sabihin:** *Ang talaan ay listahan ng mga ginawa, nabasa o napanood. Habang nanonood si Korina ng dokumentaryo tungkol sa Romblon, gumawa siya ng talaan. Punan ng impormasyon tungkol sa Romblon ang talaan ni Korina:*

**Lalawigan:** ____________________
**Rehiyon:** ____________________
**Taguri sa probinsiya:** ____________________
**Taguri sa Isla ng Sibuyan:** ____________________

TALAAN

## 5 TAKDANG-ARALIN

Ipagpapatuloy ang pagbabahagi ng nalalaman tungkol sa produkto, pagkain, at wika ng isang lalawigan. Magsaliksik tungkol sa isang lalawigan at alamin ang mga detalyeng ito.

## ARAW 4

### LAYUNIN

- Naibabahagi sa klase ang tungkol sa produkto, pagkain, at wika ng isang lalawigan*
- **F3PT-Ic-1.4** Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga ito sa pangungusap
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon, at nasasagot ang mga pagsasanay tungkol dito
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot*
- Naibibigay ang sariling pananaw o kuro-kuro sa binasang kuwento*
- Nakikilala ang panlapi sa mga salita at nasasabi kung ito ay unlapi, gitlapi, o hulapi*

** Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Tatawag ulit ako ng mga mag-aaral na magbabahagi ng nalalaman nila tungkol sa produkto, pagkain at wika ng isang lalawigan. Maaari pa ring gamitin ang panimulang ibinigay ko kahapon:*

Kilala ang lalawigan ng _______________
sa pagkaing _______________. Kilala ang
_______________ sa mga produktong gawa sa
_______________, gaya ng _______________.
Ang pangunahing wika ng mga _______________ ay
_______________.

Tumawag ng mga mag-aaral na hindi pa nakapaglalahad sa harapan ng klase. Magbigay ng dagdag na tulong sa kanilang pagbabahagi kung kailangan.

## 2 PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA NG LEVELED READER

### a. Paghawan ng Balakid

**Sabihin:** *Basahin ang mga salita sa pisara. Makinig sa sasabihin kong pangungusap tungkol dito. Alamin ang kahulugan batay sa konteksto ng pangungusap.*

TALAAN

**plorera, almires**

(Maaaring magpakita ng tunay na plorera at almires o larawan ng mga ito).

(1) **plorera**

**Basahin:** *Nagdala sila ng bulaklak sa puntod ng kanilang lolo. Inilagay nila ang mga bulaklak sa isang malaking **plorera**.*

**Itanong:** *Ano ang inilagay sa plorera? Ano ang salitang Ingles para sa bulaklak? May kaugnayan kaya ang salitang flower o ang salitang Latin na flora sa salitang plorera? Ano ang kahulugan ng plorera?*

**Isulat: plorera** – lalagyan ng bulaklak

(2) **almires**

**Basahin:** *Inilagay ng kusinero ang paminta sa **almires** upang idikdik nang pinong-pino.*

**Itanong:** *Nakakita na ba kayo ng almires? May ganito ba kayo sa kusina? Ano pa ang ibang puwedeng idikdik sa almires bukod sa paminta? Ano ang kahulugan ng almires?*

**Isulat: almires** – gamit sa kusina na pinagdidikdikan ng mga rekado

### b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak

**Sabihin:** *Kilala ang Romblon dahil sa marmol na galing dito. Ano-ano ang gamit ng marmol?*

### c. Pangganyak na Tanong

**Sabihin:** *Sa babasahin ninyong kuwento, alamin: Ano-ano ang gamit ng marmol?*

## 3 PAGBASA NG MGA MAG-AARAL NG KUWENTO

**Sabihin:** *Hahatiin ko kayong muli sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ang magbabasa nang tahimik, at ang Pangkat 2 ang papakinggan ko habang nagbabasa nang malakas.*

*Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento?*
*Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

Ipamahagi ang mga Leveled Reader sa bawat pangkat.

**TALAAN**

| **Pangkat 1**<br>*(Magbabasa nang tahimik)* | **Pangkat 2**<br>*(Magbabasa nang malakas)* |
|---|---|
| **Panuto:** Basahin nang tahimik ang kuwento. Pagkatapos magbasa, sagutan ang pagsasanay sa inyong kuwaderno:<br><br>**Pagsasanay**<br><br>Sagutin ang mga tanong:<br><br>1) Ginagawang ___________ na lalagyan ng bulaklak ang marmol.<br><br>2) Ang ___________ ay sinabawang gulay na niluluto ng mga taga Romblon.<br><br>3) Pangunahing sangkap ng taghilaw ang ___________.<br><br>4) Ang pangunahing wika ng Romblon ay Tagalog na may impluwesya ng ___________ at Kabikulan.<br><br>5) Nakagawa si Korina at ang nanay niya ng scrapbook tungkol sa ___________. | **Sabihin:** *Habang nagbibigay ako ng instruksyon sa Pangkat 1, maaaring tingnan ang pabalat ng aklat at buklatin ang bawat pahina.*<br><br>(Kapag kasama na ang Pangkat 1)<br><br>**Sabihin:** *Tatawag ako ng mag-aaral na magbabasa nang malakas ng bahagi ng kuwento. Habang nagbabasa siya nang malakas, susundan ninyo ang binabasa niya. Maaari akong magtanong tungkol sa bahaging binasa.*<br><br>(Mga maaaring itanong ng guro):<br><br>1) *Ano-ano ang gamit sa bahay nina Korina na gawa sa marmol?*<br><br>2) *Ano ang inaslom?*<br><br>3) *Ano ang kaibahan ng inaslom sa bulalnglang?*<br><br>4) *Ano ang taghilaw?*<br><br>5) *Bakit minsan may pagkakaiba ang parehong pagkain sa iba't ibang rehiyon?* |
| (Kasama ang guro)<br><br>Tatawag ako ng mga mag-aaral. Sasabihin ng tinawag ko ang sagot niya sa unang tanong sa pagsasanay. Pagkatapos, babasahin ng ibang mag-aaral ang bahagi ng kuwento kung saan makikita ang sagot sa tanong na ito. Gagawin natin ito para sa bawat tanong. | **Sabihin:** *Lilipat ako sa Pangkat 1. Habang nasa Pangkat 1 ako, punan ninyo ng angkop na salita ang sumusunod na mga pangungusap. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno.*<br><br>1) Ang ___________ na lalagyan ng mga bulaklak ay gawa sa ___________.<br><br>2) Nagluto si Aling Armi ng sinabawang gulay na ang tawag sa Romblon ay ___________. |

TALAAN

Kung may panahon pa, talakayin ang sumusunod na karagdagang tanong:

*Ano-ano ang sangkap ng taghilaw?*

3) Ang ___________ ay pagkaing ang sangkap ay lamang loob ng baboy.

4) Ang pangunahing wika sa Romblon ay ___________.

5) Nagkakaiba ang mga pagkain sa iba't ibang rehiyon na pareho ang pangalan dahil ___________.

## 4 PAGBIGAY NG SARILING KURO-KURO

**Sabihin:** *Ang kuro-kuro o opinyon ay nagsasaad ng sariling pananaw tungkol sa isang paksa. Madalas, nakabatay ang ating kuro-kuro sa personal na panlasa, hilig, o partikular na karanasan natin. Posibleng magkaroon ng magkakaibang opinyon ang iba-ibang tao tungkol sa iisang bagay.*

- Basahin ang mga tanong at isipin ang inyong kuro-kuro tungkol dito:

  1) *Ano ang mas masarap: ang pili ng Bicol o ang kasuy ng Antipolo?*

  2) *Aling bulkan ang mas sikat: ang Mayon o ang Pinatubo?*

  3 *Aling wika ang mas mahirap matutunan: Ingles o Tagalog?*

- Hikayatin ang mga mag-aaral na magpalitan ng kanilang opinyon sa isang debate. Tumawag ng ilang mag-aaral upang maghayag ng kanilang magkatunggaling kuro-kuro at kung ano ang batayan nila para dito. Matapos nilang magpahayag, ipataas ang kamay ng mga mag-aaral upang ipakita kung sa aling panig sila sumasang-ayon. Ipaalala sa mga mag-aaral na natural lamang ang magkaroon ng pagkakaiba ng opinyon. Ang mahalaga ay ang paggalang sa bawat tao at pagrespeto sa kanilang opinyon, kahit pa kaiba ito sa ating pananaw.

## 5 PAGSASANAY: MGA SALITANG MAY PANLAPI

- Ipasipi at ipasagot sa kanilang kuwaderno ang pagsasanay sa ibaba.

  ***Panuto:*** *Basahin ang bawat salita. Bilugan ang panlapi. Sabihin kung ito ay unlapi, gitlapi, o hulapi:*

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1) sinabi | ___________ | 6) dumating | ___________ |
| 2) dikitan | ___________ | 7) tumawa | ___________ |
| 3) kukunin | ___________ | 8) sinulat | ___________ |

TALAAN

4) lutuin ____________ 9) tawagin ____________
5) nagsalita ____________ 10) dumating ____________

## 6 TAKDANG-ARALIN

- Pumili ng tatlong salitang may panlapi mula sa ginawang pagsasanay. Gamitin ang mga ito sa sariling pangungusap. Isulat ang pangungusap sa inyong kuwaderno.
- Maghandang magbahagi tungkol sa inyong isinaliksik tungkol sa pagkain, produkto, at wika ng isang lalawigan sa Pilipinas bukas.

## ARAW 5

### LAYUNIN

- Naibabahagi sa klase ang tungkol sa produkto, pagkain, at wika ng isang lalawigan*
- Nakagagawa ng isang dayagram tungkol sa binasang rehiyon*
- Nakasusulat ng talata tungkol sa isang rehiyon*
- Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Sino pa ang hindi pa nakapagbabahagi ng kaniyang saliksik tungkol sa pagkain, produkto, at wika ng isang lalawigan? Pumunta sa harapan ng klase at ilahad ang inyong nakalap na impormasyon. Maaari ulit ninyong gamitin ang ibinigay kong panimula kahapon:*

Kilala ang lalawigan ng ______________
sa pagkaing ______________. Kilala ang
______________ sa mga produktong gawa sa
______________, gaya ng ______________.
Ang pangunahing wika ng mga ______________ ay
______________.

Tumawag ng mga mag-aaral na hindi pa nakapaglalahad sa harapan ng klase. Magbigay ng dagdag na tulong sa kanilang pagbabahagi kung kailangan.

## 2 PAGSAGOT NG SKILL BUILDER

Skill Builder

***Gawain:*** Pagsulat ng Talata

Ipamahagi ang mga Leveled Reader.

TALAAN

**Sabihin:** *Buksan ang inyong aklat sa pahina 22. Sagutan ang pagsasanay. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno.*

## 3 PAGSULAT NG TALATA

**Itanong:** *Ano-ano ang nagustuhan ninyo tungkol sa kuwento ng Romblon? Anong mga detalye o impormasyon mula dito ang nakapukaw sa inyong interes? Magsulat ng talata na binubuo ng 5-8 pangungusap at nagbibigay ng 5-8 na mahalagang detalye tungkol dito. Ipasa ang inyong kuwaderno sa akin kapag natapos na ninyo ang inyong talata upang mabasa ko ang inyong sinulat.*

## 4 PAGSASANAY: PAGBALIK-ARAL SA NAPAG-ARALANG TALASALITAAN

**Sabihin:** *Punan ang bawat pangungusap ng salita mula sa kahon:*

| | | |
|---|---|---|
| **mananaliksik** | **almires** | **artikulo** |
| **manunulat** | **dokumentaryo** | **plorera** |

1) Si G. Almario ay isang ________________. Maraming siyang isinulat na mga kuwentong pambata.
2) Ginamit ni Nanay ang ________________ para dikdikin ang paminta.
3) Ang gaganda ng mga bulaklak sa salas. At ang ganda ng disenyo ng lalagyang ________________.
4) Nabasa ko sa diyaryo ang ________________ tungkol sa programa ng K to 12.
5) Napanood ko sa telebisyon ang ________________ tungkol sa buhay ni Ninoy Aquino.

ARALIN


# 27

## GABAY SA PAGTUTURO

# IKATLONG BAITANG FILIPINO

### TEMA: PAGPAPAHALAGA SA IBA'T IBANG PANGKAT NG TAO SA LALAWIGAN AT REHIYON

### LEVELED READER: "SINA BONG, BUBOY, AT ANG MGA KATUTUBONG PANGKAT"



**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO**
**IKATLONG BAITANG**
**YUNIT 3, ARALIN 27**

**Tema: Pagpapahalaga sa Iba't Ibang Pangkat ng Tao sa Lalawigan at Rehiyon**
***Leveled Reader:* "Sina Bong, Buboy, at ang mga Katutubong Pangkat"**
*(Kuwento ni Sierra Mae Paraan; Inedit ni Pia Zorayda Buiños; Guhit ni Hannah Manaligod)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| | | • Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na: | |
| | TA | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Pagtalakay ng Paksa<br>• Pagpapahalaga ng Iba't-ibang Pangkat ng Tao sa Lalawigan at Rehiyon |
| | PT | • Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit sa konteksto.* | • Paghawan ng Balakid: *away-bati, tumaas ang dugo, kumislap ang mata*<br>• Pagganyak at Pangganyak na Tanong |
| I | TA | • **F3TA-0a-j-1** Nakikinig sa kuwentong binabasa ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto. | • Pakikinggang Kuwento *(Listening Story)*: "Sina Bong at Buboy" |
| | PN | • **F3PN-IIIg-3** Nasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento. | • Pagtalakay sa Kuwento |
| | PN | • Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa tekstong napakinggan.* | • Pagsusunod-sunod sa mga pangyayari |
| | PN | • Naipahahayag ang sariling ideya, damdamin o reaksiyon sa iba't ibang pangyayari sa kuwento.* | • Pagbigay ng Reaksiyon |

**DOMAINS: *** – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| | |
| 1. Bahaginan<br>• Ipaliwanag ang tema para sa linggong ito at hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng nalalaman tungkol dito. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng nalalamang pangkat ng tao sa lalawigan o rehiyon |
| 2. Paghahanda sa Pakikinig sa Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng kahulugan ng mga salita mula sa kuwento.<br>b. Pagganyak<br>• Magbigay ng pagganyak na gawain.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Pakikinig sa Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap<br>b. Pagganyak<br>• Pagsali pagganyak na gawain<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot pangganyak na tanong |
| 3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro<br>• Basahin ang kuwento at magtanong tungkol dito. | 3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro<br>• Pakikinig sa kuwento at pagsagot sa mga tanong tungkol dito |
| 4. Pagtalakay sa Kuwento<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang mga tanong tungkol sa kuwento. | 4. Pagtalakay sa Kuwento<br>• Pagsagot sa mga tanong tungkol sa kuwento |
| 5. Pagsusunod-sunod sa Pangyayari<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa kuwento. | 5. Pagsusunod-sunod sa Pangyayari<br>• Pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa napakinggang kuwento |
| 6. Pagbigay ng Sariling Reaksiyon<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng sariling reaksiyon sa mga bahagi ng pinakinggang kuwento. | 6. Pagbigay ng Sariling Reaksiyon<br>• Pagbigay ng reaksiyon sa mga piling bahagi ng pinakinggang kuwento |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 1 | | | |
| 2 | TA | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Pagbahagi ng sagot sa takdang-aralin |
| | PT | • Naibibigay ang pormal na depinisyon ng mga salita.* | • Pagbigay ng depinisyon ng: *pinagbiyak na bunga, nagkukumpuni, sungka, napanganga, katutubo, pumaswit* |
| | TA | • **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon. | • Leveled Reader: *Si Bong, Buboy at ang mga Katutubong Pangkat*<br>• Pagbasa ng unang bahagi ng Leveled Reader |
| | AL | • Naipapakita ang pananabik na mapakinggan at makapagbahagi ng sariling kuwentong narinig tungkol sa iba't ibang pangkat ng Pilipino.* | |
| | PB | • Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa binasang teksto.* | • Pagtalakay sa kuwento at pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwentong binasa |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 7. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 7. Takdang-Aralin<br>• Pagbigay ng prediksiyon sa kuwentong babasahin |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang takdang-aralin sa klase. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng kanilang takdang-aralin sa klase |
| 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng kahulugan ng mga salita sa kuwento at sa paggamit ng mga ito sa pangungusap.<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pag-alala sa kuwentong binasa noong nakaraang araw at magbigay ng pagganyak na gawain.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita mula sa kuwento at paggamit ng mga ito sa pangungusap<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot sa pangganyak na tanong |
| 3. Pagbasa ng Leveled Reader at Pagsagot sa mga Tanong<br>• Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at sa mga gawain. | 3. Pagbasa ng Leveled Reader at Pagsagot sa mga Tanong<br>• Pangkat 1 (Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagbasa nang tahimik (may kahirapang teksto) at pagsagot sa pagsasanay<br>• Pangkat 2 (Mga Nahihihrapang Bumasa): Pagbasa nang malakas (may kadaliang teksto) at pagsagot sa mga tanong ng guro |
| 4. Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari at Muling Pagsasalaysay ng Binasang Kuwento<br>• Talakayin ang Kuwento at hikayatin ang mga mag-aaral na pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa binasang kuwento.<br>5. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 4. Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari at Muling Pagsasalaysay ng Binasang Kuwento<br>• Pagsagot sa mga tanong tungkol sa kuwento at pagsunod-sunod ng mga pangyayari<br>5. Takdang-Aralin<br>• Pagsasa-ayos at pagsulat ng mga pangungusap ayon sa tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 3 | **PB** | • Naisusulat ang balangkas ng kuwento na wasto ang pagkasunod-sunod.* | • Pagsulat ng balangkas ng kuwento |
| | **WG** | • Nailalarawan ang mga tauhan sa binasang kuwento.* | • Pagsagot ng Skill Builder: Paglarawan ng mga tauhan |
| | **WG** | • Nagagamit nang wasto ang mga pang-abay na naglalarawan ng kilos o gawi.* | • Pang-abay na Pamaraan |
| 4 | **PS** | • Naisasalaysay muli ang binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod.* | • Pagsalaysay muli ng binasang teksto |
| | **PT** | • **F3PT-Ic-1.4** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga ito sa pangungusap. | • Paghawan ng Balakid: *napangiwi, pagtatatô, dambuhala, simbolo, epiko* |

**DOMAINS: *** – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 1. Panimulang Gawain<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa gawain. | 1. Panimulang Gawain<br>• Pagsulat ng mga pangungusap tungkol sa mga pangyayari sa kuwento sa pisara |
| 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang pagsasanay sa Skill Builder tungkol sa paglarawan ng mga tauhan. | 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder tungkol sa paglarawan ng mga tauhan |
| 3. Pagkilala sa mga Pang-abay Pamaraan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na kilalanin ang mga salita na naglalarawan kung paano ginawa ang kilos.<br>4. Pagsasanay<br>• Magbigay ng pagsasanay tungkol sa pang-abay na pamaraan.<br>5. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 3. Pagkilala sa mga Pang-abay Pamaraan<br>• Paggamit nang wasto ng mga salitang naglalarawan kung paano ginawa ang kilos<br>4. Pagsasanay<br>• Pagsagot sa pagsasanay na ibinigay ng guro<br>5. Takdang-Aralin<br>• Pagsulat ng mga pangungusap na may pang-abay na pamaraan |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin at gabayan ang mga mag-aaral na muling isalaysay ang kuwento.<br>2. Pagtalakay sa Pang-abay na Pamaraan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi sa kanilang katabi ang kanilang takdang-aralin. | 1. Bahaginan<br>• Pagsalaysay muli ng binasang teksto<br>2. Pagtalakay sa Pang-abay na Pamaraan<br>• Pagbasa ng mga pangungusap na ginawa sa katabi at pagtatanong tungkol sa mga pang-abay na pamaraan sa mga pangungusap na nabuo |
| 3. Paghahanda para sa Indibidwal na Pagbasa ng Leveled Reader<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng kahulugan ng mga salita mula sa babasahing teksto.<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pag-alala sa kuwentong binasa noong nakaraang araw at magbigay ng pagganyak na gawain.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 3. Paghahanda para sa Indibidwal na Pagbasa ng Leveled Reader<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot sa pangganyak na tanong |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 4 | TA | • **F3TA-0a-j-3**<br>Nababasa ang Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon. | • Leveled Reader: *Si Bong, Buboy at ang mga Katutubong Pangkat*<br>• Pagbasa ng ikalawang bahagi ng Leveled Reader<br>• Pagtalakay ng Kuwento |
| | PB | • **F3PB**<br>Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot. | |
| | KP<br>PP | • **F3KP-IIIe-g-6; F3PP**<br>Nakapagpapalit at nakapagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng bagong salita. | • Pagdaragdag o Pagbawas ng Tunog upang Makabuo ng Bagong Salita |
| 5 | WG | • **F3WG**<br>Nailalarawan ang imahe ng tatô na gustong ipinta sa katawan at nasasabi kung bakit ito ang gusto niya. | • Pagsagot ng Skill Builder:<br>a. Paglarawan ng tatô na gustong ipinta |
| | PB | • Nahihinuha kung tungkol saan ang epiko batay sa mga tauhan na pinaghahambingan nito. | b. Paghinuha kung tungkol saan ang epiko batay sa tauhan na pinaghahambingan |
| | PT | • Nagagamit ng wasto ang mga napag-aralang salita. | • Pagbalik-aral sa napag-aralang talasalitaan at pagsagot ng pagsasanay tungkol dito |
| | EP | • Nabibigyang kahulugan ang simpleng talaan. | • Pagbigay kahulugan sa simpleng talaan |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 4. Pagbasa ng Leveled Reader at Pagsagot sa mga Tanong<br>• Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at sa mga gawain. | 4. Pagbasa ng Leveled Reader at Pagsagot sa mga Tanong<br>• Pangkat 1 (Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagbasa nang tahimik (may kahirapang teksto) at pagsagot sa pagsasanay<br>• Pangkat 2 (Mga Nahihihrapang Bumasa): Pagbasa nang malakas (may kadaliang teksto) at pagsagot sa mga tanong ng guro |
| 5. Pagsasanay: Pagdaragdag o Pagbawas ng Tunog upang Makabuo ng Bagong Salita<br>• Hikayatin ang mag-aaral na magdagdag o magbawas ng tunog ng salita upang makabuo ng bagong salita.<br>6. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 5. Pagsasanay: Pagdaragdag o Pagbawas ng Tunog upang Makabuo ng Bagong Salita<br>• Pagbuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagdagdag o pagbawas ng tunog<br>6. Takdang-Aralin<br>• Pagguhit ng nais na tatô sa kuwaderno |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang takdang-aralin sa klase.<br>2. Pagsagot ng Skill Builder<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral sa paglalarawan ng tatô na nais nilang ipinta sa kanilang katawan. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng kanilang takdang-aralin sa kanilang kaklase<br>2. Pagsagot ng Skill Builder<br>• Paglarawan ng tatô na nais ipinta sa katawan |
| • Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng kanilang hinuha tungkol sa epiko batay sa mga tauhang pinaghambingan nito. | • Pagbigay ng hinuha tungkol sa epiko batay sa mga tauhan na pinaghambingan nito |
| 3. Pagsasanay: Pagbabalik-Aral sa Napag-aralang Talasalitaan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na punan ang mga pangungusap ng napag-aralang salita. | 3. Pagsasanay: Pagbabalik-Aral sa Napag-aralang Talasalitaan<br>• Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan |
| 4. Pagbigay ng Kahulugan sa Isang Talaan<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabalik-aral tungkol sa talaan at paghikayat sa mga mag-aaral na pag-aralan ito at sagutin ang mga tanong tungkol dito.<br>5. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag ang takdang-aralin sa mga mag-aaral | 4. Pagbigay ng Kahulugan sa Isang Talaan<br>• Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa talaan<br>5. Takdang-Aralin<br>• Paggawa ng sariling talasalitaan |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

**ARAW**

**1**

**LAYUNIN**

- **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit sa konteksto*
- **F3TA-0a-j-1** Nakikinig sa kuwentong binabasa ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto
- **F3PN-IIIg-3** Nasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento
- Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa tekstong napakinggan*
- Naipahahayag ang sariling ideya/damdamin o reaksiyon tungkol sa sa napakinggang kuwento*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

- Ipakilala sa mga mag-aaral ang tema para sa linggo, at hikayatin ang ilang mag-aaral na magbahagi ng nalalaman tungkol sa paksang ito.

**Sabihin:** *Ang tema natin ngayong linggo ay tungkol sa* ***Pagpapahalaga ng Iba't Ibang Pangkat ng Tao sa Lalawigan at Rehiyon.*** *Tinatawag din silang mga katutubo. May alam ba kayong pangkat ng tao sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas? Alam kong pinag-aaralan ninyo ito sa Araling Panlipunan. Maaari ninyong gamitin ang panimulang ito*

Mula sa ______ ang mga ______, isang katutubong pangkat ng tao dito sa Pilipinas.

- Magbigay ng halimbawang pangungusap upang magsilbing gabay sa mga mag-aaral. Halimbawa: *Mula sa Mindoro ang mga Mangyan, isang katutubong pangkat ng tao dito sa Pilipinas.*

- Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi sa buong klase.

**Sabihin:** *Maaaring magbahagi bukas ang hindi nakapagbahagi ngayon. Puwede kayong magsaliksik o magtanong sa nanay o tatay o sa lolo't lola tungkol sa mga katutubong Pilipino.*

## 2 PAGHAHANDA SA PAKIKINIG SA KUWENTO

### a. Paghawan ng Balakid

**Sabihin:** *Pansinin ang mga pag-aaralan nating mga parirala ngayong araw. Basahin ang mga ito, at isulat ang hula ninyong kahulugan sa inyong kuwaderno. Bibigyan ko kayo ng tatlong minuto upang isulat ang tingin ninyong kahulugan ng mga parirala sa inyong kuwaderno.*

**away-bati** **kumislap ang mga mata**
**tumaas ang dugo**

TALAAN

- Matapos ang tatlong minuto, simulan ang diskusyon.

**Sabihin:** *Talalakayin natin ngayon ang kahulugan ng mga pariralang ito. Tingnan natin kung tama ang isinulat ninyong kahulugan.*

(1) **away-bati**

**Sabihin:** *Tambalang salita ang* ***away-bati.*** *Ano ang dalawang salita na bumubuo dito? Ano ang ibig sabihin ng bawat isa? Makasinghulugan ba ito o magkasalungat? Kapag sinabing away-bati ang dalawang tao, ibig sabihin ba nito ay lagi silang magkasundo? Lagi ba silang nagtatalo? Ano ang ibig sabihin ng away-bati?*

**Isulat:** **away-bati** – palaging nagtatalo at nagkakasundo muli

(2) **tumaas ang dugo**

**Sabihin:** *Narinig na ba ninyo ang ekspresyon sa Ingles na "high blood"? Kasingkahulugan ito ng* ***tumaas ang dugo****. Kapag sinabing "high blood" o tumaas ang dugo ng isang tao, maaaring totoong may altapresyon ito o masyadong mataas ang blood pressure. Maaari ring ekspresyon lamang ito na nagpapahiwatig na galit na galit ang isang tao. Gagamitin ang pariralang ito sa babasahin kong kuwento ngayon. Sa palagay ninyo, talaga kayang may sakit ng altapresyon ang tinutukoy sa kuwento, o galit na galit lamang? Tingnan natin mamaya.*

**Isulat:** **tumaas ang dugo** – ekspresiyong ginagamit kapag galit na galit ang isang tao; sa medisina, kondisyon kung saan may altapresyon o masyadong mataas ang *blood pressure*

(3) **kumislap ang mga mata**

**Sabihin:** *Gagamitin ko sa isang sitwasyon ang pariralang ito. May mahirap na tanong ang guro. Lahat ng bata ay nakatungo dahil hindi nila alam ang sagot at ayaw nilang matawag ng guro. Maya-maya,* ***kumislap ang mga mata*** *ni Myrna. Nagtaas siya ng kamay. Bakit kaya kumislap ang mga mata ni Myrna? Kapag kumislap ang mga mata ng tao, ano ang ibig sabihin? Tama! Parang sinasabi niya na may naisip siyang ideya. "Alam ko na!" Kumikislap din ba ang mata ninyo kapag may naisip kayong ideya?*

**Isulat:** **kumislap ang mata** – may naisip na magandang ideya

**Sabihin:** *Balikan ang mga hulang kahulugan na isinulat ninyo sa inyong kuwaderno. Malapit ba ito sa mga kahulugan na isinulat ko sa pisara? Sipiin ninyo ngayon ang talasalitaan, at gamitin sa sarili ninyong pangungusap ang mga pariralang ito.*

TALAAN

### b. Pagganyak

**Itanong:** *Mayroon ba kayong kapatid? Ano ang paboritong laro ninyong magkapatid? Palagi ba kayong nagkakasundo habang naglalaro? Nag-aaway din ba kayo habang naglalaro?*

### c. Pangganyak na Tanong

**Sabihin:** *Sa babasahin kong kuwento ngayon, alamin: Ano ang paboritong laro nina Bong at Buboy? Ano ang relasyon nilang dalawa? Lagi ba silang magkasundo?*

## 3 PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO

**Sabihin:** *Pakinggan ang babasahin kong kuwento. Ang pamagat nito ay "Sina Bong at Buboy." Ang may-akda ng kuwento ay si Bb. Sierra Mae Paraan. Handa na ba kayong makinig?*

**"Sina Bong at Buboy"**
Kuwento ni Sierra Mae Paraan

*Magkapatid sina Bong at Buboy. Sabay silang gumigising, pumapasok sa paaralan, at naglalaro. Paborito nilang maglaro ng habulan, taguan, at patintero. Madalas, nauuuwi ang mga laro nila sa away at gulo.*

*"Si Buboy po kasi e!"*
*"Nauna po si Bong!"*

*Iyan ang madalas na naririnig ni Lola Hermie sa dalawa. Si Lola Hermie ang tagapag-alaga sa dalawang bata tuwing may pasok ang mga magulang nina Bong at Buboy. Away-bati ang relasyon ng kambal. Palagi nilang inirereklamo ang isa't isa. Iniiwasan na lang ni Lola Hermie na mauwi sila sa sakitan.*

*Isang araw, nakarinig na naman si Lola Hermie ng sigawan at awayan.*

*"Si Bong kasi e!"*
*"Nauna si Buboy!"*

*Sa pagkakataong ito, tumaas ang dugo ni Lola Hermie pagpasok ng kuwarto. Nagkalat ang ilang gamit at may mga basag pang kasangkapan sa sahig. Unang tingin pa lang ni Lola Hermie sa dalawang bata, alam na niyang nagkapikunan na naman ang mga ito.*

*Sa loob ng ilang sandali, kumislap ang mga mata ni Lola Hermie. Alam na niya kung ano'ng gagawin sa kambal na away-bati.*

*Ano sa palagay ninyo ang gagawin ni Lola Hermie?*

TALAAN

## 4 PAGTALAKAY SA KUWENTO

- Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong:

1) Ano ang paboritong laro nina Bong at Buboy?
2) Ano ang madalas mangyari habang naglalaro sila?
3) Ano ang madalas na dahilan ng pag-aaway nila?
4) Ganoon din ba ang nangyayari sa inyong magkapatid?
5) Sino ang tagapag-alaga nina Bong at Buboy?
6) Isang araw, ano ang nakita ni Lola Hermie nang pumasok sa kuwarto nina Bong?
7) Ano ang naramdaman niya?
8) Bakit kaya nagkalat ang mga kasangkapan?
9) Bakit kumislap ang mga mata ni Lola Hermie?
10) Ano kaya ang gagawin ni Lola Hermie sa kambal?

- Hayaang magtulungan ang magkakatabi sa pagsagot ng bawat tanong. Bigyan sila ng limang minuto para sa gawaing ito.
- Tawagin ang pansin ng buong klase pagkatapos ng limang minuto. Maghanda ng isang bolang papel. Ibato ito sa isang mag-aaral, at ipalahad ang kaniyang sagot sa unang tanong. Pagkatapos niyang sumagot, ibabato niya ang bola sa ibang mag-aaral na siyang sasagot ng susunod na tanong. Gawin ito hanggang matalakay ang lahat ng tanong.

## 5 PAGSUSUNOD-SUNOD SA PANGYAYARI

**Sabihin:** *Nakasulat sa pisara ang mga pangyayari sa kuwento. Isulat sa kuwaderno ang bilang ng tamang pagkasunod-sunod ng mga ito. Gawin ito sa loob ng limang minuto.*

________ Tumaas ang dugo ni Lola Hermie.

________ Nakarinig si Lola Hermie ng sigawan at awayan sa kuwarto nina Bong at Buboy.

________ Biglang kumislap ang mga mata ni Lola Hermie. Alam na niya ang gagawin kina Bong.

________ Nang pumasok si Lola Hermie sa kuwarto, nakita niya ang nagkalat na kasangkapan.

________ Nag-isip siya kung ano ang gagawin kina Bong at Buboy.

**TALAAN**

Matapos ang limang minuto, tumawag ng mga mag-aaral at ipalahad ang kanilang sagot. Isulat ito sa pisara. Ipabasa sa buong klase ang mga pangungusap ayon sa tamang pagkasunod-sunod.

## 6 PAGBIGAY NG SARILING REAKSIYON

- **Isulat sa pisara ang sumusunod:**

**reaksiyon** – tugon na damdamin sa isang sitwasyon

**Sabihin:** *Habang nakikinig o nagbabasa kayo ng kuwento, o hindi kaya ay nanonood ng isang palabas, madalas ay may tugon na damdaming nabubuo sa inyo. Ito ang reaksiyon ninyo sa inyong napanood, nabasa o napakinggan. Maaaring nasiyahan, natakot, nalungkot, nababahala, o nagalit kayo. May nadarama kayong reaksiyon dahil sa pangyayari sa kuwento.*
*May damdamin bang napukaw sa inyo habang pinakinggan ninyo ang kuwento nina Bong at Buboy? Ano ang mga damdaming ito? Ano ang inyong reaksiyon?*

- Banggitin ang sumusunod na mga bahagi ng binasang kuwento. Tumawag ng ilang mag-aaral at tanungin kung ano ang naging reaksiyon nila sa mga tagpong ito:

1) *Ano ang reaksiyon mo nang malaman mo ang mga paboritong laro ni Bong at Buboy?*

2) *Ano ang nadama ninyo nang nag-aaway sina Bong at Buboy habang naglalaro?*

3) *Ano ang reaksiyon ninyo nang tumaas ang dugo ni Lola Hermie dahil sa kalat sa kuwarto nina Bong?*

## 7 TAKDANG-ARALIN

Sa kuwentong napakinggan, kumislap ang mata ni Lola Hermie. Ano kaya ang naisip gawin ni Lola Hermie? Isulat ang inyong prediksiyon. Maaaring gamitin ang sumusunod upang umpisahan ang prediksiyon:

**Palagay ko, naisip ni Lola Hermie na ______________.**

ARAW **2**

## LAYUNIN

- Naibibigay ang pormal na depinisyon ng mga salita*
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Naipapakita ang pananabik na mapakinggan at makapagbahagi tungkol sa iba't ibang pangkat ng Pilipino*
- Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa binasang teksto*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

Magbahaginan tungkol sa takdang-aralin. Tumawag ng ilang mag-aaral na hindi pa gaanong nagbabahagi sa harapan ng klase, at itanong kung ano ang prediksiyon nila tungkol sa naisip ni Lola Hermie. Gagamitin nila ang ibinigay na panimula kahapon:

Palagay ko, naisip ni Lola Hermie na ______________.

## 2 PAGHAHANDA PARA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA (PAGBASA NG LEVELED READER)

### a. Paghawan ng Balakid

**Sabihin:** *Nasa pisara ang mga parirala at salitang mababasa ninyo sa kuwento, at ang mga posibleng kahulugan nito. Basahin natin nang sabay-sabay. Unahin natin ang mga parirala at salita sa Hanay A, bago natin basahin ang pagpipiliang kahulugan sa Hanay B.*

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1) **pinagbiyak na bunga** | a. nag-aayos ng bagay na sira |
| 2) **nagkukumpuni** | b. laro na naghuhulog ng bato o sigay sa kahoy na may 14 na butas |
| 3) **sungka** | c. isinilang, nagmula, o taal sa isang lugar |
| 4) **napanganga** | d. magkamukhang-magkamukha |
| 5) **katutubo** | e. sumipol o sumutsot kapag may tinatawag sa malayo |
| 6) **pumaswit** | f. bumukas ang bibig dahil sa gulat o paghanga |

**Sabihin:** *Gagamitin ko ang mga parirala at salita sa Hanay A sa isang pangungusap. Pakinggan at alamin ang kahulugan batay sa konteksto. Piliin ang akmang kahulugan ng salita mula sa Hanay B. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno.*

TALAAN

(1) **pinagbiyak na bunga**

**Basahin:** *Magkamukhang-magkamukha ang magkapatid na Luisa at Lorna. "Hindi ko malaman kung sino sa inyo si Luisa at sino si Lorna. Para kayong* ***pinagbiyak na bunga****!" Ano ang ibig sabihin ng pinagbiyak na bunga? Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.*
**(sagot: D)**

(2) **nagkukumpuni**

**Basahin:** *Matindi ang sira ng mga bahay pagkaraan ng bagyong Yolanda.* ***Nagkukumpuni*** *ng kani-kanilang bahay ang mga kalalakihan. May nagpapalit ng bubong. May nag-aayos ng dinding. At may nagkukumpuni ng mga sirang bintana. Ano ang ibig sabihin ng nagkukumpuni? Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.* **(sagot: A)**

(3) **sungka**

**Basahin:** *Naglalaro kami ng* ***sungka****. Nakakaaliw ang maghulog ng bato sa bawat butas ng sungkahan.*

*Nakapaglaro na ba kayo ng sungka? Ano ang ibig sabihin ng sungka? Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.* **(sagot: B)**

(4) **napanganga**

**Basahin:** *"May sorpresa ako sa inyo mga apo!" sigaw ng bagong dating na Lolo Titoy . Binuksan niya ang malaking kahon habang nakatingin ang mga bata. Namilog ang mga mata ng dalawang apo at* ***napanganga*** *sila nang makita ang sorpresa sa loob ng kahon. Ngumanga nga kayo. Ano ang nararamdaman ng tao na napanganga? Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.* **(sagot: F)**

(5) **katutubo**

**Basahin:** *Nanood kami ng palatuntunan noong Linggo ng Wika. Ang mga mag-aaral sa Grade 6 ay nagsayaw ng mga* ***katutubo****ng sayaw. Nagustuhan ng lahat ang sayaw ng Igorot. Nagmula ang sayaw na ito sa mga katutubong Pilipino na namumuhay sa Cordillera. Ano ang ibig sabihin ng katutubo? Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.*
**(sagot: C)**

(6) **pumaswit**

**Basahin:** ***Pumaswit*** *ang guro upang tawagin ang pansin ng mga mag-aaral sa kabilang dako. "Pumasok na silid-aralan! Oras na ng klase." Nakarinig na ba kayo ng paswit? Pumaswit nga kayo. Ano ang ibig sabihin ng pumaswit? Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.* **(sagot: E)**

- Tumawag ng mga mag-aaral na mag-uugnay ng salita o parirala sa Hanay A sa wastong kahulugan nito sa Hanay B. Ipasipi sa klase ang tamang sagot. Pasulatin din sila ng isang pangungusap na gumagamit ng dalawa o higit pang salita mula sa Hanay A.

TALAAN

**b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak**

**Itanong:** *Sa binasa kong kuwento kahapon, ano ang pangalan ng magkapatid? Ano ang nangyayari sa tuwing maglalaro sila?*

**c. Pangganyak na Tanong**

**Sabihin:** *Sa babasahin ninyong kuwento ngayon, alamin: Ano ang nangyari nang maglaro ang kambal?*

## 3 PAGBASA NG LEVELED READER AT PAGSAGOT SA MGA TANONG

### PAALALA SA GURO TUNGKOL SA *LEVELED READERS*

1. Mayroong dalawang bersiyon o nibel ang bawat pamagat ng Leveled Reader. Ang isa ay mas mahaba at mas mahirap kaysa isa. Makikita sa likod ng aklat ang palantandaan kung saan nakasulat ang "Baitang 3". Ang "may kadaliang teksto" (mas maikling bersiyon o nibel) ay may isang tuldok at kulay asul. Ang "may kahirapang teksto" (mas mahabang bersiyon) ay may dalawang tuldok at kulay pula. Halimbawa:

   BAITANG 3• — ● Para sa may kadaliang teksto (mababang nibel o bersiyon) ng Leveled Reader. Ibinibigay ito sa mga nahihirapang bumasa.

   BAITANG 3: — ●● Para sa may kahirapang teksto (mataas na nibel o bersiyon) ng Leveled Reader. Ibinibigay ito sa mga mahuhusay bumasa.

2. Ginagamit sa loob ng dalawang linggo ang isang Leveled Reader. Ang Leveled Reader para sa Aralin 27 ay may tatlong Pakikinggang Kuwento o *Listening Stories*, isa para sa bawat linggo. Binabasa ito ng guro sa unang araw ng linggo. Sa araw na binabasa ng guro ang unang Pakikinggang Kuwento *(Listening Story)*, titingnan ng mga mag-aaral ang guhit sa harap ng aklat. Para sa pangalawang Pakikinggang Kuwento o *Listening Story*, titingnan nila ang guhit sa pahina 37. Para sa pangatlong Pakikinggang Kuwento, titingnan nila ang guhit sa pahina 36.

3. Itakda ang wastong bersiyon ng Leveled Reader sa bawat mag-aaral. Hatiin ang klase ayon sa kakayanan ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Itakda sa mga hindi pa gaanong matatas magbasa ang mas mababang bersiyon. Sa mga mag-aaral na matatas nang magbasa, itakda ang mas mataas na bersiyon.

- Ipamahagi ang mga kopya ng Leveled Reader.

**TALAAN**

**Sabihin:** *Tingnan ang pabalat ng babasahin ninyong aklat. Ano-ano ang makukuha ninyong impormasyon dito? Basahin ang pamagat. Sino ang may-akda? Sino ang tagaguhit? Ano-ano ang nasa larawan?*

- Bigyan ng panahon ang mga bata na tingnan nang masinsinan ang pabalat ng aklat at buklatin ang mga pahina nito.

**PAALALA SA GURO**

Pakinggang mabuti at alalayan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa.

**Sabihin:** *Hahatiin ko ang klase sa dalawang pangkat. Magbabasa nang tahimik ang Pangkat 1 habang magbabasa nang malakas ang Pangkat 2. Papakinggan ko ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2.*

*Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tahimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwento na isinulat ko sa pisara/tsart. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno. Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang talakayan tungkol sa kuwento.

| **Pangkat 1** *(Magbabasa nang tahimik)* | **Pangkat 2** *(Magbabasa nang malakas)* |
|---|---|
| **Panuto:** Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na tanong:<br><br>1) Parang pinagbiyak na bunga sina Bong at Buboy dahil ___________.<br><br>2) Nasira nina Bong ang ___________.<br><br>3) Pinahiram ni Lola Hermie sina Bong ng ___________.<br><br>4) Ginamit ng kambal na ___________ ang mga paint brush.<br><br>5) Ang ___________ ay katutubong grupo sa Bukidnon. | **Sabihin:** *Tatawag ako ng mag-aaral na magbabasa nang malakas ng bahagi ng kuwento. Habang nagbabasa siya nang malakas, susundan ninyo ang binabasa niya. Maaari akong magtanong tungkol sa bahaging binasa.*<br><br>(Mga maaaring itanong ng guro):<br><br>1) *Ano ang nangyari nang maglaro sina Bong at Buboy?*<br><br>2) *Ano ang nasira nilang laruan?*<br><br>3) *Ano ang naramdaman ni Lola Ermie nang makita ang sirang sungka? Bakit?*<br><br>4) *Ano ang ibinigay ni Lola Hermie sa kambal? Bakit sila binigyan ng paint brush?*<br><br>5) *Ano ang ginawa nila sa paint brush?* |

**TALAAN**

| | |
|---|---|
| | 6) *Ano ang tawag sa mga katutubo sa Bukidnon?*<br><br>7) *Ano ang ginagamit ng mga katutubo sa pagpinta?* |
| (Kasama ang guro)<br><br>**Pagtalakay ng sagot sa pagsasanay at pagbasa ng ilang bahagi ng kuwento**<br><br>Tumawag ng mag-aaral upang sagutan ang bawat tanong. Ipabasa nang malakas sa ibang mag-aaral ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay sa sagot na ibinigay. Gawin ito para sa bawat tanong sa pagsasanay. Tiyakin na may pagkakataon ang lahat ng mga mag-aaral sa Pangkat 1 na lumahok sa talakayan.<br><br>Kung may panahon pa, talakayin ang karagdagang tanong:<br><br>*Paano kaya nagpipinta ang mga Talaandig gamit ang lupa?* | **Pagsagot sa Pagsasanay**<br><br>**Sabihin:** *Pupunta ako sa Pangkat 1 at sila naman ang pakikinggan kong magbasa. Habang nasa Pangkat 1 ako, sagutan ang pagsasanay. Punan ang pangungusap ng tamang sagot. Pagkatapos ninyong sagutan ang pagsasanay, maaari ninyong balikan ang* Leveled Reader *upang alamin kung tama o mali ang inyong sagot*<br><br>1) Nasira nina Bong ang ___________.<br><br>2) Binigyan sila ni Lola Hermie ng ___________.<br><br>3) Ginamit ng kambal na parang ___________ ang paint brush.<br><br>4) Ang Talaandig ay mga katutubo ng ___________.<br><br>5) Ginagamit ng Talaandig na pampinta ang ___________. |

## 4 PAGSUSUNOD-SUNOD NG MGA PANGYAYARI AT MULING PAGSALAYSAY NG BINASANG KUWENTO

**Sabihin:** *Basahin ang mga pangungusap tungkol sa kuwento. Lagyan ng bilang ng wastong pagkasunod-sunod ng pangyayari, ayon sa binasang kuwento. Pagkatapos, muling isalaysay ang kuwento sa inyong katabi:*

_____ Nang lumabas si Lola Hermie, nag-espadahan ang kambal gamit ang paint brush.

_____ Habang naglalaro sina Bong at Buboy, nasira nila ang sungka.

_____ Pinahiram sila ni Lola Hermie ng tig-isang paint brush para magpinta sila.

**TALAAN**

_____ Naasar si Bong nang sabihin ni Buboy na luha niya at lupa ang gagamitin sa pagpinta.

_____ Nagtanong si Bong kung nasaan ang gagamitin nilang pangkulay.

_____ Tumaas ang dugo ni Lola Hermie nang makita ang ginagawa ng kambal.

_____ Sinabi ni Lola Hermie na may mga katutubo na lupa ang ginagamit sa pagpinta.

## 5 TAKDANG-ARALIN

Gamitin ang isinaayos ninyong pangungusap at isulat sa tamang pagkakasunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento.

## ARAW 3

### LAYUNIN

- Naisusulat ang balangkas ng kuwento na wasto ang pagkasunod-sunod*
- Nailalarawan ang mga tauhan sa binasang kuwento*
- Nagagamit nang wasto ang mga pang-abay na naglalarawan ng kilos o gawi*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 PANIMULANG GAWAIN

**Sabihin:** *Takdang-aralin ninyo kahapon na isulat sa tamang pagkakasunod-sunod ang pitong pangungusap na isinaayos ninyo sa pagsasanay. Ang mga pangungusap na ito ang bumubuo sa balangkas ng kuwento. Tatawag ako ng pitong mag-aaral. Isusulat nila sa pisara ang pitong pangungusap na wasto ang pagkakasunod-sunod.*

Tumawag ng pitong mag-aaral, at ipasulat sa pisara ang wastong pagkakaayos ng balangkas ng kuwento. Matapos silang magsulat, ipabasa nang malakas sa buong klase ang naisaayos na pangungusap.

## 2 PAGSAGOT NG PAGSASANAY SA SKILL BUILDER

Skill Builder

***Gawain:*** Paglalarawan ng Tauhan

Ipamahagi ang mga Leveled Reader. Ipagawa sa mga mag-aaral ang pagsasanay sa pahina 5. Isusulat nila ang sagot sa kanilang kuwaderno.

TALAAN

## 3 PAGKILALA SA MGA PANG-ABAY NA PAMARAAN

**Sabihin:** *Basahin ang mga pangungusap sa Hanay A. Pagkatapos, basahin ang tanong sa Hanay B, at bilugan ang salita sa hanay A na sumasagot dito. Gawin ang pagsasanay na ito sa inyong kuwaderno.*

| Hanay A | Hanay B: |
|---|---|
| 1) Dahan-dahang pinulot ni Lola Hermie ang pira-pirasong bahagi ng sungka. | 1) *Paano pinulot ni Lola Hermie ang pira-pirasong bahagi ng sungka?* |
| 2) Maingat na inilabas ni Lola Hermie ang mga paint brush mula sa kahon. | 2) *Paano inilabas ni Lola Hermie ang mga paint brush mula sa kahon?* |
| 3) Mabilis na kinuha ni Bong ang paint brush. | 3) *Paano kinuha ni Bong ang paint brush?* |
| 4) Masinsinang tinitigan ni Buboy ang hawak na *paint brush*. | 4) *Paano tinitigan ni Buboy ang hawak na paint brush?* |
| 5) Malakas na sumigaw si Bong nang tamaan ng *paint brush*. | 5) *Paano sumigaw si Bong nang tamaan ng paint brush?* |

**Sabihin:** *Basahin ang mga binilugang salita. Sagutin ang sumusunod:*

- *Ano ang ginagawa ng mga binilugang salita sa mga salitang kilos o pandiwa?*
- *Anong tanong ang sinasagutan ng mga binilugang salita?*
- *Ano ang tawag natin sa mga salitang naglalarawan ng kilos?*
- *Ano ang tawag sa pang-abay na nagsasabi kung paano ginawa ang kilos?*

**Tandaan:**

Ang **pang-abay** ay naglalarawan ng pandiwa, pang-uri, o kapwa pang-abay.

Ang **pang-abay na pamaraan** ay naglalarawan kung paano ginawa ang kilos.

## 4 PAGSASANAY

***Panuto:*** *Bilugan ang pang-abay na pamaraan.*

1) Mahimbing na natutulog ang sanggol.

2) Mabilis magpatakbo ng bus si Mang Jose.

3) Malumanay na sumagot si Nina sa tanong ng guro.

TALAAN

4) Tahimik na nagbabasa ng kuwento si Jean.

5) Nagmamadaling nagluto ng ulam si Rizza.

## 5 TAKDANG-ARALIN

Gumawa ng limang pangungusap na may pang-abay na pamaraan.

## ARAW 4

### LAYUNIN

- Naisasalaysay muli ang binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod*
- **F3PT-Ic-1.4** Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga ito sa pangungusap
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon, at nasasagot ang mga pagsasanay tungkol dito
- **F3PB** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot
- **F3KP-IIIe-g-6; F3PP** Nakapagpapalit at nakapagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng bagong salita

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

Hikayatin ang ilang mag-aaral na muling isalaysay ang kuwento nina Bong at Buboy. Tiyakin na mababanggit nila ang mga pangunahing tauhan, lugar, at pangyayari mula sa kuwento. Gabayan sila sa kanilang muling pagsalaysay.

## 2 PAGTALAKAY SA PANG-ABAY NA PAMARAAN

**Sabihin:** *Ilabas ang ginawa ninyong takdang-aralin. Basahin sa katabi ang ginawa ninyong mga pangungusap. Para malaman kung tama ang ginamit na pang-abay na pamaraan, magtatanong ang inyong katabi ng "paano ginawa ang salitang kilos?" Isasagot ninyo ang pang-abay na pamaraan. Magsalitan kayo sa pagbasa at pagtanong.*

## 3 PAGHAHANDA PARA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA NG LEVELED READER

**a. Paghawan ng Balakid**

- Isulat sa pisara ang sumusunod na salita:

**pagtatô, simbolo, dambuhala, epiko**

**TALAAN**

**Sabihin:** *Basahin ang mga salita sa pisara. Makinig sa sasabihin kong pangungusap tungkol dito. Alamin ang kahulugan batay sa konteksto. Isulat at salita at ang kahulugan nito sa inyong kuwaderno.*

(1) **pagtatatô** (Magpakita ng larawan ng tao na may tatô).

**Sabihin:** *Tingnan mo ang larawan ng lalaking ito. Ano ang napapansin ninyo sa mg braso niya? Ang tawag sa mga guhit sa braso niya ay* ***tatô****. Ang tatô ay disenyo na iginuguhit sa katawan. Gumagamit ng isang klase ng karayom at pinta sa pagtatatô. Sino ang gustong magpatatô?*

**Isulat:** **pagtatatô** – paglagay ng disenyo o guhit sa katawan gamit ang isang uri ng karayom at tinta

**PAALALA SA GURO**

Ang pagpapakilala sa konseptong pagtatatô ay oportunidad para sa *Bridging*. Sa Cordillera, depende sa rehiyong pinanggalingan, kilala ang pagtatatô bilang *batek*, *batok,* o *whatok*.


*Whiyug* ang tawag sa uling o tintang gamit sa pagtatatô, *gi si* naman ang kahoy na may tinik ng limon, at *pat-ik* ang tawag sa pamukpok na kahoy. Ang mga katawagang ito ay galing sa salitang *Butbut* sa Timog Kalinga.

(2) **simbolo**

**Sabihin:** *Noong unang panahon, ang tatô raw ay simbolo ng samahan o barkadahan. Ang simbolo ay sagisag o tatak. Nilalagyan ng tatô ang nanalo sa laro bilang simbolo ng galing ng manlalaro.*

**Isulat:** **simbolo** – sagisag o tatak na nagpapahiwatig ng isang bagay

(3) **dambuhala** (Maaaring magpakita ng larawan.)




***Sanggunian:*** *http://www.alanguilan.com/museum/abeocampo01.html*

TALAAN

**Sabihin:** *May mga kuwento tungkol sa isang* ***dambuhala*** *sa mga komiks pambata. Ayon sa mga matatanda, ang dambuhala raw ay isang local na halimaw na ang hitsura ay pinagsamang hayop at tao.*

**Isulat: dambuhala** – halimaw na may pinagsamang anyo ng hayop at tao

(4) **epiko**

**Sabihin:** *Maraming tanyag na katutubong* ***epiko*** *ang Pilipinas. Kabilang na rito ang Lam-ang mula sa Ilocos, Ibalon mula sa Bicol, at Durangen mula sa mga Maranaw ng Mindanao. Narinig na ba ninyo ang mga epilkong ito? Ang epiko ay isang mahabang tula na nagsasalaysay ng ginawang pakikipagsapalaran ng isang bayani. Makababasa kayo ng mga epiko sa susunod ninyong baitang.*

**Isulat: epiko** – mahabang tula na nagsasalaysay ng pakikipagsapalaran ng isang bayani

- Ipabasa sa klase ang isinulat na talasalitaan sa pisara. Alamin kung may tanong ang mga mag-aaral tungkol sa talasalitaan. Ipasulat ang mga mag-aaral ng pangungusap na gumagamit ng isa o higit pang salita mula sa talasalitaan. Tumawag ng ilang mag-aaral at ipabasa ang kanilang pangungusap.

### b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak

**Itanong:** *Sa kuwentong sinimulan ninyong basahin noong isang araw, ano ang ipinahiram ni Lola Hermie kina Bong at Buboy? Ano ang gagawin nila?*

### c. Pangganyak na Tanong

**Itanong:** *Sa inyong pagbabasa, alamin: Ano-ano ang ipipinta nila?*

## 3 PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO

**Sabihin:** *Hahatiin ko kayong muli sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ang magbabasa nang tahimik, at ang Pangkat 2 ang papakinggan ko habang nagbabasa nang malakas.*

*Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento?*
*Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

Ipamahagi ang mga Leveled Reader sa bawat pangkat.

TALAAN

| **Pangkat 1**<br>*(Magbabasa nang tahimik)* | **Pangkat 2**<br>*(Magbabasa nang malakas)* |
|---|---|
| **Panuto:** Basahin nang tahimik ang kuwento. Pagkatapos magbasa, sagutan ang pagsasanay sa inyong kuwaderno:<br><br>**Pagsasanay**<br><br>1) Gusto ni Bong magtatatô sa ___________.<br><br>2) Ang permanenteng pagmarka sa katawan ay tinatawag na ___________.<br><br>3) Ang tatô ay simbolo ng ___________ at kagandahan.<br><br>4) Pagkatapos ng laban, ang ___________ ay nilalagyan ng tatô .<br><br>5) Ikukuwento ni Lola Hermie ang tungkol sa ___________. | **Sabihin:** *Habang nagbibigay ako ng instruksyon sa Pangkat 1, maaaring tingnan ang pabalat ng aklat at buklatin ang bawat pahina.*<br><br>(Kapag kasama na ang Pangkat 1)<br><br>**Sabihin:** *Tatawag ako ng mag-aaral na magbabasa nang malakas ng bahagi ng kuwento. Habang nagbabasa siya nang malakas, susundan ninyo ang binabasa niya. Maaari akong magtanong tungkol sa bahaging binasa.*<br><br>(Mga maaaring itanong ng guro):<br><br>1) *Bakit itinigil nina Bong ang pag-eespadahan?*<br><br>2) *Ano ang tawag sa pagpintura ng katawan?*<br><br>3) *Ano ang paniniwala ng mga Igorot at Kalinga tungkol sa tatô ?*<br><br>4) *Pagkatapos ng laban, sino ang nilalagyan ng mga Igorot ng tatô ? Bakit?*<br><br>5) *Ano ang ipininta ni Bong? Ano naman ang ipininta ni Buboy?*<br><br>6) *Sino sina Indarapatra at Sulayman?* |
| (Kasama ang guro)<br><br>**Sabihin:** *Tatawag ako ng mga mag-aaral. Sasabihin ng tinawag ko ang sagot niya sa unang tanong sa pagsasanay. Pagkatapos, babasahin ng ibang mag-aaral ang bahagi ng kuwento kung saan makikita ang sagot sa tanong na ito.* | **Sabihin:** *Lilipat ako sa Pangkat 1. Habang nasa Pangkat 1 ako, punan ninyo ng angkop na salita ang sumusunod na mga pangungusap. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno.*<br><br>1) Ang tawag sa pagpinta sa katawan ay ___________. |

**TALAAN**

*Gagawin natin ito para sa bawat tanong.*

Kung may panahon pa, talakayin ang sumusunod na karagdagang tanong:

- *Nakakita na ba kayo ng mga taong may tatô?*
- *Ano-ano ang disenyo ng kanilang tatô?*
- *Bakit kaya ikukuwento ni Lola Hermie sa kambal ang tungkol kina Indarapatra at Sulayman?*

2) Pinaniniwalaan ng mga ___________ at Kalinga na ang tatô ay simbolo ng ___________.

3) Pagkatapos ng laban, ang ___________.ay nilalagyan ng tatô .

4) Nagpinta si Bong ng ___________.habang ___________ naman ang ipininta ni Buboy.

5) Ikukuwento ni Lola Hermie ang tungkol kina ___________.

## 4 PAGSASANAY: PAGDARAGDAG O PAGBAWAS NG TUNOG UPANG MAKABUO NG BAGONG SALITA

**Sabihin:** *Napag-aralan ninyo na ang salita ay maaaring palitan, bawasan, o dagdagan ng tunog upang makabuo ng bagong salita.*

*Isulat sa inyong kuwaderno ang sumusunod na talahanayan. Basahin ang mga salita sa unang hanay.* ***Dagdagan o palitan ito ng tunog*** *upang makabuo ng bagong salita. Maaaring magdagdag o magpalit ng tunog sa unahan, sa gitna, o sa hulihan. Isulat sa pangalawang hanay ang bagong salita.*

| Salita | Nabuong Bagong Salita |
|---|---|
| hiram | |
| usap | |
| pinta | |
| kulay | |
| pikon | |
| balik | |
| laban | |

**Sabihin:** *Ngayon naman, maghanap ng mas maikling salita sa loob ng mahahabang salita.* ***Bawasan ng tunog o pantig*** *ang mga salita sa unang hanay upang makabuo ng bagong salita.*

| Salita | Nabuong Bagong Salita |
|---|---|
| katawan | |
| pag-ibig | |
| nakita | |
| kapatid | |

| | |
|---|---|
| gagawin | |
| kasamahan | |
| katahimikan | |

Pagkatapos nila isulat sa kuwaderno ang kanilang mga salita, papuntahin sa pisara ang bawat hanay ng mag-aaral, at magpasulat ng tatlong salita na nabuo nila sa tapat ng orihinal na salita. Hikayatin ang mga susunod na hanay ng mag-aaral na magsulat sa hilera na wala pang gaanong naisulat na bagong salita. Pansinin kung tama ang baybay ng mga nabuong salita. Ipabasa sa buong klase ang mga bagong salita. Alamin kung may salita sa nailista na hindi pa nila alam ang kahulugan, at magtulungan sa pagpapaliwanag nito.

TALAAN

## 5 TAKDANG-ARALIN

Kunwari ay nanalo kayo sa palaro. Gumuhit sa kuwaderno ng gusto ninyong tatô.

## LAYUNIN

ARAW 5

- Nailalarawan ang imahe ng tatô na gustong ipinta sa katawan at nasasabi kung bakit ito ang gusto niya*
- Nahihinuha kung tungkol saan ang epiko batay sa mga tauhan na pinaghahambingan nito
- Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan
- Nabibigyang kahulugan ang simpleng talaan

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Tumayo at bumuo ng pangkat na may apat na kasapi. Dalhin ninyo ang inyong takdang-aralin na guhit ng inyong tatô. Ipakita ang inyong iginuhit sa inyong pangkat, at ipaliwanag kung bakit ninyo ito pinili. May limang minuto kayo para magbahaginan.*

## 2 PAGSAGOT NG SKILL BUILDER

Ipamahagi ang mga Leveled Reader. Sasagutan ng mga mag-aaral ang pagsasanay sa pahina 11. Isusulat nila ang sagot sa kanilang kuwaderno.

TALAAN

## 3 PAGSASANAY: PAGBABALIK-ARAL SA NAPAG-ARALANG TALASALITAAN

**Sabihin:** *Punan ag bawat pangungusap ng napag-aralang talasalitaan. Pumili sa mga salita sa loob ng kahon:*

**dambuhala epiko sungka tatô**

1) Napakinggan ko ang __________ tungkol sa kuwento ng diwata. Ang gandang pakinggan ng patulang pagkuwento.

2) Maglalaro kami ng __________. Bawat butas ay nilagyan namin ng pitong makinis na bato.

3) Mahilig magbasa ang kapatid ko ng Pinoy komiks. Naaaliw siyang tingnan ang mga karakter na kalahating tao at kalahating hayop. "__________ ang tawag dito," sabi niya sa akin.

4) "Gusto kong magpalagay ng __________ sa braso," sabi ng pinsan ko. "Gusto ko drowing ng butiki na parang gumagapang sa braso ko."

## 4 PAGBIBIGAY NG KAHULUGAN SA ISANG TALAAN

**Sabihin:** *Ang talaan ay maaring kuwaderno o anumang uri ng papel na pinaglistahan ng mga mahahalagang impormasyon na dapat tandaan. Halimbawa, dapat matandaan ni Lola Hermie ang araw ng kapanganakan ng kaniyang apo. Isinusulat niya ang mahahalagang petsa sa kaniyang talaan:*

| Mga Pangalan ng Apo | Kaarawan |
|---|---|
| Buboy at Bong | Mayo 15 |
| Girlie | Agosto 4 |
| Charrie | Oktubre 25 |
| Baby | Enero 14 |
| Vic | Marso 7 |
| May | Mayo 4 |
| Jun | Setyembre 22 |
| Jed | Oktubre 7 |

**Itanong:** *Batay sa talaan ni Lola Hermie, sagutan ang sumusunod. Magtulungan kayo ng inyong katabi, at isulat sa kuwaderno ang inyong sagot.*

– *Kailan ipinanganak sina Buboy at Bong?*

– *Ilan ang apo ni Lola Hermie na ipinanganak sa buwan ng Oktubre? Sino sila?*

– *Kailan ipinanganak si Girlie?*

– *Sa isang taon, sino ang kauna-unahang magdidiwang ng kaarawan?*

## 5 TAKDANG-ARALIN

Gusto mong matandaan ang kaarawan ng limang matalik mong kaibigan. Gumawa ng talaan:

| Pangalan ng Kaibigan | Kaarawan |
|---|---|
| 1) | |
| 2) | |
| 3) | |
| 4) | |
| 5) | |

**TALAAN**

ARALIN


# 28

## GABAY SA PAGTUTURO

# IKATLONG BAITANG FILIPINO

### TEMA: PAGPAPAHALAGA SA IBA'T IBANG PANGKAT NG TAO SA LALAWIGAN AT REHIYON

### LEVELED READER: "SINA BONG, BUBOY, AT ANG MGA KATUTUBONG PANGKAT"



**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO**
**IKATLONG BAITANG**
**YUNIT 3, ARALIN 28**

**Tema: Pagpapahalaga sa Iba't Ibang Pangkat ng Tao sa Lalawigan at Rehiyon**
***Leveled Reader:* "Sina Bong, Buboy, at ang mga Katutubong Pangkat"**
*(Kuwento ni Sierra Mae Paraan; Inedit ni Pia Zorayda Buiños; Guhit ni Hannah Manaligod)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| | | • Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na: | |
| I | **TA** | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Pangkat ng Pilipino at Kung Saan Sila Naninirahan |
| | **PT** | • Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugan: kontekstwal, kasingkahulugan, o kasalungat.* | • Paghawan ng Balakid: *henerasyon, mithi, panitikan, tampok* |
| | **TA** | • **F3TA-0a-j-1** Nakikinig sa kuwentong binabasa ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto. | • Pakikinggang Kuwento *(Listening Story)*: "Ang Epiko sa Pilipinas" |
| | **PN** | • Nailalarawan ang epiko.* | • Paglalarawan ng Epiko |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| | |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang nalalaman tungkol sa mga pangkat ng Pilipino at ang kanilang tirahan. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng nalalamang pangkat ng Pilipino at ang kanilang tirahan |
| 2. Paghahanda sa Pakikinig sa Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng kahulugan ng mga salita mula sa kuwento at hikayatin din sila na gamitin ang mga ito sa pangungusap.<br>b. Pagganyak<br>• Magbigay ng pagganyak na gawain.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Pakikinig sa Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid:<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap<br>b. Pagganyak<br>• Pagsali pagganyak na gawain<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot pangganyak na tanong |
| 3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro<br>• Basahin ang kuwento at magtanong tungkol dito. | 3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro<br>• Pakikinig sa kuwento at pagsagot sa mga tanong tungkol dito |
| 4. Pagtalakay sa Kuwento<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang angkop na mga salita na maglalarawan ng epiko.<br>5. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 4. Pagtalakay sa Kuwento<br>• Pagbigay ng angkop na salita na naglalarawan ng epiko<br>5. Takdang-Aralin<br>• Pagsagot sa takdang-aralin |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 2 | TA | • **F3TA-0a-J-2** Naipapahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Takdang-Aralin |
| | PT | • Naibibigay ang kasingkahulugan ng salita sa pamamagitan ng pag-aral kung paano ito ginagamit sa pangungusap.* | • Paghawan ng Balakid: *likha, lumusob, mabangis, kinilabutan* |
| | TA | • **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento sa Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon. | • Leveled Reader: *Si Bong, Buboy at ang mga Katutubong Pangkat* • Pagbasa ng pangatlong bahagi ng Leveled Reader at pagsagot ng mga tanong tungkol dito |
| | PB | • Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang teksto.* | |
| | PB | • Nasasagot ang pagsasanay tungkol sa binasang kuwento.* | • Pagsagot ng Pagsasanay • Pang-abay na Pamaraan |
| | WG | • **F1WG-IIIh-j-6** Nasasabi ang paraan ng pagsasagawa ng kilos o gawain. | |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi tungkol sa kanilang takdang-aralin sa klase. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng kanilang takdang-aralin sa klase |
| 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy kasingkahulugan ng mga salita sa tulong ng ito sa pangungusap.<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pag-alala sa kuwentong binasa noong nakaraang araw at magbigay ng pagganyak na gawain.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kasingkahulugan ng mga salita<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot sa pangganyak na tanong |
| 3. Pagbasa ng Leveled Reader at Pagsagot sa mga Tanong<br>• Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at sa mga gawain. | 3. Pagbasa ng Leveled Reader at Pagsagot sa mga Tanong<br>• Pangkat 1(Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagbasa nang tahimik (may kahirapang teksto) at pagsagot sa pagsasanay<br>• Pangkat 2 (Mga Nahihihrapang Bumasa): Pagbasa nang malakas (may kadaliang teksto) at pagsagot sa mga tanong ng guro |
| 4. Pagsasanay<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang pagsasanay tungkol sa pang-abay na pamaraan.<br>5. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 4. Pagsasanay<br>• Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa pang-abay na pamaraan<br>5. Takdang-Aralin<br>• Pagsagot sa takdang-aralin |
| 4. Pagsasanay<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang pagsasanay tungkol sa pang-abay na pamaraan.<br>5. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang takdang-aralin. | 4. Pagsasanay<br>• Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa pang-abay na pamaraan<br>5. Takdang-Aralin<br>• Pagsagot sa takdang-aralin |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 3 | TA | • **F3TA-0a-J-2**<br>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Takdang-Aralin |
| | PS | • Nasasagot ang mga tanong bilang paghahanda sa isusulat na epiko.* | • Pagsagot ng Skill Builder: Paghahanda sa pagsulat ng epiko |
| | KP<br>PP | • **F3KP-IIIh-j-11; F3PP**<br>Napagsasama ang mga katinig, patinig upang makabuo ng salitang may klaster: klaster "l" (hal: blusa, plato). | • Salitang May Klaster |
| 4 | PS | • Naibabahagi sa klase ang naisulat na epiko.* | • Pagbahagi ng naisulat na epiko |
| | PP | • **F1PP-IIIh-1.4**<br>Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan. | • Paghawan ng Balakid: *dambuhala, mapayapa, naglakbay, hinampas, nalanta, imulat, nadaganan* |

**DOMAINS: *** – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi tungkol sa kanilang takdang-aralin sa klase. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng kanilang takdang-aralin sa klase |
| 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang pagsasanay sa Skill Builder tungkol sa paghahanda sa pagsulat ng epiko.<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi sa klase ang isinulat na epiko. | 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Pagsagot ng pagsasanay sa Skill Builder tungkol sa paghahanda sa pagsulat ng epiko<br>• Pagbahagi sa klase ng isinulat na epiko |
| 3. Pagsasanay: Mga Salitang May Klaster o Kambal-katinig<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin ang mga salitang may klaster at bumuo ng mga salitang nag-uumpisa sa klaster.<br>4. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 3. Pagsasanay: Mga Salitang May Klaster o Kambal-katinig<br>• Pagbasa at pagbuo ng mga salita na may klaster<br>4. Takdang-Aralin<br>• Pagsagot sa takdang-aralin |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi sa klase ang isinulat na epiko. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi sa klase ng isinulat na epiko |
| 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Gamitin sa pangungusap ng mga salita at hikayatin ang mga mag-aaral na piliin ang angkop na kasingkahulugan ng mga ito.<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pag-alala sa kuwentong binasa noong nakaraang araw at magbigay ng pagganyak na gawain.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kasingkahulugan ng salita<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot sa pangganyak na tanong |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 4 | TA<br>PB | • **F3TA-0a-j-3**; **F3PB**<br>Nababasa ang Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon, at nasasagot ang mga pagsasanay tungkol dito. | • Leveled Reader: *Si Bong, Buboy at ang mga Katutubong Pangkat*<br>• Pagbasa ng pang-apat bahagi ng Leveled Reader at pagsagot ng mga tanong tungkol dito |
| | PB | • Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento.* | • Pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento |
| 5 | PB | • Naisasalaysay muli ang teksto ayon sa kronolohikal na pagkakaksunod-sunod.* | • Bahaginan |
| | KM | • Nagagamit ang mga nakalarawang balangkas sa pagtatala ng impormasyon o datos na kailangan.* | • Pagsagot ng Skill Builder tungkol sa pagbuo ng dugtungang kuwento gamit ang balangkas ng kuwento<br>• Pagsulat ng balangkas ng kuwento |
| | KM | • Nakasusulat nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat.* | |
| | WG | • Nagagamit ang angkop na Pandiwa at pang-abay sa paglalarawan ng kilos ng mga tauhan.* | • Pagbigay ng pang-abay at pang-abay na naglalarawan nito |
| | PT | • Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan* | • Pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 3. Pagbasa ng Leveled Reader at Pagsagot sa mga Tanong<br>• Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at sa mga gawain. | 3. Pagbasa ng Leveled Reader at Pagsagot sa mga Tanong<br>• Pangkat 1(Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagbasa nang tahimik (may kahirapang teksto) at pagsagot sa pagsasanay<br>• Pangkat 2(Mga Nahihihrapang Bumasa): Pagbasa nang malakas (may kadaliang teksto) at pagsagot sa mga tanong ng guro |
| 4. Pagsasanay: Pagsunod-sunod sa Pangyayari<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na pagsunod-sunurin ang mga mahahalagang pangyayari sa kuwento.<br>5. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 4. Pagsasanay: Pagsunod-sunod sa Pangyayari<br>• Pagsunod-sunod ng mahahalagang pangyayari sa kuwento<br>5. Takdang-Aralin<br>• Paggawa ng takdang-aralin |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na muling isalaysay ang kuwento gamit ang mga pangungusap na kanilang isinulat. | 1. Bahaginan<br>• Pagsasalaysay muli ng kuwento gamit ang mga pangungusap na naisulat |
| 2. Pagsagot sa Skill Builder<br>• Pagbalik-aral sa balangkas ng kuwento at paghikayat sa mga mag-aaral na gamitin ito sa pagbuo ng dugtungang kuwento. | 2. Pagsagot sa Skill Builder<br>• Pagbuo ng dugtungang kuwento sa tulong ng inihandang balangkas ng kuwento |
| • Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutan ang Skill Builder tungkol sa pandiwa at angkop na pang-abay. | • Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa pandiwa at angkop na pang-abay |
| 3. Pagsasanay: Pagbalik-aral sa Napag-aralang Talasalitaan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutan ang pagsasanay tungkol sa mga napag-aralang talasalitaan. | 3. Pagsasanay: Pagbalik-aral sa Napag-aralang Talasalitaan<br>• Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

ARAW

# 1

## LAYUNIN

- **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugan: kontekstwal, kasingkahulugan, o kasalungat*
- **F3TA-0a-j-1** Nakikinig sa kuwentong binabasa ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto
- Nailalarawan ang epiko*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

- Ipakilala sa mga mag-aaral ang tema sa linggong ito, at hikayatin ang ilang mag-aaral na magbahagi ng nalalaman tungkol sa paksang ito.

**Sabihin:** *Ang tema natin ngayong linggo ay tungkol sa pagpapahalaga ng iba't ibang pangkat ng tao sa lalawigan at rehiyon. Ano ang napag-aralan nating pangkat ng tao o katutubo noong isang linggo? Ano pa ang alam ninyong mga pangkat o katutubong Pilipino? Saan sila naninirahan? Ito ang pagbabahaginan natin ngayon. Maaaring gamitin ang sumusunod na halimbawang panimula:*

Ang alam kong pangkat ng Pilipino ay __________.
Naninirahan sila sa ____________________.

- Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi sa buong klase.

## 2 PAGHAHANDA PARA SA PAKIKINIG SA KUWENTO

### a. Paghawan ng Balakid

**Sabihin:** *Nasa pisara ang mga bagong salitang maririnig ninyo sa ating kuwento ngayon. Gagamitin ko ang mga ito sa pangungusap. Pakinggan kung paano ko ito ginamit, at alamin ang kahulugan. Isulat ang salita at kahulugan sa inyong kuwaderno.*

| | |
|---|---|
| **henerasyon** | **tampok** |
| **mithi** | **panitikan** |

(1) **henerasyon**

**Basahin:** *"Ibang-iba na ang* ***henerasyon*** *ng mga apo ko," sabi ni Lola Hermie. Noong henerasyon ko, tahimik lang ang mga bata at sumusunod sa sinasabi ng matatanda. Hindi nila tinatanong kung bakit sila dapat sumunod. Ngayon, dapat ipaliwanag mo sa kanila kung bakit dapat o hindi dapat gawin ang isang bagay.*

TALAAN

**Itanong:** *Narinig na ba ninyo ang salitang **henerasyon**? Ano ang salita para dito sa wikang Ingles? Ano ang pagkakaiba ng mga karanasan na inabutan ng henerasyon ng inyong lola, ang henerasyon ng inyong mga magulang, at ang henerasyon ninyo?*

**Isulat:** **henerasyon** – salinlahi; grupo ng tao na ipinanganak at namuhay sa iisang panahon

(2) **mithi**

**Basahin:** *Ang **mithi** niya sa pag-aaral nang mabuti ay upang makasama sa mga mag-aaral na mataas ang marka. Hangarin niyang magtapos sa kaniyang pag-aaral nang may karangalan.*

**Itanong:** *Mithi mo rin ba na magtamo ng matataas na marka? Ano ang kasingkahulugan ng mithi na narinig ninyo sa binasa kong pangungusap? Ano ang mithi o hangarin mo sa buhay?*

**Isulat:** **mithi** – hangarin o gustong makamit ng isang tao

(3) **panitikan**

**Basahin:** *Pinag-aaralan ng mga mag-aaral sa Filipino ang **Panitikang** Pilipino. Binabasa at tinatalakay nila ang mga kilalang epiko, kuwento, tula, dula, at sanaysay na ipinasa sa atin ng ating mga ninuno o isinulat ng mga tanyag na manunulat.*

**Itanong:** *Ano ang paborito ninyong akdang pampanitikan? Sino ang mga tanyag na manunulat na Pilipino na lumikha o lumilikha ng ating panitikan? Ano ang ibig sabihin ng panitikan?*

**Isulat:** **panitikan** – ang kabuuan ng mga akdang likha at kinikilala ng isang kultura

(4) **tampok**

**Basahin:** ***Tampok** sa palatuntunan ng Linggo ng Wika ang paligsahan sa pagtula. Ito ang bahagi ng palatuntunan na pinakahihintay ng lahat. Tiyak na magiging sentro ng atensiyon ang pag-abang sa pagtanghal ng mananalo ng paligsahan.*

**Itanong:** *Ano ang mga salita sa pangungusap na nagpapahiwatig ng kahulugan ng tampok?* (posibleng sagot: pinakahihintay, sentro ng atensiyon) *Ano ang ibig sabihin ng tampok?*

**Isulat:** **tampok** - natatangi o pinakamahalagang bahagi

## b. Pagganyak

**Itanong:** *Sa kuwento natin noong isang linggo, tinalakay ang epiko. Ano-ano ang nalaman ninyo tungkol sa epiko?*

TALAAN

### c. Pangganyak na Tanong

**Sabihin:** *Sa babasahin kong kuwento ngayon, alamin: Ano-ano ang kaibhan ng epiko sa ibang uri ng panitikan?*

## 3 PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO

**Sabihin:** *Makinig sa babasahin kong teksto. Ang pamagat nito ay Ang Epiko sa Pilipinas. Ang may-akda ng kuwento ay si Bb. Sierra Mae Paraan. Handa na ba kayong makinig sa aking babasahin?*

**"Ang Epiko sa Pilipinas"**
Kuwento ni Sierra Mae Paraan

*Hango sa wikang Griyego na "epos" ang epiko na nangangahulugang "awit." Isang anyo ng panitikan ang epiko. Bahagi ito ng pabigkas o pasalitang tradisyon ng bansa. Ito ang mga kuwentong ipinasa-pasa nang pabigkas at pasalaysay ng iba't ibang pangkat mula sa iba't ibang henerasyon. Napakahabang naratibo ng mga epiko.*

*Madalas, itinatanghal ang pabigkas na tradisyon kasama ang buong pamayanan. Kalahok din ang mga mamamayan sa pagpapatuloy at pagbubuo ng epiko. Bagama't nasa anyong patula ang epiko, madalas itong inaawit kasama ang kapwa mamamayan.*

*Tampok ang kabayanihan bilang tema ng mga epiko. Binibigyang-halaga ang katapangan at kagitingan ng mga bayani sa epiko. Palaging naglalakbay ang bida, taglay ang pambihirang lakas o kapangyarihan, para makamit ang mithi nito. Layunin ng mga bida ang pagliligtas sa komunidad o minamahal sa buhay. Handa at determinado ang mga bida sa epiko na lagpasan ang lahat ng pagsubok para makamit ang minimithi.*

*Maraming epiko sa Pilipinas. Madalas, may relasyon ito sa katutubong pangkat o rehiyong pinagmulan nito. Napakahalaga ng mga epiko dahil ipinapakita nito ang mayamang tradisyon, kultura, at paniniwala ng bansa.*

***Sanggunian:***

Eugenio, Damiana. (2011). *Philippine Folk Literature: The Legends.* QC: University of The Philippines Press.

*Mga Epiko/Epic.* Retrieved May 26, 2015 from http://panitikangpnoy.blogspot.com/p/mga-epiko-epic.html

*Epic.* Retrieved June 16, 2015 from http://www.merriam-webster.com/dictionary/epic

TALAAN

## 4 PAGTALAKAY SA KUWENTO

- Talakayin ang kuwento sa pamamagitan ng pagtatanong ng sumusunod:

1) *Alin sa sumusunod ang naglalarawan ng epiko? Pumili ng lima:*

– *isang uri ng panitikan*

– *nagkukuwento ng kabayanihan at katapangan*

– *patula ang pagsalaysay*

– *ang layunin ng bida ay iligtas ang pamayanan*

– *laro ng mga bata*

– *ang tema ay ang katapangan ng bida*

– *tungkol sa pag-ibig*

– *itinatanghal kasama ang buong pamayanan*

2) *Ano ang mithiin o layunin ng bida ng epiko?*

3) *Ano ang ginagawa ng bida upang makamit ang kaniyang minimithi?*

4) *Bakit mahalaga ang epiko?*

## 5 TAKDANG-ARALIN

Mag-isip ng isang problema sa pamayanan. Mag-isip ng isang matapang na bida na lulutas sa problema. Halimbawa: *Maraming magnanakaw sa pamayanan. Sino kaya ang bayani na makahuhuli sa mga magnanakaw na ito?* Isulat ito sa inyong kuwaderno. Maghandang magbahaginan tungkol dito bukas.

ARAW

**2**

**LAYUNIN**

- **F3TA-0a-j-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilib, antala, at intonasyon
- Naibibigay ang kasingkahulugan ng salita sa pamamagitan ng pag-aral kung paano ito ginagamit sa pangungusap*
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento sa Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang kuwento*
- Nasasagot ang pagsasanay tungkol sa binasang kuwento*
- **F1WG-IIIh-j-6** Nasasabi ang paraan ng pagsasagawa ng kilos o gawain

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Itanong:** *Ilabas ang inyong takdang-aralin. Ano ang naisip ninyong problema sa pamayanan at sino ang bayani na makatutulong sa pagsugpo nito? Tumayo at bumuo ng mga pangkat na may apat na kasapi. Magbahaginan kayo tungkol sa inyong takdang-aralin. Sa inyong pangkat, piliin ninyo kung sino ang bayaning naisip ninyo na pinakagusto ninyo. Ilalahad ninyo sa buong klase ang bayani ninyo at kung ano ang suliranin na lulutasin niya. May limang minuto kayo para sa gawaing ito.*

Matapos ang limang minuto, tawagin ang tagapagsalita ng bawat pangkat upang ilahad ang kanilang bayani at lulutasing suliranin sa buong klase.

## 2 PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA (PAGBASA NG LEVELED READER)

**a. Paghawan ng Balakid**

**Sabihin:** *Nasa pisara ang mga salitang mababasa ninyo sa kuwento:*

| | |
|---|---|
| **likha** | **lumusob** |
| **kinilabutan** | **mabangis** |

*Gagamitin ko sa pangungusap ang bawat salita. Piliin sa kahon ang kasingkahulugan nito at isulat ang salita at kasingkahulugan sa inyong kuwaderno:*

| | |
|---|---|
| **sumalakay** | **sinulat** |
| **natakot** | **mabagsik** |

(1) **likha**

**Sabihin:** *Ang teksto na binasa ko sa inyo kahapon ay* ***likha*** *ni Bb. Sierra Mae Paraan. Siya ang gumawa sa ilan sa mga akdang binasa natin. Piliin ang kasingkahulugan ng likha mula sa mga salita sa kahon.*

TALAAN

(2) **lumusob**

**Sabihin:** ***Lumusob*** *ang mga kaaway nang hatinggabi habang natutulog ang mga tao. Walang kamalay-malay ang mga mamamayan na nakapasok na pala sa bayan nila ang mga kaaway. Aling salita ang kasingkahulugan ng lumusob?*

(3) **mababangis**

**Sabihin:** *May* ***mababangis*** *na hayop sa bundok na maaaring ikapahamak ng mga taong namumundok. Kailangang matalas ang paningin at pandinig, at may dalang armas ang mga pumupunta sa bundok. Piliin ang kasingkahulugan ng mababangis mula sa kahon at isulat sa inyong kuwaderno.*

(4) **kinilabutan**

**Sabihin:** ***Kinilabutan*** *ang mga mag-aaral nang makita nila ang nakakatakot at mabangis na anyo ng napakalaking hayop. Naranasan na ba ninyong mangilabot sa takot? Ano ang naramdaman ninyo? Kailan pa kinikilabutan ang mga tao? Ano ang kasingkahulugan ng kinilabutan dito sa kahon?*

### b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak

**Itanong:** *Ano ang epiko? Ano ang mithiin ng mga tauhan sa epiko? Sino-sino ang bumubuo ng kuwento ng epiko?*

### c. Pangganyak na Tanong

**Sabihin:** *Sa babasahin ninyong kuwento ngayon, alamin: Tungkol saan kaya ang epiko na ikukuwento ni Lola Hermie? Sino-sino kaya ang mga pangunahing tauhan dito?*

## 3 PAGBASA NG LEVELED READER AT PAGSAGOT SA MGA TANONG

- Ipamahagi ang mga kopya ng Leveled Reader.

**Sabihin:** *Tingnan ang pabalat ng babasahin ninyong aklat. Ano-ano ang makukuha ninyong impormasyon dito? Basahin ang pamagat. Sino ang may-akda? Sino ang tagaguhit? Ano-ano ang nasa larawan?*

- Bigyan ng panahon ang mga bata na masinsinang tingnan ang pabalat ng aklat at buklatin ang mga pahina nito.

**Sabihin:** *Hahatiin ko ang klase sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ang magbabasa nang tahimik habang ang Pangkat 2 ang magbabasa nang malakas. Papakinggan ko ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2.*

*Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tahimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwento na isinulat ko sa pisara/tsart. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno. Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

**PAALALA SA GURO**

Pakinggang mabuti at alalayan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa.

TALAAN

| **Pangkat 1** (*Magbabasa nang tahimik*) | **Pangkat 2** (*Magbabasa nang malakas*) |
|---|---|
| **Panuto:** Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na tanong:<br><br>1) Ano ang kahulugan ng Maranao?<br><br>2) Sino ang magkapatid na hari?<br><br>3) Ano ang problema sa mga bayan ng Mindanao?<br><br>4) Ano ang napagkasunduan ng magkapatid na Indarapatra at Sulayman?<br><br>5) Bakit nagtanim ng halaman si Indarapatra nang umalis si Sulayman?<br><br>6) Ano ang nakita ni Sulayman sa unang bayan na pinuntahan niya?<br><br>7) Ilarawan ang dambuhala sa unang bayan. | **Sabihin:** *Tatawag ako ng mag-aaral na magbabasa nang malakas ng bahagi ng kuwento. Habang nagbabasa siya nang malakas, susundan ninyo ang binabasa niya. Maaari akong magtanong tungkol sa bahaging binasa.*<br><br>(Mga maaaring itanong ng guro):<br><br>1) *Saan nagmula ang epiko?*<br><br>2) *Sino ang lumikha ng epiko?*<br><br>3) *Banggitin ang pangalan ng magkapatid sa epiko.*<br><br>4) *Ano ang ibig sabihin ng Raha?*<br><br>5) *Bakit ipinatawag ni Indarapatra si Sulayman?*<br><br>6) *Paano malalaman ni Indarapatra kung may nangyaring masama sa kapatid?*<br><br>7) *Ano ang pangalan ng dambuhala na nakita ni Sulayman sa isang bayan?* |
| (Kasama ang guro)<br><br>**Pagtalakay ng sagot sa pagsasanay at pagbasa ng ilang bahagi ng kuwento**<br><br>Tumawag ng mag-aaral upang sagutan ang bawat tanong. Ipabasa nang malakas sa ibang mag-aaral ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay sa sagot na ibinigay. Gawin ito para sa bawat tanong sa pagsasanay. Tiyakin na may pagkakataon ang lahat ng mga mag-aaral sa Pangkat 1 na lumahok sa talakayan. | **Pagsagot sa Pagsasanay**<br><br>**Sabihin:** *Pupunta ako sa Pangkat 1 at sila naman ang papakinggan kong magbasa. Punan ang pangungusap ng tamang sagot:*<br><br>1) Ang dalawang tauhan sa epiko ay sina ___________ at ___________.<br><br>2) Raha ang tawag sa kanila dahil sila ay ___________.<br><br>3) Si ___________ ay pupunta sa isang bayan upang ___________. |

TALAAN

Kung may panahon pa, talakayin ang karagdagang tanong:

*Mapatay kaya ni Sulayman ang dambuhala?*

4) Malalaman ni Indarapatra kung may nangyaring masama sa kapatid dahil sa ___________.

5) Ang unang nakalaban ni Sulayman ay si ___________.

## 4 PAGSASANAY

- Magbalik-aral sa pang-abay na pamaraan.

**Itanong:** *Ano ang tawag natin sa mga salita na naglalarawan ng kilos? Ano ang sinasagutan nitong tanong?*
(**Sagot:** Sinasagot ng pang-abay na pamaraan kung paano ginawa o ginagawa ang isang kilos o aksiyon.)

**Sabihin:** *Isulat sa kuwaderno ang pang-abay na pamaraan sa mga sumusunod na pangungusap.*

1) Tahimik na nakikinig ng kuwento sina Bong at Buboy.

2) Dahan-dahang ikinuwento ni Lola Hermie ang epiko.

3) Maingat na nagtago ang mga mamamayan.

4) Nagmamadaling pumunta si Sulayman sa bayan.

5) Sumigaw nang malakas sina Bong pagkakita sa mukha ni Kurita.

## 5 TAKDANG-ARALIN

Kunwari kayo si Sulayman. Ano-ano ang gagawin ninyong paghahanda upang matalo ang kalaban ng mga mamamayan? Maaaring gumamit ng pang-abay na pamaraan sa inyong pangungusap tungkol sa gagawin niya.

*Dugtungan ang pangungusap na ito:*

**Kung ako si Sulayman, maingat kong ______________.**

ARAW

# 3

## LAYUNIN

- **F3TA-0a-j-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Nasasagot ang mga tanong bilang paghahanda sa isusulat na epiko*
- **F3KP-IIIh-j-11** Napagsasama ang mga katinig, patinig upang makabuo ng salitang may klaster: klaster "l" (hal: blusa, plato)

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Ang takdang-aralin ninyo kahapon ay tungkol sa gagawin ninyo kung kayo si Sulayman. Lalagyan ninyo ng angkop na pang-abay na pamaraan ang inyong pangungusap. Sino ang makapagbabahagi ng kaniyang ginawa?*

## 2 PAGSAGOT NG PAGSASANAY SA SKILL BUILDER

Skill Builder

***Gawain:*** Pagsagot ng mga Tanong upang Makabuo ng Sariling Kuwento

Ipamahagi ang mga Leveled Reader.

**Sahihin:** *Buksan ang pahina 16 ng inyong aklat. Sagutin ang mga tanong sa pagsasanay at isulat sa kuwaderno.*

## 3 PAGSASANAY: MGA SALITANG MAY KLASTER O KAMBAL-KATINIG

- Isulat sa pisara ang sumusunod na salita at ipabasa nang malakas:

**<u>tr</u>adisyon** **<u>gr</u>upo** **<u>dr</u>owing** **<u>pl</u>orera** **<u>pr</u>insesa**

**Itanong:** *Ano ang napapansin ninyo sa unang pantig ng salita? Ilang katining ang bumubuo rito?*

- Isulat o ipaskil sa pisara ang sumusunod na pagsasanay.

Ang mga salitang ito na may magkasunod na katining sa iisang pantig ay mga salitang may **Klaster** o **Kambal-katinig.**

**Panuto:** *Basahin ang mga salita. Bilugan ang salita na may Kambal-katinig.*

| | | |
|---|---|---|
| 1) prutas | 6) braso | 11) burda |
| 2) payong | 7) krimen | 12) klase |
| 3) trumpo | 8) dentista | 13) gitara |
| 4) ngipin | 9) doktor | 14) plastik |
| 5) proyekto | 10) blusa | 15) trangkaso |

**Sabihin:** *Magtulungan kayo ng inyong katabi. Mag-isip ng mga salita na nag-uumpisa sa nakasulat na klaster at isulat sa inyong kuwaderno. May limang minuto kayo para sa gawaing ito.*

| | |
|---|---|
| 1) pl ___________ | 6) kr ___________ |
| 2) bl ___________ | 7) dr ___________ |
| 3) kl ___________ | 8) gr ___________ |
| 4) gl ___________ | 9) pr ___________ |
| 5) br ___________ | 10) tr ___________ |

- Matapos ang limang minuto, tumawag ng sampung mag-aaral sa pisara at itakda ang isang klaster sa kanila. Ipasulat sa pisara ang naisip nilang salita. Habang nagsusulat ang mga mag-aaral sa pisara, mag-ikot sa klase at basahin ang mga isinulat nilang salita na nagsisimula sa kambal-katinig.

## 4 TAKDANG-ARALIN

Gumawa ng balangkas ng isang epiko. Punan ang sumusunod na detalye:

| | |
|---|---|
| **Lugar:** | |
| **Panahon:** | |
| **Problema:** | |
| **Bayani:** | |
| **Kalaban:** | |
| **Kailangang gawin ng bayani upang malutas ang problema:** | |
| **Paano magtatagumpay sa dulo:** | |

**TALAAN**

**PAALALA SA GURO**

Maaaring ipagawa ang gawain bilang indibidwal o pangkat.

ARAW

# 4

## LAYUNIN

- Naibabahagi sa klase ang naisulat na epiko*
- **F1PP-IIIh-1.4** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon, at nasasagot ang mga pagsasanay tungkol dito
- Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Basahin sa inyong katabi ang ginawa ninyong balangkas ng epiko. Ibigay ang mga detalye na itinakda ko kahapon:*

| | |
|---|---|
| **Lugar:** | |
| **Panahon:** | |
| **Problema:** | |
| **Bayani:** | |
| **Kalaban:** | |
| **Kailangang gawin ng bayani upang malutas ang problema:** | |
| **Paano magtatagumpay sa dulo:** | |

Mag-ikot sa klase habang nagbabahaginan ang mga magkapares. Matapos ang limang minuto, tumawag ng ilang mag-aaral na maglalahad ng kanilang balangkas sa buong klase.

## 2 PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA NG LEVELED READER

### a. Paghawan ng Balakid

**Sabihin:** *Basahin ang mga salita sa pisara.*

| | | | |
|---|---|---|---|
| **dambuhala** | **mapayapa** | **naglakbay** | |
| **nalanta** | **imulat** | **nadaganan** | **hinambalos** |

*Makinig sa sasabihin kong pangungusap tungkol sa bawat salita. Piliin sa kahon sa baba ang kasingkahulugan ng bawat isa:*

| | | | |
|---|---|---|---|
| **namatay** | **naglakad** | **halimaw** | **naipit sa ilalim ng isang bagay** |
| **ibukas** | **tahimik** | **hinampas** | |

1) *Nakalaban ni Indarapatra ang nakakatakot na **dambuhala**.*

2) ***Naglakbay** si Indarapatra nang malayo para hanapin ang kalaban.*

3) ***Nalanta*** *ang tanim ni Sulayman kahit ito ay kaniyang inaalagaan.*

4) *Nang* ***imulat*** *ni Indarapatra ang mga mata niya, natuwa si Sulayman.*

5) ***Nadaganan*** *si Indarapatra ng bumagsak na malaking ibon.*

6) *Naging* ***mapayapa*** *ang bayan nang mamatay ang dambuhala.*

7) *Paulit-ulit na* ***hinambalos*** *ni Indarapatra ng punongkahoy.*

**TALAAN**

### b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak

**Itanong:** *Ano ang gagawin ni Sulayman sa unang bayan? Sino ang nakalaban niya?*

### c. Pangganyak na Tanong

**Itanong:** *Sino kaya ang mananalo sa labanan nina Indarapatra at Kurita? Sino-sino pa kaya ang makakalaban ni Sulayman?*

## 3 PAGBASA NG LEVELED READER AT PAGSAGOT SA MGA TANONG

**Sabihin:** *Hahatiin ko kayong muli sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ang magbabasa nang tahimik, at ang Pangkat 2 ang papakinggan ko habang nagbabasa nang malakas.*

*Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento?*
*Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

| **Pangkat 1**<br>*(Magbabasa nang tahimik)* | **Pangkat 2**<br>*(Magbabasa nang malakas)* |
|---|---|
| **Panuto:** Basahin nang tahimik ang kuwento. Pagkatapos magbasa, sagutan ang pagsasanay sa inyong kuwaderno:<br><br>**Pagsasanay**<br><br>1) Ang unang nakalaban at napatay ni Sulayman ay si ___________.<br><br>2) Pangalawang napatay niya si ___________.<br><br>3) Nanalo si Sulayman sa laban nila ni Pah ngunit namatay siya dahil ___________. | **Sabihin:** *Habang nagbibigay ako ng instruksyon sa Pangkat 1, maaaring tingnan ang pabalat ng aklat at buklatin ang bawat pahina.*<br><br>**Sabihin:** *Tatawag ako ng mag-aaral na magbabasa nang malakas ng bahagi ng kuwento. Habang nagbabasa siya nang malakas, susundan ninyo ang binabasa niya. Maaari akong magtanong tungkol sa bahaging binasa.*<br><br>(Mga maaaring itanong ng guro): |

TALAAN

4) Nalaman ni Indarapatra na namatay ang kapatid niya dahil ___________.

5) Nabuhay muli si Sulayman nang ___________.

6) Napatay ni Indarapatra ang ___________.

7) Lumabas ang mga mamamayan sa pinagtataguang ___________.

1) *Sino ang nanalo sa labanan nina Sulayman at Kurita?*

2) *Sino ang sunod na nakalaban ni Sulayman?*

3) *Paano ipinakita na malakas ito?*

4) *Sino ang nanalo sa laban nila?*

5) *Sino ang sunod na nakalaban ni Sulayman?*

6) *Ano ang nangyari kay Pah?*

7) *Bakit namatay si Sulayman?*

8) *Paano nabuhay si Sulayman?*

9) *Sino ang nakalaban ni Indarapatra?*

10) *Saan nagtago ang mga mamamayan?*

(Kasama ang guro)

**Pagtalakay ng sagot sa pagsasanay at pagbasa ng ilang bahagi ng kuwento**

Tumawag ng mag-aaral upang sagutan ang bawat tanong. Ipabasa nang malakas sa ibang mag-aaral ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay sa sagot na ibinigay. Gawin ito para sa bawat tanong sa pagsasanay. Tiyakin na may pagkakataon ang lahat ng mga mag-aaral sa Pangkat 1 na lumahok sa talakayan.

Kung may panahon pa, talakayin ang karagdagang tanong:

*Sa palagay ninyo, sino sa mga nakalaban ni Sulayman ang pinakamahirap matalo? Bakit?*

**Pagsagot sa Pagsasanay**

**Sabihin:** *Pupunta ako sa Pangkat 1 at sila naman ang pakikinggan kong magbasa. Habang nasa Pangkat 1 ako, sagutan ang pagsasanay. Punan ang pangungusap ng tamang sagot. Pagkatapos ninyong sagutan ang pagsasanay, maaari ninyong balikan ang* Leveled Reader *upang alamin kung tama o mali ang inyong sagot.*

1) Si ___________ ang unang nakalaban ni Sulayman.

2) Pangalawang nakalaban at napatay ni Sulayman si ___________.

3) Pangatlong nakalaban ni Sulayman si ___________.

4) Namatay si Sulayman dahil ___________.

5) Muli siyang nabuhay nang ___________.

TALAAN

| | |
|---|---|
| | 6) Napatay bi Indarapatra ang ___________.<br><br>7) Lumabas sa ___________ ang mga nagtatagong mamamayan. |

- Bago tumungo sa susunod na gawain, tanungin ang klase kung may tanong sila tungkol sa pagkakasal o pagiging mag-asawa ni Indarapatra at ng isang dalaga. Ipaliwanag na noong unang panahon, ganito ang tradisyon ukol sa pag-aasawa. Nagkakasundo ang dalawang pamilya na ikakasal ang kanilang mga anak, upang mapagtibay ang relasyon ng mga pamilyang sangkot.
- Maaaring itanong: *Ganito pa rin ba tradisyon ngayon? Sa palagay ninyo, bakit kaya hindi na mga magulang ang nagpapasya kung sino ang pakakasalan ng mga anak? Sang-ayon ba kayo dito?*

## 4 PAGSASANAY: PAGSUNOD-SUNOD SA PANGYAYARI

**Sabihin:** *Isulat ang sumusunod na pangungusap sa inyong kuwaderno. Lagyan ng bilang ang patlang ayon sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.*

___________ Nakalaban ni Sulayman ang ibong si Pah.

___________ Napatay ni Sulayman ang mabangis na si Kurita.

___________ Umalis ang mga mamamayan sa pinagtataguang kuweba at umuwi sa bayan.

___________ Nadaganan si Sulayman ng pakpak ni Pah at siya ay namatay.

___________ Nilabanan at napatay ni Sulayman ang ibon na may pitong ulo.

___________ Pinatay ni Sulayman ang halimaw na si Tarabusao.

___________ Pinatay ni Indarapatra ang ibon na may pitong ulo.

___________ Nagdasal nang taimtim si Indarapatra para mabuhay si Sulayman.

## 5 TAKDANG-ARALIN

Isulat sa porma ng talata ang mga pangungusap na inayos ninyo sa tamang pagkakasunod-sunod. Maghandang gamitin ang talata sa muling pagsalaysay ng epiko bukas.

ARAW **5**

## LAYUNIN

- Naisasalaysay muli ang teksto ayon sa kronolohikal na pagkakaksunod-sunod*
- Nagagamit ang mga nakalarawang balangkas sa pagtatala ng impormasyon o datos na kailangan*
- Nakasusulat nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat*
- Nagagamit ang angkop na pandiwa at pang-abay sa paglalarawan ng kilos ng mga tauhan*
- Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Ilabas ang ginawa ninyong takdang-aralin. Tatawag ako ng ilang mag-aaral na magbabasa ng kanilang talata na muling nagsasalaysay sa epikong binasa ninyo kahapon.*

## 2 PAGSAGOT SA SKILL BUILDER

Skill Builder

***Gawain:*** Pagsasanay Tungkol sa Kuwento

Ipamahagi ang mga Leveled Reader.

**Sabihin:** *Buksan ang inyong aklat sa pahina 22. Sagutan ang pagsasanay at isulat sa kuwaderno.*

## 3 PAGSASANAY: PAGBABALIK-ARAL SA NAPAG-ARALANG TALASALITAAN

**Sabihin:** *Punan ang bawat pangungusap ng napag-aralang talasalitaan:*

| | | | |
|---|---|---|---|
| **nalanta** | **lumusob** | **naglakbay** | **mithi** |
| **kinilabutan** | **henerasyon** | **imulat** | **likha** |

1) Nakatulog nang matagal si Jerry. Nang __________ niya ang kaniyang mga mata, mataas na ang sikat ng araw.

2) __________ na ang mga halaman dahil hindi nadiligan ng ilang araw.

3) Ang larawan sa aming kuwarto ay __________ ng kaibigan ni Ate Marina na pintor.

4) __________ ang mga bisita namin ng kalahating araw para makarating sa bayan namin.

5) Ang ___________ ng Tatay ko ay makatapos kami lahat ng pag-aaral.

6) Palaging ikinukuwento ni Lola na iba ang galaw ng mga bata noong ___________ nila kaysa kabataan ngayon.

7) ___________ ang mga bida sa kuweba na pinagtataguan ng kaaway.

8) ___________ ako nang makita ko ang anino sa madilim na silid.

**TALAAN**

ARALIN


# 29

## GABAY SA PAGTUTURO

# IKATLONG BAITANG FILIPINO

### TEMA: PAGPAPAHALAGA SA IBA'T IBANG PANGKAT NG TAO SA LALAWIGAN AT REHIYON

### LEVELED READER: "SINA BONG, BUBOY, AT ANG MGA KATUTUBONG PANGKAT"



**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO**
**IKATLONG BAITANG**
**YUNIT 3, ARALIN 29**

**Tema: Pagpapahalaga sa Iba't Ibang Pangkat ng Tao sa Lalawigan at Rehiyon**
***Leveled Reader:* "Sina Bong, Buboy, at ang mga Katutubong Pangkat"**
*(Kuwento ni Sierra Mae Paraan; Inedit ni Pia Zorayda Buiños; Guhit ni Hannah Manaligod)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| | | • Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na: | |
| I | TA | • **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon. | • Pangkat ng Pilipino at Kung Saan Sila Naninirahan |
| | PT | • Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng kasingkahulugan.* | • Paghawan ng Balakid: *katunggali, pananalakay, tangi, gantihan*<br>• Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang salita |
| | PN | • Nakapagbibigay ng hinuha o prediksyon tungkol sa maaaring mangyari sa kuwento.* | • Pagbigay ng hinuha o prediksyon |
| | TA | • **F3TA-0a-j-1** Nakikinig sa kuwentong binabasa ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto. | • Pakikinggang Kuwento *(Listening Story)*: "Ibang Bersiyon ng Kuwento nina Indarapatra at Sulayman" |

**DOMAINS: *** – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| | |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang nalalaman tungkol sa mga pangkat ng Pilipino at ang kanilang tirahan. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng nalalamang pangkat ng Pilipino at ang kanilang tirahan |
| 2. Paghahanda sa Pakikinig sa Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng kahulugan ng mga salita mula sa kuwento paggamit sa pangungusap ang napag-aralang mga salita.<br>b. Pagganyak<br>• Magbigay ng pagganyak na gawain.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Pakikinig sa Kuwento<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap<br>b. Pagganyak<br>• Pagsali sa gawain<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot sa pangganyak na tanong |
| 3. Pagbibigay ng Hula o Prediksiyon Tungkol sa Pakikinggang Kuwento<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na maghinuha kung ano ang pagkakaiba nito sa isang bersiyon ng kuwento. | 3. Pagbibigay ng Hula o Prediksiyon Tungkol sa Pakikinggang Kuwento<br>• Pagbigay ng hinuha tungkol sa pagkakaiba ng babasahing isang bersiyon ng kuwento sa nabasa nila |
| 4. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro<br>• Basahin ang kuwento at magtanong tungkol dito. | 4. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro<br>• Pakikinig sa kuwento at pagsagot sa tanong ng guro tungkol dito |
| **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa<br>**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan<br>**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas | |

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 1 | PN | • Napatutunayan kung tama o mali ang hinuha tungkol sa kuwento pagkatapos mapakinggan ang kuwento.* | • Paghahambing ng dalawang bersiyon ng epiko |
| | PN<br>PS | • Naikukuwentong muli ang napakinggang kuwento na wasto ang pagkasunod-sunod at gumagamit ng *signal words:* una, pangalawa . . .* | • Muling pagkukuwento ng napakinggang kuwento |
| 2 | PS | • Naikukuwentong muli ang napakinggang kuwento na wasto ang pagkasunod-sunod.* | • Muling pagkukuwento ng napakinggang kuwento |
| | PT | • Naibibigay ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng pag-aral kung paano ito ginagamit sa pangungusap.* | • Paghawan ng Balakid: *mandirigma, naghahabi, naglililok* |
| | TA | • **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento sa Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon. | • Leveled Reader: *Si Bong, Buboy at ang mga Katutubong Pangkat*<br>• Pagbasa ng ikalimang bahagi ng Leveled Reader at pagsagot ng mga tanong tungkol dito |
| | PB | • Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang teksto.* | |

**DOMAINS: *** – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 5. Pagtalakay sa Kuwento:<br>Tama ang Hinuha Namin?<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang pagkakapareho at pagkakaiba ng dalawang bersiyon ng epiko. | 5. Pagtalakay sa Kuwento:<br>Tama ang Hinuha Namin?<br>• Paghahambing ng dalawang bersiyon ng epiko at pagbigay ng pagkakapareho at pagkakaiba ng mga ito |
| 6. Muling Pagsasalaysay<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na muling ikuwento ang napakinggang epiko gamit ang signal words na una, pangalawa . . .<br>7. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 6. Muling Pagsasalaysay<br>• Muling pagkukuwento ng napakinggang epiko sa tamang pagkasunod-sunod at gamit ang signal words na una, pangalawa . . .<br>7. Takdang-Aralin<br>• Pagsagot sa takdang-aralin |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ikuwento ng muli ang napakinggang epiko gamit ang signal words na una, pangalawa … | 1. Bahaginan<br>• Muling pagkukuwento ng napakinggang epiko sa tamang pagkasunod-sunod at gamit ang signal words na una, pangalawa |
| 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa<br>(Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap.<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pag-alala sa kuwentong binasa noong nakaraang araw at magbigay ng pagganyak na gawain.<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa<br>(Pagbasa ng Leveled Reader)<br>a. Paghawan ng Balakid<br>• Pag-unawa sa kahulugan ng salita ayon sa paliwanag ng guro at paggamit ng mga ito sa pangungusap<br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br>c. Pangganyak na Tanong<br>• Pagsagot sa pangganyak na tanong |
| 3. Pagbasa ng Leveled Reader at<br>Pagsagot sa mga Tanong<br>• Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at sa mga gawain. | 3. Pagbasa ng Leveled Reader at<br>Pagsagot sa mga Tanong<br>• Pangkat 1 (Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagbasa nang tahimik (may kahirapang teksto) at pagsagot sa pagsasanay<br>• Pangkat 2 (Mga Nahihihrapang Bumasa): Pagbasa nang malakas (may kadaliang teksto) at pagsagot sa mga tanong ng guro |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 2 | **PB** | • Nasasagot ang pagsasanay tungkol sa binasang kuwento.* | • Pagsagot ng Pagsasanay |
| | **KP**<br>**PP** | • **F3KP-IIIh-j-1; F3PP**<br>Napagsasama ang mga katinig, patinig upang makabuo ng salitang may klaster. | • Mga Salitang May Klaster (r at l) |
| 3 | | | • Bahaginan: Takdang-Aralin |
| | **PB** | • Nakagagawa ng dayagram tungkol sa binasang mga grupo ng tao.* | • Pagsagot ng Skill Builder: Paggawa ng dayagram tungkol sa binasang mga grupo ng tao |
| | **PP**<br>**PU** | • **F3PP**: **F3PU**<br>Nababasa at nababaybay nang wasto ang mga salitang may klaster na may "r" at "l". | • Pagbaybay ng mga salitang may klaster |
| | **PT** | • **F3PT-IIIi-5**<br>Nakapag-uuri-uri ng mga salita ayon sa ipinahihiwatig na kaisipang konseptwal. | • Pag-uuri ng mga salita |
| 4 | **PS** | • Naibabahagi sa klase ang mga salita na pinangkat ayon sa kaisipang konseptwal.* | • Pag-uuri ng ng mga salita |

**DOMAINS: *** – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Hiyatin ang mga mag-aaral na sagutan ang pagsasanay sa kuwento. | • Pagsagot ng pagsasanay |
| 4. Pagsasanay: Mga Salitang May Klaster<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin ang mga salitang may klaster na may r at l.<br>5. Pagsasanay: Pagbuo ng Salitang May Klaster<br>• Ipasagot sa mga mag-aaral ng pagsasanay tungkol sa paglalagay ng angkop na klaster upang mabuo ang salita.<br>6. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 4. Pagsasanay: Mga Salitang May Klaster<br>• Pagbasa ng salitang may klaster na may r at l<br>5. Pagsasanay: Pagbuo ng Salitang May Klaster<br>• Pagsagot sa pagsasanay sa paglalagay ng angkop na klaster upang mabuo ang salita<br>6. Takdang-Aralin<br>• Paggawa ng takdang-aralin |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang takdang-aralin sa klase. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi ng takdang-aralin sa klase |
| 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang pagsasanay sa Skill Builder tungkol sa paggawa ng dayagram tungkol sa mga grupo ng tao. | 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br>• Pagsagot ng pagsasanay sa Skill Builder tungkol sa paggawa ng dayagram tungkol sa grupo ng mga tao |
| 3. Pagsasanay: Mga Salitang May Klaster<br>• Basahin ang mga salitang may klaster at ipasulat nang wasto ang baybay ng mga ito sa mga mag-aaral. | 3. Pagsasanay: Mga Salitang May Klaster<br>• Pagbasa at pagbaybay nang wasto sa mga salitang may klaster |
| 4. Pagsasanay: Pag-uuri ng mga Salita<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na isulat ang angkop na pangkat ang mga salitang galing sa kuwento ayon sa uri.<br>5. Takdang-Aralin<br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 4. Pagsasanay: Pag-uuri ng mga Salita<br>• Pagbasa ng mga salita at pagsulat ng mga ito sa angkop na pangkat ayon sa uri<br>5. Takdang-Aralin<br>• Pagagawa ng talahanayan |
| 1. Bahaginan<br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi pinangkat na mga salita. | 1. Bahaginan<br>• Pagbahagi sa klase ng isinulat na pagpapangkat ng mga salita |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 4 | PP | • **F1PP-IIIh-1.4** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa gamit ng mga ito sa pangungusap o sa ibinigay na kasingkahulugan. | • Paghawan ng Balakid: *mabigyan hustisya, napagtanto, hamon, nagpasya* |
| | TA<br>PB | • **F3TA-0a-j-3**; **F3PB** Nababasa ang Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon, at nasasagot ang mga pagsasanay tungkol dito. | • Leveled Reader: *Si Bong, Buboy at ang mga Katutubong Pangkat*<br>• Pagbasa ng ika-anim na bahagi ng Leveled Reader at pagsagot ng mga tanong tungkol dito |
| | PB | • Naikukuwentong muli ang nabasang kuwento na nasasabi ang iba't ibang bahagi ng balangkas: tauhan, tagpuan at sunod-sunod na pangyayari.* | • Pagkukuwento ng nabasang kuwento na ginabayan ng balangkas ng kuwento |
| | PL | • **F1PL-0a-j-7** Naibabahagi ang karanasan sa pagbasa upang makahikayat ng pagmamahal sa pagbasa. | |
| 5 | PS | • Naikukuwentong muli ang nabasang kuwento.* | • Muling pagkukuwento ng nabasang kuwento |
| | PS<br>PB | • Nakapagbibigay ng sariling palagay.* | • Pagsagot ng Skill Builder tungkol sa pagbigay ng sariling palagay |
| | KM | • Nakasusulat ng ibang katapusan sa binasang kuwento.* | • pagsulat ng ibang katapusan sa binasang kuwento |

**DOMAINS:** * – *Competencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br><br>a. Paghawan ng Balakid<br><br>• Gamitin sa pangungusap ng mga salita at hikayatin ang mga mag-aaral na piliin ang angkop na kasingkahulugan.<br><br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br><br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pag-alala sa kuwentong binasa noong nakaraang araw at magbigay ng pagganyak na gawain.<br><br>c. Pangganyak na Tanong<br><br>• Magbigay ng pangganyak na tanong. | 2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng Leveled Reader)<br><br>a. Paghawan ng Balakid<br><br>• Pagbigay ng kasingkahulugan ng salita<br><br>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak<br><br>• Pagsali sa pagganyak na gawain<br><br>c. Pangganyak na Tanong<br><br>• Pagsagot sa pangganyak na tanong |
| 3. Pagbasa ng Leveled Reader at Pagsagot sa mga Tanong<br><br>• Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa at sa mga gawain. | 3. Pagbasa ng Leveled Reader at Pagsagot sa mga Tanong<br><br>• Pangkat 1 (Mga Mahuhusay nang Bumasa): Pagbasa nang tahimik (may kahirapang teksto) at pagsagot sa pagsasanay<br><br>• Pangkat 2 (Mga Nahihihrapang Bumasa): Pagbasa nang malakas (may kadaliang teksto) at pagsagot sa mga tanong ng guro |
| 4. Pagsasanay: Muling Pagkukuwento<br><br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na muling ikuwento ang nabasang teksto.<br><br>5. Takdang-Aralin<br><br>• Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin. | 4. Pagsasanay: Muling Pagkukuwento<br><br>• Muling pagkukuwento ng nabasang kuwento gamit ang balangkas ng kuwento bilang gabay<br><br>5. Takdang-Aralin<br><br>• Paggawa ng takdang-aralin |
| 1. Bahaginan<br><br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na muling ikuwento ang nabasang kuwento. | 1. Bahaginan<br><br>• Muling pagkuwento ng nabasang kuwento |
| 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br><br>• Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutan ang pagsasanay tungkol sa pagbibigay ng sariling palagay. | 2. Pagsagot ng Pagsasanay sa Skill Builder<br><br>• Pagsagot ng Skill Builder |
| b. Hikayatin ang mga mag-aaral na sumalat ng ibang katapusan para sa kuwento. | b. Pagsulat ng ibang katapusan ng kuwento |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 5 | WG | • **F3WG-IIIh-j-6** Nasasabi ang panahon at lugar ng pagsasagawa ng kilos o gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan. | • Pang-abay na Pamanahon at Panlunan |
| | PU | • **F3PU-IIIi-2.1;2.3** Nababaybay nang wasto ang mga salitang may tatlo o apat na pantig at batayang talasalitaan. | • Pagbalik-aral sa mga salitang tinalakay sa talasalitaan at mga salitang nabasa sa kuwento na may talo pataas na bilang ng pantig |

**DOMAINS:** * – C*ompetencies* na idinagdag ng Basa Pilipinas **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral
**AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag **KP** – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
**PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| 3. Pagsasanay: Pang-abay na Pamanahon at Panlunan<br>• Talakayin ang mga pang-abay na pamanahon at panlunan at ipasagot sa mga mga mag-aaral ang pagsasanay tungkol dito. | 3. Pagsasanay: Pang-abay na Pamanahon at Panlunan<br>• Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa pang-abay na pamanahon (kailan?) at pang-abay na panlunan (saan?) |
| 4. Pagsasanay: Pagbabaybay<br>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabalik-aral sa mga salitang tinalakay sa talasalitaan at mga salitang nabasa sa kuwento na may tatlo pataas na bilang ng pantig; hikayatin ang mga mag-aaral na basahin at baybayin ang mga ito nang wasto. | 4. Pagsasanay: Pagbabaybay<br>• Pagbasa at pagbaybay nang wasto ng mga tinalakay na talasalitaan at mga salitang nabasa sa mga kuwento na may tatlo pataas na pantig |

**PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas **PU** – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa
**PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

ARAW

# 1

## LAYUNIN

- **F3TA-0a-J-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon
- Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng kasingkahulugan*
- Nakapagbibigay ng hula o prediksiyon tungkol sa maaaring mangyari sa kuwento*
- **F3TA-0a-j-1** Nakikinig sa kuwentong binabasa ng guro at nakatutugon nang angkop at wasto
- Napatutunayan kung tama o mali ang hinuha tungkol sa kuwento pagkatapos mapakinggan ang kuwento*
- Naikukuwentong muli ang napakinggang kuwento na wasto ang pagkasunod-sunod at gumagamit ng *signal words:* una, pangalawa . . .*

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

- Ipakilala sa mga mag-aaral ang tema ng linggong ito, at hikayatin ang ilang mag-aaral na magbahagi ng nalalaman tungkol sa paksang ito.

**Sabihin:** *Ang tema natin ngayong linggo ay tungkol sa pagpapahalaga sa iba't ibang pangkat ng tao sa lalawigan at rehiyon. Noong nakaraang linggo, napag-aralan na natin ang isang pangkat ng katutubo mula sa lalawigan ng Lanao sa Mindanao. Sino ang nakakaalala ng pangkat ng taong ito? Saan galing ang pangalan na Maranao? Ano-ano pa ang pangkat ng tao sa iba't ibang lalawigan at rehiyon ng Pilipinas na alam ninyo?*

- Ipaskil o isulat sa pisara ang talahanayan sa baba. Tanungin ang mga mag-aaral kung may iba pa silang alam na katutubong pangkat ng Pilipino. Isulat sa talahanayan ang detalyeng ibibigay nila.

| Katutubong Pangkat | Saan Nakatira o Nagmula |
|---|---|
| Mangyan | Mindoro |
| Ati | Panay |
| T'boli | South Cotabato |
| Waray | Samar, Leyte, Biliran |

- Tulungan ang mga mag-aaral na bumuo ng mga pangungusap batay sa impormasyong nasa talahanayan.
Halimbawa: *Ang mga Mangyan ay katutubong pangkat mula sa Mindoro. Ang mga Ati ay katutubong pangkat mula sa Panay.*

- Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng mabubuong pangungusap sa buong klase.

TALAAN

## 2 PAGHAHANDA SA PAKIKINIG SA KUWENTO

### a. Paghawan ng Balakid

**Sabihin:** *Nasa pisara ang mga bagong salitang maririnig ninyo sa ating kuwento ngayon. Gagamitin ko ang mga ito sa pangungusap. Piliin ang tamang kahulugan ng mga ito:*

| | |
|---|---|
| **katunggali** | **tangi** |
| **pananalakay** | **ganithan** |

(1) **katunggali**

**Sabihin:** ***Katunggali*** *ng paaralan namin sa Palarong Panlalawigan ang Quezon Central School. Puspusan ang pagpapraktis ng mga manlalaro namin upang manalo.*

*Kasingkahulugan ng katunggali ang __________.*
*a. kaibigan   b. kapatid   c. kalaban*

(2) **pananalakay**

**Sabihin:** *Sa pelikulang pinanood namin kahapon, matindi ang aksiyon at putukan nang maganap ang* ***pananalakay*** *ng mga kalaban sa kampo ng mga bida. Hindi nagtagumpay ang mga kalaban, ngunit may mga bidang nasugatan.*

*Ang pananalakay o ang pagsagawa ng pagsalakay ay kasingkahulugan ng __________.*
*a. pakikipagkaibigan   b. pag-atake   c. pagsurender*

(3) **tangi**

**Sabihin:** *Ako ang* ***tangi****ng anak ng Nanay at Tatay ko. Wala akong kapatid.*

*Kasingkahulugan ng tangi ang __________.*
*a. pangalawa   b. nag-iisa   c. pinili*

(4) **gantihan**

**Sabihin:** *Inalagaan ako nang husto ng kaibigan ko noong naospital ako. Gusto kong* ***gantihan*** *ang kabaitan na ipinakita niya sa akin, kaya't agad agad akong tumulong sa kaniya nang siya naman ang nagkasakit.*

*Kasingkahulugan ng gantihan ang __________.*
*a. paggawad ng kapantay na bagay sa anumang natanggap*
*b. pagpatawad sa gumawa ng masama sa kaniya*
*c. pag-uusap at pagkakaunawaan*

TALAAN

**b. Pagganyak**

**Itanong:** *Natatandaan ba ninyo ang binasa ninyong kuwento tungkol kina Indarapatra at Sulayman?*

**c. Pangganyak na Tanong**

**Sabihin:** *Sa babasahin kong kuwento ngayon, may ibang bersiyon ng kuwento. Ano sa palagay ninyo ang pagkakapareho at pagkakaiba ng dalawang bersiyon?*

## 3 PAGBIBIGAY NG HULA O PREDIKSIYON TUNGKOL SA PAKIKINGGANG KUWENTO

- Isulat o ipaskil ang talahanayan sa ibaba.

**Sabihin:** *Pansinin ang tanong dito sa unang hanay. Alalahanin ang mga pangyayari sa unang bersiyon at sagutan ang bawat tanong. Isusulat ko ang sagot ninyo sa pangalawang hanay ng tsart. Ibigay ang hula o prediksiyon ninyong mangyayari sa babasahin kong pangalawang bersiyon. Ano ang prediksiyon ninyong magiging kaibahan o pagkakatulad ng pangalawang bersiyon? Isusulat ko ang mga ito sa pangatlong hanay.*

| Bahagi ng Kuwento | Ang Nangyari sa Unang Bersiyon | Ang Hula o Prediksyon Ko sa Pangalawang Bersiyon |
|---|---|---|
| Ilang ang naging kalaban nina Indarapatra at Sulayman?<br><br>Sino-sino ito? | | |
| Sino sa magkapatid ang unang lumaban? | | |
| Ano ang ginawa ni Indarapatra para malaman ang nangyari kay Sulayman? | | |
| Ano ang nangyari sa itinanim niyang halaman? | | |
| Ano ang ginawa ni Indarapatra nang malaman ang nangyari sa kapatid? | | |
| Ano ang naging wakas ng kuwento? | | |

TALAAN

## 4 PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO

**Sabihin:** *Handa na bang makikig sa babasahin kong kuwento? Ang pamagat ng kuwento ay* ***Ang Epiko ng Maranao: Ibang Bersiyon ng Kuwento nina Indarapatra at Sulayman.*** *Isinulat ni Bb. Sierra Mae Paraan ang muling pagsalaysay na babasahin ko.*

### "Ang Epiko ng Maranao: Ibang Bersiyon ng Kuwento nina Indarapatra at Sulayman"

Kuwento ni Sierra Mae Paraan

*Sa isang bersiyon ng epikong tungkol kina Indarapatra at Sulayman, ipinakilala ang isang bagong tauhan, si Omakaan. Sa halip na apat na halimaw ang katunggali nina Indarapatra at Sulayman, si Omakaan ang tangi nilang kalaban.*

*Nabalitaan nina Raha Indarapatra at Raha Sulayman ang pananalakay ni Omakaan, isang nilalang na kumakain ng tao. Nagpasya ang magkapatid na papuntahin si Sulayman para labanan si Omakaan. Bago umalis ang kapatid, nagtanim si Indarapatra ng isang halaman. Para kay Indarapatra, kapag nalanta ito, nangangahulugang natalo si Sulayman.*

*Pagkalipas ng pitong araw, namatay ang halaman. Naglakbay si Indarapatra para hanapin ang kapatid at gantihan si Omakaan. Noong minsang nagpahinga si Indarapatra sa paglalakbay, nakarinig siya ng isang hindi kilalang boses. Ayon sa boses na ito, kapag pinutol ang isang bahagi ni Omakaan, tumutubo ito agad.*

*Tinandaan ito ni Indarapatra nang makaharap niya si Omakaan. Nang maglabanan ang dalawa, ilang beses na tinamaan ni Indarapatra si Omakaan. Maingat si Indarapatra para hindi niya maputol ang alinmang bahagi ng katawan ni Omakaan. Sa wakas, nanalo si Indarapatra at nagapi niya si Omakaan.*

***Sanggunian:***

Casanova, Arthur P., Rolando C. Esteban and Ivie C. Esteban. (2011). *Mga Kuwentong-bayan ng Katimugang Pilipinas.* Manila: Anvil Publishing.

## 5 PAGTALAKAY SA KUWENTO: TAMA BA ANG HINUHA NAMIN?

**Sabihin:** *Balikan natin ang tsart na sinagutan ninyo bago kayo nakinig sa kuwento. Alin sa mga hinuha ninyo ang tama? Alin ang hindi? Aling bersiyon ang mas gusto ninyo?*

TALAAN

## 6 MULING PAGSASALAYSAY

**Sabihin:** *Kayo naman ang magsulat ng isang muling pagsalaysay ng pangalawang bersiyon. Isulat ninyo ang mga pangyayari mula sa pangalawang bersiyon sa inyong kuwaderno. Sa gawaing ito, alalahanin ang tamang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari. Gamitin ang sumusunod na pananda:*

*Una,* ______________________________.
*Pangalawa,* ______________________________.
*Pangatlo,* ______________________________.
*Pang-apat,* ______________________________.
*Sunod,* ______________________________.
*Sa wakas,* ______________________________.

## 7 TAKDANG-ARALIN

Basahing muli ang isinulat na muling pagsalaysay ng mga pangyayari sa kuwentong napakinggan ngayon. Bukas, tatawag ako ng mga mag-aaral na muling magsasalaysay ng pangalawang bersiyon ng epiko.

ARAW 2

### LAYUNIN

- Naikukuwentong muli ang napakinggang kuwento na wasto ang pagkasunod-sunod*
- Naibibigay ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng pag-aral kung paano ito ginagamit sa pangungusap*
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento sa Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang teksto*
- Nasasagot ang pagsasanay tungkol sa binasang kuwento*
- **F3KP-IIIh-j-1** Napagsasama ang mga katinig, patinig upang makabuo ng salitang may klaster

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Itanong:** *Sino ang handang magkuwento ng napakinggang kuwento kahapon? Alalahanin ang mga maaaring gamiting salita sa pagsunod-sunod ng mga pangyayari.*

*Una,* ______________________________.
*Pangalawa,* ______________________________.

*Pangatlo,* ________________________________________.
*Pang-apat,* ________________________________________.
*Sunod,* ____________________________________________.
*Sa wakas,* ________________________________________.

Tumawag ng ilang mag-aaral na maglalahad sa harapan ng klase.

TALAAN

## 2 PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA (PAGBASA NG LEVELED READER)

### a. Paghawan ng Balakid

**Sabihin:** *Basahin ang mga nakasulat na salita sa pisara. Mababasa ninyo ang mga ito sa kuwentong babasahin ninyo ngayon:*

**mandirigma naghahabi naglililok**

(1) **mandirigma**

**Sabihin:** *Ang* ***mandirigma*** *ay lumalaban sa giyera o digmaan. Sino ang mga Pilipinong nagsisilbing mandirigma at lumalaban para sa ating bansa sa kasalukuyan? May kilala ba kayong bida na nagsisilbi sa sandatahang lakas ng Pilpinas?*

(2) **naghahabi** (Maaaring magpakita ng tela na gawa sa Cordillera)

**Sabihin:** *Tingnan mo ang telang ito. Ano ang masasabi mo sa pagkagawa nito? sa mga kulay? Ito ay galing sa Cordillera. Gawa ito ng* ***naghahabi*** *o gumagawa ng tela sa pamamagitan ng espesyal na makina.*

(3) **naglililok** (Maaaring magpakita ng nililok na bagay)

**Sabihin:** *Tingnan mo ang pigurang ito. Ito ay gawa sa kahoy. Gamit ang espesyal na kagamitan, ito ay tinabas at hinugis ng isang* ***naglililok****.*

*Pumili ng isang salitang natutuhan at gamitin sa pangungusap. Isulat ang pangungusap sa kuwaderno.*

### b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak

**Sabihin:** *Kahapon, binasa ko ang kuwento tungkol sa ibang bersiyon ng epiko ng Maranao. Sina Indarapatra at Sulayman ang mga bida sa epikong ito.*

### c. Pangganyak na Tanong

**Itanong:** *Sa babasahin ninyong kuwento ngayon, alamin: Saang lalawigan galing ang epiko? Sino-sino ang mga tauhan sa epiko? Ano ang kabayanihan na ginawa nila?*

**TALAAN**

## 3 PAGBASA NG MGA MAG-AARAL NG KUWENTO

- Ipamahagi ang mga kopya ng Leveled Reader.

**Sabihin:** *Tingnan ang pabalat ng babasahin ninyong aklat. Ano-ano ang makukuha ninyong impormasyon dito? Basahin ang pamagat. Sino ang may-akda? Sino ang tagaguhit? Ano-ano ang nasa larawan?*

- Bigyan ng panahon ang mga bata na masinsinang tingnan ang pabalat ng aklat at buklatin ang mga pahina nito.

**Sabihin:** *Hahatiin ko ang klase sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ang magbabasa nang tahimik habang ang Pangkat 2 ang magbabasa nang malakas. Papakinggan ko ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2. Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tahimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwento na isinulat ko sa pisara/tsart. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno. Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

**PAALALA SA GURO**

Pakinggang mabuti at alalayan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa.

| **Pangkat 1**<br>*(Magbabasa nang tahimik)* | **Pangkat 2**<br>*(Magbabasa nang malakas)* |
|---|---|
| **Panuto:** Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na pagsasanay:<br><br>Punan ang patlang ng tamang sagot:<br><br>1) ___________ ang tawag sa awit o *chant* habang nagsasalaysay ng kuwento.<br><br>2) Ipinakikita ng Hudhud ang buhay at kaugalian ng mga___________.<br><br>3) ___________ ang tawag sa lider na magsisimula ng pag-awit.<br><br>4) Ang ___________ ang grupong magpapatuloy ng pag-awit.<br><br>5) Sa ___________ makikita ang ibang tirahan ng mga Ifugao, kung saan sila makikitang naghahabi at naglililok. | **Sabihin:** *Tatawag ako ng mag-aaral na magbabasa nang malakas ng bahagi ng kuwento. Habang nagbabasa siya nang malakas, susundan ninyo ang binabasa niya. Maaari akong magtanong tungkol sa bahaging binasa.*<br><br>(Mga maaaring itanong ng guro):<br><br>1) *Tungkol saan ang epikong ikukuwento ni Lola Hermie?*<br><br>2) *Ano ang tawag sa katutubong Ifugao?*<br><br>3) *Ano ang Hudhud?*<br><br>4) *Ano-ano ang apat na okasyon na inaawit ang Hudhud?*<br><br>5) *Ano ang kaibhan ng muhaw-e sa munhudhud?*<br><br>6) *Ano-ano ang paksa ng Hudhud?* |

TALAAN

| | |
|---|---|
| | 7) *Saan matatagpuan ang mga Ifugao?* |
| (Kasama ang guro)<br><br>**Pagtalakay ng sagot sa pagsasanay at pagbasa ng ilang bahagi ng kuwento**<br><br>Tumawag ng mag-aaral upang sagutan ang bawat tanong. Ipabasa nang malakas sa ibang mag-aaral ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay sa sagot na ibinigay. Gawin ito para sa bawat tanong sa pagsasanay. Tiyakin na may pagkakataon ang lahat ng mga mag-aaral sa Pangkat 1 na lumahok sa talakayan.<br><br>Kung may panahon pa, talakayin ang karagdagang tanong:<br><br>*Ano-ano ang paksa ng Hudhud?* | **Sabihin:** *Pupunta ako sa Pangkat 1 at sila naman ang papakinggan kong magbasa. Punan ang pangungusap ng tamang sagot:*<br><br>1) Ang epikong ikukuwento ni Lola Hermie ay tungkol sa ___________.<br><br>2) Ang mga ___________ ay katutubong mga tao sa Ifugao.<br><br>3) Ang lider ng mga mang-aawit ay tinatawag na ___________.<br><br>4) Munhudhud ang tawag sa mga ___________.<br><br>5) Matatagpuan sa ___________ ang hagdan-hagdang palayan. |

## 4 PAGSASANAY: MGA SALITANG MAY KLASTER

**Sabihin:** *Napag-aralan ninyo noong isang linggo ang mga salitang may klaster o kambal-katining sa isang pantig. Basahin ang mga salita at bilugan ang klaster:*

| | | | |
|---|---|---|---|
| **brilyante** | **kriminal** | **drowing** | **presidente** |
| **brigada** | **krayola** | **dragon** | **probinsiya** |
| **braso** | **krimen** | **drayber** | **prinsipal** |
| **trangkaso** | **transportasiyon** | | **trapiko** |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **gripo** | **bloke** | **klase** | **globo** | **planeta** |
| **groto** | **plakard** | **klima** | **klaro** | **plantsa** |
| **platito** | | | | |

## 5 PAGSASANAY: PAGBUO NG SALITANG MAY KLASTER

**Sabihin:** *Lagyan ng angkop na klaster ang salitang may salungguhit sa bawat pangungusap. Pumili sa sumusunod na klaster:*

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **pl** | **gr** | **dr** | **pr** | **kr** | **kl** | **br** |

TALAAN

1) Ang ganda ng ___ilyante sa kaniyang suot na singsing.
2) Nalutas na ng pulisya ang _____imen.
3) Binasa ko ang nakasulat sa _____akard.
4) Pinahinto ng pulis trapiko ang _____ayber ng dyipni.
5) Nakalagay ang patis na may kalamansi sa _____atito.
6) Saang _______obinsiya nakatira ang lolo at lola mo?
7) Maganda ang _____ima sa Baguio kaya maraming pumupunta roon.
8) Ang ganda ng _____owing mo ng hagdan-hagdang palayan!
9) Si Ernesto ang _____esidente ng aming klase.
10) 10. Ilang _____upo kaya ng mang-aawit ang nasa Cordillera?

## 6 TAKDANG-ARALIN

Pumili ng limang salitang may klaster na may l o r at gamitin sa pangungusap.

## ARAW 3

### LAYUNIN

- Nakagagawa ng dayagram tungkol sa binasang mga grupo ng tao*
- Nababaybay nang wasto ang mga salitang may klaster na may r at l*
- **F3PT-IIIi-5** Nakapag-uuri-uri ng mga salita ayon sa ipinahihiwatig na kaisipang konseptwal

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Basahin ang ginawa ninyong mga pangungusap na gamit ang mga salitang may klaster.*

## 2 PAGSAGOT NG PAGSASANAY SA SKILL BUILDER

Skill Builder

***Gawain:*** Paggawa ng Mind Map o Diagram

Ipamahagi ang mga Leveled Reader. Ipasagot ang pagsasanay sa pahina 27. Isusulat ng mga mag-aaral ang sagot sa kanilang kuwaderno.

TALAAN

## 3 PAGSASANAY: MGA SALITANG MAY KLASTER

- Idikta ang sumusunod na mga salitang may klaster at ipabaybay sa mag-aaral.

**Sabihin:** *Isulat sa kuwaderno ang tamang baybay ng sumusunod na mga salitang may klaster:*

| | |
|---|---|
| 1) krayola | 6) klima |
| 2) trangkaso | 7) platito |
| 3) globo | 8) trangkaso |
| 4) gramo | 9) planeta |
| 5) trapiko | 10) plantsa |

- Tumawag ng mga mag-aaral na magbabaybay ng mga idiniktang salita sa pisara. Tiyaking wasto ang kanilang pagbaybay. Ipawasto sa mga mag-aaral ang kanilang pagbaybay batay sa wastong pagkasulat ng mga salita sa pisara.

## 4 PAGSASANAY: PAG-UURI NG MGA SALITA

**Sabihin:** *Ang mga salita ay maaaring pangkatin ayon sa kanilang uri o kategoryang kinabibilangan. May mga salitang pangalan ng tao, pangalan ng pook, pangalan ng bagay, o mga salitang nagsasaad ng kilos.*

*Basahin ang mga salitang galing sa kuwento. Pangkatin ang mga ito ayon sa mga kategorya na nakasulat sa talahanayan.*

| | | |
|---|---|---|
| *Luzon* | *Indarapatra* | *Omakaan* |
| *Pambukhayon* | *Pah* | *Tam-an Village* |
| *Kurita* | *Sulayman* | *Mindanao* |
| *Aliguyon* | *Tarabusao* | *Cordillera* |

| Pangalan ng Lugar | Pangalan ng mga Tauhan sa Epiko | Pangalan ng mga Kalaban ng mga Tauhan |
|---|---|---|
| | | |

## 5 TAKDANG-ARALIN

Gumawa ng talahanayan. Maglista ng mga pangalan ng paborito ninyong kalaro, mga lugar na gusto ninyong puntahan, at mga paborito ninyong pagkain. Isulat sa angkop na hanay ang magkakauring salita.

**ARAW**

# 4

## LAYUNIN

- Naibabahagi sa klase ang mga salita na pinangkat ayon sa kaisipang konseptuwal*
- **F1PP-IIIh-1.4** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa gamit ng mga ito sa pangungusap o sa ibinigay na kasingkahulugan
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang Leveled Reader nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon, at nasasagot ang mga pagsasanay tungkol dito*
- Naikukuwentong muli ang nabasang kuwento na nasasabi ang iba't ibang bahagi ng balangkas: tauhan, tagpuan, at pagkakasunod-sunod ng pangyayari*
- **F1PL-0a-j-7** Naibabahagi ang karanasan sa pagbasa upang makahikayat ng pagmamahal sa pagbasa

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Ibahagi sa inyong katabi ang mga salita na pinangkat ninyo ayon sa uri. Pansinin kung mayroong kayong pagkakatulad sa mga inilista ninyong paboritong kalaro, mga lugar na gustong puntahan, at paboritong pagkain.*

## 2 PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA NG LEVELED READER

### a. Paghawan ng Balakid

**Sabihin:** *Basahin ang mga salita sa pisara. Makinig sa sasabihin kong pangungusap tungkol dito:*

| | |
|---|---|
| **bigyang hustisya** | **hamon** |
| **nagpasya** | **napagtanto** |

(1) **bigyang hustisya**

**Sabihin:** *Naghain ng reklamo sa pulisya ang mga kamag-anak ng batang nasagasaan. Gusto nilang ma**bigyan ng hustisya** ang nangyari sa bata.*

*Kasingkahulugan ng bigyang hustisya ang ___________.*
*a. bigyan ng sama ng loob* *b. bigyan ng regalo*
*c. bigyan ng angkop na katarungan o parusa ang may sala*

(2) **nagpasya**

**Sabihin:** *Ang lakas ng buhos ng ulan. Bumabaha na sa mga kalsada. Delikado kapag pumasok ang mga mag-aaral.* ***Nagpasya*** *ang punongguro na kanselahin ang klase ng mga bata sa elementarya.*

*Kasingkahulugan ng nagpasya ang ___________.*
*a. nagtanong sa mga guro* *b. nagbigay ng desisyon* *c. naghintay ng anunsyo*

TALAAN

(3) **hamon**

**Sabihin:** *Masyadong mayabang si Felix. Sinasabi niyang siya ang pinakamagaling sa larong sipa. "Sige, tayong dalawa ang maglaro ng sipa," ang* ***hamon*** *ni Bert. "Tingnan ko kung sino sa atin ang mas magaling."*

*Kasingkahulugan ng hamon ang ___________.*
*a. kumain  b. nagyayang maglaban o magtagisan ng galing  c. umiwas*

(4) **napagtanto**

**Sabihin:** *Sasali sana sa laro ng mga kapit-bahay si Arnold. Ngunit* ***napagtanto*** *niya na maaga ang pasok niya bukas at hindi pa niya tapos gawin ang kaniyang takdang-aralin. "Sa ibang araw na lang ako maglalaro," sabi niya sa sarili.*

*Kasingkahulugan ng napagtanto ang ___________.*
*a. nadapa  b. narinig  c. nagkaroon ng realisasyon*

### b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak

**Itanong:** *Naaalala pa ba ninyo ang mga pangunahing tauhan sa epiko ng Maranao? Sino-sino sila?*

### c. Pangganyak na Tanong

**Sabihin:** *Sa kuwento ko ngayon, alamin kung sino-sino ang tauhan sa epiko ng Ifugao.*

## 3 PAGBASA NG LEVELED READER AT PAGSAGOT SA MGA TANONG

**Sabihin:** *Hahatiin ko kayong muli sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ang magbabasa nang tahimik, at ang Pangkat 2 ang papakinggan ko habang nagbabasa nang malakas.*
*Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento?*
*Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

| **Pangkat 1** *(Magbabasa nang tahimik)* | **Pangkat 2** *(Magbabasa nang malakas)* |
| --- | --- |
| **Panuto:** Basahin nang tahimik ang kuwento. Pagkatapos magbasa, sagutan ang pagsasanay sa inyong kuwaderno: | **Sabihin:** *Tatawag ako ng mag-aaral na magbabasa nang malakas ng bahagi ng kuwento. Habang nagbabasa siya nang malakas, susundan ninyo ang binabasa niya. Maaari akong magtanong tungkol sa bahaging binasa.* |

**TALAAN**

| | |
|---|---|
| **Pagsasanay**<br>1) Ano ang tema ng epikong Hudhud?<br>2) Kailan nagsimula ang away nina Aliguyon at Pambukhayon?<br>3) Ano ang katangian ni Aliguyon?<br>4) Ano ang sadya ni Aliguyon kay Pambukhayon?<br>5) Bakit kaya nagtagal ng isa at kalahating taon ang labanan nina Aliguyon at Pambukhayon? | (Mga maaaring itanong ng guro):<br>1) *Sino-sino ang lider ng Hudhud?*<br>2) *Kailan nag-umpisa ang away nila?*<br>3) *Bakit pumunta si Aliguyon sa bayan ni Pambukhayon?*<br>4) *Gaano katagal nag-away sina Aliguyon at Pambukhayon?*<br>5) *Bakit sila nagbati?* |
| **Sabihin:** *Sagutin ang pagsasanay. Basahin ang bahagi ng kuwento kung saan makikita ang sagot.*<br>Karagdagang Tanong:<br>*Ano sa palagay ninyo ang mangyayari kung hindi natigil ang away nina Aliguyon at Pambukhayon?* | **Sabihin:** *Habang nasa Pangkat 1 ako, punan ninyo ng angkop na salita ang mga pangungusap:*<br>1) Bida sa Hudhud sina ___________ at Pambukhayon.<br>2) Pinuntahan ni Aliguyon ang bayan ni Pambukhayon upang ___________.<br>3) Si Pambukhayon ay isang malakas na ___________.<br>4) Inabot ang labanan nina Aliguyon at Pambukhayon ng ___________.<br>5) Gusto rin ni Bong na maging ___________. |

## 4 PAGSASANAY: MULING PAGKUKUWENTO

**Sabihin:** *Muling ikuwento ang nabasa ninyong kuwento. Banggitin ang sumusunod na balangkas ng kuwento:*

Tagpuan: ___________________________________

Mga Tauhan: _______________ at _______________

Mga Pangyayari:

a. ___________________________________________

b. ___________________________________________

c. ______________________________

d. ______________________________

e. ______________________________

TALAAN

## 5 TAKDANG-ARALIN

Maghanda ng mga pangungusap na muling nagsasalaysay sa nabasang kuwento. Ipagpapatuloy bukas ang pagbahagi ng kuwento.

## LAYUNIN

ARAW 5

- Naiukuwentong muli ang nabasang kuwento*
- Nakapagbibigay ng sariling palagay*
- Nakasusulat ng ibang katapusan sa binasang kuwento*
- **F3WG-IIIh-j-6** Nasasabi ang panahon at lugar ng pagsasagawa ng kilos o gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan
- **F3PU-IIIi-2.1** Nababaybay nang wasto ang mga salitang may tatlo o apat na pantig at batayang talasalitaan

* *Ang mga layunin na may asterisk ay mga layuning idinagdag ng Basa Pilipinas.*

## 1 BAHAGINAN

**Sabihin:** *Ilabas ang inyong takdang-aralin. Basahin ang mga sinulat na pangungusap upang muling isalaysay ang nabasang kuwento.*

## 2 PAGSAGOT NG PAGSASANAY SA SKILL BUILDER

***Gawain:*** Pagsagot Tungkol sa Kuwento

Ipamahagi ang mga Leveled Reader. Ipasagot ang pagsasanay sa pahina33 - 34. Isusulat ng mga mag-aaral ang sagot sa kanilang kuwaderno.

## 3 PAGSASANAY: PANG-ABAY NA PAMANAHON AT PANLUNAN

**Sabihin:** *Ang pang-abay ay nagsasaad kung paano, kailan, at saan gagawin, ginagawa, o ginawa ang kilos.*

TALAAN

**Sabihin:** *Ang pang-abay na nagsasaad **kung kailan ginawa ang kilos** ay tinatawag na **pang-abay na pamanahon**. Gawin natin ang pagsasanay. Tukuyin ang pang-abay na pamanahon sa mga sumusunod na pangungusap.*

***Panuto:*** *Kopyahin sa kuwaderno ang parirala na nagsasaad kung kailan ginawa ang salitang kilos:*

1) Tuwing umaga, naglalaro sina Bong at Buboy.

2) Nabasag nila ang lumang sungka noong nakaraang linggo.

3) Noong unang panahon, may magkapatid na tumulong sa mga mamamayan sa Maranao.

4) Nagkuwento ng tungkol sa mga Ifugao si Lola Hermie kaninang umaga.

5) Araw-araw pa kayang nag-aaway ang kambal?

**Sabihin:** *Ang pang-abay na nagsasaad **kung saan ginawa ang kilos** ay tinatawag na **pang-abay na panlunan**.*

***Panuto:*** *Kopyahin sa kuwaderno ang parirala na nagsasaad kung saan ginawa ang salitang kilos:*

1) Nakatira sa Cordillera ang mga Ifugao.

2) Sa Mindanao naman nakatira sina Indarapatra at Sulayman.

3) Nabasa ko ang kuwento tungkol sa mga bayani sa aming silid-aralan.

4) Palagi kaming naglalaro ng kapatid ko sa loob ng bahay.

5) Kapag Sabado, nagtatakbuhan kami sa maluwang na bakuran.

## 4 PAGSASANAY: PAGBABAYBAY

- Idikta ang mga salita mula sa kuwento na ipababaybay sa mga mag-aaral.

**Sabihin:** *Isulat sa kuwaderno ang wastong baybay ng sumusunod na salitang napag-aralan o nabasa sa kuwento:*

| | |
|---|---|
| 1) kapangyarihan | 6) kababaihan |
| 2) mandirigma | 7) henerasyon |
| 3) magkaaway | 8) katunggali |
| 4) naghahabi | 9) napagtanto |
| 5) naglililok | 10) pananalakay |